

**BOOK BINDERY**  
of  
Jose San Juan  
No. 26 Anda, Intramuros  
Manila, P. I.



Class 499.211      No. B28  
  no. 54aL  
Presented by

**F. R. BARTLETT COLLECTION**  
**ON THE PHILIPPINES NO: 54aL**

0/00

11

11

.

1

11

..

..

13

.

—

13

.

.

.

.

**ANG CONDE**


**ÑG**

**MONTE-CRISTO.**

---

**PAUNAWA:**

Aariing nakaw ang bawa't *tomo* ng aklat na ito kung hindi taglay ang sumusunod na *rúbrica* ng tumagalog.



ANG CONDE

NG

MONTE-CRISTO.

NI

ALEJANDRO DUMAS

(AMA)

ISINATAGALOG

NI

Pascual H. Poblete.

UNANG TOMO.

MAYNILA, 1914.

LIMBAGANG ESFUERZO OBRERO, INC.

329 R. HIDALGO, KIAPO.

Hindi muling maipalimbag  
ang tinagalog na ito, kung  
walang pahintulot si

M. H. Hokete.

1963 1938



# Ang Conde ng Monte-Cristo.

## UNANG BAHAGI.

### SA MARSELLA.—ANG PAGDATING

Ng ika 24 ng Febrero ng 1815, ay ginawa ng "vigia", sa Nuestra Señora de la Garde, ang kaugaliang tanda, ng natatanawan na ang tatlong *palo* ng bergantin "*Faraón*", na galing sa Smirna, Trieste at Nápoles. Dalidaling sinalubong sa doongnan ang sasakyang iyon ng isang "práctico"; nagdaan sa tabing tabi ng mga makakapal na kuta ng castillo ng If, at iniakyat ang sasakyan sa pag-itan ng *cabo* Morgion at ng pulo ng Rion.

Sa sandaling iyon, ayon din sa kaugalian, ay napuno ang ibabaw ng kuta ng San Juan ng maraming may nais na makapanood, sa pagka't isang mahalagang bagay sa Marsella ang pagdating ng isang sasakyan, lalong lalo na pagka ang sasakyang iyan, gaya na nga ng nangyayari sa *Faraón*, ay yari, guinayakan at linulanan sa *astillero* (gawaan ng mga sasakyan) ng unang Phocia, at ang may ari ay isang tagaroon din sa ciudad na iyon.

Samantala'y dumarating ang sasakyan; kanyang nalampasan ng malualhati ang Es-



trecho (kakuputan), na marahil ay nagcagayon dahil sa pag-a-alab n̄g volcan, sa guitna n̄g m̄ga pulong Calasareigne at Jaros; nakaliko na rin sa Pomegue, at nagpapatuloy ang kanyang paglakad, sa pamamag-itan n̄g kanyang tatlong layag sa tatlong "palo", n̄g malaking layag na "triángulo" at n̄g kanyang "mesana"; datapwa't dahil sa tinataha ang nagbubulang tubig n̄g boong cabagalan at ang galaw ay totoong napakahina, ang caramhang nanonood, taglay iyang kaba n̄g dibdib na nagpapauna sa paghihinala n̄g ano mang sakunang nangyari, ay nan̄gagtatanun̄gan ang isa't isa kung ano kayang kahapis-hapis na laguim ang dumatal sa loob n̄g sasakyan. Gayon man, kinikilala n̄g m̄ga dating naglalalayag, na sakali't may ano mang nangyari, ito'y hindi sa sasakyan, sapagka't бага man mabagal ang galaw ay tuloy rin ang lakad at nahihiwatigang walang ano mang kasiraan.

At gayon n̄ga, sa pagka't nakahanda na ang "ancla," ang m̄ga lubid n̄g "baupres" (malaking palo sa unahan n̄g sasakyan) ay hindi na nakasabit, at sa tabi n̄g piloto, na humahanda n̄g itun̄go ang *Faraón* sa makipot na pasukan sa doon̄gan, ay nakatayo ang isang binatang nagbabantay, n̄g pagmumukhang maliksi, n̄g bawa't galaw n̄g bergantín, at inuulit na sabihin ang lahat n̄g utos n̄g piloto.

Sa nanasnaw na ligalig n̄g loob na rialalarawan sa lahat n̄g m̄ga mukha n̄g karamihang nanonood sa kapatagan n̄g San Juan ay lalalong natatan̄gi ang sa isa, na sa hindi na niya mahintay ang pagpasok n̄g sasakyan, sa sa kanyang pagkainip ay dalidalíng lumukso

sa isang *lancha* at nag-utos na magsigaod ng patungo sa "Faraón", na kanyang inabot sa pagliko sa tinatawag na "reserva".

Pagkakita sa taong ito ng binatang na sa tabi ng piloto, umalis siya sa dating kanyang kinalalagyan at humilig sa taguiliran ng sasakyan at tanngan ang sombrero. Bahagya na siya magkakaroon ng labing walo hanggang dalawampung taon; matangkad, matwid ang katawan, magaganda ang kanyang malalaking matang maitim; maitim din ang kanyang mga buhok na kumikintab na tulad sa makinis na ebano, at nahihiwatigan sa boong kataohan niya, sa isang salita, iyang anyong matahimik at walang gulat ng mga taong namihasa na, buhat sa kamusmusan, sa pakikibuno sa mga panganiib.

—¡Ah! ¿Kayo po ba, Dantés?—ang sigaw ng na sa sa *lancha*.—¿Ano po ba ang nangyari? ¿Ano ang kahulugan niyang anyong malungkot na namamasid sa lahat ng mga kawani sa sasakyan?

—Isa pong malaking sakuna, guinoong Morrel.—ang sagot ng binata;—isang malaking sakuna, at lalonglalo na sa akin; lisan kami sa buhay na ito ng bayaning capitan Leclerc, ng na sa tapat na kami ng Civitavechia.

—At ang lulan?—ang madaling itinanong ng may ari ng sasakyan.

—Wala pong ano mang nangyayari, at sa akala ko'y maliligaya kayo tungkol sa bagay na ito; datapuwa't ang abang si capitan Leclerc...

—¿At ano ang nangyari?—ang muling ta-

nong n̄ng may-ari n̄ng sasakyan, na nahahala-  
tang siya'y naliligalig:—¿Ano ang nangyari  
sa bayaning capitan?

—Namatay po.

—¿Nahulog ba sa dagat?

—Hindi po; namatay sa *congestión cerebral*  
(pagpaimbulog n̄ng dugo sa ulo), sa guina n̄ng  
lalong kakilakilabot na paghihirap.

Pagkasaysay niya n̄ng gayo'y hinarap ang  
m̄nga kawani (tripulación) at nagsabi.

—¡Hala! ¡Eh! Bawa't isa'y tumayo sa  
dapat kalagyan, at duruong tayo.

Sumunod ang m̄nga kawani, at dinaluhong  
agad n̄ng labingwalong marinero; n̄ng kasingbi-  
lis n̄ng lintik, ang iba'y sa m̄nga "escota" ang  
iba'y sa m̄nga lubid, at, sa kawakasan, ang  
m̄nga iba'y sa m̄nga layag.

Pinagmasdan ni Edmundo n̄ng m̄nga matang  
matalino't maliksi ang pagpapasimula n̄ng pag-  
ganap n̄ng kanyang utos, at n̄ng kanyang maki-  
tang sumusunod na ang lahat ay humarap sa  
kanyang kausap.

—N̄nguni't ¿papaano ba ang pangyayari n̄ng  
sakunang iyan?—ang sabi n̄ng may-ari n̄ng sa-  
sakyan, na ipinagpatuloy niya ang salitaang  
sinimulaan na kanina.

—¡Ah! ¡Dios ko! Sa isang paraang hindi  
hinihintay. Pagkatapos n̄ng isang mahabang  
pakikipagsalitaan sa comandante n̄ng doong̃an,  
umalis sa Nápoles si capitan Leclerc na to-  
toong balisa; datapuwa't hindi pa marabil  
nakalalampas ang dalawampu't apat na oras  
ay siyang pagdapo sa kanya n̄ng isang napaka-  
tinding lagnat, na ano pa't nanaw siya sa  
buhay na ito pagdating n̄ng ikatlong araw.

—¡Kulang palad na capitan!

—Guinawa namin sa kanya ang m̃ga *funeral* na ayon sa atas ñg “ordenanza”, at siya’y nagpapahingalay ñgayong nababalot sa isang duyan, may isang malaking punglo sa m̃ga paa at isa pa sa ulo, sa tapat ñg pulo ñg Giglio. Dala ñgayon namin dito sa cahabaghabag na asawa niya ang kanyang cruz ñg dañgal (cruz de honor) at ang kanyang espada, na aming ini-ngatar... Ang katunaya’y napakalungkot,—ang ipinagpatuloy ñg binatang ñgumingiti ñg mapanglaw,—na pagkatapos na makibaka sa m̃ga ingles sa loob ñg sampung taon, ay matatay ang wakas, sa kanyang hihigang tulad sa alin mang tao.

—At ano ang ating magagawa, guinoong Edmundo?—ang itinutol ñg may ari ñg sasakyan, na nalalao’y wari’y nililipasan ñg pighati.

—Talagang may kamatayan, tayo, at lubhang kinakailañgang ang m̃ga matatanda’y yumao at ñg sa kanila’y humalili ang m̃ga bata; kung hindi gayon ang mangyayari’y hindi tataas ang katungkulan ñg m̃ga nasamababa, at yamang sinabi ninyong ang m̃ga lulang dala’y...

—Magaling pong totoo ang kalagayan, guinoong Morrel; nananagot po ako sa bagay na ito. Narito ang isang pagkapaglayag na inihahatol ko sa inyong huwag ninyong ibibigay kahi’t papakinabangin po kayo sa m̃ga kala-kal naming dala ñg dalawangpu’t limang libong franco.

Ñg masabi niya ang m̃ga gayong bagay, ñg makita niyang kanilang naraan na ang Torre Redonda:

—Ilubag ninyo ang m̃ga layag sa m̃ga “escofa,” sa “esfoke” at sa m̃ga “mesana!”—ang isinigaw ñg binatang marino. Guinanap ang

utosn̄g halos katulad din n̄g kadaliang guinagawa sa isang sasakyang pangdigma.

—¡Lulunin ninyo ang m̄ga layag at iligpit ninyo ang lahat!

Pagkasabi nitong huling utos, ang lahat n̄g layag ay nalulon, at lumakad na lamang ang sasakyan sa sudlong n̄g tuling dalá.

—Ngayo'y makapapanhik na po karo, guinoong Morrel,—ang wika ni Dantés, dahil sa nakuro niya ang pagkainip n̄g may-ari n̄g sasakyan.—Narito ang inyong katiwalang si guinoong Danglars, na lumalabas sa kanyang "camarote", at siya ang magpapaunawa sa inyo n̄g lahat n̄g inyong ibig maalaman; kinakailangan kong bantayan ang m̄ga gagawin pang m̄ga bagay bagay at idoong ang sasakyang itong nagluluksa, na naka-anela.

Hindi hinintay n̄g may ari n̄g sasakyang ulitin pa ang salitang iyon, kaya't pagdaka'y kumapit siya sa lubid na inihaguis sa kanya ni Dantés, nanhik sa hagdanang nakalagay sa taguiliran n̄g sasakyan, n̄g isang kalik-sihang makapagbibigay dangal sa kaninong mang marino, samantalang muling bumabalik si Dantés sa dating kinalalagyan at pinahahalili sa tinatayuan niya ang taong kanyang sinabing nagnangalang Danglars, na galing sa kanyang camarote at tumutungo sa kinaroroonan n̄g may ari ng sasakyan.

Ang bagong dating ay isang lalaking magkakaroon n̄g gulang na dalawampu't lima ó dalawampu't anim na taon, mapanglaw ang anyo, mapanghinuyo sa nakatataas sa kanya, at mapagpalalo, hanggang sa dumating sa pagkukulang pitagan, sa kanyang m̄ga na-

sasakop; kaya n̄ga't bukod sa kinasususutan siya dahil sa kanyang tungkuling pagka "sobrecargo", (nan̄gan̄gasiwa n̄g lulan), ay kinagagalan siya n̄g lahat dahil sa pangit niyang kaasalan, samantalang lubhang kinahulugdan at kinaguiguiliwan si Edmundo.

— ¡Kumusta po, guinoong Morrel; ang wika ni Danglars, ¡nalalaman na po ba ninyo ang kalaguimlaguim na sakuna, hindi po ba?

— Opo, opo; ¡kahabaghabag na capitan Leclerc! Lubhang malinis ang kanyang asal at walang kasing tapang.

— At bukod sa roo'y totoong maiguing marino siya, palibhasa'y inubanan na sa pamamalagui sa pag-itan n̄g langit at tubig, na gaya na n̄ga n̄g marapat pagkatiwalaan n̄g isang bahay-kalakal na lubhang kagalanggalang, na katulad n̄g kinaguinoong Morrel at m̄ga anak, ---ang sinabi ni Danglars.

— Gayon man, ---anang may ari n̄g sasakyan, na sinusundan n̄g mata si Dantés, na sa sandaling ito'y dumuruong, ---inaakala kong hindi nagkakailangang maguing matandang marino, na kawan̄gis n̄g inyong sabi, upang matutong gumanap n̄g kanyang tungkulin; at sa katunaya'y nariyan ang ating kaibigang si Edmundo, na hindi nagkakailangang turuan nino man upang makaganap n̄g kanyang katungkulan.

— Siya n̄ga po, ---ang isinagot ni Danglars na sinulyap n̄g patalilis si Dantés, at sa m̄ga mata niya'y kumislap ang kidlat n̄g tanim na galit, ---ang binatang iyang sa biglang tingin ay tila mandin na lalaman na ang

lahat ng bagay. Kalalagot pa lamang ng hini-nga ng capitan Leclere ay pagdaka'y dinuhapang agad ang pamiminuno sa bergantin, na hindi na nagtanong kanino man, at hindi nagtuloytuloy sa Marsella, kung di inabala sa paglakad ang sasakyan ng isang araw at kalahati sa pulo ng Elba.

---Tungkol sa pagduhapang agad ng pamiminuno sa sasakyan,---ang itinutol ng mayari nito,---iyan ang kanyang katungkulan sa kanyang pagkapangalawang puno ngayon. Ngayontungkol sa siya'y nagsayang ng isang araw at kalahati sa pulo ng Elba, sinasabi kong iyan ang masamang guinawa, ayawan lamang kung kaya guinawa ang gayo'y sa hangad nakumpunihin doon ang anomang kasiraan ng sasakyan.

---Ipatawad po ninyo, guinoong Morrel; wala pong ano mang kasiraan ang sasakyan, at ang kanyang pagbibinbin doon ay sa pagtali-ma lamang sa isang hindi wastong kaisipan, hangad na lumunsad sa lupa; huwag po kayong mag-alinlangan, wala po kung di iyan lamang.

—Dantés,—ang wika ng mayari ng sasakyan humarap sa kinalalagyan ng binata; —pumarito kayo.

—Ipatawad po ninyo,—ang sagot ng binata; papariyan po ako agad;—At hinarap pagdaka ang mga kawani:—“¡Doong!”,—ang wika, at pagdaka'y nahulog ang ancla, na inihugos ang tanikala ng malaking ingay. Nanatili si Dantés sa kinatatayuan, бага man naroroon ang piloto, hanggang sa matapos ang paghuhulog ng ancla, at ng magkagayo'y nagsalita:---¡Ibaba ninyo ang gallardate “(banderang mahaba't makitid na matulis ang dulo) hanggang sa

kalahati n̄g “mastelero!” jitaas ninyo ang “pabellon, papagerusin ninyo ang m̄ga “verga”!

—¿Nakita na ninyo?—ani Danglars,—ang akala’y siya’y capitan na.

—At tunay n̄gang siya’y capitan,—ang sagot n̄g may-ari n̄g sasakyan.

—Siya n̄ga mandin, бага man walang kapahintulutan kayo at ang inyong kasapi, guinoong Morrel.

—¡Aba!—¿At bakit hindi namin siya papapanatilihin sa katungkulang iyan?—ang ang wika n̄g may-ari n̄g sasakyan.—Nakikita ko n̄g siya’y batang bata pa; n̄guni’t sa aking akala’y totoong nababagay siya sa pangangasiwa sa katungkulang iyan, at may isang danas at pagkaalam n̄g higuít sa gulang na taglay.

Isang mapanglaw na ulap ang nagpadilim sa noo ni Danglars.

—Ipatawad po ninyo, guinoong Morrel;—ang wika ni Dantés, samantalang siya’y lumalapit,—n̄gayon pong tayo’y nakadoong na, sumasalalim po ako n̄g inyong m̄ga ipag-uutos: wari’y tinawag po ninyo ako, kung hindi ako nagkakamali, ¿totoo po ba?

Umurong n̄g isang hakbang si Danglars.

—Ibig ko po sanang itanong sa inyo kung bakit kayo’y huminto sa pulo n̄g Elba.

—Hindi ko po maalaman; ang tan̄ging masasabi ko lamang sa inyo’y dahil sa pagganap n̄g huling utos n̄g capitan Leclerc, na bago mamatay ibinigay sa akin ang isang balutan upang ibigay ko naman sa mataas na mariscal Bertrand.

—¡Ano! ¿Edmundo! ¿Nakita ba ninyo siya?



—¿Sino pong siya?

—Ang mataas na mariscal.

—Opo.

—Lumingap sa kanyang paliguid si Morrel at linihim si Dantés.

—¿Kumusta po ang Emperador?---ang itina-nong ng malaking pagkaibig makaalam.

—Mabuting mabuti po, ayon sa aking na-pagmasdan.

—¿Sa makatuwid ay siya ma'y inyong na-kita rin?

—Opo; nasok po siya sa bahay ng mariscal ng ako'y doroon.

—At kinausap po ba ninyo siya?

—Liwanaguin po natin,—ang sinaysay na muli ni Dantés na ngumingiti;---ang kumau-sap po'y siya sa akin.

—At ano ang sinabi sa inyo?

—Tinanong po niya ako ng ilang bagay tungkol sa sasakyan, tinanto po ang panahon ng alis ng sasakyang ito sa Marsella, ang tinunõ ng kanyang paglalayag at ang kanyang lulang dala. Inaakala kong kung wala sanang lulan, at ako ang may ari ng sasakyan, ang nasa niya'y bilhin ito; datapuwa't sinabi ko sa kanyang ako'y pangalawang puno lamang, at ang may ari ng sasakya'y ang bahay ni Morrel at mga anak.—¿Ah!—ang biglang sinabi ng maringig ito,—nakikilala ko; kailan ma'y may mga sasakyan ang mga Morrel, at may isa sa kanilang naging kapanig sa regimientong kinalagyan ko, ng kami doroon sa Valence.

¿Aba! ¿Siya nga!—ang biglang sinabi ng may ari ng sasakyan, na nahihibang sa galak. Ang nakasama niya'y ang aking amaing Policarpo Morrel, na ngayo'y capitan. Pagka

sinabi po ninyo, Dantés, sa aking amaing, siya'y naalaala ng emperador, imakikita ninyong tatanngis na parang musmos ang abang matanda! Magaling, magaling!—ang ipinatuloy ng may ari ng sasakyan, na tinatapiktapik ng mairog ang balikat ng binata;—!magaling po ang guinawa ninyo, Dantés, sa pagsunod ng sa inyo'y ipinagbiling ng kahinahinayang na si Leclerc, ay huminto kayo sa pulo ng Elba; baga man kung may makaalam na may ibinigay kayong kasulatan sa mariscal, at nakausap ninyo ang emperador, ay mangyayaring kayo'y mapahamak!

—!At bakit po ito makapapahamak sa akin, guinoong Morrel?—ang wika ni Dantés;—maisumpa ko po sa inyo, na hindi ko nalalaman kung anoano ang aking dala; bukod pa sa roo'y walang ano mang itinanong sa akin ang emperador, liban lamang sa mga bagay na matatanong din sa iba. Nguni't ipatawad po ninyo,—ang ipinatuloy ni Dantés,—dumarating na po ang mga taga Sanidad at taga Aduana, ipinahihintulutan po ba ninyo ako?

—!Oh! Opo, opo, irog kong Dantés, pumaroon kayo't kayo'y gumanap ng inyong tungkulin.

Lumayo ang binata, at samantala'y lumalapit naman si Danglars.

—!Ano po!—ang wika ni Danglars pagkalapit sa may ari ng sasakyan.—!Tila mandin sinaysay niya ang magaling na cadahilanan ng kanyang pagkahinto sa Porto Ferrajo?

—Lubos na lubos, guinoong Danglars.

—Lalong magaling, sapagka't kailan ma'y isang kalungkutan ng sino man ang mauna-

wang nagkulang sa kanyang tungkulin ang isang kasama.

—Hindi nagkukulang si Dantés sa kanyang tungkulin, —ang isinagot n̄ng may ari n̄ng sasakyan, —at walang ano mang guinagawang sukat ikarapat na siya'y masisi; huminto siya roon sa utos n̄ng capitan Leclere.

—Tungkol naman sa capitan, —¿hindi po ba ibinigay sa inyo ang isang sulat ni guinoong Leclere?

—¿Sino?

—Si Dantés.

—Walang ibinibigay sa akin; bakit ¿may dala ba siya ritong ano mang sulat?

—Akala ko'y... hindi ko mapatunayan sa inyo... Ang aking akala, inuulit ko, ay bukod sa dalang "pliego", ay ipinagkatiwala sa kanya n̄ng capitan ang isang sulat.

—N̄guni, Danglars, ¿ano po bang "pliego" ang sinasabi ninyo?

—Ang iniwang "pliego" ni Dantés pagda-  
raan sa Porto Ferrajo.

—At bakit po nalalaman ninyong may dala ang binatang iyang "pliego" na dapat ilagak sa Porto Ferrajo?

—Dahil sa isang pagkakataon. Naparaan ako sa tapat n̄ng nakasiwang na pintuan n̄ng capitan, at nakita kong ibinibigay kay Dantés ang isang *paquete* [balutan] at saka isang sulat.

—Wala pang sinasabi sa akin tungkol sa bagay na iyan; datapuwa't kung dala niya ang sulat na sinabi ninyo'y ibibigay niya sa akin.

Nagdilidiling sandali si Danglars.

—Kung gayo'y ipinamamanhik ko sa inyo, guinoong Morrel, na huwag po kayong magsasabi n̄ng ano man sa bagay na ito kay Dantés,

marahil ay nagkamali ako.

Nagbalik ng sandaling ito ang binata, at lumayo si Danglars.

—Ano ba, irog kong Dantés, may kalayaan na po ba kayo?—ang tanong ng may sakyan.

—Opo.

—Ikinaliligaya ko; hindi nalaon ang pagsisiyasat.<sup>a</sup>

—Hindi po, sa kagalingang palad; ibinigay ko sa mga taga aduana ang “factura” ng ating mga kalakal, at ibinigay ko po naman sa kawani ng doongan ang mga katibayan.

—Kung gayo’y wala na kayong gagawin dito?

—Sinulyap na madali ni Dantés ang boong paliguid niya.

—Wala na po; na sa kahusayan ng lahat,—ang sinabi.

—At sa pagka’t gayo’y makasasama kayo sa amin at ng tayo’y magsalosal sa pagkain, hindi po ba?

—Patawarin po ninyo ako, guinoong Morrel; patawarin po ninyo ako, ipinamamanhik ko po sa inyo; sa pagka’t... ang katotohanan, ang unang pagdalaw na dapat kong gawin ay kautangan ko sa aking ama; gayon man, hindi dahil dito’y magbabawas ang pagkilala ko sa inyo ng utang na loob dahil sa pagpapaulak ninyong ito sa akin.

—Wala ng lalong na sa katwiran pa, Dantés; wala ng lalong na sa katwiran pa; nalalaman ko ng kayo’y mabait na anak.

—At masasabi po ba ninyo sa akin, sakali’t alam ninyo, kung ano kaya ang lagay ng aking ama?

—Tila magaling, guiliw kong Edmundo, baga man hindi ko siya nakikita.

—Gayon po, sa pagka't marahil nananatili siya sa pagkukulong sa kaniyang tahanan.

—Ang gayo'y nagpapakilalang hindi siya nangangailangan ng ano man sa loob ng panahong kayo'y wala rito.

Ngumiti si Dantés.

—Napakalabis po ang pagbibigay halaga ng aking ama sa dangal, at naniniwala ako na hati't siya'y nangailangan, hindi siya manghihingi ng ano man, liban na lamang sa Dios.

—Kung gayo'y magaling; datapuwa't pagkatapos niyang unang pagdalaw na inyong gagawin ay inaasahan ko kayo.

—Muling humihingi po ako sa inyo ng libo-libong kapatawaran; mayroon pa pong isang pagdalaw akong gagawing hindi huli ang pagbibigay kahalagahan ng aking puso.

—Ah! May katuwiran kayo, Edmundo, nalimutan kong sa nayon ng Catalanes ay may isang tao, ang magandang si Mercedes, na marahil hinihintay po kayo ng kawangis ng pagkainip ng inyong ama,

Namula si Dantés sa kahihuyan.

—Ah! Nalalaman ko na,—ang inulit na sabi ng may ari ng sasakyan,—kaya hindi ako nagtataka na makaitlong nagtanong sa akin at nakikibalita ng ukol sa *Haráon*. ¡Aba! Edmundo, ang katotohana'y hindi kayo makararain, sa pagka't may babae kayong kagandagandahan sa boong daigdig.

—Hindi po babae ko, guinoong Morrel,—ang dalidaling itinutol ng boong tigas ng binatang marino;—nanginigibig po ako sa kanya.

—Gayon din lamang iyon,—ang sinabi n̄g may ari n̄g sasakyang nagtatawa.

—Ibang iba sa ganang amin,—ang [isinagot ni Dantés.

—Hala, hala, kaibigang Dantés!—ang ipinatuloy n̄g may ari n̄g sasakyan,—hindi ko n̄a ibig binbinin pa kayo: hindi ang igaganti ko sa pagkapagmalasakit ninyo sa aking pagkabuhay ay ang hadlangan ko kayo sa pangangasiwa n̄g nauukol sa inyong mga minamahal. Magsabi po kayo, nagkakailangan ba kayo n̄g salapi?

—Hindi po; sa kagalingang palad ay iniingatán ko pa ang boong aking “sueldo” sa tatlong buwang itinagal n̄g aming paglalayag.

—Kayo’y isang binatang mapag-impok at may magandang asal, Edmundo.

—Huwag po ninyong lilimutin, guinoong Morrel, na may ama akong mantanda na at dukha.

—Opo, opo, mabaít kong Dantés; lubos ang aking pagkaalam na kayo’y magaling na anak, kaya n̄ga magmadali kayo at inyong dalawin ang inyong ama.

—Paalam po ako sa inyo,—ang sinabi n̄g binata at yumukod.

—N̄guni’t wala na ba kayong ano mang sasabihin pa sa akin?

—Wala na po.

—N̄g mamatay ang capitan Leclerc, hindi po ba nag-iwan sa inyo ng ano mang sulat na ukol sa akin?

—Hindi po siya nangyaring nakasulat; datapuwa’t ito’y nagpapaalaala sa akin n̄g aking pangangailangang humingi sa inyo n̄g

ilang araw na pahintulot na huwag munang gumanap n̄g aking tungkulin.

—Sa dahil po bang kayo'y makapakasal?

—Ito po ang unauna, at ang ikalawa'y n̄g ako'y makaparoon sa Paris.

—Mabuti, mabuti, gamitin po ninyo ang panahong inyong magalingin, sa pagka't ~~atam~~ na ninyong ang kaunting kinakailangan natin ay anim na linggo sa paglulusad n̄g lulan n̄g sasakyan; sa makatuwid ay hindi makapaglalayag kung di sa loob n̄g tatlong buwan; sa panahon lamang na ito nararapat na kayo'y bumalik,---ang ipinagpatuloy n̄g may ari n̄g sasakyang tinatapik ang balikat n̄g batang marino,—sapagka't hindi mangyayaring makalayag na muli ang *Paraón* kung di kasama ang kanyang capitán.

—Kung di kasama ang kanyang capitán! —ang biglang sinabi ni Dantés, na nagniningning ang m̄ga mata sa galak;---isipin po ninyong magaling ang inyong sinasabi, guinoong Morrel, sapagka't bagong katutugon po ninyo sa lalong m̄ga lihim na pag-asa n̄g aking puso. ¿Inaakala po ba ninyong ihalal akong capitán n̄g *Paraón*?

—Kung ako disin ang tanging may ari n̄g sasakyan, guiliw kong Dantés, buhat n̄gayo'y aking ilalahad sa inyo, ang aking kamay at aking sasabihin:---Kayo n̄ga; datapuwa't may isa akong kasapi, at hindi nalilingid sa inyo ang kasabihang italianong ganito ang saysay: “Che a compagno a padrone”. N̄guni't gayon man, narating na ninyo ang kalahati n̄g lalakaran; sa pagka't na sa inyo na ang isa sa dalawang “voto” na inyong kinakailangan; at tung-

kol sa isang natitira pa'y magkatiwala kayo sa akin, na gagawin ko ang boong kaya at n̄g inyong kamtan.

—¡Oh, guinoong Morrel!—ang biglang sinabi n̄g marinong tumatagastas sa m̄ga mata ang luha at hinihigpit ang m̄ga kamay n̄g may ari n̄g sasakyan,—guinoong Morrel, inihahandog ko po sa inyo ang lalong mataos na kapasalamatan, sa pangalan n̄g aking ama at ni Mercedes.

—Sukat na, sukat na, Edmundo; hindi nililimot n̄g Dios kailan man ang m̄ga mababait; dalawin ninyo ang dalawa, at pagdaka'y pumarito kayo at hanapin ninyo ako.

—¡Aba! ¿Aayaw ba kayong kayo'y aking ihatid hanggang sa lupa?

—Huwag, salamat; matitira ako rito upang ako'y makipagtuos kay Danglars. At tungkol sa taong ito, ¿ikinaligaya po ba ninyo ang kanyang kaugalian sa boong paglalayag?

—Alinsunod sa kung ano ang ibig ninyong ibigay na kahulugan sa tanong na iyan; sa pagka magaling na kasama'y hindi ko ikinaligaya; sa pagka't tila mandin hindi mabuti ang kanyang paglingap sa akin, mula n̄g magawa ko ang kahalingang sa kanya'y ihikayat (dahil sa isang maliit na pagkakasagutan namin) na huminto kaming sampong minuto sa pulo n̄g Monte-Cristo, at n̄g doo'y paghusayin nami't bigyang wakas ang gayong pagkakasagutan, paghikayat na, sinasabi ko ang totoo, hindi ko marapat gawin sa kanya, at ang kaiguiha'y hindi slya napahinuhod. Ngayon, kung ginagawa ninyo ang tanong na iyan sa akin,



dahil sa pagka siya ang katiwala ng inyong mga hanap-buhay, ibang iba na, sa pagka't wala akong masasabi sa inyo kung hindi magagalak po kayo sa magaling na kanyang pagmamalasakit.

—Datapuwa't tingnan natin, Dantés,—ang tanong ng may ari ng sasakyan;—sakali't kamtan ninyo ang pagka capitán sa *Baraón*, magkakasundo ba kayong dalawa ni Danglars?

—Capitán ó pangalawang puno, guinoong Morrel,—ang sagot ng binata,—lagui ng papanatilihin ko ang lalong malalaking pagbibigay loob at mahusay na pakikisama sa lahat ng mga pinagkakatiwalaan ng mga may ari ng sasakyang aking kinalalagyan.

—Mabuti, mabuti, Dantés; ngayon ko nakitang tunay na kayo'y mabait na bata; aayaw ko ng kayo'y binbinin pa, sa pagka't nauunawa kong malaki ang inyong nais na makalakad na.

—Kung gayo'y ipinagkakaloob po ninyo ang kapahintulutan?

—Opo, lumakad na kayo.

—Manyayari po bang magamit ko ang inyong *bote*?

—Gamitin po ninyo ayon sa inyong magalingin.

—Kung gayo'y paalam na po hanggang sa tayo'y muling magkita, guinoong Morrel, at muli akong napasasalamat sa inyo ng maraming marami.

—Ingatan nawa kayo ng Dios, irog kong Edmundo! Ikaliligaya kong inyong masunod na lahat ang lahat ninyong nais.

Lumukso sa lancha ang binatang marino at naupo sa hulihan, at nag-utos na siya'y dalhin sa daang Cannebière. Pagdaka'y hinawakan n̄g dalawang marinero ang kaniyang gaod, at nagdumulas sa tubig ang *lancha* n̄g boong katulinang magagawa, sa guitna n̄g libolibong m̄ga sasakyang nakahahadlang sa anyong daang makipot, na sa magkabilang tabi'y m̄ga sasakyan ang nakatatabing, mula sa pagpasok sa doong'an hanggang sa muelle n̄g Orleans.

Sinundan siya n̄g mata n̄g may ari n̄g sasakyang ngumingiti, hanggang sa sandaling kanyang natanawang siya'y naranhik sa m̄ga baitang na malalaki n̄g muelle, at napahalo siya sa karamihang taong buhat sa ikalimang oras n̄g umaga hanggang sa ikasiyam n̄g gabi'y lumilipana sa bantog na daan n̄g Cannebière, na totoong ilinalaki n̄g loob n̄g m̄ga tao ngayon sa Phocios, na nangagsasabi n̄g walang katawatawa, at sa tinig na talagang kaugalian nila: "Isang maliit na Marsella sana ang Paris, kung nagkaroon ito disin n̄g Cannebière."

N̄g lumingon ang may ari n̄g sasakya'y kanyang nakitang na sa likuran niya si Danglars, na wari mandi'y naghihintay na kanyang pag-utusan; ngunit ang katotohanang tinatanawang gaya rin niya ang binatang marino; ang hindi lamang nagkakawan̄gis sa dalawang pagtanaw na itong iisa lamang ang sinusundan n̄g mata, ay ang lubhang pagkakaiba n̄g kahulugan.

## IKALAWANG BAHAGUI.

### ANG AMA AT ANG ANAK.

Pabayaang natin si Danglars, na binibigyang sigabo ang kanyang pagtatanim ng galit, kasabay ng pagbabalangkas ng paratang laban sa kanyang kasama, sa hangad na kanyang maiwaray ang karapatdapat na magaling na pagmamahal kay Edmundo ng may-ari ng sasakyan, at sundan natin si Dantés, napagkatapos na malakad ang boong hinabaha ng daang Cannebière ay tinungho ang Noailles, pumasok sa isang mailit na bahay na na sa dakong kaliwa ng lansangang Meillan, pinanhik na dalidali ang apat na baitang ng madilim ng hagdanan, ikinapit niya ang isang kamay sa "barandilla" at tinangnau niya ng isang kamay ang tibok ng kanyang puso, huminto siya sa nakasiwang na pintong kinasisilipan hangang sa duyo ng maliit na tahanan.

Doon natitira ang amá ni Dantés.

Hindi dumating ang balita ng pagdating ng *Faraón* hangang sa matandang lalaking ng sandaling iyo'y nakatindig sa ibabaw ng isang silla at kanyang nilalagyan ng naninginig niyang kamay ng bakod na kawayan ang mga halamang gumagapang at nagpapalikawlikaw hangang sa kanyang linib (bintana).

Kaguinsaguinsa'y naramdaman niyang siya'y niyayakap sa dakong likod at kanyang narinig ang isang totoong kilala niyang tinig na sumisigaw:

— ¡Ama ko! ¡Irog kong ama!

Napasigaw ang matandang lalaki at lu-

mingon: n̄guni't n̄g makita niya ang kanyang anak ay nagpatihulog sa m̄ga bisig nito, na namumutla's nanḡinginig.

—¿Ano po, tatay, ang nangyayari sa inyo?—ang isinigaw n̄g binata na balisa ang loob.—¿may sakit po ba kayo?

—¡Wala, wala, guiliw kong Edmundo, anak n̄g aking kaluluwa! Wala; n̄guni,t pa libhasa'y hindi katá hinihintay at namasdan katang biglang bigla, ang galak, ang ligaya n̄g pagkakita ko sa iyo'y . . . at ¡ay, Dios ko! ¡tila man din mamamatay ako!

—Kung gayon po'y tumahimik kayo, tatay co! ¡Ako, ako ang inyong anak, huwag po ninyong pag alinlanganan! Palibhasa'y karaniwang sabihing hindi nakasasama ang katuwaan, ito ang dahil at nasok ako ritong hindi ko ipinagpauna muna ang pag bibigay-alam n̄g aking pagdating, at n̄g mapahanda ang inyong kalooban: hala kayo po'y n̄gumiti, at huwag ninyo akong pagmasdan niyang m̄ga matang wari'y gulat; narito na ako, ako'y nakabalik na at magtatamo tayo n̄g totoong malaking kaligayahan!

—¡Oh! lalong magaling, anak ko,—ang muling sinabi ng matanda;—n̄guni,t tunay n̄ga bang magkakamit tayo n̄g kaligayahan? Hindi mo na ba muling l̄lisanin ako? Hala, sabihin mo sa akin ang lahat?

—¡Patawárin ako n̄g Dios,—anang binata, —kung aking ikinatutuwa ang isang kaligayahan buhat sa pagluluksa n̄g isang familia; nalalaman n̄g Dios na hindi ko ninais ang kaligayahan ito kung ang makakapalit ay ang gayong dakilang kalungkutang mangyayari sa iba; n̄guni,t nangyari na, at sinasabi ko ang

boong katotohanang hindi ko taglay ang ganap na lakas ng loob upang ako'y magpighati! Namatay po ang matapang na si capitán Leclere, at malapit na totoong mangyari, na sa pamamag-itan ng pagtatangkilik na pinapaguiguingdapat ipagkaloob sa akin ni guinoong Morrel, na ako'y mahalili sa nasira... ¿Nauunawa na po ba ninyo ngayon, tatay? ¡Capitán sa ikadalawangpong taon! Magkakaroon ako ng isang daang "luis" na "sueldo", at saka isang bahagui ng mga pakinabang, ¿hindi po ba tunay na lampas na ito sa maaasahan ng isang marinong gaya ko?

—Siya nga, anak ko, siya nga, tunay ngang isang malaking kaligayahan;---ang isinagot ng matandang lalaki.

—Kung gayon, tatay; ibig ko pong ang umang sueldong aking tangapin ay inyong ibili ng isang maliit na bahay na may halamanan, at ng doo'y inyong maitanim ang inyong mga "capuchina" at ang inyong mga halamang gumagapang. Ngumi't ¡Dios ko! ¿Ano po ba ang nangyayari sa inyo? Tila mandin kayo ay may sakit!

—Walang ano man ito, irog kong Edmundo; walang ano man ito!—at pagkatapos na masabi ang ganitong mga salita'y pinanawan ng lakas ang abang matandang lalaki at natimbuang.

Tatay! ¡tatay!—anang binata,—¡uminom po kayo, tatay, ng alak, at ito'y makapagbigay lakas sa inyo; ¿saan po ba naroon ang inyong alak?

—Huwag, salamat, hindi ko kailangan,—ang wika ng matandang lalaki, na pinagpipilitang piguulin ang kanyang anak.

—Opo, opo, kinakailanḡan; ituro ninyo sa akin ang kinalalagyan...

At pagkasabi nito'y kanyang binuksan ang dalawa ó tatlong "armario."

—Mapapagod ka lamang, wala akong alak dito sa bahay.

—¡Aba! ¡bakit! ¿wala po ba kayong alak?—ang sinabi ni Dantés at siya naman ang namutla, na pinagpapalipatlipat niya ang kanyang mga mata sa payat na mga pisngi nḡ matandang lalaki at sa walang lamang mga armario.—¿At bakit po wala kayong alak? ¿Marahil po'y nailang kayo sa salapi, mabait kong ama?

—Walang ano mang naguiguig kakulangḡan sa akin, yamang nakikita na kata nḡayon, irog kong anak,—ang isinagot nḡ matandang lalaki.

—Gayon man,—ang itinutol ni Dantés na pinapahiran ang pawis na tumutulo sa kanyang noo,—gayon man, nḡ ako'y umalis, na may tatlong buwan na nḡayon, iniwanan ko po kayo nḡ dalawang daang franco. (1)

—Oo, oo, Edmundo, tunay na tunay nḡa; nḡuni't iyong nalilimutang nḡ ikaw ay umalis ay may naiwan kang isang maliit na utang sa ating kapit-bahay na si Caderousse; ipinaalaala nito sa akin ang utang na iyon, at sinabi pa sa aking kung di raw kata ipagbayad ay paroroon siya sa bahay ni guinoong Morrel, at doon siya maniningil; kaya nḡa't sa aking pangangḡanib na baka makasama sa iyo ito, mapaglilining mo nḡ...

(1) Dalawang peseta natin ang kahalaga nḡ bawa't isang franco.

—¿Ano po?

—Na aking binayaran.

—¿Nguni,—ang biglang sinabi ni Dantés,  
—ang aking utang kay Caderousse ay isang  
daan at apat na pong franco!

—Totoo,---ang ibinulong n̄ matandang  
lalaki.

—¿At pinagbayaran po ba ninyo ang utang  
na iyon, na inyong kinuha ang ibinayad sa  
dalawang daang franco na iniwan ko sa  
inyo?

Itinanḡo n̄ mabait na matanda ang kan-  
yang ulo.

—Sa makatuwid: ¿anim na pong franco  
lamang ang ikinabuhay ninyo sa loob n̄,  
tatlong buwan?—ang ibinulong n̄ binatá.

—Nalalaman mo n̄ hindi ako nagkaka-  
ilanḡan n̄ marami,—ang muling sinabi n̄  
matandang lalaki.

—¿Oh! ¿Dios ko! ¿Dios ko! ¿Patawarin  
po ninyo ako, tatay!—ang biglang sinabi  
ni Edmundo, kasabay ang kanyang pagluhod  
sa harap n̄ totoong mabait na taong iyon.

—¿Ano ang iyong guinagawa?

—¿Oh! ¿Iniwalat po ninyo ang aking  
puso!

—¿Bah! ¿Bah! sapagka't naririto ka na,  
—ang sinabi nk matandang lalaki,—limu-  
tin natin ang lahat n̄ iyan.

—Tunay po: narito na ako, na may ina-  
asahang magandang panahong sasapitin at  
taglay ang kaunting salapi,—ang biglang  
sinabing nababagbag ang dibdib;—tangga-  
pin po ninyo, tatay, tanggapin ninyo at  
magpabili agad agad kayo n̄ ano mang  
pagkain.

At inihubo sa ibabaw ng mesa ang na sa kanyang mga bulsa, na ang laman ay dalawampo't apat na salaping guinto, lima o anim na pilak na ang halaga'y tiglilingang franco at ilan pang maliliit ang halaga.

Nanguilalas ang matandang Dantés.

---Nguni... sino ang may ari nito?

---Iya'y akin, inyo, sa ating dalawa. Tanggapin po ninyo, mamili po kayo ng ating mga pagkain, lumigaya kayo; magdadala pa ako rito bukas.

---Hinayhinay, dahandahan,---ang wika ng matandang lalaking ngumingiti:---kung pahintulot mo'y gugugulin ko ng boong pagtitipid ang iyong salapi; sasapantahain ng mga tao, kung makita nilang bigla akong bumibili ng maraming mga bagay, na kinakailangan kong hintayin ang iyong paguwi upang magawa ko ang gayon.

---Gawin po ninyo ang inyong maibigan; datapuwa't ang una pong gagawin ninyo, tatay, umupa kayo ng isang alilang babae. Hindi ko maipaubayang mag-isa kayong mamahay. May dala akong caféng "contrabando" at mainam na tabacong nakasilid sa isang maliit na "cofre"; darating po sa inyo bukas; nguni't huwag kayong umimik, sapagka't may dumarating.

---Marahil ay si Caderousse, na pagkabalita ng iyong pagdating ay pumaparito't ng bumati sa iyo ng dahil sa maluwalhating pagkauwi mo.

---Talagang tayo'y dumurunong; ganito nga ang kataohan; nagsasalita ng isang bagay ang mga labi, samantalang iba ang iniisip ng puso,---ang ibinulong ni Edmundo;



---n̄guni't hindi kailan̄gan; siya'y isang kapit-bahay na pinagkakautan̄gang loob, at yamang gayo'y salubun̄gin natin siya n̄g masayang mukha.

Nagkatotoo n̄ga ang sabi n̄g ama ni Dantés. Bagong katatapos pa lamang n̄g pananalitang marahan ni Edmundo'y siyang pagsun̄gaw naman sa pintuan n̄g hagdanan n̄g ulong maitim at mabalbas ni Caderousse.

Ito'y isang lalaking may dalawampo't lima hanggang dalawampo't anim na taon, napalibhasa'y siya'y "sastre" ay nag-aakalang halinhan n̄g *forro* ang isang kasuutan n̄g isang "pañõ" na dala sa kamay.

—¡Aha! ¡Binabati kata n̄g boong galak, Edmundo, sa iyong pagdating!—ang sinabi sa isang pananalitang totoong tulad sa gawi n̄g m̄ga taga Marsella, at kasabay ang lubhang mahabang pagn̄giti na ipinakikita ang kanyang m̄ga n̄giping sakdal n̄g puputi.

—Salamat, kapit-bahay na Caderousse, salamat: alam na po ninyong sa ganang akin ay laguing handa ako sa paglilingkod sa inyo sa ano mang inyong magalingin,—ang sinabi ni Dantés, na hindi niya maikubling magaling ang lamig n̄g kanyang puso sa pamamag-itan n̄g gayong pag-aalay ng paglilingkod.

—Kinikilala kong utang na loob, binata; ang kabutiha'y hindi ako nangangailan̄gan n̄g ano man; baligtad, ang m̄ga iba ang nangagkakailan̄gan sa aking manakanaka.

Kumilos si Dantés n̄g anyong may sama ang loob.

—Huwag mong akalain, bata, na sinasabi ko ito dahil sa iyo, kung pinautang mang

kita n̄g salapi ay pinagbayaran mo na sa akin; iyan ang karaniwan sa mababait na magkakatapit-bahay, at yayamang gayo'y nagkabayadbayad na tayo.

---Kailan man ay hindi napagbabayaran ang m̄ga tinangapan ng ano mang utang na loob, sapagka't kahi't wala n̄g utang na salapi sa kanila'y nananatili rin ang pagkakautang naman n̄g ukol sa pagtumbas.

---Hala, hayaan natin iyan; ang nakaraa'y nakaraan na; ang pag-usapan nati'y ang maluwalhati mong pagdating, bata. Napasadoongan ako't ang aking talaga'y bumili ng *pañõ* ay siyang kong pagkasalubong sa kaibigang Danglars. Aba! Na sa Marseilla ka pala?---ang sinabi ko sa kanya.

---Kaibigan! Hindi mo ba nakikita?---ang isinagot.

---Ang katotohanan ay ang boong isip ko'y na sa sa Smirna ikaw.

---Maliwanag n̄ga! Bagong kagagaling ko lamang doon.

---At saan naroon ang batang si Edmundo?

---Hindi mapag-aalinlanganang na sa bahay n̄g kanyang ama,---ang isinagot ni Danglars.

---At karaka'y tumakbo akong paparito,---ang ipinagpatuloy ni Caderousse,---sa pagkaibig kong magtamo n̄g tuwang mapakikamayang kata n̄g mahigpit.

• ---Napakagandang loob nitong si Caderousse!---ang biglang sinabi n̄g matandang lalaki; gaano kalaki ang pag-ibig ninyo sa amin?

• ---Ang katotohana'y kayo'y iniibig ko't minamahal, sapagka't kayo'y lubhang mapag-inga't n̄g kapurihan, at ito'y kaasalang

hindi sagana sa daigdig... Nguni't tila mandin dumating ka ritong may taglay na maraming salapi, bata!--ang ipinagpatuloy ng sastre, na sinulyap ang nakatimbong isang dakot na guinto't pilak na inilagay ni Dantés sa ibabaw ng mesa.

Nahiwatigan ng binata ang sinag ng kasakimang kumislap sa mga mata ng kanyang kapit-bahay.

---Aba, ang salaping iya'y hindi akin!--ang isinagot;--sinasabi ko sa aking ama ng sandali ring ito ang aking panganganib na baka may naging kakulangang aao man sa kanya sa loob ng panahong wala ako rito, at sa kanyang hangad na bigyang katiwasayan ang aking loob, ang guinawa'y ibinuhos sa ibabaw ng mesang iyan, na gaya ng inyong namamasdan, ang kanyang bulsa. Hala, tatay,--ang ipinagpatuloy ni Dantés, --itago po ninyo uli sa inyong "aleancia" ang salaping iyan, ayawan lamang kung ngayo'y kailanganin naman ng kapit-bahay na Caderousse, at kung gayo'y makukuha po niya at magagamit kung saan niya ibig.

---Hindi, bata,--ang sinabi ni Caderousse, --sa awa ng Dios ay hindi ako nagkakailangan ng ano man; nagbibigay ng pagkain sa tao ang trabajo; simpanin mo ang iyong salapi, simpanin mo; kailan ma'y hindi kalabisan; nguni't iya'y hindi hadlang upang kilalanin sa iyong utang na loob, na para ring pinakinabangan ko.

--Mula po sa kaibuturan ng puso ang pag-aalay ko sa inyo,--ani Dantés.

---Hindi ko pinag-aalinlanganan kahi't bahagya man. Aba! Magaling! Nalalaman

ko na, mabait na bata! na ikaw ang lalong uinamahal ni guinoong Morrel.

---Kailan ma'y laguing pinagpapakitaan ako ng magandang loob ni guinoong Morrel,---ang isinagot ni Dantés.

---Kung gayo'y hindi magaling ang guinawa mong pagtanggui sa kanyang anyayang piguing.

---¿Anong pagtanggui sa kanyang piguing?

---ang isinabad ng matandang Dantés,--- inanyayahan ka ba niyang makasalo sa pagkain? •

---Opo, ama ko,---ang itinugon ni Edmundo, na ngumingiti ng kanyang mamasid ang pangguiguilalas ng kanyang ama sa malabis na sa kanya'y pagbibigay-unlak.

---¡Anak ko! at bakit tumanggui ka sa gayong anyaya---ang itinanong ng matandang lalaki.

---Ng makarating po agad ako sa inyong tabi, ama ko; napakalabis ang aking pagmimithing kayo'y aking makita agad.

---Ang pagtanggui mo'y mangyayaring makapoot sa mabait na si guinoong Morrel,---ang itinutol ni Caderousse,---pagka't ang nag-iibig maguing capitán ay hindi dapat tumanggui sa anyaya ng may-ari ng sasakyan.

---Sinabi ko na sa kanya ang mga kadhilanan ng aking pagtanggui,---ani Dantés, ---at inaakala kong ako'y napag-unawa niya.

---¡Oo! nguni't ang nag-aakalang maguing capitán ay nangangailangang manuyo ng kaunti sa mga pinaglilingkuran.

---Umaasa akong maguing capitán hindi nangangailangang gumamit ng mga ganyang paraan,---ang muling sinabi ni Dantés.

---Lalong mabuti, lalong mabuti: iya'y totoong ikatutuwa ng mga dati mong kaibigan, at may nalalaman akong isang babang natitira roon sa likuran ng "ciudadela" (kuta) ng San Nicolas, na hindi lubhang ipagpipighati ang ganyang balita.

---Si Mercedes? anang matandang lalaki.

---Opo, ama ko--ang muling sinabi ni Dantés,---at ipahintulot po ninyo sa akin, nga'yong nakapagtamo na ako ng galak na kayo'y aking makita, nalalaman ko ng wala kayong ano mang sakit at mayroon kayo ng lahat ng inyong kailangan; inuulit ko uli na hinihingi ko po ang inyong kapahintulutan upang aking madalaw ang nayon ng Catalanes.

---Lumakad ka, anak ko, lumakad ka! ---anang matandang Dantés,---kahimanagerari'y pagpalain ka ng Dios sa iyong asawa, na kawanis ng pagkapagpala sa akin sa pamamagitan ng aking anak!

---Kanyang asawa!---ani Caderousse,---huwag kayong magpauna, guinoong Dantés, hindi pa po asawa niya; sa makatuwid baga'y tila mandin hindi pa.

---Hindi pa nga; nguni't alinsunod sa mga bagay na maaasaha'y hindi malalaon at aking maguiguing asawa,---ang isinagot ni Edmundo.

---Hindi kailangan, hindi kailangan: magaling ang guinagawa mong pagmamadali, bata,---ani Caderousse.

---At bakit?

---Mangyari baga! Sa pagka't si Mercedes ay isang magaling na babae, at sa magagaling na babae'y hindi nagkukulang ng mga na-

n̄ingibig; lalong lalo na sa babaeng iyan!  
 ¡At ang katotohana'y maraming pulutong na  
 tig lalabingdalawa ang m̄ga nagsisisunod sa  
 kanya!

—¿Katotohanan ba iyan?—ang itinanong  
 ni Edmundo, na kasabay ang isang n̄giti,  
 na sa likuran nito'y naaaninagan ang isang  
 manipis na ulap n̄g pagkabalisa.

—¡Aba! ¡Tunay!—ang muling sinabi ni  
 Caderousse,—at walang likat ang pagdating  
 sa kanya n̄g m̄ga nakikiusap na pawag  
 maguiguinhawa ang pamumuhay; n̄guni,  
 nalalaman mo na, n̄gayo'y maguiguing ca-  
 pitán ka, at sapagka't gayo'y huwag kang  
 manimdim na hindi ka tatanggapin.

—Na ang kahulugan n̄g sabi po ninyo,  
 —ang sinabi ni Dantés, kasabay ang isang  
 n̄giting hindi makakubli n̄g kanyang balisa,  
 na kung hindi ako maguing capitán...

—¡Aba! ¡aba!—ang biglang sinabi ni Ca-  
 derousse.

—Siya n̄ga, siya n̄ga,—anang binata,—la-  
 long magaling kay sa akala ninyo ang aking  
 paniniwala tungkol sa kalahatan n̄g m̄ga ba-  
 bae, at higit pa mandin pagka tungkol  
 kay Mercedes, na aking pinananaligang ma-  
 guing capitán ako ó hindi man ay mananatili  
 magpakailan man sa tunay na pagibig sa akin.

—Lalong magaling, lalong magaling,—ani  
 Caderousse;—kailan ma'y karapat dapat pu-  
 rihin ang magkaroon n̄g pananalig pagka  
 ang isang tao'y mag-aasawa; n̄guni't hindi  
 kailan̄gan; inaakala ko, bata, na hindi ka  
 mawawalan n̄g anoman kung ikaw ay pu-  
 maroon at ipagbigay alam mo ang iyong

pagdating, at tuloy ipaunawa mo ang iyong mga pag-asa.

—Paparoon na nãga ako,—ani Edmundo, at niyakap ang kanyang ama, yumukod kay Caderousse at yumao.

Natira pang sumandali si Caderousse sa tinatahanan nã matandang Dantés, at saka pagkapagpaalam ay nanaog naman siya sa hagdanan upang makisama kay Danglars na sa kanya'y naghihintay sa isang ñulo nã daang Senac.

—Ano ba,—ani Danglars—¿Nakita mo ba siya?

—Bagong kaiwan ko sa kanya sa sandaling ito,—ang sagot ni Caderousse.

—¿At sinabi ba sa iyo ang kanyang pag-asang siya'y maguiguing capitan?

—Ang anyo nã kanyang pananalita'y parang siya'y capitan na.

—¿Hintay!—ang muling sinabi ni Danglars. —Sa aking wari'y napakalaki ang kanyang pagdadalidali.

—¿Aba! ¿Tila mandin ang bagay na ito'y ipinangãako ni guinoong Morrel!

—¿Sa makatuwid ay siya'y totoong nagagalak, hindi ba?

—Ang masasabi ko'y lubhang nagyayabang na; inihandog sa akin ang kanyang tangkilik na tila mandin isa na siyang makapangyarihan at guinawa naman sa akin ang malaking pag-aalok kung ibig kong mangutang sa kanya nã salapi, na wari'y nagpapalagay nã siya'y totoong mayaman.

—¿At hindi mo tinanggap ang gayong mga pag-aalay; hindi ba?

—¿Mangyari pa baga! Baga man nagka-

kanglalabis sa akin ang kadahilanan upang tumanggap ako ng gayong pag-aalok, sapagka't ako ang naglagay sa kahyang mga kamay ng mga unang salaping pilak na kanyang guinugol; datapuwa't ngayo'y iba na: hindi na magkakailanngan si guinoong Dantés sa kanino man, ipalibhasa'y maguiguing capitán na nga!

—¡Bah!—ang itinutol ni Danglars,—hindi pa siya capitán.

—Sa ganang aki'y isang kagalingan siya'y huwag maguing capitán,—ani Caderousse; —sapagka't kung marating niya ang gayong tungkuli'y sino ang maaaring maki-pag-usap sa kanya?

—Kung ibiguin natin,—ang isinagot ni Danglars,—mananatili siya sa kanyang dating kalagayan, o marahil ay umudlot pa.

—¡Anong sabi mo?

—Wala, nalalaman ko ang aking sinasabi. At sabihin mo sa akin, nananatili ba siya sa totoong pagkaibig sa catalana?

—Haling na haling; naparoon ngayon. Datapuwa't o malaking lubha ang aking pagkakamali, o sa dakong iya'y magkakaroon siya ng kaunting basag-ulo.

—Ipaliwanag mo.

—¡At anong dahil?

—Ang kahalagahan ng bagay na iya'y malaki kay sa inaakala mo; hindi mo ba minamahal si Dantés, ano?

—Kailan ma'y hindi ko naibigan ang mga mapagmalaki.

—Kung gayo'y sabihin mo sa akin ang lahat mong nalalaman tungkol sa catalana.

—Wala akong ganap na nalalaman; ang



nakita ko lamang ay m̃ga bagay na naka-pagkukuro sa aking gaya ñg sinabi ko na, na magkakaroon ang nag-aakalang maguing capitán ñg basag-ulo sa m̃ga paliguidliguid ñg Vieilles Infirmeries.

—Ñguni't hala, ¿ano ang iyong nakita?

—Sasabihin ko sa iyo: nakita kong kailan mang si Mercedes ay pumaparito sa ciudad ay sinasamahan siya ñg isang binatang catalan, maitim ang m̃ga mata, sunog ang balat, totoong kayumangui, lubhang mainit ang loob at tinatawag ni Mercedes na pinsan ang lalaking iyon.

¡Ah! ¿Totoo ñga ba? At inaakala mo bang nañgingibig sa kanya ang kanyang pinsang iyan?

—Inaakala ko lamang na dapat na magkagayon; ¿anong diablo ang maiisip ñg isang binatang may dalawampo't isang taon sa isang dalagang may labing pito?

—¿At ang sabi mo'y naparoon si Dantés sa nayon ñg Catalanés?

—At ang katotohānan ay nauna siya sa akin ñg pag-alis.

—Kung pumaroon naman kita sa dakong iyon ay makahihinto kita sa Reserva, at samantalang tayo'y lumalagok ñg masarap na alak na *La Malgue* ay makatatangap naman ñg ilang balita.

—¿At sino ang magbabalita sa atin?

—Magbantay tayo, at pagdaraan ni Dantés ay mapagkikilala natin sa kanyang mukha ang nangyari.

—Halá, pumaroon kita sa bahay ni mang Pánfilo,---ani Caderousse;---ñguni't unawain mong ikaw ang magbabayad ñg ating iinumín.

—Hindi kinakailangang pag-usapan pa ang bagay na ito,---ang isinagot ni Danglars ---ang sabi mo'y na sa katuwiran.

Pagkatapos ng ganitong salita'y yumao ang dalawang lalaking matulin ang lakad na ang tungo'y sa pinagkausapang bahay, at pagdating doo'y humingi sila ng isang botellang alak at dalawang "vaso". Ayon sa sabi ni mang Pánfilo'y kararaan pa lamang ni Dantés at wala pang dalawang minuto ang panahong nakalalampas. Sapagka't tanto na nilang tunay na nasa nayon ng Catalanes si Dantés, nangagsiupo ang dalawa sa silong ng sariwang mga dahon ng mga puno ng saguing at sicomoro, na sa mga sanġa nito'y nangaglilipatlipat ang karamihang maliit na mga ibong nangagbabalita, sa pamamag-itan ng kani kanilang mga kayayang mga humi at pagpapakinigan ng tinig, ng isa sa lalong magagandang araw ng panahong masanghaya.

## IKATLONG BAHAGUL.

### ANG NAYON NG CATALANES.

Sa may isang daang hakbang sa kinalagyan ni Danglars at ni Caderousse, na nangakaitig sa dakong malayong timatanaw at nilalapas ang masarap na alak na "La Malue," ay natitindig ang isang kataasang lupang hubad sa pamuti at sakdal ng pagkasangag sa araw at sa habagat, na di iba't ang nayong maliit ng Catalanes.

Umalis, isang araw, sa España ang isang mahiwagang pulutong at umahon sila sa

unġos nġ lupa, na hanggang sa panahong itó'y nananatili pa; dumating silá roong waláng nakakaalam kung saan silá galing at waláng nakakawatas nġ kanilang guinagamit na pananalita.

Ang isá sa kanilang mġa pinuno, na marunong nġ wikang "provenzal" ay naki-usap sa municipio nġ Marsella, na mangyaring ipagkaloob sa kanila ang kutad na kataasang iyong kanilang pinaglagakan, katulad nġ mġa mangdaragat nġ una, nġ kanilang mġa sasakyan. Ipinagkaloob sa kanila ang gayong kahilingan, at nġ makaraan nġ tatlong buan, sa tabi nġ labing dalawa ó labing tatlong sasakyan sa dagat, na dinala roon nġ mġa maglalakbay dagat na iyon, ay natatag na ang isang maliit na bayan.

Ang pagkatatag nġ maliit na bayang itong wari'y castila at árabe, ay siya ring nġayo'y naroroon tinatahanan ug mġa inapo nġ mġa taong iyon, at ang guinagamit pa nila'y ang wika rin nġ kanilang mġa magulang; baga man nakaraan na ang tatlo ó apat na raang tao'y nananatili pa sila sa paghiyag sa maliit na kataasang lupa, na kanilang dinapuang tulad sa isang kawan nġ mġa ibong dagat, at hindi sila kailan man nakilahok sa mġa mamamayan sa Marsella, nangagpapakasalan silasila rin at pinapananatili nila ang mġa pinagkaratiha't mġa kaugalian nġ kanilang inang-bayan, na gaya rin nġ kanilang hindi pagbabago nġ guinagamit nilang salita.

Pagkasaysay nġ mġa pasimulang ito, kinakailangang sumama sa amin ang mġa bumabasa sa paglakad sa tanġing daan nġ maliit na bayang ito at makisama sa amin sa

pagpasok sa isa sa m̃ga bahay na iyong binigyan ñg araw, sa dakong labas, niyang magandang kulay ñg dahong tuyo, na karaniwan sa lahat ñg m̃ga bahay sa lupaing iyon, at sa dakong loob ay ang pahid na apog, iyang maputing pintura na siyang tanging pamuti ñg m̃ga tahanan ñg m̃ga kastila.

Isang magandang dalagang ang buhok ay maitim na kawañgis ñg luyong at mapungay ang m̃ga matang tulad sa m̃ga mata ñg "gacola," ay nakatindig at nasandal sa isang pader, at tang̃an sa kamay ang isang kaligaligayang bulaklak, na isa isang linalagas ang m̃ga pinakadahong sa tapaka'y nangakakalat na ang m̃ga ilan.

Bukod sa roon, ang kanyang m̃ga bisig (brazo), na nakalilis hanggang sa siko kabit m̃ga kayumanggui, wari'y linalik at itinulad sa m̃ga bisig ñg unang si Venus, at namasid na siya'y nangangatal dahil sa isang wari'y pagkainip, at tinatadyakan ñg magandang binibining ito ang lupa ñg kanyang maliliit at magagandang m̃ga paa, na ano pa't napapanood ang maiinam, at kalugodlugod na pagkakahubog ñg kanyang m̃ga binti, na iniinis ñg medias na sinulid na mapula, na may pahalanghalang na guhit na abó-abó't bughaw.

Sa may tatlong hakbang ang layo sa kanya nakaupo sa isang silla, na nagpapaguiwang-guiwang at nakalagay ang siko sa isang luma at sirasira ñg kasangkapan, ang isang malaking lalaking bagong-tao, na magkakadalawampo hanggang dalawampo't dalawang taong tumititig sa dalaga, sa isang anyong

nagpapakilala n̄g balisa't sama n̄g loob; tumatanong ang kanyang-m̄ga mata, n̄guni't suko ang m̄ga matang ito sa titig na mariin at walang gulat n̄g babaeng kanyang kausap.

—Sagutin mō sana ako, Mercedes,—anang bagong-tao, malapit na ang pasko, na siyang kapanahunang ukol sa pagkakasal. ¿Ano ang sabi mo sa bagay na iyan?

—Makasangdaan na kitang sinagot, at kinakailangang maguing malaki ang galit mo sa sarili upang muli pang itanong mo sa akin.

—Tunay n̄ga, n̄guni't sabihin mo uli, isinasamo ko sa iyo't n̄g ako'y makapani-wala; sabihin mō sa aking maikasandaang pinawawalan mong halaga ang aking pagsinta, na sinasang-ayunan n̄g iyong ina; ipakilala mo sa aking linilibak mo ang mithi kong kaligayahan; na walang kabuluhan sa iyo ang aking buhay ó ang aking kamatayan... Ah, Dios ko, Dios ko! Pagkatapos na aking mapanaguinip sa loob n̄g sampong taong sunod sunod sa kaligayahang maguing esposo mo, Mercedes, at mawala ang pag-asang ito, na siyang suhay niyaring buhay!...

—Hindi n̄ga ako, ang katotohanan, ang nagbigay at nagpalago n̄g pag-asang iyan, Fernando,—ang isinagot ni Mercedes;—hindi kita pinagkalooban n̄g ano mang pagpapatotoo na sukat mong maisumbat sa akin; alam mong laguing sinasabi ko sa iyo: ini-ibig kitang parang kapatid; n̄guni't huwag ka n̄g humingī sa akin n̄g iba pang bagay na hindi pag-ibig-kapatid, sapagka't may iba n̄g nag-aari n̄g aking puso. ¿Hindi ba katotohanang ganito ang laguing sabi ko sa iyo?

—Oo, nalalaman ko na, Mercedes,—ang isinagot ng binata;—oo; malabis ang aking pagkaalam na guinamit mo sa akin ang malupit na karapatan ng pagtatapat; nguni't diyata'y nalilimot mo ang isang dakilang kautusan sa mga catalan ang silasila'y mangagpakasalan?

—Nagkakamali ka, Fernando; hindi isang kautusan, wala kundi isang kaugalian lamang, narito ang katotohanang ganap. Maniwala ka sa akin, huwag mong imatuwid ang kaugaliang ito sa ikasusunod ng iyong pita.

Saklaw ikaw ng pagpanao rito; kautangan mo lamang sa pagbibigay loob ang kalayaang kinakamtan mo ngayon; bukas makalawa'y hindi malayong ikaw'y tawaguin upang sumailalim ka sa iyong sariling bandila sa kasamahan ng iyong hokbo, at kung sundalo ka na'y ano ang gagawin mo sa akin, sa makatuwid baga'y sa isang kahabag habag na ulilang walang ano mang kayamanan, at walang anomang pag-aari liban na lamang sa isang dukhang dampa na halos ay guibana, at ang halos walang kabuluhang mga lambat, tangi't abang manang iniwan sa akin ng mga magulang ko. May isang taon na ngayon buhat ng mamatay ang aking ina, at lubos ang pagkatalastas mo, Fernando, na mula noo'y halos ang aking ikinabubuhay galing sa pagkakaawaang gawa. Hindi kaila sa aking manakanakang ibig mong papaniwalain ako na nakikinabang sa akin at ng ako'y mabahaguin mo ng iyong napapanigisdaan, at tinatanggap ko Fernando, sapagka't ikaw'y anak ng kapatid ng aking ama, sapagka't nagkasama kita buhat sa

kamusmusan, at kawakasan, at lalonglalo na, sapagka't bukod sa lahat ng sinabi ko, talastas kong pasasamain ko ang loob mo kung hindi ko tanggapin. Ganap din ang aking pagkaalam, na ang ipinagbibili kong isda at ang salaping aking napapagbilhan, na siya namang ibinibili ko ng "estambre" na guinagamit ko sa aking mga gawain, nalalaman kong malabis, Fernando, na wala kung di isang limos mo sa akin.

—At ano ang kabuluhan sa akin ng lahat ng iyan, Mercedes? Baga man totoong dukha ka at nabubuhay sa lubhang pag-iisa, minamagaling ko ikaw kay sa anak na babae ng lalong masalaping may mga sasakyan o ng lalong mayamang "banquero" (1) sa Marsella. Ano ang kakulangan sa akin? Isang babaeng mapagmahal sa kanyang puri at masipag; at sino ang aking masusunpong na babaeng may taglay ng mga bagay na iyan kung di nga ikaw lamang?

—Fernando,—ang isinagot ni Mercedes na umiiling;—mahirap na totoong maguing maibait na babaeng taga pangasiwa sa bahay at makapag-ingat ng kapur iban ang umiibig sa ibang lalaking hindi siyang kanyang asawa. Magkasiya ka na nga lamang na kita'y magpalagayang magkatoto; ito ang tanging sa iyo'y aking maipangangako, at hindi ako nangangako kung di ang bagay na tanto kong magaling na aking maibibigay.

—Siya nga, tunay, kilala ko na ang ka-looban mo,—ani Fernando;—pinagtitiisan mo ng boong pagsang-ayon ang iyong karuk-

(1) Ang may "banco" na ligpitan ng salapi at iba pa.

haan at sa karukhaan ko'y nagugulantang ka. Magaling, Mercedes, kung wala kung di iyan lamang, kung sinisinta mo ako, pag-sisikapan kong magkasalapi; magbibigay ka sa akin ng kaligayahan at magdadala naman ako sa iyo ng kayamanan; na sa panahon pa akong aking iwan ang hanap-buhay kong panginisa, papasok akong kawani sa isang bahay-kalakal upang aking datnin ang maguing mayamang-mangangalakal.

—Hindi mo maaakalang gawin ang lahat ng iyan, Fernando; alalahanin mong ikaw ay sundalo, at kaya ka lamang nananatili sa nayon ng Catalanes ay dahil sa walang dumarating na pagbabaka. Manatili ka nga sa pagkamanginisa; iwanan mo ang mga panaguinip at mga malikmatang layong makapaghahatid sa iyo sa kaasalang lalo pa manding katakot-takot, at masiyahan ka na lamang, inuulit ko, sa ating pagpapalagayang magkatoto, yamang hindi ako makapagkaloob sa iyo ng iba pang bagay.

—Kung gayon, Mercedes, ay sumasakatuwiran ka, magmamamarinero ako; lilisanin ko ang kaugaliang pananamit ng ating mga magulang na lubhang pinawawalan mong halaga; gagamit ako ng sombrero may "suela," isang barong guhitan at isang bughaw na camiseta na may mga "auela" sa mga boton; hindi ba ganyan ang kinakailangan kong damtin at ng kalugdan mo?

—Ano ang kahulugan ng sinasabi mo? —ang tanong ni Mercedes sa bagongtao, na tinudla siya ng isang titig na mariin.—Ano ang kahulugan ng sinasabi mo? Hindi kita mawatasan.



—Ibig kong ipaunawa sa iyong hindi ka lubhang magmamatigas at magmamalupit sa akin, kung di sana may hinihintay kang isang ganyan ang dalang pananamit. Datapwa't marahil ang hinihintay mong iya'y hindi totoong nagtatapat sa iyo, at sakali't siya'y nagtatapat, ang dagat ay hindi tapat na loob sa kanya.

—¡Fernando!—ang biglang sinabi ni Mercedes,—¡Walang boong isip ako kung di ikaw ay taong mabait, nagkakamali ako! Dilidilihin mo, Fernando, na ang tumawag sa poot ng Dios at ng tumulong sa iyong mga paninibugho ay isang pagpapatotoo ng iyong pangit na puso. Yamang gayo'y oo, hindi ko ikinakaila sa iyo, hinihintay ko at aking iniibig iyang iyong sinasabi, at kung sakali't hindi bumalik, hindi ko ipalalagay na siya'y nagkulang sa akin ng pagtatapat na siya mong pinananangnan, kung di aakalain ko ng taos sa pusong siya'y namatay na hindi nagmamaliw ng pag-ibig sa akin.

Nagpakita ang bagong taong catalan ng mukhang nagbabaga sa galit.

—Nauunawa ko, Fernando, ang iniisip mo, nag-aakala kang manghiganti sa kanya sapagka't hindi kita iniibig!. Hinahangad mong ipakitalad mo sa kanyang sundang ang gulok mong catalan? ¡At ano ang mahihita mo sa gayong iyong gagawin? Ang mawala ang aking pagmamahal sa iyo kung ikaw ay mapipilan, at mapalit sa pagmamahal ko sa iyo ang pagtanim, ang sama ng loob kung ikaw ang magtagumpay. Maniwala ka sa akin, masamang paraan ang makibabag

sa isang tao at n̄g kalugdan n̄g kanyany ini-ibig. Hindi, Fernando, hindi ka pakakaladkad sa masasama mong m̄ga kaisipan; at yamang hindi mangyaring ako'y maguing asawa mo, masisiyahan ka na lamang na ako'y maguing katoto at kapatid mo. Bukod sa rito,—ang idinugtong na punongpuno ang m̄ga mata n̄g m̄ga luha,—hintay ka, Fernando, hintay ka; sinabi mong hindi pa nalalalaong magdaraya ang dagat; tatlong buwan na ang nakararaan mula n̄g siya'y umalis, at sa boong panahong ito'y maraming totoo ang nabibilang ko n̄g m̄ga bagyong nagdaan...

Nanatili si Fernando sa pagwawalang bahala, na hindi niya pinag-aakalang pahirin ang m̄ga luhang namamalisbis sa m̄ga pisngi ni Mercedes, gayong sa bawa't isa n̄g m̄ga luhang iyo'y ipapalit niya ang isang agos n̄g kanyang sariling dugo; n̄guni't palibhasa'y napagdidilidili niyang gawa ang m̄ga luhang iyon n̄g pagkaakala sa kapan̄gagaw niya sa pag-ibig, siya'y nagn̄gan̄galit.

Sa kawakasa'y nagtindig siya, niliguid niya ang dampa, nagbalik, tumiguil sa tapat ni Mercedes, at pagkatapos na matitigan ito n̄g tinging lubhang malungkot, itinaas ang bisig na irakasuntok, at sumigaw:

—Ano, Mercedes, muling inuulit ko sa iyo, sumagot ka sa akin: ¿gayak na gayak na ba ang loob mo?

—Iniibig ko si Edmundo Dantés, ang isinagot n̄g boong kalamigan n̄g dalaga,—at wala n̄g maguiguiging esposo ako kung di siya lamang.

—¿At lagui mong pakaiibiguin siya?

—Hangang nabubuhay ako.

Tumun̄o si Fernandong tulad sa isang taong nanglulupaypay ang kalooban at nagbuntong hiningang lalong nakakawan̄gis n̄g isang himutok; biglang tumunghay na nangguiguigutil ang m̄ga n̄gipin at nanghulunag ang ilong sa galit at saka nagsalita:

—At sakali't siya'y namatay na... —

—Sakalit siya'y namatay ay mamamatay naman ako.

—At sakali't kinalimutan ka?

—¡Mercedes!—ang sigaw n̄g isang malakas at masayang tinig sa labas n̄g bahay.—¡Mercedes!

—Ah!—Ang biglang sinabi n̄g dalagang namumula sa hiya, sa galak at nangangatal sa pagsinta.—Magaling na nakikita mong hindi ako nalilimot, sapagka't siya'y nari-rayan.

At dumaluhong na patun̄o sa pintuan, dalidaling binuksan ito at nagsaysay:

—Dito, Edmundo, naririto ako!

Umudlod si Fernandong namumutla't malaki ang galit, na katulad n̄g pag-urong n̄g isang naglalakbay pagkakita sa isang ahas, tinun̄o ang sillang kanyang dating kinaluluklukan at doo'y nagpakaupong kawan̄gis halos n̄g isang nanglulupaypay.

Magkayakap si Edmundo at si Mercedes.

Pinababahaan sila n̄g isang karagatang kaliwanagan n̄g mainit na araw sa Marsellang nanasok sa pintuang nakasiwang. Wala silang nakikitang ano man sa kanilang pali-guid n̄g sila'y magyakap; isang hindi ma-ulatang ligaya ang naghihilwalay sa kanila sa daigdig, at walang lumalabas sa kanilang

mga labi kung di putol-putol na mga salitang nangagpapaunawa ng masilakbong tuwang kanilang kinakamtan ng lubhang mapalad sa sandaling iyon, bagay na madalas mawangki sa kakilakilabot na anyo ng pagdurusa.

Di kaguinsaguinsa'y naalinagnagan ni Edmundo ang malungkot na anyo ni Fernando, na namamasid sa karilimang pamumutla't may hawig na nagbababala, at sa isang kilos na marahil ay hindi sinasadya ng may katawa'y hinawakan ang gulok na dala sa kanyang pamigkis.

---¡ Ah, patawarin mo ako! ---ang biglang sinabi ni Dantés---na siya naman ang nagkunot ang mga kilay; ---hindi ko nahiwatigang tayo pala'y tatlo.

At pagdaka'y humarap kay Mercedes at tumanong:

---¿ Sino ba itong taong ito?

---Itong taong ito, buhat ngayon hanggang sa haharapi'y siya ang lalong matalik mong kaibigan, Dantés; sapagka't siya'y katoto ko pagka't siya'y aking pinsan, siya ang aking kapatid na si Fernando; sa makatuwid ang lalaking ikalawa, unauna'y ikaw na lalong ini-ibig ko sa lupa. Hindi mo ba siya nakikilala?

—¡ Ah! Oo, siya nga, ---ang sagot ni Edmundo; ---naaalaala ko.

At tangnan ang isang kamay ni Mercedes na hindi niya nilalayuan ay inilahad ang isang kamay naman sa catalán, ng galaw na taglay ang kaguiliwang puspos; nguni't hindi tumunbas si Fernando sa gayong pagpapakita ng malaking katunayan ng pakikipagkatoto, kun di bagkos pang nanatili sa pagkapipi,

hindi kumilos na kawanģis mandin nģ isang "estátua."

Nģ magkágayo'y pinagpalipatlipat ni Edmundo ang nagsisiyasat na mģa titig, mula kay Mercedes, na nababagbag ang loob at nangangatal, hanggang kay Fernando, na malungkot at may anyong nagbabala.

Naging kasiya ang isa lamang tingin upang mapagkilala niyang lahat: ang galit ay nakikitang nakalarawan sa kanyang mukha.

—Sa lubhang pagdudumali ko nģ pagparito, Mercedes, sa iyong bahay, hindi ko akalaing makakasumpong ako rito nģ isang kaaway.

—¿Isang kaaway?—ang biglang sinabi nģ dalaga, kasabay ang pagtitig na may halong malaking pagtatanim nģ poot sa kanyang pinsan.—¿Isang kaaway sa aking bahay? ¿Ano ang sinasabi mo, Edmundo? Kung magkatotoo ito, tatangnan kita sa kamay at paparoon ako sa Marsella, lilisanin ko ang aking bahay upang huwag na akong bumalik dito magpakailan man.

—At kung may mangyaring ano mang sakuna sa iyo, aking Edmundo,—ang ipinagpatuloy ni Mercedes, taglay iyang walang sindak na katahimikang nagpapakilala kay Fernando, na napagsaliksik nģ dalaga hanggang sa kaugat-ugatan ang kanyang tampalasang kaisipan;—kung may mangyari sa iyong ano mang sakuna, aakyat ako sa ibabaw nģ unģos nģ Morgion at lulukso ako nģ patiwarik sa kabatuhan.

Namutla nģ mainam si Fernando.

—Nģuni't nagkakamali ka, Edmundo,—ang ipinagpatuloy,—dito'y wala sino mang ka-

away ka; walang narito kung di si Fernando, ang aking kapatid, na pakikikamayan ka n̄g mahigpit sa pagpapatotoong siya ang katoto mong lalong matalik.

Pagkasabi n̄g ganito'y tinudla niya n̄g kanyang makapangyarihang titig ang catalán, at ito naman, na wari'y nakapagpasuko sa kanya ang gayong titig, unti-unting lumapit at inilahad ang kanyang kamay kay Edmundo.

Ang pagtatanim niya n̄g sama n̄g loob, tulad sa nagbabangis, n̄guni't walang lakas na alon sa dagat, ay nabasag at nawalang bisa sa pakikitunggali sa ikinapangyayari sa kanya n̄g babaeng iyon. N̄guni't bahagya pa lamang nahihipo niya ang kamay ni Edmundo'y napagkilala niyang nagawa na niya ang lahat n̄g mangyayaring gawin, kaya't pagdaka'y nagdumaling lumabas sa bahay.

—¡Oh!—ang sinabi, samantalang tuma-takbong tulad sa nahahaling at sinasabunutan ang sariling buhok.—¡Oh! ¿Sino ang makapagliligtas sa akin sa taong ito? ¡Sa aba; sa abang aba ko!

—¡Uy! catalán, ¡uy! ¡Fernando! ¿Saan ang tun̄go n̄g iyong pagtakbo?—ang sinabi n̄g isang tirig.

Biglang tumiguil ang binata, nagpalingap-lingap sa kanyang paliguid ay kanyang natanawan si Caderousse, na nakaupong kasama ni Danglars, sa silong n̄g isang malagong balag.

—Uy!—ani Caderousse.—¿Bakit ayaw kang lumapit? ¿Napakamalaki ba naman ang pagmamadali mo, na hindi mo na nakuha ang

magbigay ng magandang araw man lamang sa mga kaibigan?

—At lalong lalo na, pagka ang mga kaibigang ito'y may isang botellang halos puno pa sa kamilang harapan,—ang idinug-tong ni Danglars.

Pinagmasdan ni Fernando ang dalawang tao ng anyong haling, at hindi umimik.

—Tila mandin may iniisip—ani Danglars, na kanyang sinaling ng tuhod si Caderousse. —¿Baka tayo'y nagkakamali, at laban sa lahat ng ating inakalang mangyayari'y nagtagumpay din si Dantés?

—¿Diablo! kinakailangang siyasatin!—ani Caderousse.

At hinarap ang binata at nagpatuloy:

—At ano, catalán, ¿ibig mo ba?

Pinahiran ni Fernando ang pawis na tumutulo sa kanyang noo at nasok sa ilalim ng balag, at tila mandin nakapagpasauli sa kanyang bait ang lilim ng balag na iyon, at nakapagbigay ng kaunting lakas sa mga sangkap ng kanyang katawang napapagal ang kalamigan doon ng hangin.

—Magandang araw--ang sinabi;--tinawag ninyo ako, ¿hindi ba?

Pagkasabi nito'y hindi naupo kung di nagpatinghulog sa ibabaw ng isa sa mga bangkong nakaliliguid sa mesa.

—Tinawag kita, sapagka't tumatakbo kang parang ulol, at sapagka't nananib akong baka magtalon ka sa dagat,--ani Caderousse na ngumingiti.---¿Diablo! Pagka ang isang tao'y may mga kaibigan, hindi lamang dapat mag-alay sa kanila ng isang vasong alak,

kung di dapat namang sumansalang huwag silang uminom ng tatlo ó apat na *barril* na tubig.

Nagbuntong hininga si Fernando sa isang paraang lalong nawawangki sa isang hagulhol, at tumungo't isinalalak ang kanyang ulo sa dalawa niyang bisig na nakapatong sa mesa.

—¡Aba! ¿ibig mo ba Fernandong sabihin ko sa iyo ang isang bagay?—ang muling sinabi ni Caderousse, na nakipagsalitaang taglay iyang kagaspangang karaniwan sa mga mangmang na taong-bayang nakalilimot sa maayos na pakikipagkapuwa-tao, pagka nagnanais silang makaalam ng ano mang lihim na ibig nilang matanto.--¡Aba! Tulad ang pagmumukha mo ngayon sa isang nangingibig na inayawan.

At sinamahan ang birong ito ng malagapak na halakhak.

—¡Bah!—ang isinagot ni Danglars;—ang isang makisig na binatang gaya nito'y hindi ipinanganak at ng masawing palad sa mga pakikipagsintahan; nanglilibak ikaw, Caderousse.

—Hindi, ani Caderousse;—hiwatigan mo lamang kung paano ang kanyang pagbuntong hininga. Halá, hala, Fernando, tumunghay ka't sagutin mo ako. ¿Pangit bang totoo sa mga kaibigan ang magtanong sa iyo kung paano ang kalagayan ng iyong katawan?

—Wala akong sakit, maiguing totoo ang lagay ng aking katawan,—ang sinabi ni Fernando na hinihigpit ng mainam ang mga daliring nakasuntok at hindi tumutunghay.



—¡Ah! ¿Hindi mo ba nakikita, Danglars? —ang sinabi, na kinikindatan ang kanyang katoto.—Ito ang nangyayari: Si Fernando, na isang cataláng matapang at mapagmahal sa kapurihan at isa sa lalong magagaling na mangingisda sa Marsella ay malaking totoo ang pagkaibig sa isang magandang dalagang nagnangalang Mercedes; nguni't sa kawalang palad, ayon sa namamasid, ay umiibig, na walang tanongtanong, sa pangalawang puno ng *Faraón*, at sapagka't kapapasok pa lamang ngayon din ng sasakyang ito sa doongan, ¡oh! ¿nauunawa mo na?

—Mabuisit ako kung aking napagkukuro,—ani Danglars.

—Na binigyan ng patapos ang abang si Fernando,—ang ipinagpatuloy ni Caderousse.

—Mabuti; ¿at ano pa?—ang sabi ni Fernandong tumunglray at tinitigan si Caderousse, sa anyong katulad ng lalaking humahanap ng isang taong mapagbuntuhan ng kaniyang galit.—Si Mercedes ay hindi nasasakop ng kapangyarihan nino man, ¿hindi ba gayon? Kung gayo'y lubos ang kanyang kalayaan upang makaibig kung kanino niya magalingin.

—¡Ah! Kung gayon ang iyong palagay,—ani Caderousse,—ibang bagay na. Wala akong boong isip kung di ikaw ay tunay ngang catalán, at madalas kong naringig, na ang mga catalá'y hindi mga lalaking napahahalili sa isang kapangagaw, bukod sa ipinagmatigas sa aking si Fernando raw, ang unauna, ay totoong kakilakilabot sa paghihiganti.

Ngumiti si Fernando ng anyong nahahabag.

—Hindi mangyayaring maguing kakilakilabot kailan man ang sino mang nannginbig, —anya.

—|Kahabaghabag na binata!—ang muling isinagot ni Danglars, na nagpapakunwaring totoong naaawa ng taos sa puso sa bagongtao.—Ano ang ibig mo? Hindi mo inakalang agad magbabalik si Dantés; marahil ang boong isip mo'y patay na siya, ó kung dili kaya'y nagtaksil na sa pag-ibig, isinong nakaaalam! Ang mga bagay ito'y lalo ng nakapagdaramdam pagka nangyayaring ganayang biglang bigla.

—Sa ganang aki'y sumasakatuwiran ka,—ani Caderousse, na bumabarik samantalang nagsasalita, at tumatalab na sa kanya ang mabulang alak na “La Malgue.” Hindi lamang kay Fernando nakapagbibigay poot ang buisit na pagdating ni Dantés, hindi ba totoo, Danglars?

—Tunay nga, at halos makapangangahas akong magsabing ang bagay na iya'y panggagalingan ng ano mang ikapapahamak niya.

—Nguni't hindi kailangan,—ang ipinakli ni Caderousse, na pinupuno ng alak ang isang yasang ukol kay Fernando, at gayon din ang guinagawa sa ganang kanyang vaso, na maikalabing dalawa ng pinuno ang kauntian, samantalang bahagya na sinisimsiman ni Danglars ang vaso niya,—hindi kailangan kung siya'y mapapakasal naman kay Mercedes, sa magandang si Mercedes; sapag-

ka't iyan din lamang ang kahahangganan nila.

—Pumapatak ang m̃ga salita ni Caderousse na parang kumukulong tingga sa puso ñg binata, na pinagmamasdan ni Danglars sa boong panahong ito, ñg ting̃ing masaliksik.

—¿At kailan ang kasal?

—¿Oh! hindi pa nangyayari,—ani Fernando.

—Hindi pa ñga; ñguni't sila'y pakakasal,—ani Caderousse,—ang pangyayaring ito'y napakatotoo ñg gaya rin ñg katotohanang si Dantés ay maguiguig capitán sa *Faraón*, ¿hindi ba gayon, Danglars?

Nañginig si Danglars ñg maring̃ig niya ang ganitong salitang hindi niya hinihintay, kaya't hinarap niya si Caderousse at ang mukha naman nito ang kanyang siniyasat, upang hiwatigan kung talagang sinadya ang gayong matinding pasaring; datapuwa't wala siyang namasid kung di ang kainguitan sa sa mukhang iyong halos sirangsira na sa pagkalasing.

—¿Hala!—ani Danglars, pagkatapos na mapuno ang dalawang vaso.—Uminom ñga tayo sa ipagtatamong galak ñg capitan Edmundo Dantés, esposo ñg magandang catalana.

Hinawakan ni Caderousse ñg kamay na nañgañatal ang vaso at inilapit sa kanyang m̃ga labi, saka ininom na paminsanan ang alak na laman. Tinangnan naman ni Fernando ang kanyang vaso at saka ipinukol sa lupa ñg maalab na pagkagalit.

—¿Aba! jaba!—ang biglang sinabi ni Caderousse.—¿Ano ang aking natatanawan doon sa dakong ibaba na patuñgo sa nayon ñg

Catalanes? Tingnan mo, Fernando, mabuñi ang m̃ga mata mo, kay sa akin; tila mandin nagpapasimula ang pagkakita kong nagkakadalawa ang lahat ñg bagay, at nalalamang mong lubos, na manakanakang pinagtataksilan ang tao ñg alak; sino ma'y mag-sasabing sila'y dalawang magkasintahang lumalakad na magkaagapay at magkakapit ang kamay... ¡Patawarin ako ñg Dios! ¡Hindi nila nalalamang sila'y ating nakikita, at pagmasdan mo kung paano ang kanilang pagyayakap na guinagawa!

Hindi hinihiwalayan ni Danglars ang isa man lamang sa m̃ga kilos ni Fernando, na nalalao'y lalong nagkakasamasama ang mukha.

—¿Nakikilala po ba ninyo sila, guinoong Fernando?—ang sinabi.

---Opo, ang isinagot ñg tinig na paos, sila'y si Edmundo at si Mercedes.

—¡Sila pala!—ani Caderousse—¡At ako na di ko sila nakilala! ¡Uy, Dantés! ¡uy, dalaga! Hali kayo't sabihin ninyo sa amin kung kailan ang kasal, sapagka't napakati-gas ang ulo ni Fernando't aayaw sabihin sa amin kung kailan.

—¡Maanong huwag kang maingay!—ani Danglars, na kunuwa'y pinipiguil si Caderousse, na taglay ang katigasan ñg ulo ñg lahat ñg nakababarik ñg labis ay yumayao't tangkang abalalin ang dalawa sa kanilang paglakad.—Magpilit kang tumindig at pabayaan mong mag-ibigang payapa ang m̃ga nagsisintahan. Pakinggan mo, masdan mo si Fernando, at siya ang iyong uliranin; siya ñga ang masasabing taong matalino.

Marahil si Fernando, sa kaduduro ni Danglars, na gaya naman n̄g guinagawa n̄g m̄ga "banderillero" sa isang "toro", ay talagang habandulungin na sana ang kapan̄gagaw niya niya sa pag-ibig, sapagka't alinsunod sa kanyang anyo'y gumagayak na sa gayong bagay, n̄g itunghay ni Mercedes ang kanyang magandang ulo at taglay ang maaliwalas at may galak na mukha ay pinapagningning ang kanyang maninḡas na m̄ga mata. N̄g magkagayo'y nadilidili ni Fernando ang sinabi sa kanyang bala, na siya'y magpapakamatay kung mamatay si Edmundo, at dahil dito'y nagpatinghulog siya sa kanyang upuang lubhang nanglulupaypay.

Pinaglipatlipat ni Danglars ang kanyang m̄ga mata sa dalawang tao, ang isa'y pinapaguiguing hayop n̄g kalasingan at ang isa nama'y lubhang sukog sa pag-ibig.

—Wala akong mapapakinabang sa dalawang haling na ito,—ang ibinulong,—at halos natatakot akong mapaguitna rito sa isang lango at sa isang duwag. Narito ang isang taksil na nagpapakalasing sa alak, gayong dapat lamang siyang magpakalasing sa pagtanim n̄g masamang loob; narito ang isang malaking ulol na bagong kaaagaw lamang sa kanya sa paharapan n̄g pinakasisintang babae'y nagkakasiya na lamang na tuman̄gistan̄gis at dumaing na kawan̄gis n̄g musmos, at gayon ma'y maban̄gis ang kanyang titig, na tulad sa m̄ga mata n̄g castila, n̄g m̄ga siciliano at m̄ga calabrés, na marurunong manghiganting magaling, na may m̄ga panuntok na kasukatang makabasag n̄g bun̄go n̄g isang capong "vaca", na taglay ang boong

paniniwalang ang gayo'y magagawang tulad sa lalong bihasang mamamatay-vaca. Ang katotohanan n̄ga'y lubhang tinatangkilik si Edmundo n̄g kapalaran; makapakakasal siya sa dalaga, maguiguing capitán at mapagtawanan niya kami, liban na lamang kung... —isang tampalasang n̄giti ang naguhit sa m̄ga labi ni Danglars,—liban na lamang kung makialam ako sa bagay na ito,—ang idinugtong.

—¡Uy!—ang ipinagpatuloy na sigaw ni Caderousse; na hālos tumitindig sa kanyang upuan at nakasandal sa mesa.—¡Uy, Edmundo! ¡Hindi mo ba nakikita ang iyong mga kaibigan, o ikaw ay naging lubhang mapagmalaki na aayaw n̄g makipag-usap man lamang sa kanila?

—Hindi, hindi, irog kong Caderousse,—ang isinagot ni Dantés; hindi ako nagma-malaki; lumiligaya ako, at sa aking akala'y manakanakang bumubulag ang kaligayahang higit kay sa pagmamalaki.

—Magtamong galak nawa kayo; ganyang pananalita n̄ga ang karapatdapat sa isang lalaki,—ani Caderousse.—¡Magaling! ¡Magtamong ligaya nawa kayo, guinoong babaeng Dantés!

Yumukod n̄g boong kahinhinan si Mercedes at nagsalita:

—Hindi ko pa taglay ang apellidong iyan; ipinalalagay sa tinubuan kong lupa na masamang pangunahin ang pagtawag sa isang dalaga n̄g apellido n̄g kinapapanḡakuan niya, bago siya maguing asawa nito; kaya n̄ga ipinamamanhik ko po sa inyo, na Mercedes ang itawag ninyo sa akin.

—Kinakailangang patawarin ang mabait na kapit-bahay kong ito,—ang isinabat ni Dantés,—Madalas na nagkakamali si Caderousse.

—Diyata nãa po ba't totoo, na gagawin agad ang kasal, guinoong Dantés?—ani Danglars, na yumuyukod sa binata't dalaga.

---Sa loob nã lalong madaling panahon, kung mangyayari, guinoong Danglars; gagawin ngayon sa bahay nã aking ama ang "dulog", at bukas o makalawa, ang kasal, ay gagawin natin dito sa—"Reserva" ang pagsasalosalo sa pagkain, dahil sa kasal; umaasa akong pauunlakan kami nã mãga kaibigan nã kanilang pagdalo; at sapagka't nabibilang kayong dalawa sa nã mãga kato-to'y inaakala kong kalabisan na ang sabihing kayo'y kasama sa mãga inaaanyayahan.

—¿At si Fernando?—ani Caderousse, na nãgumingiting taglay ang masamang kaisipan. ---¿Kasama ba si Fernando sa anyaya?

---Ang kapatid nã aking asawa'y kapatid ko rin,---ani Edmundo.---Tatanggap si Mercedes at ako nã malaking sama nã loob kung sa gayong mãga sandali'y mawala siya sa aming siping.

Binuksan ni Fernando ang kanyang bibig upang sumagot, nãuni't hindi nakalampas sa kanyang mãga labi ang kanyang tinig at hindi nakapagsalita nã isa man lamang.

—Nãgayon ang "dulog" at bukas ó sa makalawa'y kasal! ¡Mãga diablo! Totoong nagmamadali nãman po kayo, capitán!

—Danglars,—ang itinutol ni Edmundo na nãgumingiti,—uulitin ko sa inyo ang hindi

pa nalalaong sinabi ni Mercedes kay Caderousse: huwag po ninyong itawag sa akin ang isang katungkulang hindi ko pa taglay; sapagka't mangyayaring maguing isang pagbiro sa akin.

—Ipinamamanhik ko po sa inyong ipagpaumanhin sa akin,—ang isinagot ni Danglars;—ang sinasabi ko lamang ay totoong napaka nagmamadali kayo. ¡Diablo! May malabis na panahon; hindi maglalayag ang *Faraón* kung di sa loob ng tatlong buwan, ang lalong kadalian.

—Kailan ma'y nagdadalidali ang tao sa pagkakamit ng ililigaya, guinoong Danglars, sa pagka't ang tao'y pagka nagdusa ng malaki, bahagya na makapaniwala sa magandang palad. Datapuwa't hindi lamang ang pag-ibig sa sariling kagalingan ang siyang umaakit sa aking gumawa ng ganito, kung di naman ang mahigpit na pangangailangan kong pumaroon sa Paris.

—¡Ah, gayon pala, sa Paris! ¡Ngayon po ba lamang mapaparoon kayo, Dantés?

—Opo.

—¡Marahil ay dahil na kayo ay mayroong sadya roong mahalaga?

—Hindi talagang aking sadya ang pagparoon, kundi sa pagtupad sa tanging bilin ng saliwang palad na si capitán Leclerc. ¡Nalalaman na ninyo, Danglars? Ito'y isang bagay na dakila. Datapuwa't huwag kayong mabahala, wala akong ikalalaon kung di ang panahong kinakailangang magparoo't parito.

—Opo, opo, nauunawa ko na,—ani Danglars.



At pagdaka'y idinugtong ng lubhang mahinang pananalita:

—Paparoon sa Paris, at ng doo'y ibigay ang sulat na ipinagkatiwala sa kanya ng dakilang mariscal... ¡Diantre!... ¡Nagpapasibol sa akin ang sulat na binangguit ng isang kaisipan, ng isang maningning na kaisipan!... ¡Ah! Dantés! bata kong kaibigan, ¡hindi pa napapatitik ang pangalan mo sa aklat ng *Faraón* na ikaw ang siyang pangulo sa sasakyang ito!

At saka isinigaw niya kay Edmundo, na lumalayo na:

—Malualhating paglalakbay Dantés!

—Salamat,—ang isinagot ni Edmundo ng lumingon at bumati ng ganap na pakikipagkaibigan, at pagkatapos ay lumakad ang dalawang magkasintahan ng payapa at ligaya, tulad sa dalawang angel na pumapailanglang sa kaluwalhatian ng langit.

## IKAAPAT NA BAHAGUI.

### ANG KASUNDUANG LILO.

Sinundan ni Danglars ng mga mata si Edmundo at si Mercedes hanggang sa sila'y mawala sa mga paningin, sa isa sa mga pagliko sa kuta ng San Nicolás: lumingap pagkatapos sa kanyang paliguid at kanyang namasdan si Fernando, na muling nahandusay sa kanyang inuupan at namumutla at nanngangatal, samantalang nagsasalita si Caderousse ng pautal ng isang awit-lasing na mahalay.

—Aba, magaling kong kaibigan!—ani Danglars kay Fernando.—¡Nariyan ang isang mag-asawa na sa aking akala'y hindi kalulugdan ng lahat!

—¡Nagnāngalit ako!—ang itinutol ni Fernando.

—Kung gayo'y ¿malaki po ba ang pag-ibig ninyo kay Mercedes?

—Siya'y sinasamba ko.

—¿Malaon nṅ panahon?

—Buhat nṅ siya'y makilala ko. pagdaka'y inibig ko na.

—¿At dahil sa walang kabuluhang bagay na iya'y hindi ang paghanap nṅ kagamutan ang inyong guinagawa, kung di sinasabunutan ninyo ang sariling buhok at nagnāngalit kayo? ¡Diablo naman iyan! Hindi ko akalaing ganiyan pala ang kaasalan nṅ mṅa tao sa inyong lupain.

—¿At ano ang ibig ninyong gawin ko? —ang tanong ni Fernando.

—¿Anong kinalaman ko? May dapat ba akong ipakialam tungkol sa bagay na iyan? Inaakala kong kayo at hindi ako ang sumisinta kay Mercedes. *Humanap kayo—*anang Evangelio—*at inyong makikita.*

—Nakita ko na.

---¿Paano?

—Ibig kong patayin ang “lalaki,” data-puwa't sinabi sa akin nṅ “babae,” na kung may mangyaring ano man sa kinapapanṅakuan niya'y siya'y magpapakamatay.

---¡Bah, bah! Sinasabi ang mṅa bagay na iyan, nṅuni't hindi guinagawa.

---Hindi po ninyo kilala si Mercedes, guinoo; sukat ang ipagbala niya upang paniwalaan kong lubos na kanyang gagawin.

—¡Haling!—ang ibinulong ni Danglars.—Anong masakit sa aking siya'y magpaka-

matay o hindi, huwag lamang maguing capitán si Edmundo!

---At bago mamatay si Mercedes,---ang muling sinabi ni Fernando ng tinig na hindi magbabagong akala,---mauuna akong mamamatay.

---Ito ang tinatawag na pag-ibig!---ang sinabi ni Caderousse ng tinig na lalong paulat, ng kanyang maringig ang gayong saysay,—at pag-ibig na kailan ma'y hindi ko pa nakikita.

—Magaling, ani Danglars,---sa aking masid ay kayo'y isang mabait na bata, at dahil sa gayo'y ibig ko sanang... dalhin ako nawa ng diablo!... kayo'y aking alisin sa inyong pagkapabako... nguni't...

---Siya nga,—ang isinusog ni Caderousse, ---oo, tingnan natin...

---Pakinggan mo, kaibigan ko,—ang isinagot ni Danglars,—lasing ka na balos, ubusin mo na ang na sa botella at ng malubos na ang kalasingan mo. Bumarik ikaw at huwag kang makialam sa ano mang aming gawin, sapagka't kinakailangan sa bagay na ito na ang ulo'y mahinusay.

—Lasing ba ako!—ani Caderousse.—lumlalaban ako ng pustahang makaiinom pa ako ng apat o limang botellang iyang katulad sa laki ng mga frasco ng "agua de Colonia"---Máng Pánfilo, magdala kayo rito ng alak!

—At isinaliw sa kanyang mga pananalita ang gawa, na ano pa't pinasimulan ng ulit-ulit na pag tugtog sa mesa, sa pamamagitan ng kanyang vaso.

—Ang sinasabi po ba ninyo, guinoo?...

ang muling sinaysay ni Fernando, na hinihintay ng boong pagkainip na ipagpatuloy ang nahintong salita.

—Hindi ko natatandaan kung ano ang aking sinasabi. Nalimutan ko na tuloy kung ano ang aking sinasalita dahil dito sa lasing na si Caderousse.

—Ipagpalagay mo na ako sa papaano man; lalong masama sa mga natatakot sa alak; ang katunayang hindi nagkakabula itong aking sinasabi, na sila'y natatakot sa alak, sa pagka't nangangamib silang ipaluwal ng kasarapsarapang "nectar" (1) ng laban sa kanilang kalooban, ang masasamang pag-iisip na kanilang tinataglay.

—Pagkatapos masabi ang naunang mga pananalita'y pinasimulaan ni Caderousse na awitin ang sumusunod na "estrofa" ng "cancion," na ng panahong iyo'y totoong kinauugalian ng mga manginginom ng alak:

*Tubig ang inumin ng taksil na asal  
na pawang narapat ang mundo'y magunaw,  
at tayong mabait ay ang alak naman  
ang ating bariki't sa kay Baco alay.*

---Ang sinasabi po ninyo, guinoo,---ang inulit ni Fernando,—ay ibig ninyong alisin ako sa aking pagkabako; ito rin nga ang tunay ninyong mga salita, "nguni't"... ang idinagdag pa ninyo...

---Siya nga, ang katotohanan, ang siya ko sanang sasabihin; nguni't upang kayo'y makuha ko sa pagkabako ay sukat na ang si Dantés ay huwag makapakasal sa inyong iniibig, at ito'y mangyayaring masunduan.

(1) Inumin ng mga Dios.

sa aking dukhang kuro, na hindi kinakailangang mamatay si Edmundo.

—Ang kamatayan lamang ang sa kanila'y makapaghihiwalay,---ang sinabi ni Fernando.

—Pangangatuwirang haling ang nalalaman ninyo, kaibigan,--ani Caderousse;---narito't kausap ninyo si Danglars, na totoong magaling magpaparaan, na lubhang mahaba ang abot ng isip at malabis ng dunong, at nga-yo'y patototohanan sa inyo agad agad na kayo'y nagkakamali. Hala, Danglars, patotohanan mo nga; isinagot ko ikaw; sabihin mo sa kanyang hindi kailangang mamatay si Dantés; sa kabilang bagay lubhang mapanglaw na siya'y mamatay, sa pagka't sa papaano na'y siya'y isang mabait na bata; malaki ang aking pagmamahal kay Dantés; siya nga, malaki.

Nagtindig si Fernandong malaki ang pagkainip.

—Pabayaan ninyong magsasalita ng baw't kanyang ibiguin,---ang inulit ni Danglars, na piniguilan ang binata:—at bukod sa roo'y dahil sa kanyang kalagaya'y walang sinasabi kung di pawang kaululan. ¿Sino nga ang sa kanya'y papansin? Ang pagka-paalis ay nakapagpapahiwalay ng higit kay sa kamatayan; sapantahain ninyong sumandali, na sa guitna ni Edmundo at ni Mercedes ay humadlang ang mga kuta ng isang bilangguan; nakita na ninyong magkakahiwalay silang tulad sa kung ang humadlang sa kanila'y ang hukay ng isang libingan.

—Tunay nga, nguni't nakalalabas sa bilangguan,—ani Caderousse, na nakikialam sa salitaan kahi't babahagya na lamang ang

nalalabi sa kanyang bait;—at pagka ang isang tao'y nakalabas sa bilangguan at ang pangalan niya'y Edmundo Dantes, ay nanghihiganti.

—¡Anong kailanġan!—ang ibinulong ni Fernando.

—Bukod sa roon,—ang ibinulong naman ni Caderousse,—¿bakit huhulihin si Dantés? Siya'y hindi nagnanakaw, hindi sumusugat, hindi pumapatay kanino man, at...

—¡Ibig mo bang itikom ang bibig!—ani Danglars.

—Hindi ko ibig itikom,—ang isinagot ni Caderousse;—ibig kong sa aki'y sabihin kung bakit maipahuhuli si Dantés!--At saka ininom ang isa pang vasong alak.

Simundan ni Danglars, sa mapunġay na panningin nġ sastre, ang paglala nġ kalasingan, nito, hinaráp niya si Fernando at saka sinabi:

—At nġayón, ¿naunawa na ba ninyóng hindi kinakailanġang siya'y patayin?

—Tunay nġa pong hindi, kung alinsunod sa inyóng kasasabi pa'y magkakaroon nġ isang paraan upang hulihin si Dantés... nġuni't ang paraang iya'y nalalaman po ba ninyo?

—Kung paghanaping magaling, ani---Danglars,—ay makikita. Datapuwa't—ang ipinagpatuloy,—¿sa anong kadiabluhan makikialam ako? ¿May kaunti man ba lamang na kadahilanan upang ako'y makialam?

—Hindi ko nalalaman kung ang bagay na ito'y may dapat kayong ipakialam,—ang muling sinabi ni Fernando, at tinangnan si Danglars sa bisig; nġuni't ang hindi ko pinag-aalinlanġanang paniwalaang lubos ay mayroon kayong anomang tanġing kadahilanan upang magtanim nġ galit laban kay Dantés;

sapagka't ang taong nagtatanim nṅ sama nṅ loob ay hindi nagkakamali sa paghiwatig sa damdamin nṅ ibang nagtatanim din.

---Wala akong ano mang sukat ipagtanim nṅ galit laban kay Dantés;—isinusumpa ko sa inyo! Nakita kong kayo'y sawing kapalaran, at nakabagbag sa akin ang inyong pagdurusa; nariyan ang kaliwanagan nṅ lahat; nṅuni't yamang sa akala ninyo'y ang ginagawa ko'y sa akit nṅ aking sariling ka-looban, Dios ang humabilin sa inyo, kaibigan; lumigtas kayo sa inyong pagkabako, alinsunod sa inyong sariling kaya.

At si Danglars ay umanyong paalis.

—Huwag,—ani Fernando at siya'y pini-guñlan,—huwag kayong umalis, walang ano mang kailanṅan sa akin kun inyong pinagtatamnan nṅ galit ó hindi si Dantés; sa ganang akin, siya'y kinapopootan ko nṅ labis at labis, sinasabi ko sa inyo ang totoo na walang paligoyligoy. Sabihin ninyo sa akin ang isang paraan at pagdaka'y gagawing ko, huwag lamang ang pagpatay sa laki, sa pagka't sinabi ni Mercedes na siya'y magpapakamatay kung patayin si Dantés.

Si Caderousse na nakalunṅaynṅay ang ulong ipinatong sa mesa'y tumunghay, tiningnan si Fernando at si Danglars nṅ mṅa matang namamaga at bahagya na nakabukas, at nagsalita:

—¡Patayin si Dantes!...¿Sino ang nagsasabi ritong papatayin si Dantés? Aayaw kong siya'y patayin.... siya'y aking kaibigan...: ipinangangako sa akin kaninang umagang hahatian niya ako nṅ kanyang salapi, na gaya naman nṅ pagkahati ko sa kanya nṅ

salapi ko n̄g ibang panahon...; hindi ma-aari... ayaw akong patayin si Dantés, ayaw; sapagka't...

—¿At sino ang nagsasabing papatayin siya, haling?—ang itinutol ni Danglars.—Walang pinaguusapan dito kung di isang biro lamang. Bumarik ka sa ikagagaling n̄g kanyang buhay,—ang idinugtong na kasabay ang pagpuno n̄g alak sa vaso ni Caderousse,—at huwag mo kaming ligaliguin.

—Oo, oo, sa ikagagaling n̄g buhay ni Dantés,—ani Caderousse, at saka ininom na lahat ang alak na nasa vaso;—sa ikagagaling n̄g kanyang buhay..., sa ikagagaling...

—Datapuwa't ang paraan..., ani Fernando.

—¿Hindi pa po ba ninyo nasusumpungan ang paraang iyan?

—Hindi pa; kayo ang nangako na siyang hahanap niyan.

—Tunay n̄ga,—ang isinagot ni Danglars,—marunong makakitang biglaan ang m̄ga frances n̄g paraan, at ito ang ikinatataas n̄g kanilang isipan sa m̄ga castila, na nangagkakailangan pang mag-isip n̄g malaon.

—Magbigla n̄ga kayong kumita,—ang muling sinabi ni Fernandong malaki ang kainipan.

—Bata,—ani Danglars,—isang pluma, tinta at papel.

—¿Isang pluma tinta at papel!—Ang ibinulong ni Fernando.

Pinunó ni Fernando n̄g alak ang vaso ni Caderousse, at ito, palibhasa'y magaling na manginginom, itinaas ang kamay sa mesa at hinawakan ang kanyang vaso. Hiniwatigan n̄g catalán ang halos napipipilan



na n̄g bagong pagkakabarik pang ito, hanggang sa ilagay, ó sa lalong maliwanag na sabi, hanggang sa pabayaang malagak sa mesa ni Caderousse ang kanyang vaso.

—N̄gayon po, guínoo,— ang inulit n̄g catalán, n̄g mamasid niyang nagpapasimulang pumanaw na ang kaunting kaisipang natitira pa kay Caderousse, dahil sa katapusang vaso n̄g alak na ininom.

—N̄gayon po, guínoo, ang sasabihin ko sana,—ang idinugtong ni Danglars,—ipaghalimbawa nating pagkatapos n̄g isang paglalalayag, na gaya na n̄ga n̄g guinawa ni Dantés; na sa paglalalayag na yao'y dumaan siya sa Nápoles at sa pulo n̄g Elba, ay ipagkanulo siya n̄g sino man, sa “procurador” n̄g hari, na siya'y utusan n̄g m̄ga kampi kay Bonaparte...

—Ipagkakanulo ko siya,— ang maningas na sagot n̄g binata.

—Tunay; n̄guni't kung magkagayo'y ipag-uutos nilang kayo'y pumirma sa inyong saysay (declaración), at papaghaharapin kayo at n̄g inyong ipinagkanulo. Ang aking magagawa'y bigyan ko kayo n̄g m̄ga katuwirang inyong magagamit upang mapatotohanan ninyo ang inyong sumbong; datapuwa't hindi mangyayaring manatili si Dantés magpakailan man sa pagkapiit; makalalabas din siya sa alin mang araw, at sa araw na mangyari ito, isawing palad ang naguing dahil n̄g kanyang pagkabilanggo!

—¡Oh! ¡Isang bagay lamang ang aking hinihingi!—ani Fernando;—ina ako'y parituhan niya't paghanapin!

—Oo, ¡at si Mercedes? Kung magkagayo'y kasususutan kayo ni Mercedes kung

magkaroon kayo ng kasawiang palad na salingin niyo ang isa man lamang buhok ng kanyang sinasambang si Edmundo.

—Tunay nga,—ang isinagot ni Fernando.

—Wala—ang sinabing muli ni Danglars; —sakali't itutuloy natin ang gayong kuro, ang lalong magaling ay tangnan ang pluma ng boong pag-iingat, na kawangis ng nauugalian kong gawin, at sumulat ng isang kanulo, na ang kaliwang kamay ang siyang itititik, at ng huwag makilala ang letra.

At pagkatapos na masabi ang gayo'y sinulat nga ni Danglars ng kaliwang kamay na ibang iba ang letra sa karaniwang kanyang guinagamit, ang sumusunod na mga talata, na ibinigay kay Fernando, at binasa naman nito ng katatagang lakas ng tinig:

*Ipinanunawa sa guinoong procurador ng hari, ng isang katoto ng trono at ng religion, na ang nagnangalang Edmundo Dantes, pangalawang puno ng bergantin "Faraon", na dumoong ng umagang ito, na galing sa Smirna, pagkatapos na makapagdaan sa Napoles at sa Porto-Ferrajo pinagkatiwalaan ni Murat na magdala ng sulat sa mangangamkam, at pinag-utusan naman nitong magdala ng kanyang sulat sa Kapulungan ng mga kakampi ni Bonaparte sa Paris.*

*Ang makipagpapa totoo sa kanyang kapastangan ay makikukuha kung siya'y dakpin, sapagka't ang sulat na iyo'y masusumpungang dala niya, o kung dili kaya'y sa bahay ng kanyang ama o sa kanyang "camarote" sa sasakyang "Faraon".*

—Sa ganyan, ang ipinatuloy ni Danglars

—masasang-ayon ang inyong panghihiganti sa katalinuhan, sa pagka't hindi mangyayaring kayo'y mapaghinalaan, at lalakad na

mag-isa ang panukala, at pagkatapos ay wala nã gagawin kung di sarhan ang liham, isulat sa sobre ang sumusunod: *Sa guinoong procurador ng hari*, at gayon nã ang guinawa ni Danglars,—at pagkatapos ay mawawakasan na ang lahat.

—Siya nã, mawawakasan na ang lahat, —ang idinugtong ni Caderousse, na sa huling pagpupumilit nã isip ay pinakinggan ang binasang sulat at napagkilala nã katu-tubong bait ang lahat nã mãga sakunang mangyayaring buhat sa gayong kanulo;—siya nã, mawawakasan na ang lahat, datapuwa't isang kataksilang kalakílahihan lamang.

At iniinat ang bisig sa nais na damputin ang sulat.

—At pakaunawain---ani Danglars na inalis ang sulat sa maaabot nã kamay ni Caderousse,---na ang lahat nã mãga sinasabi ko't ginagawa'y wala kung di isang pagbi-biro lamang, at ako ang unaunang magpi-pighati nã lalong malaki kung may mangyaring ano mang sakuna kay Dantés. ¡diyan sa mabait na si Dantés! at sa katunayan nã sinasabi ko'y jayan!

At dinampot ang sulat, kinuyumos nã kanyang mãga daliri at saka iniabsang sa isang sulok.

—¡Magaling ang guinawa mo!—ang biglang sinabi ni Caderousse.—Si Dantés ay aking kaibigan, aking mabait na kaibigan, at aayaw akong siya'y ipahamak.

—¡Oh! ¿Sinong diablo ang nag-iisip na magpahamak sa kanya? Ang masasabi ko'y si Fernando at ako ma'y hindi maibibilang

sa gagawa sa kanya n̄g kapahamakan,—ani Danglars na tumindig at tinitingnan ang binata, na nananatili sa pagkaupo; n̄guni't ang kanyang pagsulyap na tingi'y natititig sa papel na pangkanulong nakatapon sa isang sulok.

—Marami na ang nabarik mo, ¡manglasing!—ani Danglars,—at kung mananatili ka sa ganyan, mapipilitan kang matulog dito; sapagka't walang salang hindi ka madadala n̄g iyong m̄ga paa.

—¡Ako!—ang wika ni Caderousse, taglay ang kayabanḡan n̄g taong lasing,—¡ako! ¡hindi ako makalalakad! Nakikipagpustahan, ako kung gaano mau ang inyong ibiguing n̄gayon di'y papanhik ako sa ¡campanario n̄g Accoules, na hindi man lamang magkakasalabid minsan man ang aking m̄ga paa.

—Magaling, tinatanggap ko ang pustahan —ani Danglars;—n̄guni't ipagpapaliban na natin bukas; n̄gayo'y panahon n̄g umalis tayo rito; ¡hala, akin na ang bisig mo; tayo na!

—Tayo na,—ang isinagot ni Caderousse;—n̄guni't hindi ko kailanḡan ang bisig mo tungkol sa bagay na ito. ¿Sasama ka ba sa amin, Fernando? Hala, siglahan mo ang ang iyong loob, sumama ka sa amin sa Marsella.

• —Hindi ako makasama,—ang isinagot ni Fernando,—magbabalik ako sa Catalanes.

• —Masamang gawa; hala, sumama ka sa amin: magkatuwa tayo.

• —Wala akong sukat gawin sa Marsella, kaya aayaw akong pumaroon.

—Magaling, dahil diya'y huwag kang magagalit, ¡aayaw ka ba? Kung gayo'y gawin

mag-isa ang panukala, at pagkatapos ay wala nã gagawin kung di sarhan ang liham, isulat sa sobre ang sumusunod: *Sa guinoong procurador ng hari*, at gayon nã ang guinawa ni Danglars,—at pagkatapos ay mawawakasan na ang lahat.

—Siya nã, mawawakasan na ang lahat, —ang idinugtong ni Caderousse, na sa hulíng pagpupumilit nã isip ay pinakinggan ang binasang sulat at napagkilala nã katu-tubong bait ang lahat nã mãga sakunãng mangyayaring buhat sa gayong kanulo;—siya nã, mawawakasan na ang lahat, datapuwa't isang kataksilang kalakílahihan lamang.

At iniinat ang bisig sa nais na damputin ang sulat.

—At pakaunawain---ani Danglars na inalis ang sulat sa maaabot nã kamay ni Caderousse,---na ang lahat nã mãga sinasabi ko't ginagawa'y wala kung di isang pagbi-biro lamang, at ako ang unaunang magpipighati nã lalong malaki kung may mangyaring ano mang sakuna kay Dantés, ¡diyan sa mabait na si Dantés! at sa katunayan nã sinasabi ko'y ¡ayan!

At dinampot ang sulat, kinuyumos nã kanyang mãga daliri at saka iníabsang sa isang sulok.

—¡Magaling ang guinawa mo!—ang biglang sinabi ni Caderousse.—Si Dantés ay aking kaibigan, aking mabait na kaibigan, at aayaw akong siya'y ipahamak.

—¡Oh! ¡Sinong diablo ang nag-iisip na magpahamak sa kanya? Ang masasabi ko'y si Fernando at ako ma'y hindi maibibilang

sa gagawa sa kanya n̄g kapahamakan,—ani Danglars na tumindig at tinitingnan ang binata, na nananatili sa pagkaupo; n̄guni't ang kanyang pagsulyap na tingi'y natititig sa papel na pangkanulong nakatapon sa isang sulok.

—Marami na ang nabarik mo, imanglasing!—ani Danglars,—at kung mananatili ka sa ganyan, mapipilitan kang matulog dito; sapagka't walang salang hindi ka madadala n̄g iyong m̄ga paa.

—Ako!—ang wika ni Caderousse, taglay ang kayabangnan n̄g taong lasing,—ako! hindi ako makalalakad! Nakikipagpustahan, ako kung gaano man ang inyong ibiguing n̄gayon di'y papanhik ako sa campanario n̄g Accoules, na hindi man lamang magkakasalabid minsan man ang aking m̄ga paa.

—Magaling, tinatanggap ko ang pustahan—ani Danglars;—n̄guni't ipagpapaliban na natin bukas; n̄gayo'y panahon n̄g umalis tayo rito; ihala, akin na ang bisig mo; tayo na!

—Tayo na,—ang isinagot ni Caderousse;—n̄guni't hindi ko kailangan ang bisig mo tungkol sa bagay na ito. ¿Sasama ka ba sa amin, Fernando? Hala, siglahan mo ang ang iyong loob, sumama ka sa amin sa Marsella.

—Hindi ako makasama,—ang isinagot ni Fernando,—magbabalik ako sa Catalanes.

—Masamang gawa; bala, sumama ka sa amin: magkатуwa tayo.

—Wala akong sukat gawin sa Marsella, kaya aayaw akong pumaroon.

—Magaling, dahil diya'y huwag kang magagalit, ¿aayaw ka ba? Kung gayo'y gawin

mo bawa't iyong maibigan, kalayaan sa lahat ng tao; halika na Danglars, at pabayaan nating tahimik na pumaroon ito sa Catalanes, yamang siyang ibig niya.

Sinamantala ni Danglars ang sandaling kagalingang loob na ito ni Caderousse, upang siya'y dalhin; sa lalong maliwanag na sabi ay upang siya'y kaladkarin sa dakong Marsella na ang kaibhang lamang ay sa hanġad na mabigyan ng isang daang lalong mai-kli at lalong magaling si Fernando'y hindi ang tinunġo niya'y ang "muelle" ng Riva Nove, kung di ang pintuan ng Saint Victor; sumusunod sa kanya si Caderousse na hahapay-hapay at nakakapit sa kanyang bisig. Bahagya pa lamang nakalalakad silang may mga dalawampong hakbang, lumingon si Danglars at nakita niyang hinahandulong ni Fernando ang papel, na itinago sa kanyang bulsa, lumabas ng matulin sa balag at tumunġo sa dakong Pillon.

—¡Nakita mo na! ¿Ano ang guinagawa? ---ani Caderousse; sinabi sa ating siya'y paporoon sa Catalanes, at ngayo'y ang ciudad ang siyang pinaroroonan. ¡Uy! ¡naliligaw ka, Fernando! ¡Uy, bata!

—Aba, ikaw ang hindi nakakakitang magaling,—ani Danglars;—¿hindi mo ba nakikita't tuloy tuloy siya sa daang Vieilles Infirmeries?

—Siya nga,—ani Caderousse,—tingnan mo; wala akong boong akala kung di siya'y patunġo sa dakong kanan; ang katotohana'y ang alak ay isang kasamasamaang taksil, na halos kailan ma'y nangdaraya sa tao.

—Magaling, magaling,—ang ibinulong ni

Danglars;—magaling na ang pagkakahanda ng bagay na iyan, at walang dapat gawin kung di pabayaang lumakad na mag-isa.

## IKALIMANG BAHAGUI.

### ANG FIGUING SA PAGKAKASAL.

Kinabukasan ng mga nangyaring bagong kasasaysay namin, nag-umaga ng kagandagandahan; napakita ang araw, na dalisay at maningning, ang mga unang sinag niyang namumulang kulay purpura, na tumatama sa mga nagbubulang taluktok ng mga along wari'y sinasalitan ng mariringal at mainam na mga rubí.

Inihanda ang pagkain sa unang saray ng Reserva, sa silong ng balag, na dating kilala na natin. Ang saray na ito'y may isang malaking *salon* na naliliwanagan ng lima o anim na bintana, sa ibabaw ng bawat isa nitoy nakasulat ang pangalan ng isa sa lalong magagaling na ciudad sa Francia; naliliguid ng *balaustrada* ang mga bintana, na gaya rin ng boong bahay.

Kahi't hindi natapos ang paghahanda ng pagkain hangang sa ikalabingdalawang oras ng tanghali, buhat sa ikalabing-isang oras ng umaga'y purongpuno na ang balaustrada ng mga nanonood, na pawang nangaiinip na. Ang mga manonood na ito'y ang tinanging mga marinero ng *Faraon* at ilang mga sundalong kaibigan ni Dantés. Nangagbihissial ng pamistang damit upang ipagdiwang ang mga ikakasal.

Lumalaganap sa mga panauhin ang bali-tang dadalo roon ang may ari ng *Faraon*



isang pulutong na mga *cintas* na puti at bughaw sa kawakasa'y ginagawa niyang pang-alalay ang isang tungkod na mabuko, na nakahubog ng paliko ang dakong itaas, kawanngis ng *pedum* ng una. Maipalalagay siyang isa riyon sa mga *figuring* guinagawang pangpamuti ng 1726 sa mga halamanan ng Luxemburgo at ng Tullerías.

Sinabi na naming lumagay si Caderousse sa tabi ng mabait na matandang lalaki, na sa pag-asa niya sa isang masarap na pagkain ay lubos ng nakipagkasundo sa mag-amang Dantés; natira sa panimdim ni Caderousse ang isang kulabong pagkagunita ng nangyari ng araw na nakaraan, tulad sa kung tayo'y nanguigusing pagka amaga at nakikinikinita natin sa diwa ang anino ng ating napanagui-nip sa boong magdamag.

Paglapit kay Fernando ni Danglars, pinagnasdan niya ang nangingibig na ito na hindi nagtamong pala. Lumalakad si Fernando sa likuran ng dalawang pakakasal, na nalimot ng totoo ni Mercedes, at ito'y sa guitna niyang malabis at kaayaayang paglasap ng sariling ligaya ng kabataa'y hindi guinagamit ang mga mata kung di ng upang hangaan ang kanyang si Edmundo, kasabay ng pag-aalay ng kanyang boong isipan; namumutla si Fernando; manakanakang tinatanaw nito ang Marsella; at pagkakagayo'y pinapanangatal ang kanyang boong katawan ng isang pangingilabot. Tila mandin may isang bagay na hinihintay siya, ó sa lalong maliwanag na sabi, sa akala niya'y may darating na mabigat na mangyayari.

Mahinhin ang pananamit ni Dantés; sa-pagka't siya'y na sa "marina mercante," ang pananamit niya'y nagkakabahagui sa anyong "uniforme militar" at sa "moda" ng "paisano", at nagkaroon ang kanyang mukha, sa ganitong pananamit, ng malaking kagandahang lalo at lalong nararagdagan dahil sa kasayaha't kakisigan ng kanyang maguiguing asawa.

Ang lubhang kagandahan ni Mercedes ay tulad sa isa riyán sa mga griega sa Chipre ó sa Ceos; ang mga mata'y luyong at coral ang mga labi.

Malaya at katutubo ang kilos ng kanyang paglakad, na namamasid lamang sa mga andaluza at sa mga arlesiana. Marahil kung isang dalagang taga ciudad ay itatago ang kanyang tuwa sa pagkukubli sa isang talukbong, ó kung hindi ma'y lalakad ng patungo: datapuwa't baligtad ang ugali ni Mercedes; siya'y ngumingiti at pinagmamasdan ang lahat na ang puso'y bukas, at wari'y kanyang sinasabi:--"Kung kayo'y aking mga kaibigan, lumakip kayo sa aking galak, sapagka't ang katotohanan ay lumiligaya ako."

Buhat sa sandaling matanaw sa Reserva ang mga ikakasal at ang kanilang mga abay, nagpauna si guinoong Morrel ng pagsalubong sa kanila, na sinusundan ng mga marinero at ng mga sundalong nakisama sa kanya, at sa mga ito'y inulit niya ang pangakong guinawa na kay Dantés, na ito ang ihahalili sa capitan Leclere.

Ng makita ni Edmundo ang kanyang pagsalubong, binitiwán niya ang bisig ng ka-

yang maguiguing asawa, at lumipat ito sa mga bisig ni guinoong Morrel.

Ng magkagayo'y nagbigay uliran si guinoong Morrel at ang dalaga, na sila ang naunang pumanhik sa hagdang kahoy na patungo sa salong kinahahandaan ng pagkain, sa hagdang kahoy na sa loob ng limang minuto'y kumalairit sa kabigatan ng pumapanhik na mga panauhin.

—Ama ko,—ani Mercedes na tumiguil sa malapit sa mesa, sa ama ni Dantes---ipinamamankik ko po sa inyong lumagay kayo sa aking kanan, at palalagayin ko sa aking kaliwa ang inari kong kapatid,—ang idinugtong ng boong katamisang tumaos, na tulad sa dulo ng isang sundang, hanggang sa kabituran ng puso ni Fernando.

Namutla ang mga labi ni Fernando, at sa ilalim ng nagniningas na kulay ng kanyang mukhang taksil ay magaang na napagmalas na doo'y nanaw ang dugo't umuwing lahat sa puso. Samantala'y guinawa ni Dantes ang katulad ng inasal ng kanyang maguiguing asawa: pinaupo sa kanyang kanan si guinoong Morrel at sa kaliwa si Danglars, at kanyang hinudyatan ng kamay ang lahat upang mangagsiupo, kung saan nila ibiguin.

Lumilibot na't ipinag-aabot-abutan sa pagliguid ng mesa ang mga "salchichong" gawa sa Arles, na taglay ang lamang nangingitim at ang pagkalasang usok; ang maiinam na mga banagan, ang masasarap na mga talabang galing sa Hilagaan, ang kaligaligayang mga lamang dagat na nababalot sa kaniyang mga takip, tulad sa pagkabalot ng

castaña sa kanyang balat na matinik, at ang mahahanghang na mġa "anchoa": sa maikling sabi, ang lahat nġ iyang sarisaring mġa masasarap at magagaling na pamutat na iniaabsang nġ mġa alon sa mabuhangging pasigang pinangangalanang lamang-dagat nġ mġa mangingisda.

—¡Sa aking akala'y kagandagandahang hindi pag-imik!—anang matandang lalaki, na linalasap ang isang vasong alak na kulay dilaw, kawanġis nġ topacio, na bagong kadadala ni mang Pánfilo kay Mercedes.—  
¡Sino bang magsasabing dito'y may tatlong tao na walang ibang hinahanġad kung di tumawa?

—¡Bah!—¡Hindi palaguing natutuwa ang isang esposo!—ani Caderousse.

—Ang nangyayari, —ang isinagot ni Dantés, ---nġayo'y napakalaki nġ aking kaligayahan upang ako'y magalak.

—Kung ganyan ang patakbo nġ inyong kuro, kapit-bahay, sumasakatuwiran po kayo; manakanakang nagbibigay ang galak nġ isang kakaibang damdamin, pinapagsisikip ang ating pusong halos ay katulad nġ pighati.

Minasid ni Danglars si Fernando, na totoong naguiguinyaguis at nahihiwatigan sa kanya ang sarisaring mġa pagkabalisa.

—¡Aba!—anya—¿may ikinatatakot po ba kayo? Sa aking akala'y baligtad, tila mandin alinsunod ang lahat nġ nangyayari sa inyong mġa hanġad.

—Iyan nġa ang nakalalaguim sa akin, ---ang isinagot ni Dantés; ---nananalig akong hindi ipinanganak ang tao't nġ magtamong ligaya nġ boong kadalian. Tulad ang ligaya

diyan sa m̄ga palacio n̄g m̄ga pulong “encantado”, na ang kanilang m̄ga pintuan ay binabantayan n̄g katakottakot na m̄ga dragón; upang kamta’y kinakailangang makitunggali muna, at kung sasabihin ko sa inyo ang katotohana’y hindi ko pa nalalaman kung bakit narapat ako sa kapalarang maguing esposo ni Mercedes.

---¡Esposo! ¡esposo! Hindi pa,—ani Caderousse na nagtatawa;—hindi pa, aking capitan; tikman mong magpakita ka n̄g kapangyarihang pagka esposo, at marahil makikita mo kung paano ang pagtanggap na gagawin sa iyo.

Namula si Mercedes sa kahihiyan.

Nagdurusa si Fernando sa kanyang silla, nan̄gan̄gatal pagka naririnḡig ang lalong bahagyang kalatis, manakanakang pinapahid ang malalaking butil n̄g pawis na umaagos sa kanyang noo, tulad sa m̄ga unang patak n̄g isang unos na malakas.

---Sa aking sariling kuro, kapit-bahay na Caderousse, hindi totoong kailangang pasinun̄galingan ninyo ako sa bagay na walang kahalahalaga. Hindi pa n̄ga aking asawa si Mercedes, may katuwiran po kayo,---at dinukot sa bulsa ang relós,---n̄guni’t esposa ko na sa loob n̄g isang oras at kalahati.

Napasigaw ang lahat sa pangguiguilalas, liban na lamang sa ama ni Dantés, na sa kanyang lubos na pagtatawa’y ipinamamalas ang isang halayhay na m̄ga n̄giping magaling na lubha ang pagkakainḡat.

N̄gumiti si Mercedes; tinangnan naman ni Fernandong nan̄gan̄gatal ang puluhan n̄g kanyang gulok.

—¿Sa loob n̄g isang oras?—ani Danglars na namutla.—¿Paanong pangyayari?

—Tunay, m̄ga katoto ko,—ang isinagot ni Dantés;—salamat sa lakas ni guinoong Morrel, iyang taong liban na lamang sa aking ama’y siya ang lalong pinagkakautanḡan ko n̄g loob sa daigdig, nahawi ni guinoong Morrel, ang lahat n̄g m̄ga hadlang; kinamtang pagkalooban kami na huwag n̄g gawin ang m̄ga pagtatawag, at pagka á las 2 y media n̄g hapo’y hinihintay kami sa Municipalidad n̄g “maitre” sa Marsella. Bagong katutugtog n̄gayon n̄g á la una y cuarto; inaakala kong hindi ako nagkamali n̄g pagsasabing sa loob n̄g isang oras at tatlumpong minuto’y magpapañgalan si Mercedes na guinoong asawa ni Dantés.

Pumikit si Fernando, isang alapaap na apoy ang sumusunog sa kanyang m̄ga pilikmata; humawak siya sa mesa’t n̄g huwag mahandusay, at baga man totoo siyang nagpilit, hindi niya napiguil ang isang hibik na pipi, na hindi naulinigan n̄g iba dahil sa ingay n̄g m̄ga tawanan at n̄g m̄ga pagdiriwang kay Edmundo n̄g m̄ga nagkakapisan.

—¿Iyan ang masasabing tunay na napakasipag! ¿Hindi ba?—anang ama ni Dantés.

—¿Oh! ¿Sino ma’y walang makapagsasabing nagsayang n̄g panahon! Dumating kahapon, n̄gayo’y ikakasal: ibago sasabihin ninyong ang m̄ga marino’y hindi tuloytuloy at maraming salisalita sa kanilang pinapaksa!

—Datapuwa’t ¿ang mga ibang kinakailangan munang gawin?—ang itinanong n̄g

boong kakimian ni Danglars.—¿At ang m̄ga kasulatan at ang kasunduan?

—Ang kasunduan,—ang muling sinabi ni Dantés na nagtatawa,—yari na ang kasunduan. Walang ano mang pag-aari si Mercedes at ako ma'y gayon din; dahil dito'y pakakasal kami sa loob n̄g palatuntunang aming dalawa ang maguiguing paghahanap namin; alam na ninyong hindi n̄ga matagal ang m̄ga pagsulat n̄g bagay na iyan, at hindi naman malaking totoo ang aming pinagbayaran.

Namun̄ga ang aglahing ito n̄g isang bagong pagkakain̄gay n̄g, katuwaa't m̄ga pakpakan.

—¿Sa makatuwid, ang inaakala naming isang pagsasalosalong guinagawa dahil sa inyong pagkakapan̄gibiga'y hindi kung di isang piguing dahil sa inyong pagkakasal?—ani Danglars.

—Hindi,—ang isinagot ni Dantés,—walang ano mang mawawala sa inyo sa bagay na iyan, makapapanatag kayo. Paparoon ako bukas sa Paris; apat na araw sa paparoon, apat na araw sa pagbalik, at isang araw upang maganap kong lubos ang tungkuling ipinagkatiwala sa akin; sa unang araw n̄g Marzo'y narito na ako; sa susunod na ika 2 ay saka gagawin ang tunay na piguing dahil sa pagkakasal.

Nakaragdag n̄g di ano lamang n̄g katuwaan ang pagkatanaw na ito sa isa pang piguing, na ano pa't ang ama ni Dantés, na dumaraing n̄g magpasimula ang pagkain, dahil sa namasid na katahimikan, n̄gayo'y nasasayang lamang ang kanyang m̄ga pagpupumilit, sa guitna n̄g pagsasalitaan n̄g karamihan, na maiparin̄gig ang m̄ga mithing

maalab n̄g kanyang puso sa ipagtatamo n̄g kaligayahan n̄g m̄ga ikakasal.

Nahulaan ni Dantés ang kaisipan n̄g kanyang ama, at sinagót niya ito n̄g isang n̄giting sagana sa pagguiliw. Tinun̄go n̄g paninḡin ni Mercedes ang relós na na sa salas, at pagkatapos ay hinudyatan n̄g lihim si Edmundo.

Naghahari sa paliguid n̄g mesa iyang main̄gay na katuwaan at iyang kalayaan n̄g bawa't isa, na kasamasama n̄g m̄ga taong timawa sa wakas n̄g pagkain.

Ang hindi nan̄gasisiyahan sa kanyang kinauupuan ay nan̄gagtindig at humanap n̄g m̄ga ibang maluluklukan. Nan̄gagpasimula ang lahat n̄g sabay sabay na paggasalitaan, at sino ma'y walang nan̄gag-aakalang sumagot sa sinasabi n̄g kanyang kausap, kung di sa kanyang sariling kaisipan. Nahawa ang m̄ga pisngi ni Danglars sa panumutla ni Fernando, nagdurusa n̄g katakot-takot, na walang pinag-ibhan sa pinarurusahang ilubog sa dagatan n̄g apoy... Si Fernando'y isa sa m̄ga naunang tumindig at lumisan sa mesa, at matuling nagpasyal sa salas, at pinag-sisikapang ihiwalay sa kanyang tain̄ga ang kain̄gayan n̄g m̄ga awitan at ang pagsasalpukan n̄g m̄ga vaso. Lumapit sa kanya si Caderousse n̄g sandaling si Danglars, na anakiy tumatakas, ay bagong kasasama kay Fernando sa sulok n̄g salas.

—Ang katotohanan,—ani Caderousse, na dahil sa magandang kaloobang ipinakikita ni Dantés, at lalong lalo na, dahil sa masarap na alak ni mang Pánfilo, ay hindi na nagtatanim n̄g galit laban kay Edmun-



do,—ang katotohana'y mabait na bata si Dantés, at pagka nakikita kong nakaupo siya sa siping nã kanyang *novia*, sinasabi ko sa aking sariling kahinahinayang na gawin sa kanya ang pagpapahamak na ini-isip ninyong gawin sana kahapon.

—Gayon man, nakita mo na,—ani Danglars,—na walang nangyaring ano man sa bagay na iyon. Lubhang nasisira ang isip niyang kaawaawang si Fernando, 'kaya,t siya'y aking kinahahabagan nã una, datapuwa't mula sa sandaling minagaling niyang dumalo sa pagkakasal nã kanyang kapanãgaw, wala na nãang sukat pang masasabi.

Tinitigan ni Caderousse si Fernando; ito'y namumutlang nanãingitimãitim.

—Kalakilakihan ang dusang tinitis, sa pagka't ang dalaga'y kagandagandahan,—ang ipinagpatuloy ni Danglars.—¡Diantre! ¡Tingnan ninyo kung mapalad ang aking maguiguing capitán! Ibig kong ang maguing pangalan ko'y Dantés sa loob lamang nã labing dalawang oras.

—¿Tayo na ba?—ang itinanong nã matamis na tinig ni Mercedes;—bagong katutugtog nã ikalawang oras nã hapon, at hinihintay tayo sa ikalawang oras at labing-limang minuto.

—Oo, oo, tayo na,—ani Dantés, na pagdaka'y tumindig.

—Lumakad na tayo,—ang inulit nã mãga panauhing sabaysabay.

Nã sandali ring ito, namasid ni Danglars na hindi inihihawalay ang mãga mata kay Fernando, na nakaupo sa tabi nã mãga bintana, na itinitig nito kay Dantés ang kan-

yang m̃ga matang kawañgis ñg sa nauulol, at sa isang hindi kinukusang paggalaw ay tumitindig at pagkatapos ay napapaupo uli sa dating kinalalagyan. Kasabay halos ñg m̃ga nangyayaring iyon ang pagkaring̃ig ñg isang paos na ing̃ay, isang aling̃awng̃aw ñg m̃ga tinig na hindi mawatasan at ang taguinting ñg m̃ga sandata, na nang̃apahalo sa sigawan ñg pagtataka ñg m̃ga panauhin, ang siyang nakaakit sa pagkikinig ñg lahat, na ipinakilala sa pamamag-itan ñg isang mabalising hindi pag-imik; naring̃ig ang ing̃ay sa lalong malapit, tumugtog ñg tatlo ang “aldabón” ñg pintuan” at nagmalasmalas ang bawa’t isa sa kanyang paliguid, na malaki ang pagtataka.

—Sa pangalan ñg ley (kautusan),—ang isinigaw ñg isang malakas na tinig, na wala sino mang sumagot.

Pagdaka’y nabuksan ang pinto at pumasok sa salas ang isang comisario, na taglay ang kanyang pamigkis, na sinusundan ñg apat na sundalong pawang may m̃ga sandata, na isang cabo ang namiminuno. Naguing gulantang ang balisa.

—¿Ano po ang inyong ibig?—ang tanong ñg may-ari ñg sasakyan, na lumapit sa comisarióng dating kilala iyan:—marahil nagkakamali po kayo.

—Kung sakali’t gayon po, guinoong Morrel,—ang sagot ñg comisario,—maniwala kayong pagdaka’y bibigyang kagamutan ang pagkakamali; ñguni’t samantala at kahi’t lubos kong dinaramdam, dapat akong gumanap ñg utos na ipinagkatiwala sa akin.

¿Sino sa inyo, m̃ga guinoo, ang nagñgañgalang Edmundo Dantés?

Tumuñgo sa binata ang lahat ñg m̃ga mata, at ito nama'y humakbang ñg isang palapit sa comisario, at taglay ang anyong mahal at malaking pagkabagbag ñg loob ay sumagot:

—Ako po, guinoo: ¿ano po ang ibig ninyo sa akin?

—Edmundo Dantés,—ang muling sinabi ñg comisario,—isa pangalan ñg *ley* kayo'y parakip!

—¿Dinarakip ninyo ako!—ani Edmundo, na linaganapan ang mukha ñg bahagyang pamumutla,—¿at bakit?

—Hindi ko alam, guinoo; ñguni't inyong malalaman na sa unang gagawing pagtanong sa inyo.

Napagkilala ni guinoong Morrel na walang magagawa laban sa kabigatan ñg nangyayari: isang comisario na nakabilibid sa kanyang bayawang ang bigkis ay hindi isang tao; siya ang *estátua* ñg ley, malaniig, bing̃i, pipi. Ñguni't hindi gayon ang matandang lalaki, madaling lumapit sa *oficial*: may m̃ga tañging bagay na kailan ma'y hindi maku-kuro ñg puso ñg isang ama o ñg isang ina. Namanhik, sumamo; ñguni't walang nagawa ang pagsamo at ang m̃ga pagluha: datapuwa't napakadakila ang kanyang pighati, kaya't sa kawakasa'y nabagbag ang loob ñg comisario.

—Guinoo, kayo'y tumiwasay; marahil may nalimutan ang inyong anak sa paghaharap ñg ilang kasulatang kinakailañgan sa Aduana ó sa Sanidad, at alinsunod sa lalong mapani-niwalaan, pagkatapos magawa ang m̃ga pagpaliwanag na hinahangad, siya'y pawawalan.

—¡Aba! ¡Ano ang kahulugan nito?—  
ang tanong ni Caderousse kay Danglars,  
na nagkukunot ang m̃ga kilay.

—¡Ano ang kinalaman ko!—ang sagot  
ni Danglars. Nakikita kong gaya mo ang  
nangyayari, ñguni't wala akong nalalaman  
at gulo ang aking isip.

Hinanap ni Caderousse ñg mata si Fer-  
nando; ñguni't ito'y wala roon.

Ñg magkagayo'y nagunita niya ang m̃ga  
nangyari ñg sinundang araw, sampo ñg lahat  
ñg kanyang m̃ga namasid na walang ano  
mang nalingid; wari'y ang kapahamakang  
iyo'y siyang ñg sandali ring iyo'y nagwahi  
ñg tabing na inilagay ñg kalasingan sa  
pag-itan niya at ñg kanyang alaala.

—¡Oh! ang sinabi ñg tinig na paos.—  
¡Baka kaya ito ang buñga ñg aglahing si-  
nasabi mo kahapon, Danglars? Kung sakali't  
ito ñga, kulang palad ñg may kagagawan;  
sapagka't ang katotohanan, yao'y isang bi-  
rong kalungkutlungkutan.

—Sa lahat ñg iyan---ang biglang sinabi ni  
Danglars,—lubos ang iyong pagkaalam na  
pinagpunitpunit ko ang papel.

—Hindi mo pinunit,—ang ipinakli ni  
Caderousse;—kinuyumos mo't saka mo iti-  
napon sa isang sulok.

—Huwag kang maiñgay; wala kang na-  
kikitang ano man, niyao'y ikaw ang lasing,

—¡Saan naroon si Fernando?—ang tanong  
ni Caderousse.

---¡Anong kinalaman ko?—ang sagot ni  
Danglars;—marahil na sa kanyang m̃ga  
hanap-buhay. Ñguni't ating saklolohan

iyang m̃ga kaawaawang nagpipighati at huwag ang bagay na iyon ang ating pangasiwaan.

At ang nangyari, sa loob ñg panahong itinagal ang salitaang ito, kinamayan ñg mahigpit ni Dantés na nakañgiti ang kanyang m̃ga kaibigan, at saka naparakip, hanggang sinasabi:

—Tumiwasay kayo, madaling mapagkikilala ang pagkakamali, at mapaniniwalaang halos hindi darating ako sa bilangguan.

—¡Oh! siya ñga, mapaniniwalaan,—ani Danglars, na ñg sandaling iyo’y lumalapit, ayon sa sinabi na namin, sa pangulong pulutong.

Nanaog si Dantés sa hagdanang pinamamatnugutan ñg comisario ñg policia at naliliguid ñg m̃ga sundalo. Nanhik siya sa isang cocheng nakabukas ang “portezuela” at naghihintay sa pintuan, na kasunod niya ang dalawang sundalo’t ang comisario. Pagkasara ñg portezuela’y linakad ñg carruaje ang daang patuñgo sa Marsella.

—¡Paalam, Dantés! ¡Paalam, Edmundo! —ang sigaw ni Mercedes, na tumakbo sa “balaustrada.”—Nariñgig ñg bilanggo itong huling hiyaw ñg kanyang maguiguing asawa, na tulad sa isang hagulhol ñg isang pusong nawawalat; dumungaw sa “ventanilla” at sumigaw:

—¡Hanggang sa pagkikita natin, Mercedes!—At nawala sa mata sa isa sa m̃ga pagliko sa kuta ñg San Nicolás.

—Hintayin ninyo ako rito,—anang may ari ñg sasakyan,—uupahan ko ang unang carrujeng aking makita, magdudumali ako

nṅ pagparoon sa Marsella at agad uuwi ako rito't nṅ mabalitaan ko kayo.

—iSiya nṅa! ipumaroon kayo!—ang si-gawan nṅ lahat.—iPumaroon kayo at mag-balik kayo agad.

Dito sa bagong pagkaalis na ito'y sumunod ang sandaling kalaguimlaguim na pagkatigagal nṅ lahat nṅ doo'y nangatira. Nanatiling malaon ang matandang lalaki't si Mercedes sa pagkalubog sa lalong malalim na panglulupaypay; nṅuni't sa kawakasa'y nagkatama ang kanilang mṅa mata, nagkaunawaang sila'y dalawang pinahihipapan nṅ nagkakaisang dagok nṅ sakuna, kaya't dalidaling nangagyakap. Sa loob nṅ panahong ito'y nasok si Fernando, uminomi nṅ isang vasong tubig at naupo sa isang silla. Guinawa nṅ pagkakataong sa isang sillang malapit sa kinalalagyan ni Fernando'y doon naman napalugmok si Mercedes; ang guinawa ni Fernando, sa isang galaw na halos di sinasadya'y iniurong ang kanyang silla sa dakong likuran.

—Siya ang may kagagawan,—ang wika ni Caderousse kay Danglars, na hindi kinatitingayan ang catalán.

—Hindi ako naniniwala,—ang isinagot ni Danglars; siya'y napakaunṅas. Sa papaano ma'y ang nagkasala ang marapat tamaan nṅ parusa.

—Nṅuni't hindi mo binabangguit ang taong sa kanya'y naghatol,—ani Caderousse.

—iAh, magaling ang mangyayari,—ang sinabi ni Danglars,—kung mananagot ang tao sa lahat nṅ kanyang sinasabing hindi man lamang iniisip!

Sa loob n̄g panahong ito'y pinag-uusap-usapan sa libolibong paraan n̄g m̄ga pulupulotong ang pagkakapiit kay Dantés.

—At kayo, Danglars,—anang isang tinig, —ano sa akala ninyo ang nangyaring ito?

—Sa ganang akin,—ani Danglars,—marahil siya'y nag-akalang magpasok dito n̄g m̄ga kalakal na bawal.

—N̄guni't kung gayon, dapat po ninyong maalaman, Danglars, yamang kayo ang nananagot n̄g lulan n̄g sasakyan.

—Oo, tunay n̄ga; n̄guni't naranagot lamang ako sa bagay na ipinagbibigay alam sa akin. Ang aking nalalama'y may dala kaming ilang piezang damit na sinulid na kinuha namin sa Alejandria, sa bahay ni guinoong Pastret, at sa Smirna, sa bahay ni guinoong Hasca; huwag na kayong magtanong n̄g ano man.

—iOh! N̄gayon ko naalaala,—ang ibinulong n̄g kahabaghabag na matandang ama, n̄g maringig ang gayong bagay,---sinabi niya sa aking may dala siyang isang cajang café at isang cajang tabaco.

—Nakita na ninyo,---ani Danglars;---iyan n̄ga ang makukurong dahilan; marahil samantalang wala kami kahapon ay siniyasat n̄g m̄ga taga aduana ang sasakyang "Faraon" at kanilang nakuha ang m̄ga bagay na iyon.

Hindi naniniwala si Mercedes sa lahat n̄g kanyang nariringig, at sa pagsisikip n̄g kanyang dibdib hanggang sa sandaling iyon, dahil sa dinurusang pighati, biglang bumula'as n̄g hagulhol.

—¡Aba, aba, pag-asa!—anang ama ni Dantés, na hindi man lamang nalalaman ang sinasabi,

—¡Pag-asa!—ang inulit ni Danglars.

—¡Pag-asa!—ang ibinulong ni Fernando; n̄guni't nakahihirin sa kanya ang sabing ito; gumalaw ang kanyang m̄ga labi, n̄guni't walang napalabas na ano mang tinig.

—M̄ga guino, —ang isinigaw n̄ isa n̄ nakatanaw sa isa sa m̄ga bintana. —M̄ga guino, isang carruaje... ¡Ah! ang guinoong Morrel; ¡laksan natin ang kalooban, tapang! Babalitaan niya tayo n̄ mabubuti.

Sinalubong n̄ patakbo ni Mercedes at n̄ matandang lalaki ang may-ari n̄ sasakyan, at nangagkapisan sila sa pintuan. Putlangputla si guinoong Morrel.

—¿Ano ba?—ang sabay sabay na ipinagsigawan n̄ lahat.

—¡Ay, m̄ga kaibigan ko!—ang isinagot n̄ may-ari n̄ sasakyang umiiling; lalong mabigat ang nangyayari kay sa hinahaka natin.

—¡Oh, guino!—ang isinigaw ni Mercedes, —¡hindi mapag-aalinlan̄ganang siya'y walang kasalanan!

—Naniniwala ako, —ang itinugon ni guinoong Morrel; datapuwa't isinusumbong siya...

—¿Sa ano?—ang tanong n̄ matandang Dantés.

—Na siya'y utusan n̄ m̄ga kakampi ni Bonaparte.

Yaong m̄ga bumabasa sa aming nangabubuhay pa n̄ nangyayari ang aming sinasaysay mapagdidilidili nila ang laguim na dinaramdam sa sumbong na bagong kasasabi ni



guinoong Morrel. Biglang humiyaw si Mercedes; nagpatinghulog ang matandang lalaki sa isang silla.

—¡Ah!—ang ibinulong ni Caderousse.—dinaya ninyo ako, Danglars, sa kawakasa'y isinagawa rin ninyo ang aglahi; n̄guni't aayaw kong pabayaang mamatay sa pighati ang matandang lalaking iyan at gayon din ang dalagang ito, kaya sasabihin ko sa kanila ang lahat n̄g nangyari.

—¡Huwag kang umimik, kulang palad!—ang biglang sinabi ni Danglars, at saka hinawakan ang kamay ni Caderousse,—kung hindi'y jikaw ang bahala! ¡Sino ang may sabi sa iyo na walang kasalanan si Dantés? Dumuong ang sasakyan sa pulo n̄g Elba; lumunsad siya roon at natira siya sa boong maghapon sa Porto-Ferrajo. Sakali't nakuha sa kanya ang ano mang sulat na makapapahamak, ipalalagay na kainalam niya ang sino mang sa kanya'y magsanggalang.

Dahil diyan sa mabilis na pagkaalam n̄g tao n̄g kanyang ikabubulid sa sakuna, napagkilala agad ni Caderousse ang malaking kaliwanagan n̄g saysay sa kanya, minasdan niya si Danglars n̄g anyong nagkakahalo ang takot at ang pighati, at umurong n̄g dalawang hakbang.

—Maghintay n̄ga tayo.—ang ibinulong.

—Oo, maghintay tayo,—ani Danglars;—kung wala siyang kasalanan ay pawawalan siya, at kung may kasalanan, walang kabuluhang makiramay sa kapahamakan sa isang nagmumunakala n̄g kaguluhan.

—Hala, tayo na; hindi na ako makapana-natili pa rito.

—Oo, tayo na,—ani Danglars, na natutuwa n̄ makitang uuwi na ang kanyang kasama,—tayo na, at pabayaang natin silang magpaanyo n̄ kung paano ang kanilang makayang gawin.

Nangag si alis na, at pagdaka'y si Fernando, na siya uling naging tagapagmalasakit sa dalaga, tinangnan si Mercedes at inihatid siya sa nayon n̄ Catalanes. Inihatid naman n̄ m̄ga kaibigan ni Dantes sa tinatahanan ang matandang lalaking halos ay hinihimatay. Hindi nalao't lumaganap sa ciudad āng alingawngaw na bagong kapiit kay Dantés, dahil sa siya'y utusan n̄ m̄ga kakampi ni Bonaparte.

—¿Sino ang mag-aakala, irog kong Danglars,—ani guinoong Morrel, na nakisama sa kanya at kay Caderousse, sapagka't siya ma'y nagmamadali n̄ pagparoon sa ciudad, palibhasa'y ibig niyang lubos makaalam n̄ tunay na m̄ga balita tungkol kay Edmundo, sa papamag-itan ni guinoong Villefort, na kanyang kakilala at siyang humahalili sa procurador n̄ hari.—¿Sino ang mag-aakala?

—¡Diantre!—ang muling sinabi ni Danglars.—Sinabi ko na po sa inyo, na nagdaan si Dantés sa Elba, na walang ano mang kadahilanan, at ang pagkaraan niyang ito'y naghihinala na ako.

—¿N̄guni't bukod pa sa aki'y may pinagsabihan ba kayong iba pa?

—Pinag-iingatan ko pong ilihim na totoo ang bagay na iyan, guinoong,—ang idinugtong ni Danglars;—malabis ang inyong pagkaalam na dahil sa inyong amaing si guinoong Policarpo Morrel, na naglinkod sa kabilang

“partido” at hindi ipinaglilihim kangino man ang kanyang iniisip, pinaghihinalaang dinaramdam po ninyo ang pagkahulog ni Napoleón, at lalong daramdamin ko ang makapahamak kahi’t babahagya kay Edmundo at sa inyo. May m̄ga bagay na dapat sabihin sa pinaglilingkurang may may ari n̄ sasakyan na nararapat mahigpit na ilihim sa m̄ga iba.

—Magaling, Danglars, magaling,—anang may ari n̄ sasakyan; kayo’y isang taong mapagmahal sa kapurihan; k̄ya n̄ga, iniisip ko na ang kalalagyan ninyo, sakali’t iyang kaawaawang si Dantés ay maguing capitán n̄ *Faraón*.

—¿Ano po ang sabi ninyo?

—Opo, aking itinanong n̄ una pa kay Dantés ang kanyang kaisipan tungkol sa inyo, kung may kamayawan siyang manatili kayo sa inyong katungkulan n̄gayon, sapagka’t hindi ko maalaman kung bakit tila nahiwatigan kong ang pagsasama ninyong dalawa’y may kalamigan.

—¿At ano pong isinagot niya?

—Na ang boong isip n̄ga niya’y nag-iingat kayo n̄ isang pagtatanim laban sa kanya, dahil sa isang bagay na hindi niya sinaysay sa akin; n̄uni’t ang sino mang pinaglalagakan ko n̄ aking pagkakatiwala’y pinagkakatiwalaan din niya.

—¿Mapagpaimbabaw!—ang ibinulong ni Caderousse,—ang katotohana’y totoong magaling na bata siya.

—Tunay, n̄uni’t samantala’y walang capitán ang *Faraón*,—ang isinagot ni guinoong Morrel.

—¡Oh!—ani Danglars, --- kinakailanġang maghintay sapagka't hindi naman kami makapaglalayag kung di sa loob nġ tatlong buwan. At marahil buhat nġayon hanggang sa ikatlong buwa'y nakalabas na sa bilangguan si Dantés.

—Tunay; nġuni't hanggang sa mangyari ang gayong bagay...

—¡Kung gayon lamang!—Hanggang sa ikatlong buwa'y narito po akong inyong mapag-uutusan.---ani Danglars,--Lubos po ang inyong pagkaalam na talastas ko ang pangangasiwa sa isang sasakyang gaya rin nġ isang capitán, at pagkalabas po ni Dantés sa bilangguan'y wala po kayong kikilalaning ano mang utang na loob; magbabalik siya sa kanyang tungkulin, ako nama'y sa tungkulin ko, at wala nġ pag-uusapan pa.

—Salamat, Danglars,—anang may-ari nġ sasakyan,—iyan nġa ang paraan upang maisaayos na lahat. Kayo na nġa muna ang siyang gumanap nġ pagka capitán, bantayan ninyo ang paglulunsad nġ lulan; hindi dapat matiguil ang nġa gawa dahil sa pagkakaroon nġ isang sakuna nġ alin man sa nġa nangangasiwa sa sasakyan.

—Tumiwasay po kayo, guinoo. ¿Nġuni't maaari po bang dalawin man lamang iyang mabait na si Edmundo?

—Hindi malalao't sasabihin ko sa inyo, Danglars. Gagawa ako nġ paraa't nġ aking makausap si guinoong Villefort, at isasamo ko sa kanyang gawan nġ magaling ang bilango. Ganap ang aking pagkaalam na siya'y totoong napakamakahari; datapuwa't iano bang diablo! kahi't siya'y

makahari at procurador n̄g hari, siya nama'y tao at sa aking akala'y hindi lubhang masamang puso.

—Hindi,—ani Danglars; n̄guni't sa balita ko'y siya'y nagmimithing tumaas at kung gayo'y...

—Sa kawakasan,—ang muling sinabi ni guinoong Morrel na nagbuntong hininga, —titingnan natin; pumaroon kayo sa sasakyan at susunod na ako sa inyo.

At humiwalay siya sa dalawang magkai-bigan at kanyang tinun̄go ang Palacio n̄g Justicia.

—Nakita mo na,—ani Danglars kay Caderousse,—ang tun̄go n̄g lakad n̄g nangyayari. ¿Ibig mo pa bagang magsanggalang kay Dantés?

—Hindi, ang katotohanan; gayon ma'y kakilakilabot na magkaroon n̄g gayong bun̄ga ang isang biruan.

—¿Diantre! ¿At sino ang may sala? Hindi n̄ga ikaw at hindi rin ako ang tunay na masasabi; sakasakali'y si Fernando ang may kagagawan. Nakita mong magaling, na sa ganang akin ang papel ay itina-pon ko sa isang sulok; tila pa mandin aking pinunit.

—Hindi, hindi,—Caderousse.—¿Oh! Tungkol sa bagay na iya'y matibay na totoo ang aking paniniwala; nakita kong magaling ang papel na iyon sa isang sulok, nakatiklop at gusamot; ang ibig ko sana, kung mangyayari, ay naroroon pa.

—¿Ano ang gagawin mo? Marahil dinam-pot ni Fernando, sinalin niya o ipinasalin kaya; kung dili kaya'y hindi na niya guinawa

ang pagkakapagod na iyan, at...at ng̃ayon ko nagugunita...¿Dios ko! Marahil ay ang aking sinulat ang kanyang ibinigay. Ang kabutiha'y iniba kung magaling ang aking letra.

---¿Ng̃uni't nalalaman mo bang si Dantés ay talagang may munakalang taksil na panggugulo.

---Wala akong nalalamang ano man, na gaya ng̃ sinabi ko na sa iyo; wala akong boong hinala kung di pawang aglahing lahat lamang: ng̃uni't tila mandin ay nawañgis ako sa isang payasong humahalakhak na nagsasabi ng̃ katotohanan.

---Gayon din,---ang muling sinabi ni Caderousse; ng̃uni't sa lahat ng̃ iyan, makapagbibigay ako ng̃ kahit ano, huwag lamang nangyari ang ano man sa m̃ga dito'y ating napanood, ó kung di man lamang kaya, huwag sanang napahalo ako sa kahit ano man; makikita mo ring panggagalingan ang lahat ng̃ ito ng̃ isang kapahamakan.

—Kung sakali't mangyari ang kapahamakanang iya'y ang magdurusa ay ang tunay na may kasalanan, at ito'y si Fernando at hindi tayo. ¿Ano ang kapahamakanang sa akala mo'y mangyayari sa atin? Ang dapat na gawin ay tayo'y tumiwasay, at huwag magsabi ng̃ ano man tungkol sa bagay na ito; bago pumutok ang lintik ay nakaraan na ang unos.

—¡Siya nawa!—ani Caderousse, na humudyat ng̃ kamay na nagpapaalam kay Danglars, tinuñgo ang daang makahoy ng̃ Meillan, umiiling at nagsasasalitang mag-isa sa sarili, na kawañgis ng̃ kaugaliang mang-

yari sa m̃ga taong may lubhang kinahumalingan ñg isip.

—¡Magaling!—ani Danglars.—Gumugulong ang aking pakana ñg alinsunod sa aking kuro; ang paunang bung̃a’y capitán na ako, at kung iyang tunggak na si Caderousse ay hindi umimik, magpakailan ma’y mananatili ako sa pagkacapitan...¿At kung pawalan si Dantés ñg justicia? ¡Oh! Hindi,—ang idinug-tong;—ang justicia’y justicia at sa kanya ako nananang̃an.

At pagkasabi ñg gayo’y lumulan siya sa isang bangka, at pinag-utusan ang bangke-rong ihatid siya sa “Faraon”, na pagkaka-tagpuan niya’t ñg may-ari ñg sasakyan, ayon sa matatandaan ñg bumabasa.

## IKAANIM NA BAHAGUI

### ANG PANGALAWANG PROCURADOR NG HARI

Sa daang Grand Cours, sa tapat ñg “fuenta” (1) ñg m̃ga Medusa (2), sa isa riyán sa m̃ga lumang bahay, na ang m̃ga pamuting napapanood ay nagpapakilalang pawang tahanan ñg m̃ga may dugong mahal, na si Puget ang yumari, guinagawa ñg aray ring iyon at sa gayon ding oras ang isang pagsasalosalo dahil sa isang kasalan, na ang

(1) Ang kahulugan dito ng sabing “fuenta” ay iyang karaniwang makitang mga maputi sa mga halamanan, daan, pasyalan, plaza o iba pa, na linalabasan ng tubig. *Paunawa ni P. H. Poblete.*

(2) Isa sa mga tatlong *Furia Gorgona*, siya’y kaaway ni *Minerva*, diosa ng karunungan. Pinugutan siya ng ulo ni Perseo. Tinatawag na mga *Furia Gorgona* ang mga magkakapatid ni Medusa, Euriale at Estenio; ang bawa’t mamasdan nila’y naguiguiguing bato.—*Paunawa ni P. H. Poblete.*

kaibhan lamang ay ang m̄ga panauhin doo'y hindi m̄ga taong hamak na taong bayan, m̄ga marinero't sundalo, kung di m̄ga kagui-noohan sa Marsella. Ang m̄ga ito'y dating m̄ga magistrado na nangagbitiw n̄g kanilang katungkulan n̄g panahon n̄g mangangamkam (1), dating m̄ga oficial na nangagsitakas sa kanikanilang kinapapanigan upang lumipat sa hukbo ni Condé; m̄ga bagong-taong nangagsitaas ang katungkulan, salamat sa kanikanilang m̄ga magulang na wala pa sa totoong kapanatagan, бага man malaki na ang kanilang natitiis dahil sa malaki't taimtim na galit doon sa nagtamo n̄g sinag na pagka "martir" sa limang taong kanilang pagtatapon, at naging isang dios sa labing limang taong paguiguing emperador uli niya.

Nangauupo sila sa paligid n̄g mesa at maalab ang salitaan dahil sa lahat n̄g m̄ga hilig at kinakampihan n̄g panahong iyon, m̄ga pagkampi't hilig na lalong kakilakilabot sa dakong ilaya n̄g Francia, sapagka't doo'y pagkaraan n̄g limang daang tao'y nagkasama ang m̄ga pagtanim n̄g galit dahil sa paglalabanlabang n̄g sinasampalatayanang "religion" at ang m̄ga pagkakagagalit dahil sa política (2).

Ang emperador, hari sa pulo n̄g Elba, pagkatapos na maguing makapangyarihang panginoon n̄g isang bahagui n̄g daigdig, naghaharing kasalukuyan sa isang bayang

(1) Pinanganganang mangangamkam si Napoleon Bonaparte.

(2) "Arte" ng magaling na pamamahala ng bayan ang kahulugan ng salitang "politica".



may lima o anim na libong m̃ga mama-mayan, pagkatapos na makaringig na isigaw; *Mabuhay si Napoleon!* ñg isang daa't dalawampong millong m̃ga sakop, na sampo ang m̃ga salitang guinagamit, ipinalalagay roong isang taong wala ñg kabuluhan sa Francia at sa trono; pinagsasalitaan ñg m̃ga magistrado ang pagbabago nila sa m̃ga kamaliang ginawa ni Napoleon sa pamamahala ñg bayan, pinag-uusapan ñg m̃ga militar ang Moscou at ang Leisick; pinipintasan ñg m̃ga babae ang emperador dahil sa kanyang "divorcio (1) kay Josefina(2) kinukuro ñg m̃ga kakamping iyon ñg kaharian na nang̃atutuwa't nang̃agsisipagdiwang, hindi sa pagkapaalis sa trono ñg isang tao, kung di dahil sa pananalo ñg isang kalakaran ñg isip, na sila'y nagpapasimula uli sa isang bagong buhay at kaguigusing nila sa isang mabang̃uñgot na pagtulog.

Nagtindig ang isang matandang lalaking pinaunlakan ñg cruz ñg San Luis, at nagmungkahi sa ibang m̃ga panauhing gawin ang isang "brindis" [3] sa ikagagaling ñg buhay ni Luis XVIII; yao'y ang marqués ñg Saint-Meran. Dahil sa brindis na itong sabay na guinugunita ang itinapon sa Hartwel at ang haring pumayapa sa Francia'y

(1) Ang pagkakalas ñg kasal, sa makatuwid bago'y ang paghihiwalay ñg magasawa sa pamamag-itan ñg hatol ñg isang hukom.—*Panawala ni P. H. Poblete.*

(2) María Josefina Tascher de la Pagetie, emperatriz sa Francia, asawa ni Napoleon I.—*Gayon din.*

(3) Tinatawag na "brindis" ñg m̃ga taga Europa ang pag-inom ñg isang copang alak, pagkatapos na masabi ang hangad na lumigaya't malayo sa sakit ang sino mang tao, ó kung dili kaya'y pagkasabing kahimanawari'y masundan ang ano mang bagay na pinakamimithi.—*Gayon din.*

ang kainġaya'y naragdagan, pinapagsalpok ang kanikanyang mġa vaso at inalis nġ mġa babae ang kanilang pamuting taglay na mġa bulaklak at isinabog nila sa mantel. Halos kaayaaya ang gayong pag-kakatuwa.

—Sa bagay na iyo'y sila'y mangġagsisisang-ayon kung sila sana'y nangaririto,-----anang marquesa nġ Saint Meran, babaeng mababangis ang mġa mata, maninipis ang mġa labi, anyong "aristócrata" (1) kung kumilos at mainam pang manamit бага man may limanpong taon nġ gulang; mangġagsisisang-ayon sa bagay na iyon ang lahat nġ mġa revolucionariong (2) iyang nangġagpalayas sa atin, at nġayo'y pinababayaan nating payapang mangġagbalangkas nġ panggugulong taksil sa mġa luma nating "castillo" (3) na kanilang binili nġ kapisasong tinapay nġ panahon nġ "Laguim" (4); sila'y magsisisang-ayong ang tunay na kadalisan nġ loob ay tunay na nasa atin, sapagka't nakikikampi tayo sa kahariang pinagbabalaan nġ kapahamakan, samantalang baligtad ang

(1) Tinatawag nġ unang "aristócrata" ang mġa pangulong namamahala nġ biyang mġa litaw na tao dahil sa katapangan sa pakikibaka, at sila ang naguing mġa hari, príncipe, duque, marqués, conde, vizconde, baron, caballero, mġa pamagat na minana nġ kanilang mġa anak at inapo.—*Panunawa ni P. H. Poblete.*

(2) Ang kahulagan dito ng sabing revolucionario'y ang taong naghahanġad na magbagong anyo ang palakad nġ pamamahala nġ bayan.—*Gayon din.*

(3) Matibay na bahay na batong naliliguid ng mga kuta, nġ malalalim na bańging kusang guinawa at ibapang kinakailanga't ng huwag agad mapasok ang bahay na iyon ng mga kaaway.—*Gayon din.*

(4) Tinatawag na panahon ng Laguim ó Kilabot [Terror] ang panahong itinagal ng pamamahala sa Francia, samantalang nangyayari ang Revolución, mula ng ika 31 ng Mayo ng 1793, hanggang sa 9 ng termidor (27 ng Julio ng 1794).—*Gayon din.*

ang palakad n̄g kanilang asal, sila'y bumbati sa araw na bagong sumisilang, na siyang nagbibigay sa kanila n̄g m̄ga kayamanang na wawala sa atin; magsisisang-ayon silang ang tunay nating hari'y ang pinakasisintang si Luis, at ang kanilang mangangamkam kailan ma'y hindi naguing ano man kung di si Napoleong sinumpa: ¿hindi ba ganito, Villefort?

—¿Ano po ang sinasabi ninyo?...guinoong Marquesa...patawarin po ninyo ako, hindi ko po pinakikinggan ang salitaan.

---¡Ah! ¡Pabayaan ninyo ang n̄ga batang iyan, Marquesa,—ang muling sinabi n̄g matandang lalaking nag“brindis”;---pakakasal ang m̄ga batang iyan, kaya't hindi n̄ga mahihintay na sila'y magsalitaan n̄g tungkol sa política, kung di ibang bagay.

—Ipatawad po ninyo sa akin, nanay,---ang sinabi n̄g isang magandang dalagang malalambót ang buhok at maiitim ang m̄ga mata.—Isinasauli ko sa inyo si guinoong Villefort, na aking linibang na sandali. Guinoong Villefort, kinakausap kayo n̄g nanay.

—Pagdaka'y sasagot ako sa guinoong Marquesa, kung marapatin nilang ulitin ang katanun̄gan, sapagka't kanina po'y hindi ko kayo naringig.

—Pinatatawad ko ikaw, Renée,—anang Marquesa, kasabay ang isang n̄giti n̄g pagguiliw, na bihirang bihirang numingning sa kanyang magaspang at payat na mukha;---palibhasa'y linikha ang puso n̄g babae sa isang anyong tan̄gi, na kahi't ano man ang kahigpitan n̄g m̄ga atas tungkol sa lalong

maselang na pakikipagkapuwa—tao, gayon ma'y sa tuwi tuwi na'y may isang sulok na kaayaaya't sagana sa katamisa't pagkama-pagpaumahanhin, na ilinaan lamang ng Dios sa pag-ibig-ina. Pinatatawad ko ikaw,—ang ipinagpatuloy.—Ngayon, Villefort, ang aking sinasabi'y hindi taglay ng mga kakampi ni Bonaparte ang lubos nating pananalig sa kagalingan ng hangad, sa kaningasan ng loob at sa kadalisayan ng mga kuro.

—¡Oh, guinoong babae! Gayon may taglay nila ang isang bagay na inihahalili sa lahat ng iyan, na dili nga iba kung di ang karubduban ng kanilang hidwang pananam-palataya. Si Napoleon ang Mahoma sa Kalunuran; ipinalalagay ng lahat ng mga taong iyang, timawa nguni't puspos ng malalaking kasakiman, na si Napoleo'y isang uliran; ang uliran ng pagkakapantaypantay.

—¡Ng pagkakapantaypantay!—ang biglang sinabi ng Marquesa.—¡Si Napoleo'y uliran ng pagkakapantaypantay! ¿Kung gayo'y ano ang guinawa ni Robespierre? (1). Tila mandin inalis ninyo ito sa dapat niyang kalagyan at inyong inihahalili ang Corso (2); gayon ma'y inaakala kong katatagan ng pangangamkam.

—Hindi po, guinoong babae,—ang muling isinagot ni Villefort,—pinababayaan kong manatili ang bawa't isa sa dapat nilang ka-

(1) Ang binabangguit ay si Maximiliano Robespierre, bantog na "convencional" francés ng panahon ng Laguim [Terror] at isa sa lalong mga mababangis na maraming totoo ang pinakitlan ng buhay.—*Panunawa ni P. H. Poblete.*

(2) Si Napoleon Bonaparte.—

lagyan; si Robespierre sa ibabaw ng pinagpugutan ng ulo sa plaza ni Luis XV; si Napoleon sa ibabaw ng kanyang haliguing bato sa plaza ng Vendome; ang bilang pinagkakapantaypantay na nakaiimbi, at nagtatag naman ang isa ng pagkakapantaypantay na nakapagbibigay-dangal; inilagay ng isang ang mga hari sa kapantay ng pinagpugutan ng ulo at ang isa nama'y inilagay ang bayan sa kapantay ng trono (1); nguni't hindi kasukatan ang lahat ng iyan,—ang idinugtong ni Villefort na nagtatawa,—upang huwag ipalagay silang dalawang taksil na mga revolucionario, at huwag kilalaning ang 9 ng Termidor at ang 4 ng Abril ng 1814 ay dalawang mapalad na araw sa Francia, na karapatdapat kapuwa ipagdiwang ng mga katoto ng kahusaya't ng kaharian; nguni't nagpapakilala ito ng kadahilana't kahi man lubos ang pagkapalubog ni Napoleon upang huwag ng makaguitaw kailan man mayroon ding nananatiling magtapat sa kanya. ¿Ano po ang ibig ninyo, Marquesa? Si Cromwell (2) na hindi nakaabot sa kalahati ni Napoleon ay nagkaroon din ng mga kakamping tapat na loob.

—Nalalaman po ba ninyo, Villefort, na may pagka revolucionario ang inyong sinasabi? Datapuwa't pinatatawad ko kayo: hindi mangyayaring maguing anak ng isang girondino.

---

(1) Ng hari, ang ibig sabihin.

(2) Si Oliverio Cromwel, puno ng revolucion inglesa na nagpaputol ng ulo sa haring Carlos I at naghalal sa sariling tagapagtangkilik sa Inglatera, taong 1652. Namatay siya ng taong 1658.—Paunawa ni P. H. Poblete.

(1) at hindi magtaglay n̄g ano mang pagkampi sa panahon n̄g Laguim.

Namula n̄g mainam si Villefort.

—Tunay po,— ang muling sinabi,—na naging “girondino” ang aking ama, guinoong babae; n̄guni’t hindi bumoto sa pagpatay sa hari; ipinatapon ang aking ama n̄g “Laguim” ding iyang sa inyo’y nagpatapon, at bahagya na ang naging kakulangang upang malaglag ang kanyang ulo sa pinagpuputulan n̄g ulong kinalaglagan n̄g ulo n̄g inyong ama.

—Siya n̄ga,—anang Marquesa, na hindi man lamang nagbago ang kanyang mukha sa paggunita n̄g gayong katakottakot na nangyari;—ang kaibhan lamang ay nanhik sila sa pinagpupugutan n̄g ulo, sa pagka’t ibang iba ang kanilang isipan sa isipan n̄g m̄ga nakapangyayari, at ang saksi n̄g sinasabi ko’y nanatiling lagui ang aking m̄ga magulang at kinamag-anakan sa pagkampi sa itinapong m̄ga principe, samantalang pagdaka’y pumanig ang inyong ama sa bagong pamahalaan, at pagkatapos na maguing girondino ang mamamayang (ciudadano) si Noirtier, ang conde Noirtier ay nagsenador.

—¡Nanay! ¡nanay!—ani Renée,—natatalastas po ninyong pinagkasunduang hindi na muling pag-iusapan ang m̄ga nangyaring tootuong malulungkot.

—Guinoong babae,—ang isinagot ni Villefort,—nakikipanig po ako sa binibining Saint-Meran upang ipakiusap sa inyo’t

(1) Kapanig sa bantog na partido, na kung tawagui’y “girondino” ng panahon ng revolucion sa Francia. Tinalo ang mga “girondino” ng partido ng mga “montañeses” na kanilang kaaway.—Paunawa ni P. H. Poblete.

isamo na iyong kalimutan na ang nakaraan. ¿Ano't magsisisihan sa m̄ga bagay na kahi't ang Dios ma'y walang magagawa? Mangyayaring mabago n̄g Dios ang sasapit; n̄guni't hindi na mababago ang nakaraan na.

Ang magagawa nating m̄ga tao'y takpan n̄g isang makapal na tabing ang nakararaan. ¡N̄gayo'y inyong unawain! Humiwalay na ako, hindi lamang sa kaisipan n̄g aking ama, kung di naman sa kanyang apellido.

Naguing maka Bonaparte ang aking ama, o hangga n̄gayo'y maka Bonaparte pa, n̄guni't ang apellido niya'y Noirtier, ako'y makahari at ang apellido ko'y Villefort. Pabayaan ninyong matuyo sa matandang tuod ang natitira pang kaunting katas n̄g pagka revolucionario, at huag po ninyong pakialaman siya kung di ang supling na humihiwalay sa tuod na iyang hindi makapuknat, at halos sasabihin kong aayaw pumuknat n̄g patuluyan sa dating pananalig.

—¡Magaling, Villefort!—anang Marqués.—  
¡Magaling! ¡Mainam na pagkasagot! Ipinamamanhik kong lagui sa Marquesa, na kanyang limutin ang nakaraang panahon, bagay na hindi ko nasunduan, n̄guni't umaasa akong kayo ang magtatamo n̄g palad na pahihinuhuran.

—Oo, magaling,—anang Marquesa;—limutin natin ang nakaraan at siya namang kasunduan, wala akong ibang ninanais; n̄guni't sa haharapi'y ibig ko sanang kayong lubos magpakain̄gat na huwag madupilas. Huwag po ninyong lilimutin Villefort, na kayo'y sinasagot namin sa mahal na hari, na pinapaguingdapat namang lumimot sa lahat,

—ang idinugtong at iniabot sa kanya ang kamay,—na gaya naman ng guinagawa ko, sa aking pahihinuhod sa inyong samo. Datapuwa't sakali't mahulog sa inyong mga kamay ang sino mang nagbabalak ng panggugulong taksil, dilidilihin ninyong mabuti ang inyong guinagawa, sapagka't binabantayan kayo ng totoong katanngian, palibhasa'y galing po kayo sa isang sambahayang mangyayaring maguing kainalam sa mga nagbabantang gumawa ng panggugulong taksil.

—Ay, guinoong babae!—ang muling sinabi ni Villefort.—Ang aking tungkulin, at lalong lalo na ang mga panahong ating tinatahak, pawang nangaguutos sa aking ako'y lubos maghigpit. Unawain po ninyo; maghigpit ako. Aking guinawa na ang ilang paglalaban sa mga sumbong na ukol sa politica, at sa ganitong paraa'y napatotohanan ko ang katigasan ng aking mga kurong sinusunod. Sa kasaliwaang palad ay hindi pa natin guinagawa ang lahat ng nararapat.

—Sa akala kaya ninyo?—anang Marquesa.

—May mga hinala ako. Hindi malayo sa Francia ang pulo ng Elbang (1) kinalalagyan ni Napoleon; nakapagpapalakas ng pag-asa ng mga kakampi niya ang kanyang pananahan sa isang lupang halos natatanaw sa atin mga pasigan; puno ang Marsella ng walang tungkuling mga oficial, na nangag-sisihanap sa araw-araw ng libolibong dahil ng

---

(1) Pulo (isla) sa dagat Mediterráneo, na nabantog dahil sa unang pagkapatapon doon ni Napoleon I ng 1814. Ngayoy may mga dalawampo't anim na libong tao ang tumatahan doon.



pakikiaway sa m̃ga makahari; diyan nagmumula ang pagpapatayan ñg m̃ga taong mahal at ang nangyayari sa m̃ga taong bayang m̃ga kusang pagpatay sa kapuwa.

—Siya ñga,—ang biglang sinabi ñg conde ñg Salvieux, na malaon ñg kaibigan ni guinoong Saint-Meran at chambelan ñg conde ñg Artois,—katotohanan; ganap ang inyong pagkaalam na pinaalis siya ñg “Santa Alianza” sa kanyang kinalalagyan.

—Oo; ñg umalis kami sa Paris ay walong pinaguusapan kung di iyan lamang,—ang isinagot ni guinoong Saint-Meran.

—¿At saan siya ipadadala?

—Sa Santa Elena (1).

—¿Sa Santa Elena? ¿At ano iyan?—ang itinanong ñg Marquesa.

—Isang pulo na na sa ikadalawang libong leguas (2) mula rito, dako roon pa ñg Ecuador, (3)—ang isinagot ñg conde.

—¡Lalong magaling!—na gaya na ñga ñg sabi ni Villefort;—ang katotohana’y malaking kaululan ang pagkaiwan sa taong iyan sa guitna ñg Córcega na sa kanya’y pinañanakan; sa dakong Nápoles na pinaghaharian pa ñg kanyang bayaw, at sa tapat niyang Italia, na ibig niyang pagtatagan ñg isang kahariang iniuukol sa kanyang anak na lalaki.

—Sa kasaliwaang palad,—ani Villefort,—

(1) Pulo ó isla ñg dagat Atlántico, sa golfo ñg Guinea, na nabantog dahil sa pagkapatapon doon ni Napo león I.—*Panawala ni P. H. Poblete.*

(2) Bawa’t isang *legua terrestre* (sa lupa) ay may 4225 metros, at bawa’t isang *legua marítima* (sa dagat) ay may 5572 metros.—*Gayon din.*

(3) Kalaghatian ng daigdig.

may m̄ga kasunduan tayo n̄g 1814, at magkukulang ang sino mang sumalang kay Napoleon sa m̄ga kasunduang iyan.

—Kung gayo'y kukusain ang pagkukulang sa m̄ga kasunduang iyon,—ani guinoong Savieux.—¿Guinamit ba niya ang malaking pagpipitagan n̄g kanyang akalaing ipabaril ang kulang palad na duque n̄g Eng-hien?

—Siya n̄ga,—ang muling sinabi n̄g Marquesa,—iya'y kasunduan na. Ililigtas n̄g Santa Alianza ang Europa kay Napoleon, at ililigtas naman ni Villefort ang Marsella sa m̄ga kakampi niya. ¿Naghahari ó hindi naghahari ang hari? Kung naghahari, ang kaniyang gobierno'y (pamahalaan) dapat magpakalakas, at ang m̄ga kawani n̄g gobierno'y dapat magpakatigas n̄g loob; iyan ang paraan at n̄g mailagan ang kasaman.

—Sa kawalang palad, guinoong babae,—ani Villefort na n̄gumingiti,—ang isang pangalawa n̄g procurador n̄g hari kailan mang dumating ay kung mangyari na ang kasamaan.

—Kung gayo'y sa kanya nauukol na bigyang kagamutan ang kasamaang nangyari.

—Masasabi ko rin po sa inyo, guinoong babae, na hindi sa kanya nauukol bigyang kagamutan ang kasamaan, datapuwa't siya ang may tungkuling gumawa n̄g panghihiganti.

• —¡Oh! guinoong Villefort,—ang sinabi n̄g isang magandang dalagang anak n̄g conde n̄g Salvieux at kaibigan n̄g binibining Saint-Meran,—pagsikapan po ninyong gawin ang paghaharap n̄g alin man sa m̄ga pinag-uusig, samantalang kami'y narito sa Marsella, sapagka't kailan ma'y hindi pa

ako nakakakita n̄g ganyang panooring ayon sa balita ko'y isang bagay na nakawiwiling tingnan.

—¡Oh siya n̄ga, lubhang nakakawiling panoorin, mahal na binibini,—anang pangalawang procurador;--sapagka't ang nakikita'y hindi kunwaring kalaguimlaguim na nangyari, hindi katotohanang nangyayaring kalaguimlaguim, hindi paimbabaw na m̄ga kapighatian at dusa, kung di totohanang m̄ga dusa't kapighatian. Ang taong humaharap diya'y hindi nakauwing payapa sa kanyang bahay upang makisalo sa paghapon sa kanyang asawa't m̄ga anak, mahiga at madaling makatulog at n̄g kinabukasa'y makabalik sa kanyang pinangangasiwaang gawa, kung di panggagaling sa kanyang pagharap ay pumapasok sa bilanguang pinaghihintayan sa kanya n̄g "verdugo". Magaling na nakikita po ninyong sa m̄ga maramdaming naghahangad n̄g m̄ga panooring nakababagbag n̄g loob ay walang lalong mainam mapagmasdang gaya na n̄ga niyan. Pumanatag po kayo, mahal na binibini; ipagbibigay sabi ko po sa inyo pagka nagkataong may mapapanood kayo.

—Tayo'y pinapaningilabot...at nagtatawa!  
—ani Renée, at namutla.

—¿Ano ang ibig ninyong gawin ko?—ang itinutol ni Villefort.—ito'y isang labanan.... Sa ganang akin ay makalima ó makaanim n̄g aking hiningi ang kaparusahang kamatayan laban sa m̄ga pinag-uusig ko dahil sa kanilang guinawang sala tungkol sa "política"...¿Sino ang naka-aalam kung ilang m̄ga sundang ang inihahasa sa oras na ito

o marahil ay nakayaang n̄g laban sa akin ang tunḡo?

—¡Oh, Dios ko!—ani Renée, na nalalao'y lalong nagugulantang.—¡Hindi po ba aglahi ang inyong sinasabi, guinoong Villefort?

—Ang lalong katotohanan ang aking sinasabi,—ang muling isinagot n̄g batang magistrado (1) na n̄gumingiti—At sa maiinam na m̄ga pag-uusig na iyang hinahanḡad n̄g binibining ipagbusog sa kanyang mithing makatanto n̄g m̄ga bagaybagay, na hinahanḡad ko ri,t n̄g mabigyang kabusugan ang pagmimithi kong magtamong danḡal at pagkapailanglang, ang kalagaya'y lalo pa manding bibigat. ¡Inaakala po ba ninyong iyang m̄ga sundalo ni Napoleong pawang m̄ga bihasa sa paghandulong n̄gpikit mata sa kaaway, na datihan sa pamamaril ó sa paglusob na ang bayoneta ang ipinananaksak, inaakala po ba ninyo, aking inuulit, na ang m̄ga taong ganya'y mag-aalinlanḡang pumatay n̄g isang taong kanilang inaakalang kaaway, sa ganayang hindi sila nanḡag-alinlanḡang pumatay n̄g isang ruso (2), n̄g isang austriaco (3) ó n̄g isang húngaro (4), na hindi nila nakikitakita kailan pa man? Sa kabilang bagay

(1) Tinatawag na "magistrado" ang may matataas na tungkulin sa hukuman. Ang katungkulan ni Villefort ay "sustituto" n̄g "procurador" ng hari, sa makatuwid ay pangalawang procurador ng hari ó panghalili sa procurador ng hari, gaya namán n̄g "Juez de Paz suplente" ó "Juez de Paz auxiliar", na siyang pangalawang Juez de paz ó panghalili sa "Juez de paz" kung hindi itó magkaganap sa kanyang katungkulan.—Tinatawag na "procurador" n̄g hari ang kinakatawan n̄g hari ó tagapakiharap n̄g hari sa ano mang bagay na nauukol sa kanya.—*Panunawa ni P. H. Poblete.*

(2) Taga Rusia.--(3) Taga Austria.--(4) Taga Hungría. (Ungriá kung ipangusap)

nama'y totoong kinakailangan ang lahat ng iyan; sapagka't kung hindi gayo'y hindi kami makagaganap ng aming katungkulan. Akong ito, kung aking namamasdang nagniningning sa masimbuyong galit ang mga mata ng isa kung pinag-uusig, lalong nagniningas naman ang aking loob, pumupusok ako, pagkakagayo'y hindi na isang pag-uusig sa sala, naguiguing isang labanan na; nakikipamuok ako ng labanan sa kanya, sumasagot ang inuusig, at nagkakaroon ng hangga ang paglalaban, na kawanngis ng lahat ng labanan, na nagtatagumpay ang isa't ang isa nama'y napipipilan. Ito'y siyang tinatawag na pag-uusig: iyan ang mga kinalalabasan ng mainam na mga pananalita. Pagka ngumingiti ang isang inu-usig, ang aking inaakala'y hindi mainam ang aking pagkakatagsahita, na ang pagkakasabi ko'y kulabo, walang lakas, hindi kasiya. ¡Akalain po ninyo kung gaano ang matimyas na pagmamarangal na tinatamo ng puso ng isang procurador ng hari, sa kanyang lubos na paniniwala sa pagkakasala ng inuusig, pagka kanyang namamasdang yumuyuko ang nagkasala sa bigat ng mga nakakapagpatotoo ng mga salang ginawa, at sa ilalim ng mga kabisaan ng mainam na mga pananalitang ipinapalaso! Malalaglag na walang sala ang ulong iniyuyuko.

Nagbitaw si Renée ng isang bahagyang sigaw.

—Iyan nga ang tinatawag na pananalitang mainam,—anang isa sa mga panauhin.

—Iyan ang taong kinakailangan natin sa mga panahong ito,—anang isa naman.

—Magaling ding totoo, na gaya ng lubos

ninyong pagkaalam, ang inyong kinalabasan, irog kong Villefort,—ang sinabi naman ng isang pangatlo, sa huli ninyong guinawang pag-uusig; iyon bagang taong pumatay sa kanyang ama; ang katotohana'y nauna kayong pumatay sa kanya kay sa "verdugo" (1)

—¡Oh! hindi nga dapat magkaroon ng kapatawaran sa pumapatay ng ama, ng ina ó mga kamak-anak,—ani Renée,—hindi ko pinakikialaman iyan; sa ganyang mga tao'y walang kaparusahang lalong malaking maibabagay sa kanila; ¡nguni't sa mga kulang palad na nagkakasala ukol sa política!...

—Lalo pa manding masama, Renée; sa pagka't ang hari ay siyang ama ng nación (2), at mag-akalang magpugay sa kanya ng pagkahari ó pumatay sa kanya ay pag-akalang pumatay sa ama ng tatlompo't dalawang angaw angaw na tao.

—¡Oh, gayon din nga, guinoong Villefort! —ani Renée;—¡ipinanangako po ba ninyo sa aking mahahabag kayo doon sa mga taong sa inyo'y aking ipagtagubilin?

(1) Ang kahulugan ng sabling "verdugo" ay marami; nguni't ang kahulugan dito'y ang taong tagaganap ng hatol ng hukom na kitlán ng buhay ang isang tao. Ang pagpatay ng verdugo sa Francia'y pinuputol ang ulo sa pamamag-itan ng tinatawag na "guillotina", pangputol ng ulong ipinagamit ng medicong francés na si José Ignacio Guillotin.—Ang pangpatay ng verdugong castila'y pang-ipit ng liig.—Ang pangpatay ng verdugong americano'y lubid na pangbigti.—Huwag kang pápatay, anang utos ng Dios, at sa utos na ito'y sakláv nga ang mga hukom.; kákilakilabot ang magpapatay na kusa sa kapuwa tao, kahit makalilibong nagkasala ang ipinapapatay. Sa Italia, sa Suiza, at iba pang mga nación sa Europa'y wala na sa mga kautusan ang parusang kamatayan.—Paunawa ni P. H. Poblete.

(2) Anang iba'y "bansa" sa wikang tagalog ang sabling "nación".

—Pumanatag po kayo,—ani Villefort, kasabay n̄g kaaya-ayang pagn̄giti,—magkasama tayo sa paggawa n̄g aking m̄ga pagmumunimuni.

—Irog ko,—ang muling sinabi n̄g Marquesa,—makialam ka sa iyong m̄ga damit, at pabayaang mong gumanap n̄g kanyañg katungkulan ang iyong maguiguing asawa. Ipinagkaloob n̄gayon sa “toga” (1) n̄g “armas” (2) ang kapangyarihan. Tungkol dito’y isang katotohanang hindi matututulan ang isang sawikaing latin.

—*Cedant arma togae*,—ang sinabi ni Villefort na kasabay ang pagyukod.

—Hindi ako makapan̄gahas magwikang latin,—ang isinagot n̄g Marquesa,

—Sa aking akala’y lalo kong ikalulugod kung kayo sana’y maguing manggagamot,—ang itinutol ni Renée;—ang mamumuksang angel, kahi ma’t angel ay nakagugulat sa akin n̄g mainam.

—iNapakabait po ninyo Renée!—ang ibinulong ni Villefort, na tinudla ang dalaga n̄g isang titig na puspos n̄g pagsinta.

—Anak ko,—anang Marqués;—si guinoong Villefort ang siyang maguiguing manggagamot na nauukol sa kaugalian at sa pamamahalang-bayan sa bayan; maniwala ka sa akin, mainam na tungkulin ang kanyañg gaganapin.

(1) Ang maluang na pananamit na guinagamit n̄g m̄ga magistrado, letrado at catedrático.

(2) Ang kasangkapang guinagamit upang makasakit ó n̄g makapagsanggalang. “Arma” kung iisa at “armas” kung dalawá ó mahiguit sa dalawá.

—At iya'y isang paraan upang malimutan ang guinawa ng kanyang ama,—anang hindi masaway na Marquesa.

—Guinoong babae,— ang muling sinabi ni Villefort, kasabay ang malungkot na ngiti,—nagkaroon na ako ng dangal na sabihin po sa inyo na tumalikod na ang aking ama sa mga kamalian ng kanyang nakaraang buhay (ganito ang aking sariling paniniwala); nanag-uli siya sa pagka matalik na mapagmalasakit ng relihiyon (1) at ng kahinusayan; marahil mahiguit kay sa akin ang kanyang pagkamakahari, palibhasa'y makahari siya dahil sa pagsisisi, samantalang makahari ako dahil sa masilakbong hilig.

At pagkasabi ng ganito'y sa pagnanais ni Villefort na mapagkilala kung paano ang pagpapalagay ng mga nakikinig sa kagalingan niyang manalita, kanyang minasdan ang mga panauhin, na gaya ng guinagawa niyang paghiwatig, sa mga nakikinig, kung nagsasalita siya ng mga kawanngis ng kanyang sinabi, sa Audiencia (2).

—Magaling, guiliw kong Villefort,—ang muling sinabi ng conde Salvieux;—iyan din nga ang aking isinagot kamakalawa sa ministro (3) ng hari, ng kami na sa Tullerias (4), sa kanyang pag-uusisa tungkol sa ka-

(1) Ang budhing ninilit sa taong sumamba't magpuri sa May Kapal.

(2) Ang pinaghahatulan sa mga inuusig, ó ang pinagkakapisanan ng mga hukom na matataas, upang doo'y pakinggán ang nagsusumbong, ang tagausig, ang inuusig, ang mga saksi at ang tagapagsanggalang sa inuusig.

(3) Ang pinagkakatiwalaan ng pamamahala ng isang bagay.

(4) Mainam na palacio sa Paris na sinunog ng "Com-mune" ng taong 1871.



kaibang pag-iisang dibdib ng anak na lalaki ng isang "gironдино" at ng anak na babae ng isang official sa hukbo ni Condé (1), at napag-unawa niyang magaling kung bakit. Ang pag-iisang pusong ganito'y siya ring nngang palakad ni Luis XVIII (2). Kaya nga't sinalabat ang aming salitaan ng hari, na hindi namin nalalama'y nakikinig pala, at sinabi: "Si Villefort (hiwatigan po ninyong hindi niya ipinangusap ang apellidong Noirtier, kung di baligtad, ipinagdumiin niya ang pananalita ng apellidong Villefort); si Villefort,—anang hari,—ay tataas sa kanyang katungkulan; siya'y isang batang may danas at anib sa akin." Ikinatutuwa ko rin namang kayo'y tanggaping maguing manugang ng marqués at ng marquesa ng Saint-Meran, at ako ma'y talaga sanang aking ihahatol din ang pag-iisang dibdib na iyan, kung hindi sila naparito't humingi sa akin ng kaphahintulutan upang maipakasal sa inyo ang kanilang anak.

—Sinabi po ba ng hari ang gayon, Conde?—ang biglang sinabi ni Villefort.

—Inulit ko sa inyo ang kanyang tunay na mga sinabi; at kung ibig ng Marqués na magsalita ng boong katotohanan, sasagutin kayong ang sinasaysay ko sa inyo

(1) Isa sa mga príncipe ng lahing Borbón. Ang sinabi rito'y si Luis José Condé, na nagtatag ng isang hukbong laban sa Revolución sa Francia.—Paunawa ni P. H. Poblete.

(2) Ang inilagay na hari sa Francia ng mga nacióng nagpanig. Naghari siya sa Francia buhat ng 1814 hanggang sa 1824. Kapatid siya ng haring si Luis XVI, na pinapugutan ng ulo ng Revolución Francesa.—Gayon din

n̄gayo'y lubos na nasasang-ayon sa sinabi sa kanya n̄g hari, na may anim na buwan na, tungkol sa pinagkukurong pagpapakasal n̄g kanilang anak na babae sa inyo.

—Tunay n̄ga,—anang Marqués.

—¡Oh! Kung gayo'y kautanġan kong lahat sa karapatdapat na prinsipeng iyan. ¡Ano ang hindi ko gagawin upang siya'y mapaglingkuran ko!

—M̄galing na palad,—anang Marquesa,--- ganyan ang ibig kong maguing inyong kaa-salan, ¡n̄gayo'y makaparirito na ang m̄ga nag-aakala n̄g lihim na panggugulong taksil, at makikita nila kung paano ang gagawing pagtanggap sa kanila!

--At ako, nanay, ipinananalangin ko sa Dios na huwag po kayong pakinggan; at huwag siyang magpahatid kay guinoong Villefort kung di m̄ga tekas at m̄ga may utang, at sa ganyang paraa'y mabubuhay akong tahimik.

—Kawanġis iyan kung hanġarin po ninyo, —ang muling sinabi ni Villefort, na nagtatawa,—na walang magpagamot sa akin kung di ang m̄ga may lagnat, tigdas, sakit n̄g ulo, sa makatuwid ay yaong m̄ga bagay na hindi ikapapahamak n̄g ano man sa buhay. Kung ibig po ninyong kamtan ko ang pagka procurador n̄g hari, hanġarin ninyo ang tumbalik, na ang aking gamutin ay ang lalong m̄ga kakilakilabot na sakit, na ikinababantog n̄g manggagamot kung mapagaling.

N̄g sandaling ito, na para manding dini-n̄gig n̄g pagkakataon ang hanġad ni Villefort, siyang pagpasok n̄g isang alilang lalaki at ibinulong sa kanyang tainġa ang ilang

salita. Natindig si Villefort sa mesa, at humingning pahintulot sa lahat na siya'y makaalis, at hindi naman nalao't siya'y nagbalik na taglay ang pagmumukhang puspos nã tuwa at nãgumingiti.

Tinitigan siya ni Rene nã boong pag-ibig; sapagkat' nã sandaling iyo'y nakitang siya'y makisig at magandang may mãga matang bughaw, maputi ang balat at may maiitim na "patilla" na siyang pamuti nã kanyang mukha. Hinintay nã nã dalagang isaysay niya ang kadahilanan nã kanyang sandaling pagka alis.

—Magaling,—ani Villefort,—¿hindi po ba mithi ninyo nãgayon, mahal na binibini, ang kayo'y magkaasawa nã isang manggagamot? Kung gayo'y nahahalintulad po ako sa mãga alagad ni Esculapio (1) (ganito ang kaugaliang pananalita nã taong 1915), na binabagabag nila ako, kahi't sumasatabi po ninyo, sa pagsasalosalo pa naman dahil sa pagkakasal sa akin.

—¿At bakit po kayo binagabag, guinoo?—ang tanong nã dalagang kasama ang isang munting pagkaligalig nã loob.

—¿Ah! Dahil sa isang may sakit, na ayon sa balita sa aki'y totoong malubha na; nãuni't nãgayo'y nauukol sa isang bagay na lubhang mabigat, at ang pugutan nã ulo ang siyang maguiguing wakas nã sakit.

¿Oh, Dios ko!—Ang biglang sinabi ni Renée at namutla.

---

(1) Bantog na manggagamot nã panahong una.

—‘Tunay n̄ga ba?—ang sabaysabay na tanong n̄g m̄ga nakikinig.

—Tila mandin may bagong nasubukang munakalang lihim na pagtataksil n̄g m̄ga kakampi ni Bonaparte.

—¡Diyata n̄ga baga!—anang Marquesa.

—Pakinggan ninyo itong sulat na nagkakanulo.

At binasa ni Villefort:

“Ipihaunawa sa guinoong procurador n̄g ‘hari, n̄g isang katoto n̄g trono at n̄g religion, na’ ang nagn̄gan̄galang Edmundo Dantes, pangalawang puno n̄g bergantin *Faraon*, na dumoong n̄g umagang ito, na ‘galing sa Smirna, pagkatapos na makapagdaan sa Nápoles at sa Porto-Ferraio, pinagkatiwalaan ni Murat na magdala n̄g sulat ‘sa mán̄gan̄gamkam, at pinag-utusan nanian ‘nitong magdala n̄g kanyang sulat sa Kapulunḡan n̄g m̄ga kakampi ni Bonaparte sa ‘París.

“Ang makapagpapa-totoo sa kanyang kapaslanḡan ay makukuha kung siya’y dakpin, sapagka’t ang sulat na iyo’y masusumpunḡang dala niya, o kung dili kaya’y sa ‘bahay n̄g kanyang ama o sa kayang ‘‘camarote’’ sa sasakyang *Faraon*.

—N̄guni’t ñng sulat na iya’y ‘‘anónimo’’ (1) lamang, at ang pinadadalna’y ang procurador n̄g hari at hindi kayo.

—Tunay; n̄guni’t wala rito ang procurador n̄g hari, at dahil sa gayo’y ang kanyang kalihim ang siyang pinagbilinang magbukas n̄g kanyang m̄ga sulat. Binuk-

(1) Sulat na walang firma ang sumulat.

san niyâ ito, ako'y ipinahanap, at sapagka't hindi ako nakita'y siya ang nagpahuli.

—¿Sa makatuwid ay nabibilanggo na ang may sala?—anang Marquesa.

—Ang isinumbong ang marapat po ninyong sabihin,—ang itinutol ni Renée.

—Opo, guinoong babae, ani Villefort;—at alinsunod sa sinabi ko na sa kamahalan ninyong hindi pa nalalaon, binibining Renée, sakali't masumpungan ang sulat na iyan, ang may sakit ay manganganib na totoo.

—¿At saan naroon ang kulang palad na iyan?—ang tanong ni Renée.

—Na sa aking bahay.

—Kung gayon, pumaroon agad kayo, kaibigan,—anang Marqués;—huwag po kayong magkulang sa inyong mga katungkulan dahil sa amin, lalo't sa ganyang tinatawag kayo ng paglilingkod sa hari.

—¿Oh! ¡guinoong Villefort!—ani Renée, na pinagpagdoop ang mga kamay;—imagmahabaguin kayo sa kaarawan ng pagkakasal sa inyo!

Niliguid ni Villefort ang mesa, kumapit sa sandalan ng kinauupuang silla ng dalaga at nagsalita:

—Ng mawala ang lahat ninyong mga paninimdim, gagawin ko ang boong aking kaya, sinisintang Renée; nguni't kung hindi nangagsisinungaling ang mga hinala, kung katotohanan ang sumbong, kung gayo'y kinakailangang putlin iyang masamang damong maka Bonarpate,

Kinilabutan si Renée pagkaringig sa salitang "putlin", palibhasa'y ang pinag-uusapang damo'y may ulo.

¡Bah, bah!—anang Marquesa. Huwag po ninyong pakinggan ang batang iyan, Villefort; namimihasa na siya sa ganyan.

At iniabot n̄g Marquesa kay Villefort ang isang payat na kamay, na hinagkan niya na ang titig ay kay Renée, na kanyang pinagsasabihan n̄g kanyang m̄ga mata:—“ang inyong kamay ang aking hinahagkan, ó, kung hindi man, ang siyang ibig kong hagkan”.

—Masamang tanda,—ang ibinulong ni Renée.

—Ang katotohanan, mahal na binibini,—anang Marquesa,—kayo po’y isang batang napakawalang isip. N̄gayon tinatanong ko kayo: ¡anong kapakialaman n̄g palad n̄g Nacion sa inyong m̄ga kaisipan at sa inyong pagkamaramdamin?

—¡Oh, aking ina!,—ang pautal na sinabi ni Renée.

—Patawarin po ninyo ang masamang makahari,—guinoong Marquesa,—ani Villefort;—aking ipinan̄gan̄ako sa inyong gaganapin kong lubos ang aking katungkulang pagkapanghalili sa procurador n̄g hari; sa makatuwid ay gagawin ko ang lalong kakilakilabot na kaban̄gisan.

N̄guni’t kasabay n̄g pagsasabi n̄g magistrado n̄g m̄ga salitang ito sa Marquesa ang lihim na pagsulyap sa kanyang maguiguinig asawa, na ganito ang sinasabi n̄g m̄ga mata:

—Pumanatag po kayo, Renée; magma-mahabaguin ako, salamat sa pagsinta ninyo sa akin.

Sumagot si Renée sa gayong sulyap sa pamamag-itan n̄g isang matamis na n̄giti, at

umalis si Villefort na puspos n̄g katuwaan ang puso.

## IKAPITONG BAHAGUI

### ANG PAGLILITIS.

Kaaalis pa lamang ni Villefort sa salas na pinaggagawan n̄g pagsasalosalo sa pagkain dahil sa pagkakasal sa kanya, pagdaka'y iniwan ang balatkayong kasayahan n̄g kanyang mukha, at guinamit ang mabalasik na anyo n̄g isang taong may katungkulang gumana n̄g kataastaasang kapangyarihang humatol sa maguiguing palad n̄g kanyang m̄ga kapuwa-tao. N̄guni't бага man madaliling magpabagobago ang kanyang mukha, pagbabagobagong kanyang natutuhan, tulad sa isang magaling na "actor" (1), sa pag-aaral sa harap n̄g isang salamin, nahirapan siyang totoo, n̄g sandaling iyon, na pagpakunutin ang kanyang m̄ga kilay at bigyan ang kanyang pagmumukha n̄g kinakailangang kaban̄gisan. Ang katotohanan, бага man kanyang naaalaala yaong guhit n̄g kaasalang itinaning n̄g kanyang ama sa sarili, na talastas niyang kung siya'y lumayo sa guhit na iyo'y mangyayaring masunduan niya ang guinhawa't dangal sa hinaharap na panahon, n̄g sandaling yao'y ganap na ganap ang kaligayahan ni Gerardo de Villefort; talagang siya'y mayaman na, kanyang tinataglay, sa ikadalawampo't pitong taon, ang isang mataas na katungkulan sa hukuman, ikakasal siya sa isang dalagang kagan-

(1) Ang lalaking lumalabas sa m̄ga dulaan.

dagandahang kanyang pinakasisinta, sapagka't sa kanyang pagkapanġalawang procurador nġ hari ay mangyayaring siya'y makapagtaglay nġ pag-ibig, at bukod sa lubhang natatanġing kagandahan nġ kanyang maguiguing asawa, ang binibining Saint-Merang ito'y buhat sa mġa magulang na tootong kinaaalang-alanġanan at dakila nġ panahong iyon; sa kawakasan, ang lakas nġ kapangyarihan nġ kanyang bibiananing lalaki't babae na walang ibang anak kungdi ang kanyang maguiguing asawa, ay mauwing lahat sa mamanuganġin, pasusundan si Renée nġ limampong libong "escudo," na kung mapasama sa inaasahang mana, magaspang na salitang katha nġ mġa magkakasal, mangyayaring umabot sa alin mang araw hangang sa kalahating anġaw-anġaw. Sa pagkakapisan nġ lahat nġ ito, ipinalalagay ni Villefort, na naroon ang kabooan nġ isang kasilawsilaw na pamumuhay sa hinaharap na panahon, hanggang sa sumapit sa kalagayang wala nġ sukat mahanġad pa, nġ sandaling pinagsisiyasat niya ang kanyang sariling kalagayan.

Naratnan niya ang comisario (1) nġ policia na siya'y hinihintay sa pintuan. Ang pagkakita niya sa taong iyong maitim ang pananamit ang siyang nagpagunita sa kanya nġ tunay niyang kalagayan, nag-anyong mabalasik, na gaya nġ amin nġ sinabi, lumapit siya sa kawani nġ justicia at pinagsabihan niya ito:

—Guinoong comisario, nabasa ko ang

---

(1) Ang namamahala sa pagtupad nġ isang utos.



inyong sulat, at mabuti't hinuli ninyo ang taong iyan; n̄gayo'y ipaunawa po ninyo sa akin ang lahat n̄g bagay na inyong nasunduan tungkol sa kanya at ukol naman sa balak nilang panggugulong lihim.

—Tungkol sa balak na panggugulong lihim ay walang napagtatalastas na anoman: ang lahat n̄g m̄ga papel na sa kanya'y nasamsam ay isinilid na lahat sa loob n̄g isang “sobre” at inilagak sa pinagsusulatan ninyong mesa; tungkol sa bilanggo, nakita po ninyo sa sulat na nagkakanulo sa kanya, na Edmundo Dantés ang kanyang pangalan, pangalawang puno sa sasakyang ang pamagat ay “Faraón”, na pag-aari n̄g bahay-kalakal nina Morrel at Anak, at ang pinangangasiwaa'y ang pangangalakal n̄g bulak na galing sa Alejandria at sa Smirna.

—¿Bago ba siya masok sa “marina mercante” (1) ay naglingkod ba siya muna sa marina militar (2)

—¡Oh! Hindi po guinoo, siya'y napakabatang totoo.

—¿Gaano ang kanyang gulang?

—Kalakihan na ang labingsiyam hanggang sa dalawampung taon.

Dumating si Villefort n̄g sandaling iyon sa paglakad niya sa daang Ancha, sa kinasasangahan sa daang Los Consejos, at isang taong tila mandin naghihintay n̄g kanyang pagdaan ay lumapit sa kanya; yao'y si guinoong Morrel.

(2) Ang m̄ga sasakyang natatalaga sa paglululan n̄g m̄ga naglalakbay-dagat at n̄g m̄ga kalakal.

(3) Ang m̄ga sasakyang natatalaga sa pagganáp n̄g m̄ga utos n̄g pamahalaan at lalonglalo na sa pakikidigma.

—¡Ah, guinoong Villefort!—ang biglang sinabi n̄g mabait na tao, pagkakita sa pa-n̄galawang procurador n̄g hari.—¡Gaano ang katuwaan ko sa pagkakita sa inyo! Lini-n̄gin po ninyong bagong kapangyayari n̄g isang pagkakamaling lalong napakakaiba at napakasun̄git, at ito'y ang paghuling hindi pa nalalaon kay Edmundo Dantés, na pa-n̄galawang puno n̄g aking sasakyan.

—Nalalaman ko na, at n̄gayo'y siya'y aking tatanun̄gin.

—¡Oh! guinoong Villefort,—ang ipinagpatuloy ni Morrel, na palagay ang loob, sapagka't dating kaibigan niya ang binatang iyon.—Hindi po ninyo kilala ang isinusumbong sa inyo; n̄guni't kilala ko siyang lubos. Talastasin po ninyong siya ang taong lalong matimyas na asal, ang lalong mapagmahal sa kanyang kapurihan, at halos makapan̄gan̄ahas akong magsabing siya ang lalong matalino sa nauukol sa marina mercante. ¡Oh! guinoong Villefort, ipinagtatagubilin ko siya sa inyo n̄g malaking pagtatan̄gi at n̄g boong puso.

Naaanib si Villefort, na gaya n̄g namasid na, sa m̄ga dakila sa ciudad, at sa m̄ga anak-bayan naman si Morrel; napakamakahari si Villefort at hinihinalang naaanib si Morrel sa m̄ga maka-Bonaparte. Tinitigan si Morrel ni Villefort n̄g boong pagpapawalang halaga at sumagot n̄g lubhang malamig:

—Magaling po ang inyong pagkatalastas, guinoong, na ang tao'y mangyayaring totoong napakamagandang, loob sa saklaw n̄g kanyang pamumuhay na sarili, mapagmahal

nṅ kanyang puri sa mṅa pakikipanayam niya sa pangangalakal, matalino sa pagganap nṅ kanyang mṅa tungkuling ikina-kikita nṅ pagkabuhay, at gayon ma'y mangyayaring siya'y isang dakilang makasalanan tungkol sa política; lubos po ang inyong pagkaalam, ḡhindi po gayon, guinoo?

At ipinagdumiin nṅ magistrado ang mṅa huling salitang ito, na wari'y iniuukol niya sa may-ari nṅ sasakyan, samantalang ang mausisa niyang titig ay nagsusumikap na tumaos hanggang sa kaibuturan nṅ puso nṅ taong iyong nanṅahas na ipamag-itan ang iba, gayong dapat niyang mapag-unawang siya ma'y nagkakailanṅan din nṅ pagkahabag nṅ may kapangyarihan.

Namula sa kahihyan si Morrel, palibhasa'y nalalaman niyang hindi lubhang dalisay ang kanyang budhi tungkol sa mṅa pagkukuro sa "política", at sa kabilang dako'y nagugunita niya ang lihim na sa kanya'y ipinagkatiwala ni Dantés ukol sa pakikipagkita niya sa dakilang "mariscal"

(1) at ang ilang salitang sa kanya'y sinabi nṅ emperador (na si Napoleon Bonaparte)  
(2), at ito ang nakabalisa sa kanya nṅ ka-

(1) Mataas na puno sa mṅa hukbó nṅ una.

(2) Si Napoleón I (Bonaparte) ang lalong marilag sa mṅa naging militar nitóng mṅa huling panahón. Siya'y naging Cónsul muna at bago naging Emperador sa Francia. Nakipagbaka siya sa lahat nṅ mṅa hari sa Europa, na nanṅagkaisa sa pagtutulongtulong nṅ pakikidigma sa kanyá. Linusob niya ang Rusia at doon nalipol ang kanyang kalakilakihang hukbó. Pinilit siyang magbitiw nṅ pagka-emperador nṅ taóng 1814; nagbalik siya sa Francia sa loob nṅ isang daang araw nṅ 1815; natalo siya nṅ mṅa inglés sa pagbabaka sa Waterloo, at ipinatapon siya sa pulo nṅ Santa Elena, at doon siya namatay.—*Panawala ni P. H. Poblete.*

unti. Gayon ma'y idinagdag niyang taglay iyang anyong malaking totoo ang pagmamalasakit:

—Muli kong isinasamo sa inyo, guinoong Villefort, na yamang masintahin po kayo sa katuwiran, gamitin po ninyo sa kanya ang boong nauukol sa katuwiran, pakamtan po ninyo sa kanya ang inyong kagandahan nã loob, yamang kayo'y talagang may mabait na asal; “ibalik ninyo agad sa amin” iyang kahabaghabag na si Dantés.

Tumunog sa m̃ga tainã nã pangalawang procurador nã hari ang sabing “ibalik ninyo agad sa amin” na parang pananalita nã m̃ga revolucionario.

—¡Aba! ¡aba!—ang sinabi ni Villefort sa sarili.—¿“Ibalik agad ninyo sa amin”, ha?...¿Baka kaya kaanib iyang si Dantés sa isa riyon sa m̃ga samahang “carbonaria” (1) kaya guinamit nã nagtatangkilik sa kanya iyang pananalitang *sa amin*, na ukol sa marami, baka man hindi niya kinukusa. Tila sinabi sa akin nã comisario na siya'y dinakip sa isang tindahan nã alak, na ang kasama'y maraming tao; ito'y marapat na pakaisiping magaling.

At saka pagdaka'y nagsalita nã malakas:

—Guinoo, kayo po'y lubos na makapapanatag; kung walang kasalanan ang isinumbong, hindi mawawalang kabuluhan ang inyong pagkaparito sa akin; datapuwat kung ang kalabasa'y siya'y nagkasala, mapipilitan akong gumanap nã aking ka-

(1) Ang m̃ga samahang lihim tungkol sa política, na itinatag sa Italia at nã malaon ay lumaganap sa m̃ga ibang lupain.

tungkulan, sapagka't makukuro na po ninyong ang panahong tinatawid nati'y lubhang napakahigpit at mapang'anib na totoo, at maguiguing isang ulirang kasamasamaan ang pagpapabayang huwag parusahan ang magkasala.

Sa ganito'y siyang pagdating ni Villefort sa pintuan nã kanyang bahay, na nasa tabi nã tribunal nã justicia, yumukod nã matamlay sa may ari nã sasakyan, at saka siya nasok na taglay iyang pag-aanyong palalo, at natira ang mabait na si guinoong Morrel na halos hindi makakilos sa kanyang kinalalagyan.

Punongpuno ang salas nã mãga "gendarme" (1) at nã mãga kawani nã policia, at sa guitna nila'y dorong tahimik at hindi kumikilos si Edmundo, na totoong pinakababantayan. Tinahak ni Villefort ang "antesala" (2), sinulyap ang bilanggo nã isang tinging patalilis, at pagkatapos na makuha ang isang nakabalumbong mãga papel na iniabot sa kanya nã isang kawaning policia, tinungo ang papasok samantalang sinasabi:

—Ihatid ninyo rito ang bilanggo.

Kahit napakabilis ang pagkatinging iyon ay naguing kasiyahan na kay Villefort upang mapagwari niya ang taong kanyang lilitisin. Napagkilala niya ang katalasan nã isip sa noong yaong malapad at maliwanag, ang

---

(1) Ang militar na ang kawanis dito sa Filipinas ay ang *guardia civil* nã panahon nã pamahalaan nã castila, at kaparis naman nã *constabulario* sa pamahalaan nã Estados Unidos nã Amãrica.—*Paunawa ni P. H. Poblete.*

(2) Ang bahagui nã kabahayang na sa bago datin ang salas.

tapang sa m̄ga matang hindi magalaw at sa m̄ga kilay na iyong tila nanḡunḡulubot at tila hindi naman, at ang pagka mapagluwal n̄g damdamin sa m̄ga labing iyong makakapal at nanḡakasiwang, na nanḡagpapamalas n̄g isang hanay na m̄ga n̄giping mapuputing tulad sa garing.

Sang-ayon kay Dantés ang unang pagkakahiwatig sa kanya; n̄guni't madalas na naringig ni Villefort, na isang katotohanang hindi nagkakabula sa malalim na politica, ang pangailan̄g magkulang tiwala sa unang udyok n̄g budhi. Sa ganitong kadahilana'y kanyang ininis ang magandang hilig n̄g kanyang kaloobang ibig pumasok sa kanyang puso, pinagbuti niya ang kanyang mukha sa harap n̄g isang salamin at naupong malungkot ang pagmumukha at mabanḡis ang anyo sa harap n̄g kanyang sinusulatang mesa. Hindi nalao't pumasok sa kanyang kinalalagyang "aposento" ang bilango.

Namumutla ang binatang gaya rin n̄g dati; n̄guni't panatag at masaya ang mukha. Magalang na yumukod sa kanyang hukom, at pagkatapos ay hinanap n̄g kanyang m̄ga mata ang isang silla, na ano pa't walang pinag-ibhan kung siya'y doon naroon sa bahay n̄g may-ari n̄g sasakyan. N̄g magkagayo'y natisod n̄g kanyang tingin ang malamig na titig ni Villefort, yaong titig na kaugalian n̄g m̄ga magistradong nanḡagnanais na magtago n̄g kanilang isipan; ang lahat n̄g ito'y nagpaalaala sa kanyang siya'y na sa harap n̄g justicia; pagmumukhang mabalasik at malungkot na ang karaniwa'y

nakapanġangatal hanggang sa lalong walang kasalanan, dahil sa kanilang kagulatgulat na anyo.

—¿Sino kayo at ano ang iyong pangalan? —ang itinanong ni Villefort, samantalang binubuklat ang mġa kasulatang ibinigay sa kanya nġ kawani nġ policia nġ siya'y pumasok.

—Edmundo Dantés ang aking pangalan, —ang isinagot nġ binata, nġ tinig na malakas at panatag,—ako ang pangalawang puno sa sasakyang “Faraon” ang pamagat, na pag-aari nġ bahay-kalakal ni na guinoong Morrel at mġa Anak.

—¿Ang gulang ninyo?—ang ipinagpatuloy ni Villefort.

—Labing siyam na taon, ang sagot ni Dantés.

—¿Ano ang guinagawa ninyo nġ sandaling kayo'y hulihin?

—Kasalo po ako sa pagkain sa piguing dahil sa pagkakasal sa akin,—ani Dantés nġ tinig na nangangatal nġ bahagya, dahil sa totoong pagkakaiba nġ mġa sandaling iyong pagkakatuwa sa nakalalaguim na paglilitis sa kanya, at ang malungkot na pagmumukha ni Villefort ay nagpapagunita sa kanya nġ maningning na kagandahan ni Mercedes.

—¿Kasalo po ba kayo sa piguing dahil sa pagkakasal sa inyo?—ang tanong nġ pangalawang procurador nġ hari, na kahi't laban sa kanyang kalooba'y kinilabutan.

—Opo, talagang ikakasal na po sana ako sa babaeng aking iniibig na may tatlong taon na nġayon.

Baga man dating matigas ang loob ni Vi-

Villefort, na siyang karaniwang asal niya, kanyang ipinagtaka ang pagkakataong ito. at ang tinig na nanġanġatal ni Dantés na dinatnan nġ sakuna sa guitna nġ pagligaya'y siyang nagpataguining nġ isang cuerda nġ habag sa kaibuturan nġ kanyang kaluluwa. Siya ma'y ikakasal din, siya may nagtata-mo rin nġ kaligayahan, at siya ma'y naratnan din sa pagbubukang liwayway nġ kanyang palad, upang siya'y tumulong sa pagwawasak nġ tuwa nġ isang taong gaya rin niyang pagdaka'y lalasap na sana nġ kamistamisang galak!

—Itong mainam na pagkakataon—ang inisip niya sa sarili,—totoong pagtatakhan pagbabalik ko sa salon nġ mġa Saint-Meran.

Hinihintay ni Dantés ang mġa bagong tanong, samantalang bumabalangkas naman si Villefort sa kanyang sarili nġ isang talumpating isasaysay niya sa harap nġ mġa panauhin, ano pa't kanyang hinihirang ang mġa salitang maniningning at matatayog na pangungusap na may kasukatang bisa upang magkaroon nġ mithing mainam na labás.

Pagkatapos na mabalangkas sa kanyang isip ang mainam na talumpati'y nġumiti si Villefort, na parang natutuwa sa kanyang sarili, at saka nagsalita kay Dantés:

—Magpatuloy kayo.

—Guinoo, ano po ang ibig ninyong sabihin ko pa?

—Yaong lahat nġ mġa bagay na sukat makapagpaliwanag sa justicia.

—Sabihin po sa akin nġ justicia kung ano ang ibig niyang paliwanagan ko, at aking sasabihin ang lahat kong nalalaman, nġuni't



marangal kong ipinauunawa lamang sa inyo —ang sinasabing nakanġiti,— na kakaunting totoo ang aking nalalaman at masasabi.

—Naglingkod po ba kayo sa mangangamkam (1).

—Talagang papasok na sana ako sa marina militar (2) nġ maalís siya sa pagkahari.

—Sinasabing napakalabis daw naman ang kapusukan nġ inyong mġa kuro tungkol sa política,—ang muling sinabi ni Villefort, na ang katotohana’y walang ano mang nariringig tungkol sa bagay na ito; nġuni’t minamagaling niyang inyong isang usig ang pagtatanong.

—¿Ang aking pong mġa kuro tungkol sa política? ¡Ah halos ikinahihiya kong sabihin po sa inyong hangga nġayo’y hindi ko tanto ang gawang magkuro!

Bahagya lamang maglalabingsiyam na taon ako, ayon sa sinabi ko na sa inyo kanina; wala akong nalalaman; hindi nalalaan ako sa ano mang mahalagang tungkulin sa daigdig; ang aking kaunting kaya at ang maguiguing kabuhayan ko sa haharapin, kung ipagkakaloob sa akin ang katungkulan minimithi ko’y aking maguiguing kautangán kay guinoong Morrel. Kaya nġa nabubuo ang lahat kong mġa kuro, hindi sa política, kung di sarili kong buhay, dito sa tatlong damdamin: ang pag-irog sa aking ama, ang pagpipitagan kay guinoong Morrel at ang pagsinta ko kay Mercedes; nariyan po,

(1) Kailan mang sasabihin ang salitang “mangangamkam” ay si Napoleon I. (Bonaparte) ang siyang bumabanggit.—Paunawa ni P. H. Poblete

(2) Hukbóng dagat.

guinoo, ang aking masasabi sa justicia; inaakala kong hindi lubhang kinakailangan po ninyo ang lahat ng ito.

Samantalang nagsasalita si Dantés ay pinagmamasdan ni Villefort ang mukhang yaong matimyas at lubhang bukas sa pagtatapat, at guinugunita niya ang mga salita ni Renée, na kahit hindi man kilala ang bilanggo'y nagpaunang ipinamanhik sa kanyang magmahabaguin sa kulang palad.

Sa kabihasnang kumilala ni Villefort ng kasalanan at sa mga nagkasala, napagkilala niya sa bawat salita ni Dantés ang isa pang katotohanan ng pagka siya'y walang ginagawang masama.

At tunay nga, ang binata, o halos masasabing ang musmos na batang iyong hindi marunong magkubli ng iniisip, hindi binabago ang katutubong kilos, nguni't taglay iyang kagandahang pananalita ng galing sa puso, na hindi nasusunduan kailan man pagka hinahanap; puspos ng pagguiliw sa lahat, palibhasa'y lumiligaya, at ang kaligayaha'y nakapagpapabait pati sa mga masasama, pinalalaganap sampong sa kanyang hukom ang matamis na pakikipanayam na umaawas sa kanyang puso.

—|Aba!—ani Villefort sa kanyang sarili, —narito ang isang kalugodlugod na bata, at inaakala kong hindi ko lubhang paghihirapan ang katuwaan ako ni Renée, sa pagbibigay loob ko sa kanya sa unang pagtagubiling guinawa sa akin; umaasa akong sa bagay na ito'y magkakamit ako ng ganting palang pakikikamay sa akin ng mahigpit sa harap ng lahat, at isang masarap

na halik n̄g maguiguing asawa ko pagka napapag-isa na kami.

At sa pagka guniguni lamang sa ganitong pag-asa'y hindi nangyaring hindi sumaya ang mukha ni Villefort, na ano pa't n̄g kanyang titigan si Dantés, palibhasa'y sinusundan naman nito ang lahat n̄g pagbabagobago n̄g pagmumukha n̄g hukom, hindi nangyaring hindi n̄gumiti.

—Guinoo,—ani Villefort,—¿mayroon po ba kayong m̄ga kagalit?

—¿Kung may kagalit ako!—ang muling sinabi ni Dantés.—May dakilang kapalaran akong bahagya na ang ikinatatangi n̄g aking tungkulin upang ang kalagayan ko'y makaakit na magkaroon n̄g kagalit. Tungkol sa aking kaugaliang marahil ay may kaunting kapusukan, sa tuwi na'y pinagsikapan kong magpakalubay sa aking m̄ga sakop. May sampo o labingdalawang marinero akong nasasakupan; tanun̄gin po ninyo sila at kayo'y sasagutin ako'y kanilang minamahal at iguinagalang, hindi ko sasabihing gaya n̄g paggalang sa isang ama, sapagka't ako'y napakabata upang maguing magulang; datapuwa't pararg kapatid na pang'anay.

—N̄guni, gayon man, kung wala mang kayong kagalit, maaaring kayo'y magkaroon n̄g m̄ga kapan̄gagaw, bagay na hindi dapat ninyong ikamangha, sapagka't mahahalal kayong capitan sa gulang na ikalabingsiyam na taon, na mataas n̄g katungkulan sa inyong pinanḡangasiwaang pamumuhay; bukod sa rito'y ikakasal kayó sa isang dalagang sa inyo'y umiibig, at ito'y isa rin namang kapalarang bihirang bihirang kamtan sa alin

mang kalagayan sa daigdig, at ang dalawang ligayang itong sa inyo'y tanging kaloob nã magandang palad, hindi nãa malayong mangyaring makalikha nã ilang maingguiting laban sa inyo.

—Opo, sumasakatuwiran kayo, at hindi nãa malayong mangyari ang inyong sinasabi; nãuni't kung nasa sa bilang nã aking mãa kaibigan ang mãa maingguiting iyan, sinasabi ko po sa inyo ang ganap na katotohanang ibig ko po ang huwag na silang makilala at nã huwag mapalagay ako sa masunãit na pangãngailãngang sila'y aking kasuklaman.

—Nagkakamali kayo, Dantés; kailan ma,y magaling, samantalang mangyayari, ang mapagtalastas ang nangyayari sa paligid natin, at ang katotohanan, sa aking pagpapalagay na kayo'y isang binatang totoong mabait hihiwalay ako, dahil sa paglingãp sa inyo, sa karaniwang palakad nã paglilitis, at tutulungan ko kayo sa pagsisiyasat nã mãa nauukol sa bagay na ito, kaya't nãayo'y ipakikita ko sa inyo ang kanulong siyang sa inyo'y naghatid sa akin. Narito't pagmasdan po ninyo. ¿Nakikilala ba ninyo ang letra?

At dinukot ni Villefort ang sulat sa kanyang bulsa at ipinakita kay Dantés.

Minasdan nito ang sulat at binasa. Isang alapaap ang nagpadilim sa kanyang noo at nagsalita:

—Hindi po, guinoong magistrado; hindi ko nakikilala ang letrang iyan; talagang binago ang pagtitik, бага man ang anyo'y may katulinan ang pagkakagawa. Isang

kamay na bihasa, sa aking masid, ang sumulat niyan. Ipinalalagay kong lubha akong guinagaling,—ang idinagdag na tinititigan si Villefort n̄g anyong kumikilala n̄g malaking utang na loob,—sa pagkakapalad kong makausap ang isang guinoong kawan̄gis po ninyo, sapagka't tunay n̄gang kagalit na mahigpit ang sumulat sa papel na iyan.—At nahiwatigan ni Villefort ang biglang ningning na kumislap sa m̄ga mata n̄g binata, na nagpapakilala n̄g masigabong kalakasan n̄g loob na nakukubli sa tabing na katamisang sa kanya'y namasid.

—N̄gayo'y tingnan natin,—anang pangalawang procurador n̄g hari,—sumagot kayo sa akin n̄g boong pagtatapat, hindi gaya n̄g pagsagot n̄g isang pinag-uusig na nasa harap n̄g kanyang hukom, kung di ang pagsagot n̄g isang taong nasa isang masamang kalagayan sa tanong n̄g isang tao ring nagnanasang sa kanya'y makagawa n̄g magaling: ano ang masasabi ninyong katotohanan sa sinasaysay n̄g sulat na iyang walang firma n̄g sumulat?

At itinapon ni Villefort na may sama ang loob sa ibabaw n̄g kanyang sulatan ang liham na bagong kasasauli sa kanya ni Dantés.

—Ang lahat ay wala, guinoo; sasabihin ko po sa inyo ang wagas na katotohanan, alang-alang sa aking dangal na pagka marino (1), alang-alang sa pagsinta ko kay

(1) Ang naghahanap-buhay sa pagsakay at pangangasiwa sa m̄ga sasakyan sa dagat. Hindi n̄ga maisasatalog ang sabing “marino” n̄g “mangdaragat” ó “manglalayag”; una, sapagka't ang manḡingisda ang, “fogonero”, ang “marino,” ang “camarero” at iba pa'y pawang m̄ga

Mercedes, at alang-alang sa buhay n̄g aking ama.

—Magsalita kayo, magsalita kayo,—ani Villefort n̄g sabing malakas.—At idinagdag pagkatapos sa kanyang sarili lamang:—Kung makita sana n̄gayon ako ni Renée, inaakala kong matutuwa sa akin at hindi na ako tatawaguing mamumugot n̄g ulo.

—Narito po ang totoo; pagtulak namin sa Nápoles, naramdamán n̄g capitán Leclerc na siya'y dinapuan n̄g lagnat na sumisira n̄g utak (fièvre cérébral); sapagka't wala kaming sakay na manggagamot, at hindi rin naman niya itinulot na kami'y dumuong sa alin mang baybayin, sapagka't nagdudumali siyang kami makarating agad sa pulo n̄g Elba, totoong madaling lumubha ang kanyang sakit, na ano pa't n̄g magtatakip-silim n̄g ikatlong araw, sa kanyang pagkakilalang siya'y mamamatay, tinawag ako sa kanyang siping.

—Minamahal kong Dantés,—ang wika niya sa akin,—isumpa ninyo alang-alang sa inyong dangal, na inyong gagawin ang sasabihin ko po sa inyo; panggagalingan ito n̄g ikagagaling ó ikasasama n̄g lubhang mahahalagang bagay.

—Isinusumpa ko po, aking capitán,—ang aking isinagot.

—Magaling; sapagka't pagkamatay ko'y sa inyo nauukol ang paguutos sa aking sa-

---

mangdaragat din; ikalawá, sa pagka't ang sabing "manglalayag" ay maiukol lamang sa sumasakay, nangangasiwa ó naglilingkod sa sasakyang may layag. Ang sabing "marino" ay angkap sa nasa may layag at sa pinalalakad n̄g "vapor". Iniaangkap ang sabing "marinero" sa utusan sa m̄ga sasakyan.

sakyan, sa pagka't kayo ang pangalawang puno rito, tatangnan nãa ninyo ang paminuno, papapatunguhin ninyo ang *Faraon* sa pulo nã Elba, lulunsad kayo sa Porto-Ferrajo, ipagtatanong ninyo ang dakilang mariscal, at ibibigay po ninyo ang sulat na ito; kung magkagayo'y marahil bigyan kayo nã isa namang sulat na may kasabay na anomang bilin. Ang biling iyang ako ang pinaglalaanan, inyong gaganapiñ, Dantés, na kahalili ko, at ang boong dangal na makakamtan ninyo sa biling iya'y sariling sarili ninyo.

—Ganyan po ang aking gagawin, capitán; nãuni't marahil po'y hindi totoong magaang, na gaya nã iniisip ninyo, na ako'y makarating hanggang sa kinalalagyan nã dakilang mariscal.

—Narito ang isang singsing na ipabibigay ninyo sa kanya,—anang capitán,—iyan ang makapaghahawan nã lahat nã mãa hadlang. At pagkasabi nã mãa salitang ito'y ibinigay sa akin ang isang singsing. Kapahunan na: sumalakay sa kanya, pagkaraan nã dalawang oras, ang isang kakilabot na pagkahibang, at kinabukasa'y ibinigay niya sa Dios ang kanyang kaluluwa.

—At nã magkagayon, çano ang inyong guinawa?

—Ang marapat kong gawin, guinoo; ang gagawin nã sino mang lumagay sa kalagayang ko. Karaniwang iguinagalang na lubos ang huling kalooban nã isang naghihinãalo; nãuni't sa ganang amin, sa mãa marino, ang huling kalooban nã isang puno ay isang utos na dapat ganapin. Kaya nãa

ipinatungo ko ang aking paglalayag sa pulo ng Elba, at doo'y dumating ako kinabukasan; iniwan ko ang lahat ng tripulacion (1) sa sasakyan at lumunsad akong magisa sa lupa. Alinsunod sa pauna kong balak, nagkaroon ako ng mga kagambalaan upang makarating ako hanggang sa tabi ng dakilang mariscal; nguni't ipinadala ko sa kanya ang sinsing na dapat nilang ika-kilala sa akin, at pagkakita'y nabuksan sa akin ang lahat ng pintuan. Tinanggap ako, itinanong sa akin ang huling mga nangyari tungkol sa pagkamatay ng kulang palad na si Leclerc, at ayon sa balak nito, binigyan ako ng isang sulat na ipinagbilin sa aking ako rin ang siyang magdala sa Paris.

Aking ipinanango, sapagka't pagtupad din naman sa huling kalooban ng aking capitán. Nagbalik ako sa sasakyan at tinungo ko ang Marsella, at dumating ako roon kahapon; dinalidali kong guinanap ang lahat ng nauukol sa Aduana at sa Sanidad, at pagkatapos ay nagtumulin ako sa pagparoon sa tinatahanan ng aking maguiguing asawa, at siya'y nasumpong kong lalong maganda at lalong umiibig sa akin kay sa dati. Salamat kay guinoong Morrel, hindi nalao't pinagtagumpayan namin ang lahat ng nakahahadlang sa aking nauukol sa mga kinakailangang tupdin sa simbahan; sa kawakasan, guinoong ng kasalamuha ako sa pagkain sa piguing dahil sa aking pakikipag-isang katawan; at ika-kasal na sana ako sa loob ng isang oras, at bu-

---

(1) Mga taong utusan sa isang sasakyan sa dagat, gaya ng mga marinero, fogonero, panday, camarero at iba pa.



kod sa roo'y gayak na sana ako sa pagparoon sa Paris bukas, n̄g ako'y dakpin dahil sa kanulong iyan, na tila mandin pinawawalaang halaga po ninyo n̄g gaya ko rin naman.

—Siya n̄ga, siya n̄ga,—ang ibinulong ni Villefort,—ang lahat n̄g sinasabi ninyo sa aki'y tila may katotohanan, at sakali't may sala mang kayo'y sa pagkagawa n̄g hindi iniisip muna, baga man ang hindi ninyo pagkakaisip na iya'y mapangangatuwiranang ang naging dahil ay sa pagtupad sa m̄ga utos n̄g inyong capitán. Kaya n̄ga, ibigay ninyo sa akin ang sulat na iyang ipinagkatiwala sa inyo sa pulo n̄g Elba, at mangako kayong haharap dito sa unang pagtawag na gawin sa inyo, at kayo'y makauwina sa kasamahan n̄g inyong m̄ga kaibigan.

—Sa makatuwid po ba'y hindi na ako bilanggo?—ang biglang sinabi ni Dantés na nahihibang sa tuwa.

—Opo, n̄guni't ibigay muna ninyo sa akin ang sulat na iyan.

—Dapat pong nasa sa inyo na, guinoo; sapagka't kinuha nila sa aking kasama n̄g iba kong m̄ga papel, at ang m̄ga ito'y aking nakilala sa balutang naririyang po sa inyo.

—Maghintay kayo,—anang pangalawang procurador n̄g hari kay Dantés,—na dinarapot na ang kanyang m̄ga “guantes” at ang kanyang sombrero upang yumao,—hintay kayo; sabihin po ninyo sa akin, ¿sino po ang pinadadalhan n̄g sulat?

—Kay *G. Noirtier*, daan n̄g *Coq-Heron*, bilang 13, ang isinagot ni Dantés.

Kahi man isang lintik ang siyang tumama

sana sa sandaling ito kay Villefort ay hindi makasusugat n̄g lubhang mabilis at hindi hinihintay na katulad n̄g sagot na iyon; napalugmok siya sa ibabaw n̄g isang sillón, at hindi nalao't doo'y tumindig upang damputin ang nakabalumbong m̄ga papel na nakuha kay Dantés, at dalidaling hinugot sa balumbong iyon ang pangpatay na sulat, na tinudla n̄g isang titig na puspos n̄g hindi masabing pagkalaguim.

—*G. Noirtier, daan ng Coq-Heron, bilang 13*, ang ibinulong na nalalao'y lalong namumutla n̄g mainam.

—Opo, ang isinagot ni Dantés,—nakikilala po ba ninyo siya?

—Hindi,—ang madaling isinagot ni Villefort;—hindi nakikilala n̄g isang tapat na loob na lingkod n̄g hari ang m̄ga nagkukuro n̄g kaguluhang taksil at lihim.

—¡Aba, bakit! ¿Ang linalayon po ba'y lihim na panggugulong taksil?—ang itina-nong ni Dantés na nagtataglay n̄g gulat na lalong malaki kay sa dati, sapagka't ang boong isip niya'y ligtas na siya.—Sinabi ko na po sa inyo, guinoo; ganap ang hindi hindi ko pagkaalam sa linalaman n̄g sulat na aking dala.

—Siya n̄ga,—ang muling isinagot ni Villefort n̄g paos na tinig,—n̄guni't nalalaman po ninyo ang pangalan n̄g taong kinauukulan n̄g sulat.

—Guinoo: upang mangyaring maibigay sa kinauukulan, kung ako rin ang magdadala'y kinakailan̄gang kong maalaman ang kanyang pangalan.

—¿At hindi po ba ipinakikita ninyo kanino

man ang sulat na iyan?—ang sinabi ni Villefort, na binabasa at lalong namumutla hanggang lalalaon ang pagbasa niya.

—Hindi ko po ipinakikita kanino man, guinoo; isinusumpa ko sa pangalan ng aking dangal.

—Sa makatuwid sinongsino ma'y walang nakakaalam na may dala kayong sulat na galing sa pulo ng Elba at nauukol kay G. Noirtier?

—Sinongsino man po, liban sa nagbigay sa akin.

—Sukat na; inapakalabis na ito!—ang ibinulong ni Villefort.

Nararagdagan ang pagdidilim ng kanyang noo, samantalang dumarating sa wakas ng sulat ang kanyang pagbasa; ang kanyang mga namumuting mga labi, ang nanangantal niyang mga kamay at ang nag-aalab niyang mga mata'y pawang nangagbibigay kay Dantés ng lalong mahihirap na laguim.

Pagkatapos ng pagbasang ito'y iniyukayok ni Villefort ang kanyang ulo sa guitna ng kanyang dalawang kamay, nanatili siya sa panghihilakbot sa loob ng ilang sandali.

—¡Oh, Dios ko! ¿Ano po ba ang kahulugan niyan?—ang nanangambang tanong ni Dantés.

Hindi sumagot si Villefort; nguni't ng makaraan ang ilang sandali'y itinunghay ang mukhang namumutla at nagkakangsa-sama at muling binasa ang sawing sulat na iyon.

—¿At ang inyong sabi'y hindi ninyo alam ang laman ng sulat na ito?—ang muling tanong ni Villefort.

—Inuulit ko po at isinusumpa ko sa aking dangal na hindi ko natatalos ang laman ng sulat na iyan,—ani Dantés.—Nguni't ¡Dios ko! ¿ano po ang nangyayari sa inyo? ¿Tinamaan po ba kayo ng sakit? ¿Ibig po ba ninyong ako'y magpaguibik?

—Huwag, huwag po, guinoo,—ani Villefort, na pagdaka'y tumindig.—Huwag kayong maingay, huwag kayong mangungusap ng isa man lamang salita; ako at hindi kayo ang siyang dapat mag-utos dito.

—Guinoo,—ani Dantés na nagdamdam sa gayong sabi sa kanya,—wala po akong adhika kung di ang kayo'y masaklolohan; ipatawad ninyo.

—Wala akong kinakailangan; ito'y isang magaang na pagkahilo lamang; ang pakialaman ninyo'y ang inyong kalagayan at huwag ang akin; sumagot kayo.

Naghintay si Dantés na siya'y muling tanungin; nguni't nawalang kabuluhan ang kahihintay niya; muling nalugmok si Villefort sa kanyang sillón, hinaplos ng kamay na nanglalamig ang kanyang noo, na naliligo sa pawis at muling binasa ng ikatlo ang sulat.

—¡Oh! ¡kung talos niya ang laman ng sulat na iyan,—ang ibinulong,—kung matanto niya sa alin mang panahong si *Noirtier* ay siyang ama ni Villefort, ako'y mapapahamak, at pahamak magpakailan man!

At manakanakang tinutudla niya ng malalim na titig si Edmundo na tila mandin ibig tausin iyang hindi nakikitan; tabing na

nag-iingat n̄ m̄ga lihim n̄ puso na ipi-nagkakaila n̄ m̄ga labi.

—¡Oh! Huwag tayong mag-alinlangan,—ang biglang sinabi.

—Datapuwa't alang-alang sa Dios, guinoong magistrado,—ang muling sinabi n̄ kulang palad na binata,—kung nagkukulang tiwala po kayo, kung naghihinala po kayo sa akin, tanun̄gin po ninyo ako; handa ako sa madaling pagsagot.

Gumawa si Villefort n̄ isang malaking pagpipilit sa kanyang sarili, at nagsalitang taglay ang paimbabaw na kapanatagan n̄ loob:

—Guinoo: may lumalabas na lubhang mabibigat na m̄ga sagutin sa inyong sinaysay; ang isip ko kanina'y kayo'y aking maalpasan, n̄uni't n̄gayo'y napagkilala kong wala sa aking kapangyarihan ang gumawa n̄ gayon; kaya n̄ga, bago ako magpasiya n̄ gayong bagay, kinakailangan kong mungang sangguni muna sa hukom na dapat humatol. Kung tungkol sa akin, nalalaman na ninyo kung paano ang aking pagpapalagay sa inyo.

—¡Oh! Opo, guinoong magistrado,—ang biglang sinabi,—at kinikilala ko sa inyong kalakilakihang utang na loob, sapagka't masasabing hindi pagpapalagay n̄ isang hukom kung di n̄ isang kaibigan ang pagkapalagay ninyo sa akin.

—Kaya n̄ga; pipiitin ko muna kayong sandaling panahon, sa lalong madaling panahong aking magagawa; ang pangulong sagutin po ninyo'y ang sulat na ito, at n̄gayo'y inyong mamamasdan...

—Lumapit si Villefort sa kalan (1) at iniabsang sa apoy ang sulat, at nanatili roon hangang sa ito'y naging abo.

—Nakita na ninyo, natugnaw na.

—¡Oh!—ang biglang sinabi ni Dantés--- ¡Higuit po kayo sa justicia, kayo ang tunay na kagalingan!

—Nguni't pakinggan ninyo,—ang ipinagpatuloy ni Villefort,—pagkatapos ng ganitong aking guinawa, lubos na ninyong mapag-uunawang kayo'y makapagkakatiwala sa akin, ¿hindi ba?

—¡Ah! guinoo; mag-utos po kayo sa akin at susundin ko kayo ng boong kaganapan.

—Hindi,—ani Villefort na lumapit sa binata,—hindi, hindi mga utos kung di mga kahatulan ang ibibigay ko sa inyo.

—Maniwala kayo; ang mga kahatulan po ninyo'y aariin kong utos.

—Pipiitin ko kayo hanggang hapon sa Palacio ng Justicia; marahil pumarito ang iba upang kayo'y tanungin. Sabihin ninyo ang lahat ng sinabi, nguni't magpakaingat kayo lamang na huwag ninyong sasabihin ang nauukol sa sulat.

—Aking ipinangangako sa inyo, guinoong magistrado.

Si Villefort ang tila manding siyang namamanhik; ang inuusig ang siyang nagbibigay kapanatagan sa hukom.

—Mapag-uunawa na po ninyo—ani Villefort, saka tiningnan ang abong taglay pa

(1) Sa mga lupaing malalamig, sa loob ng kabahayan ng marumi sa mga tahana'y may kalang may kakabit na chimenea ó parang bungbong na bakal na linalabasan ng usok. Ang kalang iyo'y karaniwang may apoy at ng makapagpainit sa tahanan at sa mga tumatahan.

ang anyo n̄g papel at lumilipadlipad sa ibabaw n̄g m̄ga ningas;—natutog na ang sulat na ito; kayo lamang at ako ang nakakaalam n̄g sulat na iyang sino ma'y wala n̄g makapaghaharap sa inyo; kaya n̄ga, sakali't may magsabi na inyong dala ang sulat na iyan, ipakatangguitanggui ninyo at sa gan-yá'y makaliligtas kayo.

—Huwag kayong mabahala, guinoo,—ani Dantés; ikakaila ko po.

—Magaling—ani Villefort, at saka hinawakan ang tali n̄g “campanilla”, n̄guni't huminto n̄g anyong tatawag na.

—Iyan ba ang tanging sulat na dala ninyo?—ang idinugtong.

—Walang wala na po.

—Isumpa ninyo.

—Iniunat ni Dantés ang kanyang kamay at biglang sinabi:

—Isinusumpa ko.

N̄g magkagayo'y hinila ni Villefort ang lubid. Nasok ang comisario n̄g policía; lumapit ang pangalawang procurador n̄g hari sa comisario at ibinulong sa tainga nito ang ilang salita, sumagot ang kawal n̄g justicia n̄g isang bahagyang yukod.

---Sumama kayo sa guinoong iyan,—ani Villefort kay Dantés.

Yumukod si Edmundo, nagpaalam n̄g isang titig na may pagkilalang utang na loob sa pangalawang procurador n̄g hari at umalis.

Kasasara pa lamang n̄g pinto ay siyang pagpanaw n̄g lakas ni Villefort at nahan-dusay na nanglulumo sa isang sillón. N̄g makaraan ang ilang sandali'y bumulong:

—¡Oh! ¡Dios ko! ¿Anong kabuluhan n̄g buhay at kayamanan?...Kung nagkataong na sa Marsella ang procurador n̄g hari, kung nagkataong ang hukom na tagalitis ay siyang tinawag at hindi ako, walang salang ako sana'y napahamak; ¡at ang papel na iyan, ang napakasamang papel na iyan ang siyang magbubulid sana sa akin sa kalalimlaling bangin!

¡Ah, ama ko, ama ko! ¿Diyata baga kaya't kayo sa habang panahon ang maguiguing gambala n̄g aking kaligayahan sa daigdig na ito, dapat bagá akong laguing makitunggali sa m̄ga guinawa ninyo n̄g una?

N̄guni't di kaguinsaguinsa'y isang biglang kaisipan ang wari'y lumiwanag sa kanyang diwa, isang n̄giti ang siyang numingning sa kanyang m̄ga labing n̄giwi pa sa dusa, at ang kanyang m̄ga mata'y nanatiling nakatitig sa alang-alang sa loob n̄g ilang sandali.

—Oo, iyan n̄ga, ang sulat na iyang suklat ko sanang ikapahamak ang siyang panggagalingan marahil n̄g aking maiguing kapalaran. ¡Hala, Villefort, gawin mo agad ang balak!

Pagkatapos na mapag-usisa niyang wala na sa antesala 'ang bilanggo, ang pangalawang procurador n̄g hari ang siya namang umalis, at matuling tinumpa ang bahay n̄g kanyang maguiguing asawa.

## IKAWALONG BAHAGUI.

### ANG CASTILLO N̄G IF.

Pagdaan sa antesala, guinawa n̄g comisario n̄g policia ang isang tanging hudyat sa



mga gendarme, at ang mga ito'y lumagay ang isa sa kanan at ang isa'y sa kaliwa naman ni Dantés; binuksan nila ang pintong ang tungo'y buhat sa kiralalagyan ng procurador ng hari' hanggang sa hukuman o tribunal ng justicia, at sa loob ng ilang sandali'y kanilang nilakad ang mahahaba't malulungkot na mga "corredor" na nagpapakilabot sa mga nagdaraan doon, kahi't walang ano mang sukat ikatakot.

Kung buhat sa kinalalagyan ni Villefort ay may daang patungo sa tribunal ng justicia, mula naman sa tribunal ng justicia ay may daang patungo sa bilangguan, bahay na batong lubhang mapanglaw ang anyo, na na sa siping ng palacio, at buhat sa kanyang maraming mga bintanang may mga rejas na bakal ay natatanawan ang campanario ng Accoules na na sa kanyang tapat. Pagkatapos na malakad ang hindi mabilang na mga "corredor", nakita ni Dantés na nabuksan ang isang pintong may panarang bakal, hinawakan ng comisario ng policia ang "aldabong" (1) bakal at tumugtog ng makaitlo, tatlong tugtog na umalingawngaw sa puso ni Edmundo na para manding doon dumagok; nabuksan ang dalawang dahon ng pinto, at itinulak ng mga gendarme ang bilanggo, na nag-aalinlangan pa ng kaunti sa pagpasok; sa kawakasa'y pumasok si Dantés, at ng magkagayo'y muling sumara ang pinto ng kalaguimlaguim na ingay. Iba ang nasasanghod na hangin doon; yao'y isang hangin wari'y mabigat

(1) Isang bakal ó tanso na kaaraniwang ilagay sa mga pintuan at guinagamit sa pagtawag.

at masama ang amoy; sa isang salita, yao'y isang kulunġan nġ tao.

Baga man mapanglaw ang anyo nġ tahananang iyo'y hindi nakapagbigay laguim sa binata, sapagka't umaalingawngaw pa sa kanyang mġa tainġa ang mġa pangunġusap nġ pangalawang procurador nġ hari, na parang matimyas na pangako. A las cuatro na nġ hapon nġ pumasok sa tahananang iyon si Edmundo.

Hindi nalao't napalagay ang bilanggo sa lalong malaking kadiliman. Natatandaan pa marahil nġ mġa bumabasa na niyo'y unang araw nġ Marzo. Pagkakarinig niya nġ kahi't babahagyang inġay, tumitindig siya agad agad at humahakbang siya nġ isa sa dakong pinto, sa malaking paniniwala niyang siya'y pawawalan; nġuni't pagdaka'y untiunting nawawala at ang inġay na iyo'y tumutunġo sa ibang dako, at pagkakagayo'y muling napapaupo si Dantés na malaki ang pagnġingitnġit.

Sa kawakasan, nġ mag-aalas diez na nġ gabi, nġ sandaling napaparam na sa kanya ang pag-asa, muling nakaringig na naman siya nġ isang bagong inġay, at nġayo'y sa akala niya'y may mġa lumalapit sa kanyang kinakukulunġan; at siya nġa naman, yumayabag nġa sa mġa "corredor" ang mġa yapak, at tumiguil sa pinto.

Pumihit ang isang susi sa susian, hinila ang mġa talasok at nabuksan ang makapal na pinto, at nasok na biglang bigla sa malungkot na bilangguan ang nakasisilaw na liwanag nġ mġa ilaw.

Sa liwanag nġ mġa ilaw ay nakita ni Dantés

ang kislap nã mĩa sable at nã mĩa “alabarda” (1) nã apat na gendarme.

Humakbang na siya nã dalawa, nãuni napatiguil siya’t nanglumo nã kanyang makita ang gayong mĩa taong sandatahan.

—¿Naparito ba kayo’t ako ang hanap?— ang tanong ni Dantés.

—Opo,—ang sagot nã isa sa mĩa gendarme.

—¿Sa utos ba nã guinoeng pangalawang procurador nã hari?

—Gayon ang aking pagkaalam.

—Magaling,—ani Dantés,—handa akong sumunod agad sa inyo.

Ang paniniwalang pinaroonan siya sa utos ni guinoong Villefort ay siyang nag-alis nã lahat nã takot sa kulang palad na binata. Lumakad siya nã panatag at hakbang na walang agam-agam, at siya ri’y lumagay na kusa sa guitna nã mĩa naghahatid sa kanya.

Naghihintay sa pintuang dakong daan ang isang carruaje at isang guardia municipal ang nakaupo sa siping nã cochero.

—¿Ukol ba sa akin ang carrujeng iyan?—ang itinanong ni Dantés.

—Opo, ukol sa inyo,—ang isinagot nã isa sa mĩa gendarme;—pumanhik po kayo.

Nag-akala si Dantés na magtanong nã ilan; nãuni’t nakabukas ang “portezuela” (2) at naramdaman niyang siya’y itinutulak sa loob nã carruaje. Hindi mangyayaring siya’y makalaban at wala naman

(1) Sibat na may pahalang na patalim ding sa isang dulo’y may anyong kalahating buwán at sa kabila nã ma’y matulis na para ring sibat.

(2) Pinto nã carruaje.

siyang akalang lumaban; sa isang sardali'y siya'y napaupo sa duyo, sa guitna nã dalawang gendarme, umupo ang dalawa pa sa tapat niya, at nã makaraan ang kaunting panahon ay gumugulong na ang mabigat na máquina (1), na naghahandog nã paos at kagulatgulat na ingay. Nag-akala ang bilangong tumanaw sa mãa maliliit na bintana nã carruaje, nãuni't namasid niya nã boong pagtatakang may mãa rejas na bakal; sa makatuwid ay inilipat lamang siya nã bilangguan, at ang bilang kaibhan lamang, ang bilangguan niya nãayo'y lumalakad at inihahatid siya sa isang dakong hindi niya alam.

Sa pag-itan nã mãa matitibay na rejas na bakal, na bahagya nã maipasok ang kamay sa mãa siwang, nakita ni Dantés na kanilang tinatahak ang daan nã Camiserie, at sa mãa daang Saint-Laurent at Taramise ay bumababa sila sa muelle (2). Hindi nalao't nakita niyang numingning ang mãa ilaw nã "Consigna" (3). Huminto ang carruaje, lumunsad ang municipal at lumapit sa kinlalayan nã mãa bantay; lumabas doon ang labing dalawang sundalo at humanay. Nakikita ni Dantés na kumikintab ang kanilang mãa baril sa ilaw nã mãa farol nã muelle.—¿Ako kaya ang dahilan—ang tanong ni Dantés sa sarili,—nã ganitong pag-aanyo nã lakas nã militar? "

Ang pinakasagot sa tanong na ito'y ang

(1) Nã una'y totoong mabibigat ang mãa carrujeng hilahin nã kabayo.

(2) Ang pader na batong guinagawa sa tabing ilog ó dagat.

(3) Hudyatan ó kasunduang tanda.

pagbubukas n̄g municipal n̄g "portezuela", na sinasarhan n̄g susi, kahi't hindi nan̄gungusap n̄g isa man lamang na salita, sa pagka't namasdan ni Dantés na nagdalawang hanay ang m̄ga sundalo at nag-iwan sa guitna n̄g isang daang patun̄go sa sadsaran.

Lumunsad na nauna sa carruaje ang dalawang gendarmeng naupo sa tapat niya, at pagdaka'y pinilit siyang manaog naman, at ang dalawang umupo sa magkabilang siping niya ay nan̄gagsisunod. Pagkatapos ay lumakad sila't tinun̄go 'ang isang bangkang itinali n̄g isang marinero sa muelle sa pamamag-itan n̄g isang tanikala. Pinagmasdan n̄g m̄ga sundalo n̄g anyong paun̄gas na paguusisa ang pagdaraan ni Dantés. Pagdaka'y napalagay si Edmundo sa hulihan n̄g bangka, sa kalaguitnaan n̄g apat na gendarme, samantalang lumalagay ang municipal sa dakong unahan. Madaling lumayo ang bangka sa pangpang sa malakas na tulak, at ang apat na mangga-gaod na dating nan̄gaghihintay sa loob n̄g bangkang iyon ay nagpasimula n̄g sabaysabay at malakas na paggaod, na sa Pillon ang tun̄go. Sa isang sigaw na ibinigay mula sa bangka, ang tanikalang nakahahadlang sa sadsara'y bumaba, at nakarating si Dantés sa tinatawag na Prioul, sa makatuwid ay sa labas n̄g sadsaran.

Katuwaan ang unang kilos na guinawa n̄g bilanggo n̄g makita niyang siya'y na sa han̄ging malaya. Halos kalayaan ang han̄gin. Kaya n̄ga't huminḡa siya n̄g boong kaluwagan n̄g dibdib sa simoy n̄g buháy na han̄ging iyong pinagbubuhatan niyang hindi kilalang

mga amoy ng gabi at ng dagat. Gayon ma'y hindi nalao't nagbuntong hininga siya, sa pagka't nagdaraan siya ng sandaling iyon sa tapat ng "Reserva", na pinagtamuhan niya, kaninang umaga lamang, ng di gagaanong ligaya, sa oras na nauna sa paghuli sa kanya, at sa siwang ng dalawang bintanang may mga ilaw sa dakong loob ay dumarating hanggang sa kanyang mga tainga ang masayang kainigayan ng isang sayawan. Naghalukipkip ang binata, ipinailanglang ang mga mata sa langit at nalanangin.

Ipinagpapatuloy ng bangka ang kanyang paglakad; nalampasan na ang Cabeza de la Muerte (1) at na sa tapat na sa pagliguid sa Faro (2). Babalik na sa dakong "bateria" (3); ang ganitong gawi'y hindi mapag-isip ni Dantés.

—Nguni't saan ba ako ninyo inihahatid? ang itinanong sa isa sa mga gendarme.

—Hindi malalao't malalaman po ninyo.

—Nguni't sabihin ninyo sa akin...

—Bawal sa amin ang magpaliwanag ka-hi't ano.

—Palibhasa'y batid ng kaunti ni Dantés ang mga mahihigpit na kautusan sa mga militar, pinaagdilidili niyang isang kahalinangan ang magtanong sa mga utusang pinagbawalang sumagot sa ano mang tanong, at dahil sa gayo'y hindi na siya umimik.

Nang magkagayo'y nangagdaan sa kan-

(1) Ulo ng Camatayan

(2) Farola ang tawag na karaniwan; paraluman sa wikang tagalog.

(3) Ang kutang kinalalagyan ng mga cañon o kanlungang kuta ng mga sundalo at ng buhat doo'y makapamaril.

yang guni-guni ang lalong m̃ga kakaibang kaisipan; sapagka't hindi mangyayaring makaparoon sila sa malayo sa pamamag-itan ñg bangkang iyan, at sapagka't wala namang ibang sasakyan sa dakong kanilang tinutuñgo, inisip niyang marahil ay ilalagak siya sa isang malayo sa pasigan at saka sasabihin sa kanyang siya'y kawala na. Hindi siya gapos; hindi rin pinag-akalaang lagyan siya ñg *esposas* (1), m̃ga bagay na inaakala niyang magaling na m̃ga tanda; bukod sa nagpakita sa kanya ñg magandang kalooban ang pangalawang procurador ñg hari. ¿Hindi baga sinabi sa kanyang wala siyang sukat ikatakot huwag lamang ipañguñgusap niya ang ang pangalang nakakapahamak ni Noirtier? ¿Hindi baga tinupok sa harapan niya ni Villefort ang mapañganib na sulat na iyong tañging makapagpapatotoo ñg laban sa kanya? Kaya ñga siya'y naghihintay, pipi at nag-ninilaynilay, at pinagsisikapan niyang makatanaw ñg ano mang bagong bagay, taglay iyang matalas na paniñging ugali ñg m̃ga taong dagat na bihasang makakita sa kadiliman at makasilip sa alang-alang sa guitna ñg ñgitñgit ñg gabi.

Linisan nila sa dakong kanan ang pulo ñg Ratoneau, na pinagniningningan ñg isang *faro*, at sa pamamaybay nila sa pangpañgin ay sila'y dumating sa tapat ñg hantungan sa nayon ñg Catalanes. Nagningas ñg boong lakas ang m̃ga mata ñg bilanggo; doon natitira si Mercedes at sa bawat sandali'y tila nakikikinikita niyang sumusuñgaw sa

(1) Dalawang sising na bakal na panggapos sa m̃ga kamay ñg bilanggo.

pangpang, sa guitna n̄g kadiliman, ang hindi mapagkurong anyo n̄g isang babae.

!Ano kayang kadahilanan at hindi nag-kakaguniguni si Mercedes na nagdaraan sa sandaling iyon ang kanyang kasintahan sa may tatlong daang hakbang lamang ang layo sa kanya!

Isa lamang ilaw ang numiningning sa nayon n̄g Catalanes. N̄g balakbalakin ni Dantés ang kinalalagyan n̄g ilaw na iyon, ay kanyang napagkilalang doon lumiliwanag sa tinatahanan n̄g babaeng napapangakong maguing asawa niya. Si Mercedes lamang ang tan̄ging nagpupuyat sa boong nayon. Kung bumigay n̄g sigaw ang binata'y maringig n̄g kanyang kasintahan. Datapuwa't pini-guil siya n̄g kahihyan, !ano ang sasabihin n̄g m̄ga taong iyon kung maringig na siya'y sumisigaw na parang ulol? Nag-iisip-isip siyang nakatitig ang m̄ga mata sa ilaw na ito.

Sa boong panahong iyo'y patuloy ang lakad n̄g bangka; datapuwa't hindi na pinag-iisip n̄g bilango ang sasakyan, kung di si Mercedes. Di kaguinsaguinsa'y humadlang ang isang bagay na siyang tumakip sa ilaw.

Samantalang natitigagal siya sa pag-gugunamgunam, ang m̄ga gaod ay pinalitan n̄g layag at n̄gayo'y lumalakad ang bangka sa pagsusudlong n̄g hihip n̄g hangin.

Baga man di na sana ibig ni Dantés na muling magtanong sa gendarme, gayon ma'y umapit siya rito at saka hinawakan ang isang kamay.

—Kasama, alang-alang sa inyong sariling



budhi at pagkasundalo, ipinamamanhik ko ko sa inyong kayo'y maawa sa akin at ako'y inyong sagutin: ako ang capitán Dantés, francés na may ining̃at na puri at tapat na loob, kahi man isinumbong akong di umano'y nagtaksil. ¿Saan ninyo ako inihahatid? Sabihin po ninyo at sa n̄galan n̄g aking pagka *marino* ay ako'y gaganap n̄g aking katungkulan at sasang-ayon ako sa aking palad.

Kinamot n̄g gendarme ang kanyang tai-n̄ga at tiningnan ang kanyang kasama.

Gumamit ito n̄g isang kilos, na ganito ang kahulugan n̄g ibig sabihin, humiguit kumulang:

—Inaakala kong sa kalagayan natin n̄ga-ayon ay walang ano mang kasamaang pahinuhod sa kanyang pakiusap;—at saka hinarap si Dantés.

—¿Kayo'y taga Marsella at *marino*—anya,—at ipinagtatanong ninyo kung saan ang tun̄go natin?

—Opo, sa pagka't isinusumpa ko sa inyong hindi ko nalalaman.

—¿Hindi po ba kayo naghihinala n̄g ano man?

—Hinding hindi po.

—Ito'y hindi mangyayari.

—Isinusumpa ko po sa inyo sa pangalan n̄g lalong dakila sa daīgdig. ¿Sagutin n̄ga po ninyo ako, utang na loob na aking kikalalanin!

—¿N̄guni't ang lihim na utos?...

—Hindi ipinagbabawal sa inyo n̄g lihim na utos huwag sabihing sa akin ang matatalastas ko sa loob n̄g sampung minuto, sa kalahating

oras o isang oras marahil; hinihiling ko po sa inyong parang kayo'y aking kaibigan; tingnan ninyo, huwag ninyong akalaing nag-aakala akong tumakas; kahi't ibiguin ko'y hindi mangyayari: kaya n̄ga sabihin ninyo sa akin: ¿saan tayo paparoon?

—Ayawan lamang kung may piring ang inyong m̄ga mata o hindi kayo lumalabas kaya kailan man sa doong̃an n̄g Marsella, kaya hindi ninyo maaring mahulaang magang na magang ang ating tinutumpa.

—Hindi ko maalaman.

—Kung gayo'y pagmasdan ninyo ang inyong paliguid.

—Nagtindig si Dantés, hindi kinukusa'y dinala ang m̄ga mata sa pinatutunguhan n̄g bangka, at sa may isang daang "toesa" (1) ang layo sa kanyang kinalalagyan ay nakita niya ang isang mataas, maitim at maburol na malaking buháy na batong kinatitirikan n̄g castillo n̄g If. Ang kakaibang anyong iyon, ang bilangguang iyong pinaghaharian sa paliguid n̄g kasindaksindak na laguim, ang kutang iyong pinanatili n̄g Marsella na may mahiguit n̄g tatlong daang taon, tagláy ang m̄ga sali't saling sabihang kalungkutlungkutan, na biglang biglang napanood ni Dantés, na sa papaano ma'y hindi man lamang niya naguguniguni, nagdulot sa kanyang alaala n̄g walang pinag-ibhan sa pagkakakita sa bibitayan n̄g isang hinatulang kitlan n̄g buhay.

—¡Ah! ¡Dios ko!—ang biglang sinabi—

---

(1) Ang "toesa" ay panukat n̄g m̄ga francés n̄g una. Bawa't isang "toesa" ay may isang metro at 949 milinteros.

¡Ang castillo n̄g If! At ¿ano ang gagawin natin diyan?

N̄gumiti ang gendarme.

—Datapuwa't hindi ninyo marahil inihahatid ako riyang upang ibilanggo,—ang ipinagpatuloy ni Dantés;—bilangguan n̄g Estado (1) ang castillo n̄g If, at iniuukol lamang sa m̄ga nagkakasala sa pagtataksil sa hari o sa kinamulatang lupa; hindi ako nagkakasala n̄g ano man. ¿Mayroon baga kayang m̄ga hukom na tagalitis o m̄ga magistrado sa castillo n̄g If?

—Wala sa aking akala,—anang gendarme,—liban na lamang sa isang gobernador, m̄ga namamahala n̄g bilangguan, m̄ga sundalong nagbabantay roon at matitibay na m̄ga kuta. Hala, hala kaibigan, huwag sana kayong lubhang mamaang, sapagka't ang katotohanan, aking ipalalagay na ang paglibak sa akin ang ibinabayad po ninyo sa utang na loob.

Pinisil ni Dantés ang kamay n̄g gendarme.

—¿Kung gayo'y sa akala ninyo'y inihahatid ako sa castillo n̄g If upang ako'y ibilanggo roon?

—Marahil ay gayon n̄ga,—anang gendarme,—n̄guni't sakali't gayon man, kasama, walang kabuluhang pakapisilpisilin ninyo ang aking kamay.

—¿Na hindi na paglilitisin man lamang?...¿Na wala n̄g ibang gagawing m̄ga kaukulang pagsisiyasat?...—ang tanong n̄g binata.

---

(1) Estado, ang lupaing nasasakop n̄g isang hari o n̄g isang república. Ang isang bahagui n̄g isang nacion, na may sariling m̄ga kautusan, pananalapi at iba pa.

—Guinanap na ang paglilitis; guinawa na rin naman ang m̃ga pagsisiyasat.

—¿Sa makatuwid, бага man ipinañgako ni guinoong Villefort na?...

—Hindi ko alam kung nañgako sa inyo ñg ano man si guinoong Villefort,—ang muling sinabi ñg gendarme;—ñguni't ang tunay kong talastas ay pinatutunguhan natin ñgayon ang castillo ñg If. ¡Diantre! ¿Ano ba ang guinagawa ninyo? ¡Uy, m̃ga kasama, tulung̃an ninyo ako!

Sa pamamag-itan ñg isang kilos na kasing bilis ñg kidlat, бага man ang gayong galaw ay hinihintay ñg gendarme na gagawin niya, kaya't siya'y totoong pinakababantayan, nag-akala si Dantés na lumukso sa dagat; ñguni't piniguilan siya ñg apat na malalakas na bisig ñg sandaling linilisan ñg kanyang m̃ga paa ang kinatutungtungan sa bangka, at pagkatapos ñg gayong gawa'y muling nahanusay siya sa ilalim ñg sasakyan na umaatung̃al sa galit.

—¡Kagalinggaling̃an!—ang biglang sinabi ñg gendarme,—na inilagay ang isang tuhod sa dibdib ni Dantés; —¡kagalinggaling̃an! ¿Ganyan ba kung gumap kayo ñg pang̃ako sa inyong pagkamarino? ¡Ganyan ñga! ¡ganyan ñga! ¡Tumiwala ka ñga naman sa m̃ga anyo ñg m̃ga tao! Ñgayon, mahal na guinoo, pagkatapos ñg nangyari'y pagpilitan ninyong huwag kayong gumalaw ñg kaunti man lamang, sa pagka't kung hindi'y tütuklapin ko ang bao ñg inyong m̃ga utak. ¿Nauunawa po ba ninyo? At yamang hindi ko tinupad ang unang/ lihim na bilin sa

akin, sinasagot ko sa inyong hindi na ako magkukulang sa pangalawa.

At siya n̄ga naman; ipinaling ang barrel kay Dantés, at naramdaman nitong nakatuon sa kanyang pilipisan (taguiliran n̄g noo) ang malamig na bungang̃a n̄g barrel.

Sa isang sandali'y inakala niyang gawin ang paggalaw na iyong ibinabawal sa kanya, at n̄g sa gayong paraa'y biglang mabigyan wakas ang kapahamakang hindi niya sinapantahang daratnin at siyang sa kanya'y sumambilat na tulad n̄g pagdaguit n̄g bultre (1), sa pamamag-itan n̄g kanyang matatalas na m̄ga kuko; n̄guni't sa kadahilanan n̄gang hindi inaakalang daratnin, kanyang diniliding hindi mangyayaring tumagal; saka nagunita niya ang m̄ga pangako ni Villefort, bukod sa ang kamatayang iyon sa ilalim n̄g isang bangka, na isang gendarme lamang ang siyang gagawa, kanyang ipinalagay na isang karuwaga't hindi karapatdapat. Kaya n̄ga't nagpatinghiga na sa ilalim n̄g bangka, sumigaw n̄g boong galit at pinipilipit ang m̄ga kamay. Halos sa sandali ring iyo'y pinapanginig ang bangka n̄g isang pagkauntog; lumukso ang isa sa m̄ga marinero sa batong buhay; pagdaka'y inihaguis ang isang lubid, at napagkilala ni Dantés na siya'y dumating na at iyon ang wakas n̄g kanyang kalaguimlaguim na paglalakbay-tubig, at kasalukuyang itinatali ang sasakyan. At gayon n̄ga; pinilit siyang lumunsad sa lupa n̄g m̄ga nagbabantay na humahawak sa kanyang m̄ga bisig, at inihatid siya sa m̄ga baitang na

(1) Malaking ibong ang pagkain ng mga bangkay ang ikinabubuhay.

papanhik sa kuta, samantalang sinusundan siya sa likod ng municipal na may dala ring baril at sa dulo nito'y nakasukok ang bayoneta.

Hindi na nag-akala si Dantés nalumaban pa: nanggagaling ang kanyang pagpapakaladkad, hindi sa pagtanggui sa paglakad, kung di sa panglulupayyay. Siya'y nagngingitngit; lumalakad siya ng patalitalisod, sa pagka't nangangalog ang kanyang mga tuhod, tulad sa taong lango. Muling nakakita siya ng mga hagdanang pumipilit na magtaas ng kanyang mga paa, naramdaman niya ang pagdaan sa isang pinto, at ang pintong ito'y muling nasarhan sa kanyang likuran; nguni't ang lahat ng ito'y hindi niya napagwawaring magaling, tulad sa di pagkawari kung ang tao'y naliliguid ng makapal na ulap, na walang nakikitang mahwanag. Hindi rin niya natatanaw ang dagat, iyang kalakilakihang pighati ng mga bilanggo na pinagnamasdan ang alang-alang, taglay ang kakilakilabot na kahapisan, dahil sa hindi nila mangyaring malipad. Tumiguil silang sandali, at sinamantala niya ang gayong paghinto upang alalahanin niya ang mga nangyari.

Pinagmalas niya ang sa kanya'y nakaliliguid, at nakita niyang siya'y na sa isang parisukat na *patio*, na nakukulong ng apat na matataas na mga pader; walang naririnig kung di ang madalang at nagkawariwaring yabag ng hakbang ng mga bantay na sundalo, at kailan mang daraan sila sa dalawa o tatlong sinag na ipinahatid sa ibabaw ng mga "muralla" ng dalawa o tatlong ilaw na nagniningas sa loob ng

“castillo”, nakikita niyang kumikintab ang *cañón* n̄g kanilang m̄ga baril.

Nan̄gaghintay sila roong may m̄ga sampung minuto. Inalpasan nila roon si Dantés, sa pagka’t lubos nilang napagkikilalang doo’y hindi maaaring makatanan; tila naghihintay silang pag-utusan, at sa kawakasa’y dumating ang pag-uutos na ito.

—¿Saan naroon ang bilanggo?—ang tanong n̄g isang tinig.

—Narito po siya,—ang sagot n̄g m̄ga gendarme.

—Pasundin ninyo siya sa akin; ihahatid ko siya sa kanyang kalalagyan.

—Sumama po kayo,—anang m̄ga gendarme, at itinulak si Dantes.

Sumunod ang bilanggo sa naghahatid sa kanya, at siya n̄ga’y dinala sa isang salas na na sa ilalim n̄g lupa halos, na ang kanyang m̄ga pader na maiitim at humuhulas ay tila mandin binabasa n̄g isang singaw n̄g m̄ga luha. Isang masamang ilawang nakapatong sa ibabaw n̄g isang bangko, na lumalang’y ang *mecha* sa guitna n̄g manticang mabaho, ang siyang lumiliwanag sa pumapatnubay kay Dantés, isang tila mandin *llavero* (1) na kasamasamaan ang pananamit at kasuklamsuklam ang anyo.

—Narito ang inyong *cuarto* sa gabing ito, —anya;—gabi na at nagpapahinḡa na ang guinoong gobernador; bukas, kung siya’y maguising at matanto ang ipinag-uutos sa kanya, marahil ay ilipat kayo n̄g tahanan; samantala’y narito ang isang bangang may

---

(1) Ang nag-iinḡat n̄g m̄ga susi.

tubig, kaunting dayami sa sulok na iyon at n̄g inyong mahigan, at kapirasong tinapay; ang lahat n̄g iyan lamang ang mangyayaring hanġarin n̄g isang bilanggo. ¡Hala, magandang gabi!

Hindi pa naiisip ni Dantés ang pagsagot; hindi pa natitingnan niya ang pinaglagyan n̄g *carcelero* (1) n̄g tinapay at banġa; hindi pa niya namamalas ang kinalalagyan n̄g nakatimbong dayami na kanyang gagamiting pinakabanig ay narampot na n̄g *carcelero* ang ilawan at inagaw sa kanya ang malamlam na sinag na iyong sa kanya'y nagpasilip, tulad sa kislap n̄g isang kidlat, n̄g maiitim na mġa pader n̄g kanyang bilangguan.

N̄g magkayo'y natira siya sa guitna n̄g kanġitnġitan n̄g dilim; siya'y lubhang tahimik, lubhang pipi at lubhang malungkot na gaya n̄g yunġib na iyong pinapanglalamig n̄g kaguinawguinawang simoy roon ang nalalagnat niyang noo.

N̄g pumasok sa madilim na yunġib na yaon ang mġa sinag n̄g liwayway, nagbalik ang *carcelero*, na taglay ang sa kanya'y utos na pabayaan ang bilanggo sa kinalalagyang iyon.

Hindi tuminag si Dantés sa dating pinag-iwanan sa kanya; wari ipinako siya roon n̄g isang kamay na bakal; ang mġa mata lamang niya ang nangatatago sa talukab na nanġa-mamaga dahil sa singaw n̄g mġa luhang bumabasa; nananatili siya sa hindi pagkilos at nakatitig sa lupa.

Sa gayong anyo'y tumagal siya sa boong magdamag, nakatindig at hindi tumulog su-

(1) Ang nag-iingat at namamahala sa mga bilanggo



mandali man. Lumapit sa kanya ang *carcelero*; nilibot ang boong bilangguan iyong hindi man lamang napuna siya ni Edmundo, tinapik siya sa balikat, tapik na sa kanya'y nakapanġatal, at saka siya tinanong:

—¿Hindi ba kayo natulog?

—Ayawan,—ang sigaw ni Dantés.

Pinagmasdan siya nġ *carcelero*ng nagtataka.

—¿Hindi ba kayo nagugutom?—ang ipinagpatuloy.

—Ayawan,—ang muling inulit nġ binata.

—¿Ano ang ibig ninyo?

—Ibig kong makipagkita sa gobernador.

Ikinibit nġ “*carcelero*” ang balikat at umalis. Sinundan siya nġ mata ni Edmundo at iniunat ang dalawang kamay sa pintong nakasiwang; nġuni't ito'y biglang sumara. Nġ magkagayo'y tila mawawasak ang kanyang dibdib sa mahabang hibik; muling namalisbis nġ sagana ang mġa luhang nagpapamaga sa talukab nġ kanyang mġa mata; sumubsob sa lupa at doo'y itinuon ang noo, at mahabang panahong nanalangin; inaisa isa niyang binasa sa alaala ang boong buhay niyang dinaanan, at itinanong sa sarili kung ano kayang kasalanan ang kanyang nagawa sa buhay na iyong napakaikli upang maguing dapat sa gayong napakalupit na parusa. Gayon ang guinawa niya sa maghapon, wala siyang kinain kung di kaunting tinapay at lumagok lamang siya nġ ilang patak na tubig. Kung minsa'y nananatili siya sa pagkaupo't natitigagal siya sa kanyang mġa pagdidilidili; kung minsa'y nagpapaliguidliguid sa kanyang *cuarto*, tulad

sa isang halimaw na nakukulong sa isang *jaulang* bakal.

Isang kaisipan lamang ang totoong nakapag-papaalab sa kanya ng galit; pagka nagugunita niya ang kanyang pagkasa'kay sa bangka, na palibhasa'y hindi niya talos kung saan siya dadalhin, nanatili siyang panatig, gayong makaisangdaan ma'y nangyari sanang nakatalon siya sa dagat, at sa pagka't siya'y totoong magaling lumanḡoy, kaya't kinikilala siyang isa sa lalong magaling maglalanḡoy sa Marsella, kung na sa sa tubig na siya'y makasisid sa ilalim ng mga alon, makalalanḡoy at makatutunḡo sa pangpang, makapagtatago sa alin mang dakong walang tao, makapaghihintay roon ng isang sasakyang pag-aari ng taga Génova o taga Cataluña, makatutunḡo sa Italia o sa España, at buhat doo'y masusulatan sana niya si Mercedes upang siya'y paroonan. Tungkol sa paghahanap-buhay, hindi siya naninimdin kahi't bahagya; sa alin mang lupain ay pinahahalagahang totoo ang magagaling na mga marino; nalalaman niyang mabuti ang pananalita ng mga taga Italia, na sino ma'y magsasabing ipinanganak siya sa Toscana, at kung magwikang castila naman siya'y walang pinagibhan sa mga taga Castilla la Vieja; siya sana'y nakapamuhay ng laya at maligayang kapisan ni Mercedes at ng kanyang ama; sapagka't ito nama'y dapat ding sumama sa kanya, at hindi gaya ngayong siya'y nabibilanggo, nakukulong sa Castillo ng If, na hindi niya nalalaman kung ano na kaya ang nangyayari sa kanyang ama, at hindi niya natatalastas kung ano na kaya ang nang-

yayari kay Mercedes, at ang lahat n̄g ito'y nasasapit niya dahil sa kanyang pagkapaniwala sa pangako ni Villefort; dapat n̄gang ikasira n̄g bait ang bagay na ito. Kaya n̄ga't nagpapabalibaligtad siyang nag-aalab n̄g galit sa ibabaw n̄g dayaming sariwang dinala sa kanya n̄g carcelero. Kinabukasan, sa gayon ding oras, ay pumasok ito sa *calabozo*.

—¡Hala!—ang sinabi sa kanya;—¡laksan ninyo n̄g kaunti ang loob!...¿May ibig ba kayong sukat kong maipaglingkod? Magsabi kayo...

—Ibig kong makipagkita sa gobernador.

—¿Ha?—anang carcelero na nayayamot.

—Sinabi ko na sa inyong hindi mangyayari...

—¿At bakit hindi mangyayari?

—Sa pagka't ipinagbabawal sa m̄ga bilanggo ang humin̄gi n̄g ganyang bagay, alinsunod sa palatuntunan n̄g castillong ito.

—Kung gayon, ¿ano na lamang ang mahihin̄gi rito?—ang tanong ni Dantés.

—Lalong magaling na pagkain, na pagbabayaran n̄g humihin̄gi, makapagpasyal at ilang m̄ga libro.

—Hindi ako nagkakailan̄gan n̄g m̄ga libro, hindi ko ibig magpasyal at minamagaling ko ang aking pagkain; kaya n̄ga't wala akong ibig kung di isang bagay lamang: makipagkita sa gobernador.

—Pagkaniyamot ninyo akong totoo, sa kauulit n̄g isa rin lamang na bagay, hindi ko kayo dadalhan n̄g pagkain,— anang carcelero.

—¡Magaling!—ani Dantés.—Kung hindi ninyo ako dalhan n̄g pagkain ay mamama-

tay ako n̄ gutom; bagay na walang kabu-  
luhan sa akin.

Napagkilala n̄ carcelero sa tunog ng pag-  
kapan̄usap n̄ m̄ga salitang iyong hindi  
nanghihinayang si Dantés sa buhay; at sa  
pagka't pinakikinabanḡan niya ang bawa't bi-  
langgo, ayon sa karaniwang balak, n̄ sam-  
pong cuarta sa arawaraw ang kaliitan, at  
dahil dito'y kinuro niyang kung ituloy ang  
gayong bala ay mawawalan siya n̄ gayong  
kapakinabanḡan, kaya n̄ga sumagot siya n̄  
matamis na tinig:

—Makinig kayo: hindi mangyayari ang  
inyong kahinḡian; huwag na po ninyong  
mulì pang hilinḡin, sapagka't wala pang nang-  
yayaring dahil sa kahinḡian n̄ isang bi-  
langgo'y dinalaw siya n̄ gobernador; ang  
pagsisikapan ninyo'y ang magpakabait at  
sa ganya'y ipahihintulot sa inyong kayo'y  
makapagpasyal, at hindi malayong makita  
ninyo sa alin mang araw ang gobernador  
sa paseo; kung makagayo'y mangyayaring  
siya'y inyong makausap, at kung papa-  
guingdapatin niyang kayo'y sagutin; kayo  
n̄ dalawa ang bahala.

—N̄guni't iaganong panahon ang itatagal  
hanggang sa dumating ang pagkakataong  
iyon?

—¡Diantre! ¡Sino ang makaaalam!—anang  
carcelero.—Isang buan, o dalawa o anim...  
marahil ay isang taon...

—¡Ah! Napakalabis na iyan,—ang muling  
sinabi ni Dantés.

—¡Oh! Huwag po sana ninyong pagpi-  
litan ang isang hanḡad na hindi mangyayari,  
sapagka't kung hindi ay masisira ang inyong

isip bago dumating ang ikalabing limang araw.

—¡Ah! ¿Sa akala kaya ninyo?—ani Dantés.

—Opo, masisira ang inyong isip. Ganyang talaga ang pagpapasimula ng pagkasira ng isip; dito rin at hindi na ako kukuha ng iba pang mapapaghalimbawaan ay may gan-yan ding tunay na nangyari; ang abate (1) na dating natitira sa calabozong ito ay nasira ang isip, at ang kinahumalinga'y mangako sa gobernador ng isang anġaw-anġaw kung siya'y pawal-an.

—¿At buhat pa kailan kinuha siya rito?

—Dalawang taon na.

—¿Pinawal-an ba siya?

—Hindi, inilipat siya sa ibang calabozo.

—Pakinggan po ninyo,—ani Dantés;—hindi ako abate, hindi rin naman sira ang aking isip, marahil dumating ang panahong ako'y maulol; nguni't sa kasawiang palad, hanggang ngayo'y tinataglay ko ang boong aking katalinuhan; may isang imumungkahi ako sa inyo.

—Tingnan natin kung ano.

—Hindi ako nangangako sa inyo ng isang millon, sapagka't wala akong maibibigay sa inyo; nguni't ang aking maipangangako'y bibigyan ko kayo ng isang daang "escudo", sakali't ibig po ninyong sa unang pagparoon ninyo sa Marsella'y magtuloytuloy na kayo hanggang sa nayon ng Catalanes at ipaki-

(1) Ang "eclesiastico" ó taong simbahang tumanggap na ng tinatawag na "ordenes menores" at ang suot ay pananamit romano. Tinatawag na ordenes "menores" ang hindi pa nakararating sa subdiaconato. Sa makatuwid ang abate ay hindi pa sacerdote.

bigay ninyo ang isang sulat sa dalagang nagn̄gaḡalang Mercedes; hindi isang sulat, kung di dalawang talata lamang, ɔ nauunawa po ba ninyo?

—Sakali't dalhin ko ang dalawang talatang iyan at may makaalam, mawawalan ako n̄ katungkulang itong nagbibigay sa akin n̄ isang libong "libra" sa bawa't taon, na dito'y hindi kabilang ang pagkain at ang m̄ga gauting palang ibinibigay sa akin; nakita na ninyo kung hindi isang malaking kaululan ko kung lumagay ako sa panḡanib na sa aki'y mawala ang isang libong libra upang makinabang n̄ tatlong daan lamang.

—Kung gayon,—ani Dantés;—pakinggan po ninyo at huwag ninyong kalimutan ang sasabihin ko sa inyo n̄gayon; kung sakali't tumanggui kayo sa pagpapadala n̄ m̄ga talatang ito kay Mercedes, o kung hindi ma'y sabihin man lamang ninyo sa kanyang naririto ako, hihintayin ko kayo, sa alin man araw, na nakatago ako sa likuran n̄ pinto, at pagpasok ninyo'y babasaguin ko ang inyong bunḡo sa pamamag-itan n̄ bangkong ito.

—i Pinagbabalaan ninyo ako!—ang biglang sinabi n̄ carcelero, na humakbang n̄ isang paurong at nag-anyong siya'y magsasanggalang.—Talagang nasisira na n̄ga ang inyong ulo; nagpasimula ang abate na gaya ninyo, at sa loob n̄ tatlong araw ay mawawangis kayo sa kanya, ulol na nangbababag. Ang kagalinḡa'y hindi kulang n̄ mabubuting m̄ga calabozo sa castillo n̄ If.

Biglang hinawakan ni Dantés ang bangko

at saka pinaikit sa paliguid n̄g kanyang ulo na ang anyo'y nagbabala.

—¡Aba! ¡aba! ¡Nakita mo na!—anang carcelero.—¡Magaling! Yamang ibig ninyo ang ganyan, magsasabi ako sa gobernador.

—¡Lalong mabuti!—ang muling sinabi ni Dantés, at inilagay ang bangko sa lupa, umupo sa ibabaw n̄g bangko, nangalumbaba n̄g dalawang kamay at nakamulat na walang tinitingnang tulad sa tunay n̄gang ulol.

—Umalis ang carcelero, at mayamaya'y nagbalik na ang kasama'y apat na sundalo at isang cabo.

—Ipinag-uutos n̄g gobernador,—anya,—na ihatid itong bilanggo sa m̄ga calabozo sa ilalim.

—Kung gayo'y tayo na,— anang cabo.

—Oo, tayo na,—ang ipinagpatuloy n̄g carcelero,—kinakailan̄gang ilagay ang m̄ga ulol sa kasamahan n̄g kapuwa m̄ga ulol.

Pinagsungabanan n̄g apat na sundalo si Dantés, na wari'y natitilihan, at sumamang hindi nag-iwarang kamunti man lamang. Pinapanaog siya sa labing limang baytang at binuksan nila ang pinto n̄g isang calabozo, at doo'y pumasok siyang bumubulong:

—Sumasakatuwiran n̄ga; ang m̄ga ulol ay sa kapuwa ulol.

Muling nasarhan ang pinto, at nagpasimula si Dantés n̄g paglakad na nakaunat sa dakong unahan ang m̄ga kamay hanggang sa napatisod sa pader. N̄g magkagayo'y umupo sa isang sulok at hindi na kumilos, samantalang ang kanyang m̄ga mata, n̄g untiunting mabihasa na sa kadiliman, ay nagpasimula n̄g pagkaaninagnag sa m̄ga

bagaybagay. Sumasakatuwiran ang carce-  
tero; bahagya na lamang ang kulang upang  
matuluyang maulol si Dantés.

## IKASIYAM NA BAHAGUI.

### ANG GABI NG ARAW NA GUINAWA ANG PAGSASALO SA PIGUING NG

#### KASALAN.

Tinuñgo ni Villefort,—ayon sa sinabi na  
namin,—ang daang patuñgo sa plaza ng  
Grand Cours, at ng pumasok siya sa bahay  
ng guinoong babaeng asawa ni Saint-Me-  
ran, dinatnan niya ang mga panauhing umi-  
inom na ng café. Hinihintay siya ni Re-  
née ng boong kainipang katulad din ng  
mga ibang nangaroroon. Kaya nga't sina-  
lubong siya ng sigawan ng lahat.

—Magaling, mamumutol ng ulo, suhay  
ng Estado, bagong makaharing Bruto (1)!  
¿Ano ang bagong bagay na maibabalita ninyo  
sa amin?

—Na tayo'y pinagbabalaan ng isang ba-  
gong paghahari na naman ng Laguim?—ang  
itinanong naman ng isa.

—Lumabás бага kaya sa kanyang yu-  
ngib ang Ogro (2) sa Córcega (3) ang tanong  
naman ng isang pangatlo.

(1) Si Lucio Junio Bruto, puno ng revoluciong pumugay  
ng corona kay haring Tarquino (ang Palalo) at nagtatag  
ng república sa Roma. (Paunawa ni P. H. Poblete.)

(2) Gigante—anang mitología—na ang pagkain ay ang  
lamán ng táo.

(3) Isang pulo sa dagat Mediterráneo, na sakop ny  
Francia, Doon ipinanganak si Napoleón I, kaya kung  
minsan'y tinatawag siyang 'corso', sa makatuwid ag  
tagá Córcega, at kung minsa'y "Ogro sa Córcega", sa  
makatuwid ay giganteng taga Córcega na ang kinakai'y  
lamán ng táo.—Paunawa ni P. H. Poblete.



—Guinoong Marquesa,—ani Villefort, pag kalapit sa kanyang bibiananing babae,—naparito po ako, t upang ipamanhik sa inyong ipagpaumanhing dahil sa isang mahigpit na kadahilana'y mapilitan akong lisanin kayo sa ganitong paraan...

—Guinoong Marqués, ¿mangyayari po bang ipagkaloob ninyo sa akin ang kapurihang ako'y magkapagsabi sa inyo nã dalawang salitang kayo lamang ang makakarinig?

—¡Aba! Nãuni't ¿tunay nãa po bagang isangbagay na totoong mabigat?—ang tanong nã marquesa nã kanyang maino ang ulap na nagpapanilim sa noo ni Villefort.

—Sa kabigatan po'y mapipilitan akong humiwalay sa inyo sa loob ng ilang araw. Upang mangyari po ito'y mapagkukuro na ninyo kung mabigat ang bagay na naguiguing dahilan,—ang ipinagpatuloy na tinititigan ni Villefort si Renée.

—¡Ah! ¿kayo po pala, y aalis?—ang biglang sinabi nã dalaga, na hindi nakayang ilihim ang laguim na dinaramdam niya dahil sa balitang iyong hindi hinihintay.

—¡Ay! Opo, binibini,—ang isinagot ni Villefort;—kinakailanãan.

—¿Saan kayo paparoon?—ang tanong nã marquesa.

—Isa pong lihim, guinoong babae; gayon man, kung sino man sa mãa nahaharap dito'y ibig magpadala nã ano mang bilin sa París, may isa akong kaibigang paparoon nãayong hapon at gaganap nã maluwag sa loob sa pagpapadala ninyo nã inyong mãa bilin.

—Ang lahat ay nangagtinginan sa isa't isa.  
—¿Hindi po ba iminungkahi ninyong ibig makausap ako?—arang Marqués.

—Opo, pumaroon po tayo sa inyong gabinete (1), sakali't ibig ninyo.

Tinangnan n̄g Marqués ang bisig ni Vilefort at lumabas silang magkasama.

—N̄gayon,—ang sinabi n̄g Marqués. pagdating sa kanyang gabinete.—¿Ano po ba ang nangyayari? Magsalita kayo.

—M̄ga bagay na inaakala kong totoong mabibigat, at dahil dito'y kinakailangang huwag kong ipagpaliban ang pagparoon ko sa París agad agad. N̄gayo'y ipatawad po ninyo ang kapangahasan n̄g aking tanong; ¿may papel po ba kayo n̄g Estado? (2).

—Opo; ang lahat kong kayamanan ay na sa "inscripciones" (3); mayroon akong humiguitkumulang sa pitong daang libong franco (4)

—Kung gayo'y ipagbili po ninyo ang papel na iyan, Marqués; ipagbili po ninyo, sa pagka't kung hindi'y mamumulubi kayo.

—N̄guni't ¿paano ang gagawin kong pagbibili?

—¿Wala po ba kayong nakikilalang agente (5) sa Bolsa? (6).

—Mayroon po.

\* (1) Isang "cuarto" na pinagtatanggan sa mga dalaw.

(2) Tinatawag na "papel ng Estado" ang katibayang tunay na may pautang sa Estado ó nación, na doo'y nakatitik kung gaano ang halagá ng pautang, na nakikinabang ng alinsuod sa pamahayag na kasunduan.

(3) Mga katibayang kinatitikan ng pautang sa Estado.

(4) Bawa't isang franco'y kasinghalaga ng isang pesetang guinto.

(5) Ang pinagkakatiwalaan sa ano mang bagay.

(6) Ang pinagbibilhan at binibilhan ng mga papel ng Estado, ng mga "accion" ng mga samahán, at iba pang mga katibayang may halagá.

—Kung gayo'y sumulat kayo't ibibigav ko sa kanya, at sabihin ninyong agad ipagbili na huwag magparaan n̄g isang minuto jah! ¡kahit isang segundo! ¡Marahil ay totoong napakahuli na!

—¡Diablo!—ang biglang sinabi n̄g Marqués.—Kung gayo'y huwag tayong magsayang n̄g panahon.

At naupo sa mesa at sumulat sa isang agente n̄g Bolsa, na doo'y ipinagbibiling ipagbili agad kahi't sa ano mang halaga ang kanyang m̄ga "inscripcion."

—N̄gayong taglay ko na ang sulat na ito, —ani Villefort, na ipinasok n̄g boong ingat sa kanyang cartera,—nagkakailan̄gan ako n̄g isa pang sulat.

—¿Kanino ninyo ibibigay

—Sa hari.

—¿Sa hari?

—Opo.

—N̄guni't hindi ako makapan̄gahas na sumulat sa kamahalan n̄g hari.

—N̄guni't hindi ko namanhinihingi ang bagay na ito sa inyo; ang aking ipinama-manhik sa inyo na inyong pasulatin ay si guinoong Salvieu. Totoong kinakailan̄gang may magharap sa akin sa hari, na huwag na bagang makailan̄gang gawin pa sa akin ang kaugaliang m̄ga guinaganap sa ganitong bagay, pagka't ang lahat ng iya'y makasasabagal at makapag-aaksay sa aking n̄g panahon totoong mahalaga.

—¿Dadapuwa't hindi бага ninyo nakikilala ang guardasellos (1), na nakapapasok sa ano mang oras sa Tullerias, at sa pa-

(1) Taga ingat ng mgo sello ng Estado.

manag-itan nito'y makararating po kayo hanggang sa kinalalagyan n̄g mahal na hari?

—¡Oh! Opo, nakikilala ko, ito'y hindi mapag-aalinlanganan; n̄guni't hindi kailanngang ipakibahagui ko sa iba ang karapatan n̄g balitang aking ipagbibigay alam, ¿na-uunawa na po ba ninyo? Halagay ako n̄g guardasellos sa pangalawang katayuan at aalisin sa akin ang lahat n̄g kapakinabangang dapat kong makamtam sa bagay na iyan. Isa lamang bagay ang sinasabi ko sa inyo, Marqués: na sa kapanatagan na ang aking pagkakamit n̄g mataas na katungkulan; kung ako ang maunang dumating sa Tullerías makagagawa ako n̄g dakilang paglilingkod sa hari, paglilingkod na inaakala kong hindi niya kalilimutan.

—Kung gayon, kaibigan ko, pumaroon na kayo't gawin ninyo ang inyong m̄ga paghahanda; aking tatawaguin si Salvieux at pagagawin ko siya n̄g sulat, na siyang makapagbubukas sa inyo n̄g m̄ga pintuan sa palacio.

—Magaling: huwag po kayong magsayang n̄g panahon, sa pagka't sa loob n̄g ikaapat na bahagui n̄g isang oras ay kinakailangang ako'y lumakad na n̄g patun̄go sa Paris.

—Pahintuin ninyo ang carruaje sa pintuan.

—Gayon po ang gagawin ko; inaasahan ko pong kayo na ang bahalang huminḡing kapatawaran sa Marquesa, ¿hindi po ba gayon? at gayon din sa binibining Saint-Meran, na hinihiwalayan ko n̄g lalong mataos na pagdaramdam sa isang araw na kawan̄gis nito.

—Makikita ninyo silang dalawa sa aking

gabinete at dito'y makapagpapaalam kayo sa kanila.

—Nagbibigay po ako sa inyo ng isang anġaw-anġaw na kapasalamatan; inuulit kong huwag po ninyong kalilimutan ang sulat.

—Hinila ng Marqués ang lubid ng campanilla, at hindi nalao't dumating ang isang lacayo (1).

—Sabihin ninyo sa Conde ng Salvieux na hinihintay ko siya rito, anang Marqués. —Ngayo'y makalalakad na kayo kung kailan ninyo ibigin,—ang idinugtong na si Villefort ang kinakausap.

—Magaling, madali akong babalik.

At umalis si Villefort na tumatakbo; nguni't pagdating sa pinto'y nagdilidili siya na kung makitang nagmamatulín ng paglakad ang isang panghalili sa procurador ng hari ay maguiguing kadahilanan ng ikasisindak ng bayan, kaya nga hininaan niya ang kanyang lakad, at muling guinamit niya ang paglakad-guino. Ng anyong lalabas na siya'y kanyang naaninagan ang isang aninong, nagtatago sa dilim, isang wari'y multong maputi, na naghihintay sa kanyang nakatindig at kumikilos. Yao'y ang dalagang catalana, na sa pagka't hindi siya tumatang-gap ng ano mang balita tungkol kay Edmundo'y nagtanan pagkagabi sa Faro, sa pagka ibig niyang mapagtanto ang kadahilanan ng pagkabilanggo ng kanyang kasintahan. Paglapit ni Villefort, si Mercedes

---

(1) Ang alilang lalaki sa mga bahay ng mayayaman. Ang lacayo'y may kanyang sariling pananamit na ikinatatangi sa ibang alilang lalaki. Ang pananamit nila'y pinamamagatang "librea".

ay lumayo sa pader na kanyang kinasasandalan at sinalubong niya ang pangalawang procurador ng hari. Sinabi na rito ni Dantés na may isang dalagang napapanḡako sa kanyang pakasal, sa makatuwid ay hindi nagkakailanḡang maalaman ang pangalan niya upang siya'y makilala ni Villefort. Nanguuilalas itó sa kagandaha't pagkaanyong mahal ng babaeng iyon, at ng itanong sa kanya kung ano na ang nangyayari kay Edmundo Dantés, tila mandin sa akala niya'y siya ang pirag-uusig at ang babae ang siyang hukóm.

—May malaking kasalanan ang taong sinasabi po ninyo,—ang bugal-bugal na sagot ni Villefort, at wala akong magagawang ano man sa kanya, mahal na binibini.

Biglang naparaing si Mercedes, at sa pagka't pinagsisikapan ni Villefort na lumipat sa kabilang panig, upang maipagpatuloy ang kanyang paglakad, muling piniguilan siya ng dalaga.

—Nguni't isaan po siya naroon?—ang itinanong.—Maanong pakisabihin man lamang ninyo sa akin at ng makapagtanong ako kung buhay ó patay na siya.

—Ayawan, ko; wala na akong kinalaman sa kanya,—ang isinagot ni Villefort.

Sa pagkayamot niya ng kanyang makita ang titig na iyong may anyong nagmamakaamo, itinulak si Mercedes, pumasok sa kanyang bahay, dalidaling sinarhan ang pinto at pinabayaan sa lansanḡan ang kahabaghabag na babaeng na sa guitna ng lalong kalakilakihang pagpipighati.

Datapuwa't hindi nailalayo ang dusa ng

puso kung kailan ibiguin; wangis sa tunod na pangpatay na sinasabi ni Virgilio (1), ang taong masugatan ng tunod na iya'y la-guing daladala ang lason sa kanyang puso saan man humanggan.

Baga man, pumasok si Villefort at sinarhan ang pinto, ayon sa sinabi na namin, ng dumating siya sa kanyang "gabinete" ay nanglupaypay siya, nagbuntong hininga at nagpakalugmok sa kanyang upuan.

Ng magkagayo'y tumubo sa kaibuturan ng pusong iyon ang unang binhi ng bulok na sugat na pangpatay. Ang lalaking nagpahamak sa walang kasalanang si Edmundo, na siyang kanyang pinapagbayad ng kasalanang ng kanyang amang si guinong Noirtier, upang kamtam lamang niya ang inaasam niyang pagkapataas, ay napakita sa kanyang namumutla at nagbabala, tangnan sa kamay ang kanyang maguiguing asawa at kanyang kinakaladkad ang mga guniguni ng mga guinawa niyang katampalasanan; iyang kakilakilabot at kasakitsakit na tunod, na sumusugat na manakanaka sa puso at siyang dito'y lumuluoy, sa tuwing pagkakaalaala ng isang guinawang sandali, na siyang pinanggagalingan ng masungit na pagdurusing kamatayan lamang ang tanging nakapagbibigay wakas.

Ng magkagayon nama'y nasok sa kaluluwa ng taong iyon ang pag-aalinlangan. Kan-

---

(1) Si Virgilio ay isang poeta latino na hindi mali limot kailan man. Siya ang kumatha ng *La Eneida*, na doo'y inaawit niya ang mga nangyari kay Eneas, na taga Trova. Siya rin ang kumatha ng *Las Eglogas* at ng *Las Georgicas*.

yang ipinasiya ang hatol na patayin ang ilang mga nagsumbong at ang pagkaalaala niya ng mga hirap at pagkamatay ng mga ito'y hindi nakapagpapadilim ng kanyang noo, sa pagka't nangagkasala, o ipinalalagay ni Villefort na nangagkasala. Datapuwa't ngayo'y ibang iba ang nangyayari, ang hatol na iyong ibilanggo hanggang nabubuhay na sadiang inilapat niya sa isang walang kasalaan; isang walang kasalanang talaga sanang magtatamo ng kaligayahan, at hindi lamang inilugso niya ang kalayaan kung di naman ang magandang palad; hindi siya gumanap ngayon ng katungkulang pagkahukom, kung di ng pagkamalupit na verdugo.

Ang tinanggap na sugat ni Villefort ay isa riyon sa mga sugat na kailan ma'y hindi nababahaw; at sakali't naghihilom ay ng muling mabuksang agad at ng lalong dumugo't umantak ng higit kay sa dati. Kung ng sandaling iyon sana'y umalingawngaw sa kanyang kaluluwa ang matimyas na tinig ni Renée na humihinging kapatawaran; kung pumasok disin ang magandang si Mercedes at nagsalita sa kanya: "Sa ngalan ng Dios na sa ati'y tumitingin at humahatol, isauli po ninyo sa akin ang aking maguiging asawa", kung nagkayo'y ang noong iyong nagkukunot at nakatungo sa akit ng pangangailangan, lalo sanang yumukayok pa, at kahit malagay siya sa panganib sa ano mang mangyayari, pinirmahan disin, ng mga kamay na yaong nanglalamig ng di kawasa, ang utos na pawal-an si Dantés; nguni't wala siyang naringing na tinig sa



guitna n̄g katahimikan, at kaya lamang nabuksan ang pinto'y n̄g upang pumasok ang "ayuda de camara" (1) ni Villefort, upang sabihin sa kanyang nasisingkaw na ang m̄ga kabayo sa carruaje.

Dalidaling nagtindig ang pangalawang procurador n̄g hari; tulad sa isang taong nagtagumpay sa pakikibaka sa sarili, tinun̄g ang kanyang "gaveta" (2) at kinuha ang lahat n̄g salaping guintong laman n̄g isa sa m̄ga cajon n̄g sinabi n̄g kasangkapan at isinilid sa kanyang m̄ga bulsa, nagpasimula n̄g kaliligid sa kanyang cuartong kawan̄gis n̄g isang nahihibang, na nakadoop ang dalawang kamay sa noo at in̄ginangawa ang m̄ga salitang hindi mawatasan, at n̄g maramdaman niyang bagong kalalagay n̄g isang alilang lalaki n̄g "capa" sa kanyang m̄ga balikat, lumabas, dinaluhong ang carruaje at ipinagutos n̄g tinig na palalo at biglangbigla sa cochero, na tumiguil sa daang Grand Cours, sa bahay ni guinoong Saint-Meran.

Tuloy na n̄ga ang pagkapahamak n̄g khabaghabag na si Dantés.

Naratnan n̄ga ni Villefort sa gabinete, ayon sa ipinangako sa kanya, si guinoong Saint-Meran, ang Marquesa at si Renée. Kini-labutan ang binata pagkakita niya sa kanyang maguiguing asawa, sa pagka't ang boong isip niya'y muling ipakikiusap sa kanya ang pag-aalpas kay Dantés.

(1) Ang alilang lalaking tumutulong sa pagbibihis sa kanyang panginon at utusang pinagkakatiwalaan nito.

(2) Kasangkapan karaniwang giunagamit na sulatin ang ibabaw at sa loob ay may mga cajong lalagyan ng mga papel at iba.

• Datapwa't jay! kinakailanġang sabihin, kahi't mapilitan kami ng magsalita ng totoo nġang ang tao'y walang pinaninimdim na lubha kundi ang kanyang sariling kagalingan; walang ibang iniisip ang dalaga liban na lamang sa pag-panaw nġ kanyang maguiguing asawa; hindi nito masabi kung kailan babalik, at hindi ang pagkaawa ang sumaloob ni Renée, kung di sinumpa niya ang taong dahil sa kanyang gawang masama'y mahihiwalay sa kanya ang kanyang kasintahan.

¡At ano ang masasabi tungkol kay Mercedes! Nasalubong nġ kahabaghabag sa pagliko sa daang Logo si Fernando, na sumunod sa kanya; umuwi sa nayon nġ Catalanes, at nagpakatimbuang sa kanyang hihig-ang walang pagkasiyahan sa pighati't halos mamatay sa dusa.

Lumuhod sa harapan nġ higaang ito si Fernando, tinangnan ang nanglalamig na kamay nġ dalaga na hindi man lamang inisip na iurong, nilaganapan nġ mariningas na halik ang kamay na iyon, bagay na hindi nararamdaman ni Mercedes. Nagdaan ang magdamag sa gayong paraan; namatay ang ilaw, sa pagka't naubos ang langis; hindi nahiwatigan nġ ulilang binibini ang kadiliman, ang liwanag at ang pag-uumaga.

• Piniringan nġ mataos na pighati ang kanyang mga mata, na walang nakikita libang na lamang kay Edmundo.

—¡Ah! ¿Nariyan po ba kayo?—ang sinabi nġ malinguan niya si Fernando.

—Buhat kahapo'y hindi ako humihiwalay

sa inyo kahi't susumandali,—ang isinagot nito, na nagbubuntong hiningã.

Tungkol kay guinoong Morrel ay hindi napararaig sa panglulupaypay; naalaman niyang inihatid sa isang bilangguan si Dantés pagkatapos na magawa ang paglilitis; nã magkagayo'y tumakbo siya sa bahay nã lahat niyang mãga kaibigan pinaparoonan niya ang bahay nã mãga taong inaakala niyang may kaunting lakas; datapuwa't lumaganap na ang balitang ibinilanggo ang binata dahil sa siya'y utusan nã mãga maka Bonaparte; at sa pagka't nã mãga panahong iyon, kahi't ang lalong mapupusok ang loob, kanilang ipinalalagay na parang isang panaguinip ang lahat nã gawing pagsusumikap upang mapapanhik sa trono si Napoleon, wala siyang nasumpungan sa lahat nã dakong kanyang linapitan kung di katamlayan at mãga pagtanggap sa paggawa nã magaling kay Dantés; pagkatapos nã mãga guinawang iyo'y umuwí na siya sa kanyang bahay na walang pagkalagayan sa hapis, nãuni't pinatototohanan, gayon man, na totoong mabigat angkalagayan at sino ma'y walang makapagliligtas kay Edmundo.

Si Caderousse'y lubhang nagugulumihan sa ganang kanya,. Hindi ang pag-alis ang inasal, na gaya nã guinawa ni guinoong Morrel; hindi ang pag-iisip nã ano mang paraang sukat ikaligtas ni Dantés ang pinangasiwaan, palibhasa'y tanto niyang wala siyang magagawa; wala siyang natutuhan kung di magkulong, na ang kapanayan ay dala wang botellang alak nã Casis, at pinagsisi-kapan niyang lunurin ang kanyang agamagam

sa pamamag-itang n̄ paglalanḡo: n̄uni't sa kalagayang kinalulugmukan n̄ kanyang diwa, hindi n̄ga kasiya at babahagya ang dalawang botella at n̄ malimutan niya ang m̄ga nangyaring nakikintal sa kanyang alaala, n̄uni't malabis na upang makahanap uli n̄ alak. Sa gayo'y natira siyang nakahilig sa ibabaw n̄ mesa't ang m̄ga botellang walang lamang ang tinititigan.

Si Danglars ang tanḡing hindi nababalisat hindi nagpipighati, kung di bagkos pa n̄gang natutuwa, sa pagka't nakapanghiganti siya sa kanyang kaaway at napapagtibay niya ang kanyang katungkulan sa sasakyan *Faraong* ipinan̄gan̄anib niyang sa kanya'y alisin.

Si Danglars ay isa riyang sa m̄ga taong mapagbalak, na mula n̄ sila'y ipan̄ganak ay nakasukok na sa likod n̄ kanilang tain̄ga ang isang pluma at may dalang tintero sa tabi n̄ puso; sa ganang kanya'y walang ibang dapat gawin kung di magbawas o magparami, at ang kabooan n̄ iba't ibang pinagsamasama'y ipinalalagay niyang lalong malaki ang halaga sa buhay n̄ isang tao, lalonglalo na't sa kabooang ito'y mairaragdag ang mababawas na galing sa taong iyon; sa isang salita, sa ganang kanya'y walang mahalagang gaya n̄ salapi.

Ito ang dahila't nahiga ang samantalang capitán n̄ *Faraon* sa oras na kanyang kinauugalian at panatag na natulog.

Pagkatapos na matanggap ni Villefort ang sulat sa m̄ga kamay ni guinoong Salvieux, kanyang niyakap si Renée, hinagkan ang kamay n̄ guinoong asawa ni Saint-Meran,

kinamayan ang Marqués at yumaong nag-kacarruajeng ang tunģo'y sa daang Aix.

Halos mamatay ang ama ni Dantés sa bugso nģ malaking pighati't sa hindi kawasang paninimdim.

Tungkol naman sa kahabaghabag na si Edmundo'y nalalaman na natin ang kanyang kinahinatnan.

## IKASAMPONG BAHAGUI.

### ANG GABINETE SA TULLERÍAS.

Pabayaan natin si Villefort na naglalakbay na patunģo sa París at nagsasabog nģ salapi't nģ makarating agad, at pumasok tayo sa dalawa o tatlong mģa salong dinaratnang mauna bago makasapit sa gabinete nģ Tullerías, kabahayang totoong kilala, dahil sa siyang tahanang lubhang kinawilihan ni Napoleon at ni Luis XVIII, at sapagka't siyang tinatahanan nģ panahong sinusulat namin ang mģa talatang ito nģ haring si Luis Felipe. Nakaupo sa gabinete ng ito, sa harap nģ isang mesang nogal (1) na nanggaling sa Hartnwell, na sa isa riyan sa hindi makurong hilig nģ mģa dakilang tao'y totoong pinakamahal nģ haring si Luis XVIII, pinakikinggan nito nģ anyong libang ang mga sinasabi nģ isang lalaking may apat na po hanggang sa limangpo at dalawang taon ang gulang, marami nģ puti ang buhok, ang mukha'y anyong mahal at hindi matatawanin, na nagtititik nģ mģa paunawa sa dakong tabing walang sulat nģ isang li-

(1) Ito ang kahoy na namumunģa nģ *nuez*. Mainam na kahoy itong gawing kasangkapan sa bahay.

brong sinulat ni Horacio, na ipinalimbag ni Graphins, at maraming m̃ga kamalian, бага man totoong minamagaling, at kina-gagamitang lubha ñg m̃ga matatalas na pag-kukurokuro tungkol sa m̃ga sarisaring wika ñg mahal na hari.

—¿Ang sinasabi po ba ninyo'y?...anang hari.

—Na ako po'y totoong nag-aagam-agam, guinoo.

—¿Bakit! ¿Nakakita ba kayo sa panana-guinip, na gaya ni Faraon, ñg pitong matatabang m̃ga vaca at ñg pitong m̃ga payat?

—Hindi po; sapagka't ang gayo'y magbabalita lamang sa atin ñg pitong taong kasaganaan at ng pitong taong pagsasalat, at ang pagsasalat ay hindi dapat katakutan pagka may isang haring gaya ñg kamahalan po ninyo, na totoong matalino't mapag-ingat.

—¿Kung gayo'y ano pang hampas ñg Langit ang inaakala ninyong mangyari, minamahal kong Blacas?

—Guinoo, may pinagsasaligan po akong ilang cadahilanan upang akalaing nangag-aanyo ñg isang malaking bagyo, sa dakong ilaya.

—Magaling, irog kong Conde,—ang isinagot ñg hari:—sa aking balak ay masamang totoo ang pagkakabalita sa inyo, sapagka't baligtad, nalalaman kong lubos na sa dakong yao'y totoong mainam ang panahon.

—Baga man matalas ang isip ni Luis XVIII, gayon ma'y ikinatutuwa niyang totoo ang mag-aglahi.

—Guinoo,—anang Conde Blacas,—kahi't isang pagbibigay kapanatagan man lamang sa isang mapagtapat na lingkod, ¿hindi po

ba mangyaring makapag-utos ang kalakilaan ninyo sa Languedoc, sa Provenza at sa Delfinado n̄ m̄ga taong mapagkakatiwalaan upang sa inyo'y magbigay-alam n̄ kalagayan n̄ tatlong lalawigang iyon?

—*Canimus surdis*,—ang isinagot n̄ hari, na nagpapatuloy n̄ kanyang gawang paglalagay n̄ m̄ga paliwanag sa libro ni Horacio (1).

—Guinoo,—ang idinugtong n̄ cortesano (2) na n̄gumingiti at ipinahahalatang nauunawa niya ang hemistiquio (3) n̄ poeta venusino: —marahil malaking di ano lamang ang katuwiran n̄ kadakilaan po ninyo sa pagkakatiwala sa magaling na diwa n̄ Francia; datapuwa't inaakala kong hindi kalakihan ang aking pagkakamali sa panganganyib sa ano mang mahigpit na pagsusumikap na masunduan ang mahirap kamtan.

—N̄gumi't sino ang gagawa n̄ gayon?

—Si Bonaparte, at kung hindi man siya'y ang m̄ga kumakampi sa kanya.

—Irog kong Blacas, guinagambala ako sa aking m̄ga paggawa n̄ inyong m̄ga pagkatakot.

—Guinoo, ibig ko po sanang makibahagui n̄ boong galak sa haka n̄ inyong kadakilaan.

—Hintay kayo, irog kong Conde, hintay kayo; sa pagkakatao'y naririto ako n̄gayon sa isang totoong mahalagang pagpapaliwanag

(1) Quinto Horacio Flaco, bantog na poeta latino na tinangkilik ni Agosto. Siya'y ang kumatha n̄ lubhang maiinam na m̄ga tula.

(2) Ang guinoong nagmamalimit sa pagdalaw sa palacio n̄ hari.

(3) Kalahati ó isang bahagui n̄ isang tula.

tungkol sa "Pastor cuntrarherrel"; maghinitay kayo, pagkatapos ay maipagpapatuloy ninyo.

Nagdaan ang sandaling katahimikan, at sa boong panahong iyo'y sinulat ng isang letrang totoong maliliit ang isang bagong paliwanag sa tabi ng libro ni Horacio at pagkagawa ng gayo'y nagsalita, kasabay ang pagtindig, na taglay ang anyong katuwaan ng isang taong nag-aakalang kanya ang isang kaisipang sa kanya'y iminungkahi ng iba:

—Ipagpapatuloy po ninyo, Conde, ipagpapatuloy po ninyo; pinakikinggan ko na kayo.

—Guinoo, — ani Blacas, na taglay ng sandaling pag-asang gamitin sa kapakinabangan niya si Villefort, — napipilitan po akong sabihin sa inyo, na hindi mga higuang o mga balitang walang pinagsasaligan ang sa aki'y nakababalisa; isang taong karapatdapat sa aking ganap na pagkakatiwala at pinagbilinan kong kanyang pakabantayan ang dakong hilaga (nag-alinlangan ang Conde sa pangungusap ng ganitong mga salita), bagong kararating na nagkacarruaje upang ibalita sa aking nagbabala sa hari ang isang malaking pang'anib; naparito nga po ako at ng sa inyo'y ipagbigay-alam.

—*Mula ducis avi domum*, — ang ipinagpapatuloy ni Luis XVIII, na paglalagay ng paliwanag sa kanyang libro na sinulat ni Horacio.

—¿Ipinag-uutos po ng kadakilaan ninyong huwag ko ng ipagpumilit ang ukol sa bagay na ito?

—Hindi, irog kong Conde; nguni't iunat muna ninyo ang inyong kamay.



—¿Alin po ba?

—Ang kamay na magalingin ninyo, diyan sa dakong kaliwa.

—¿Dito po ba, guinoo?

—Ang sinabi ko sa inyo'y sa kaliwa at sa kanan kayo humahanap; sa aking kaliwa ang ibig kong sabihin; diyan, diyan dapat ninyong masumpung ang sulat ng pagbibigay-alam ng Ministro ng Policía, fecha kahapon.... datapuwa't tingnan ainyo, nariya't dumarating si guinoong Dandré... ¿Hindi ba siya?—ang salabat sa zariling salita ni Luis XVIII, na ang "ujier" (1) ang siyang tinatanong, na ng sandaling iyo'y bagong kabibigay sabing naroon ang ministro ng Policía.

—Opo; ang guinoong barón ng Dandré

—ang sagot ng ujier.

—Dumating kayo sa kapanahunan, Barón, ang muling sinabi ni Luis XVIII, kasabay ang bahagyang ngiti; pumasok kayo at inyong sabihin sa Conde ang kahulihulihang nalalaman ninyo hinguil kay Bonaparte. Huwag ninyong ikakaila ang katotohanan ng kalagayan, kahit magpakalakilaki ng pangani. Tingnan natin, ¿hindi kaya naging parang isang maalab na volcan na ang pulo ng Elba, at makikita nating bubuga ng isang pagbabakang pangwasak at katakottakot, *bella horrida bella?*

Yumukod ng boong kisig ang Barón, na nakakapit ang dalawang kamay sa mga bisig ng isang sillón, hinarap ang hari't nagsalita:

---

(1) Bantay pinto sa dakong itaas ng tahanan at siyang nagbibigay-alam sa panginoon ng mga dalaw na dumarating.

—¿Pinapaguingdapat po ba n̄g kadakilaan ninyong basahin ang aking m̄ga pagbibigay alam sa inyo kahapon?

—Opo; opo; n̄guni't sabihin ninyo sa Conde ang laman n̄g m̄ga sulat ninyo; sabihin ninyo sa kanya n̄g boong liwanag kung ano ang guinagawa n̄g mangangamkam sa kanyang pulo.

—Guinoong, —anang Barón sa Conde, —ang lahat n̄g m̄ga lingkod n̄g mahal na hari ay dapat magalak sa m̄ga bagong balitang tinanggap namin tungkol sa pulo at tungkol kay Bonaparte...

Tiningnan n̄g barón n̄g Dandré si Luis XVIII, na sa kanyang pagsusulat n̄g isa pang paliwanag sa libro ay hindi man lamang tumutunghay.

—Namamatay si Bonaparte sa malaking kainipan, —ang ipinagpatuloy n̄g Barón, —at maghamagha pong walang guinagawa kung di manood sa paghuhukay n̄g kanyang m̄ga mina sa Porto—Longene.

—At ayon sa m̄ga sabi'y nagkakamot upang malibang, —anang hari..

—¿Ano pong nagkakamot? ang itinatanong n̄g Conde.—¿Ano po ang ibig sabihin n̄g kadakilaan ninyo?

—Opo, nagkakamot, mabait kong Conde nalilimot po ba ninyo na ang dakilang taong iyan, ang bayaning iyan, ang halos dios na iyan ay may sakit sa balat na siyang nagpapahirap sa kanya.?

—At mayroon pang iba, guinoong Conde, —ang dugtong n̄g guinoong ministro ng Policía; —halos maipagmamatigas naming sa

loob n̄g kaunting panaho'y mauulol ang mangangamkam.

—¿Ulol?

—Ulol na katakottakot. Nanghihina ang kanyang ulo; kung minsa'y biglang umiiyak n̄g kapaitpaitan at kung minsa'y tumatawa n̄g pahalakhak; kung minsa'y nanatiling mahabang oras sa tabi n̄g dagat at binabato ang tubig; at pagka nakikitang ang bato'y nagdudumulas sa tubig at lumulukso n̄g makalima o makaanim ay natutuwa n̄g di sapala sa sarili, ná ano pa't parang siya'y nanalo sa pakikibakang gaya n̄g nangyari sa Marengo o sa Austerlitz. Inakala kong ang lahat n̄g ito'y kasukatang tanda n̄g pagkaulol.

—¡Oh tanda n̄g katinuan, guinoong Barón, n̄g katinuan!—ani Luis XVIII. na nagtatawa.—Ang paghahagis n̄g bato sa tubig ay katulad n̄g paglilibang n̄g m̄ga dakilang capitan n̄g una; kung di tingnan ninyo ang sinsabi ni Plutarco sa buhay n̄g Africanong si Scipion.

Natilihang totoo ang Conde n̄g makita niya ang pagwawalang bahala n̄g hari at n̄g Barón. Tunay n̄ga't hindi sinabing lahat sa kanya ni Villefort, at n̄g huwag masariling lahat niya sa pakinabang sa kanyang lihim n̄guni't ipinahiwatig sa kanya ang katamtaman upang mapagkilala ang pang'anib.

—Hala, hala, Dandré,—ani Luis XVIII, —hindi pa totoong naniniwala si Blacas;

---

(1) *Publio Scipion ang Africano*: ito ang nakakuha sa Cartagena at kapanalo kay Anibal sa pagbabaka sa Zama (*Ikalawang guerra púnica*, 202 bago ipinanganak si J. C.)

sabihin naman ninyo ang pagbabalik loob n̄ng mangangamkam.

Yumukod ang ministro n̄ng Policía.

—¡Ang pagbabalik-loob n̄ng mangangamkam!—ang ibinulong n̄ng Conde, na pinapagpapalipatlipat ang pagtitig sa hari at sa kay Dandréng tulad sa dalawang pastor (1) ni Virgilio (2).—¿Nagbalik-loob po ba ang mangangamkam?

—Lubos na lubos, irog kong Conde.

—N̄guni't ¿ano ang pinagbalik-looban?

—Nagbalik-loob sa magagaling na kaisipan; ipaliwanag ninyo, Barón.

—Narito ang nangyari, guinoong Cande, —anang ministro ng boong katigasan n̄ng pangungusap:—hindi pa nalalaong nagsiyá-sat n̄ng kanyang m̄ga kawal, sa pagka't nagsabi ang dalawa o tatlong tinatawag niyang mapag-ungol na matandang sundalo niya, n̄ng hangad na umuwi sa Francia, binigyan niya n̄ng kapahintulutan, at sila'y pinagsabihang: “maglingkod kayo, anya, sa inyong mabait na hari;” ito n̄ga ang kanyang m̄ga pangungusap, guinoong Conde; magaling na totoo ang aking pagkaalam.

—N̄gayon, ¿ano ang masasabi po ninyo sa ganyan, Blacas?—anang hari na nagdiriwang hangang sa iwan ang paglalagay n̄ng m̄ga paliwanag sa makapat na librong na sa kanyang harapan.

—Ang sinasabi ko'y o ang guinoong ministro n̄ng Policía o ako ang nagkakamali; n̄guni't sa pagka't hindi mangyayaring ang

(1)—Pastor; ang taga alaga ng hayop.

(2) Hindi malilimot na poeta latino, na kumatha n̄ng *La Eneida*, n̄ng *Las Elogas* at n̄ng *Las Géorgicas*.

guinoong ministro ang namamali, sa pagka't siya ang may mahigpit na katunkulang la-guing mag-ingat n̄g ikagagaling n̄g katawan at danġal n̄g kadakilaan po ninyo, ang la-long malapit ay ako ang siyang namamali. Gayon man, kung ako po kayo ay ako na ang siyang tatanong sa taong sinabi ko na sa inyo; at nanġanġahas pa po akong ulitin sa inyo ang pagsamong ipagkaloob ninyo sa kanya ang danġal na iyan.

—Magaling, yamang ganyan ang inyong nais ay tatanggapin ko ang sino mang inyong ibig; n̄guni't tanġan ko sa kamay ang m̄ga sandata. Guinoong ministro, ĳmayroon po ba kayong lalo pang bagong kasulatang nag-bibigay alam n̄g nangyayari kay sa ibini-gay ninyo sa akin, na may fechang 20 n̄g Febrero ay n̄gayo'y na sa ika 3 n̄g Marzo tayo?

—Wala po; n̄guni't may hinihintay akong darating agad. Umalis ako n̄gayon ng to-toong maaga, at marahil dumating na ang hinihintay ko samantalang ako'y wala.

—Kung gayo'y pumaroon kayo sa *pre-fectura* (1)..., at sakali't walang dumara-ting,—ang ipinagpatuloy n̄g kari,—kumatha kayo n̄g isang balitang ayon sa inyong mai-bigan.

—ĳOh! guinoong ministro,—anang ministro,—tungkol po sa m̄ga balitang ganyan, kakaunti ang makakatha; napupuĳo ang aming mesa sa araw-araw n̄g m̄ga kanulong magagaling ang pagkakahayanay, na guinagawa n̄g lubhang maraming mapagpanġarap, na naghihintay

(1) Ang oficina n̄g punong nanġanġasiwa sa katahimikan n̄g bayan.

sa alin mang araw ng̃ gantingpala sa m̃ga paglilingkod na hindi guinagawa.

—Magaling, paroonan na ninyo iyon,—ani Luis XVIII,—at huwag ninyong lili-muting hinihintay ko kayo.

—Pagdaka'y babalik po ako, guinoo; ka-tagalan ko na ang sampóng minuto.

—At hahanapin ko po naman, guinoo, ang aking sugo,—anang Conde.

—Maghintay kayo,—anang hari;—ang ka-totohanan, Blacas, kinakailangang palitan ko ang inyong “escudo” (1); bibigyan ko kayo ng̃ saguisag na isang aguilang naka-buka ang m̃ga pakpak, sambilat sa kanyang m̃ga kuko ang isang bihag na hayop na nagpipilit makawala'y hindi mangyari, at may ganitong pananalita: “Mapagpumilit”.

—Guinoo, hinihintay ko po ang inyong m̃ga utos,—anang Conde, na nagpipilit ikubli ang kanyang pagkainip.

—Ibig kong itanong po sa inyo ang nauukol sa salitang ito: *Molli fugies anhelitu*; nalalaman na ninyo; ito'y yaong usa na tumatakas sa lobo. ¿Hindi po ba kayo mangangaso at bukod sa roo'y “montero mayor” (2)? ¿Ano po ba ang palagay ninyo dito sa *molli anhelitu*?

—Kaguilaguilalas po, guinoo; ng̃uni't tulad ang aking sugo sa sinasabi po ninyóng usá, sa pagka't bagong kalalakad lamang ng̃ dala-

(1) Pinagpipintahan ng̃ m̃ga saguisang ng̃ isang kaharian, república, ciudad ó familia.

(2) Pangalan ng̃ isang bigay na danḡal ng mga hari sa isang mahal na tao. Ang kahulugan ng sabinḡ *montero mayor* ay ang paḡgulong tagahanap ng bakas ó ng-kinalalagyan ng mga usa, baboy-ramo at iba pang hinahanap sa paḡgaḡgaso.

wang daa't dalawampung léguas, na ang sinasakya'y carruaje, sa loob n̄g kulangkulang pa sa tatlong araw.

—Ang katotohana'y malaking totoo ang pagmamalasakit at kapagurang guinawa, irog kong Conde, gayong mayroon tayong télégrafo, na tatlo o apat na oras lamang ang kinakailangan, at hindi pa napapagal.

—¡Ah, guinoo! Masama po ang ganti ninyo sa isang binatang nanggaling sa pagkalayolayo, sa pagmimithing makapagbigay alam sa inyo n̄g lubhang mahalagang dapat ninyong matanto. Ipinamamanhik ko po sa inyo, na mangyaring tanggapin siya n̄g magaling, kahi't dahil na lamang sa siya'y ipinagtagubilin sa akin ni guinoong Salvieux.

—¿Si guinoong Salvieux po ba, na “chambelan” (1) n̄g aking kapatid?

—Siya n̄ga po.

—Tunay n̄gang siya'y sa Marsella naroon.

—Buhat doo'y sinulatan ako.

—¿Sinasabi rin po ba sa inyo ang lihim na bantang panggugulong iyan?

—Hindi po; n̄guni't ipinagtatagubilin sa akin si guinoong Villefort at ipinamamanhik tuloy na ito'y aking iharap sa kadakilaan po ninyo.

—¡Si guinoong Villefort!—ang biglang sinabi n̄g hari.—¿Iyan ba ang pangalan niyang sugong sinasabi ninyo?

—Opo.

—¿At siya ba ang nanggaling sa Marsella?

—Siya n̄ga po.

—¿Bakit hindi ninyo agad sinabi sa akin ang kanyang pangalan?—ang muling sinabi

(1) Katangkulang pangdangal.

nṅ hari, na sa mukha nito'y nalarawan ang kaunting tanda nṅ paninimdim.

—Ang boong akala ko'y hindi po ninyo siya nakikilala.

—Opo, opo, irog kong Blacas; siya'y isa riyang sa may mṅa pag-iisip na matalas, at bukod sa rito'y mapagmithi ng pagkapataas; nṅuni't tila mandin nakikilala ninyo ang kanyang ama.

—¿Ang kanyang ama?

—Opo si Noirtier.

—¿Si Noirtier na girondino? ¿Si Noirtier na senador?

—Wala nṅ iba.

—¿At bakit po binigyan ninyo nṅ katungkulan ang anak nṅ gayong tao?

—Kaibigan kong Blacas hindi pó ninyo mapag-uunawa kailan man ang aking kaisipan; sinabi ko na sa inyong si Villefort ay mapagmithi nṅ pagkapataas; sa gayon, upang masunduan niya ang kanyang mṅa hanṅad, walang bagay na hindi niya gagawin, ipahamak niya pati ang kanyang ama, kung kinakailanṅan.

—Kung gayon po'y ¿papapasukin ko siya rito?

—¿Bakit! ¿Siya ba'y narito?

—Marahil hinihintay ako sa lupa, sa aking carruaje.

—Pagdaka'y paroonan ninyo siya.

—Madaling susunod po ako sa inyo.

Dalidaling lumabas ang Conde, taglay ang kaliksihan nṅ isang bata pa; tila binawasan ang kanyang gulang nṅ dalawampong taon, ang kauntian, nṅ kanyang kaalaban sa pagkamakaharing tunay.



Natirang mag-isa si Luis XVIII, at minasdan ang kanyang librong sinulat ni Horacio na nakabukas, at saka bumulong:

—“*Justum et tenacem propositi virum*”.

Pumanhik ang conde ng Blacas ng lubhang mabilis na gaya rin ng pagkapanaog; nguni't napilitang sabihin pagdating sa “*antecámara*” ang salitang: “sa utos ng hari”, sa pagka't lubhang namaang ang “*maestro de ceremonias*” (1) na si guinoong Breze ng kanyang makitang punong-puno ng alabok at labang totoo sa “*etiqueta*” (2) ang pananamit ni Villefort, na naghahanḡad humarap sa hari; nguni't gayon man ay nakapagtagumpay ang Conde sa lahat ng mga sagabal, at naipasok din niya ang panghalili sa *procurador* ng hari.

Nakaupo ang hari sa dating kanyang kinalalagyan.

Pagbubukas ng pinto'y napaharap si Villefort sa hari; napatigagal na sandali ang batang magistrado.

—Pumasok po kayo, guinoong Villefort, pumasok kayo,—anang hari.

Yumukod ng lubhang malalim si Villefort, lumakad ng ilan at naghintay na siya'y tanungin ng hari.

—Guinoong Villefort,—ang ipinagpatuloy ni Luis XVIII,—ayon sa sinabi sa akin ng Conde ng Blacas ay may sasabihin daw kayo sa aking mga bagay na totoong mahahalaga.

(1) Ang naḡgaḡgasiwa sa palacio ng hari ng mga nauukol sa mahal na pakikiharap at marapat na pananamit na ukol gamitin doon. May mga iba pang mga kahulugan ang sabing “*maestro de ceremonias*”

(2) Mga pananamit at kilos na dapat gamitin sa pakikiharap sa hari at iba pang mahal na tao.

—Guinoo, totoo po ang sinabi sa inyo, ayon sa madaling mapagtatanto n̄g kadakilaan ninyo.

—N̄guni't sabihin muna ninyo sa akin: ğlubha n̄ga bang malaki ang m̄ga sakunang katulad n̄g ibig nilang aking paniwalaan?

—Inaakala ko n̄ga pong lubhang malaki; n̄guni't salamat sa m̄ga pagsusumakit na aking guinawa'y inaasahan kong may malilalagay pang kagamutan.

• —Kung gayo'y magsalita kayo, mahal na guinoo,—anang haring nagpapasimula na n̄g pagdaramdam n̄g paninimdim, na napagmamasiid sa pagmumukha n̄g Conde at gayon din sa tinig ni Villefort,—magsalita po kayo; n̄guni't pasimulaan ninyo sa kaunaunahan; ibig ko sa lahat n̄g bagay ang kahusayan.

—Guinoo,—ani Villefort, sasaysayin ko po sa kadakilaan ninyo ang ganap na katotohanan n̄g lahat; n̄guni't nan̄gan̄ghas akong mamanhik sa inyong ipagpaumanhin sa akin kung aking malimutan ang ilang bagay na makapagpapaliwanag, dahil sa dinaramdam kong mataos na alang-alang sa inyong kadakilaan.

Pagkatapos n̄g ganitong masanghayang pasimula'y tinitigan ni Villefort ang Conde, na hinudyatang makapapanatag sa pag-asa sa kabaitan n̄g dakilang taong sa kanya'y nakikinig; saka nagpatuloy:

—Guinoo, naparito po ako sa Paris n̄g boong katulinang aking kaya, at n̄gayo'y bago akong kararating, upang ipagbigay-alam sa inyong kadakilaan, na aking natuklasan, sa pagganap n̄g aking katungkulan, hindi ang isa riyon sa m̄ga karaniwang

mga pinagkakayariang lihim na walang ano mang kinasasapitan, na katulad ng madalas ibalangkas ng taong bayan at ng ilang sundalo ng hukbo; kung di isang tinay na kasunduang lihim na panggulo, isang kalaguimlaguim na unos ng ligalig, na ang pinagbabalaan pa nama'y ang trono ng inyong kadakilaan, guino, naghanda ang mangangamkam ng tatlong sasakyang pang-digma. at nagkukuro ng ano mang panukalang marahil ay kahalingan; nguni't hindi dahil sa gayo'y mawawalan ng kakilakilabot na mangyayari. Marahil sa mga oras na ito'y umalis na sa pulo ng Elba, upang tumungo na sa hindi ko maalaman kung saan; nguni't ang masasabi ko'y walang salang ang sadya'y ng tikman kung mangyayaring lumunsad sa Nápoles, o sa mga pasigan ng Toscana o kung dili ay dito na rin sa Francia. Hindi kaila sa inyong kadakilaang may mga kapanalig sa Italia at sa Francia ang tapon sa pulo ng Elba.

—Siya nga, guino, nalalaman ko,—ang sinabi ng haring totoong nababagbag ang loob;—natanto ko rin, namang may mga pulong na guinagawa sa daang Saint-Jacques; nguni't magpatuloy kayo, bakit napagtalas ninyo ang mga balitang ito?

—Guino, ang mga balitang iya'y siyang bunga ng isang paglilitis na aking guinawa sa isang lalaking taga Marsella, na may ilang panahon ng aking sinusubukan, at aking ipinahuli ng araw rin ng aking pag-alis doon. Ang taong iyang isang mapanggulong marino at matalik na maka-Bonaparte, ay lihim na naparoon sa pulo ng

Elba; nakausap niya ang Gran Mariscal at pinagkatiwalaan siya ng isang lihim na kanyang sasabihin sa isa sa lalong mapusok na maka-Bonaparte sa Paris; ang pangalan nito'y ipinakatangguitanguing sabihin at wala akong nagawa upang kanyang isaysay; lihim na biling wala kung di ihanda ang kalooban ng mga kapanalig sa pagbalik ng mangangamkam na hindi na malalaon. Isinasamo ko pong inyong unawaing ang nagsasalita'y hindi ako kung di ang kinalabasan ng aking paglilitis.

—¿At saan naroon ang taong iyan?—ang tanong ng hari.

—Nabibilanggo po.

—¿At sa akala baga ninyo'y totoong napakabigat ang bagay na iyan?

—Sa aking paniniwala'y totoong napakabigat, kaya't baga man ng matanto ko ang balitang iyan ay nagtatamasa ako ng pagligaya sa isang pagkakatuwa ng familia, sa kaarawan ng pagkakasal sa akin, iniwan ko pong lahat, upang pumarito't ialay sa mga paanan ng kadakilaan ninyo ang mga pangangambang lumigalig sa akin, kasabay ng paghahandog ng maningas at taimtim na pagtatapat sa karurukan ng inyong kataohan.

—¡Ah, totoo nga!—ang muling sinabi ng hari.—¿Hindi nga ba may inaakalang pag-iisang puso ninyo at ng binibining Saint-Meran?

—Anak na babae ng isa sa mga lalong mapagtapat na lingkod ng kadakilaan po ninyo.

—Opo, tunay; nguni't pagbalikan natin ang ukol diyan sa lihim na sabuwatan.

—Guinoo, nanganganih po ako na baka

mahiguit sa isang sabuwatan lamang; nangangangib akong baka isang panghihimagsik.

—Madaling kuruin sa mga panahong ito ang panghihimagsik, anang haring nguminngiti; nguni't mahirap gawin, sa pagka't palibhasa'y bagong kapagbabalik ko sa trono ng aking mga magulang, sabay na tinitingnan ko at pinagliliningliling ang nauukol sa nakaraan, sa kasalukuyan at sa hinaharap na panahon. Bukod sa rito'y mahiguit na sa sampung buwang linalambal ng aking mga ministro ang pagbabantay, upang mainngatang magaling ang boong baybayin ng dagat Mediterráneo. Sakali't mag-akala si Bonaparteng umahon sa Nápoles, mangababalisa na muna ang mga nagpanigpanig na mga nación bago siya dumating sa Piombino; sakali't sa Toscana siya tumungo, tutungtong siya sa kaaway na bayan; at, sa kawakasan, sakali't mag-acala siyang dito lumunsad sa Francia, iilang tao lamang ang kanyang madadala, kaya nga't lubhang magaang na siya'y mapalayas dito, at sa gayo'y mapauurong siya sa kanyang banta, lalo na kung ganyang siya'y totoong kinapopootan ng bayan. Kaya nga, sa ganyan, guinoo, kayo'y pumanatag; nguni't hindi dahil diya'y di kayo magkakamit ng aming pagkilalang loobhari.

—¡Ah! Narito na ang ministro ng Policia,—ang biglang sinabi ng Conde Blacas.

At siya nga naman, lumitaw ng sandaling iyon, sa tabi ng pintuan, ang baron ng Dandré, na namumutla't nangangatal; ang mga mata niyang ligaw at nag-aalinlangan ay wari nagpapaunawang tila malapit siyang dat-

nan n̄ isang kakilakilabot na kapahamakan.  
Humakbang n̄ isa si Villefort upang yumáo; n̄guni't piniguil siya n̄ conde n̄ Blacas at tinangnan n̄ mahigpit ang kanyang kamay.

## IKALABING-ISANG BAHAGUI.

### ANG MAITIM NA OGRO SA CORCEGA.

Pagkakita ni Luis XVIII n̄ mukhang iyong lubhang gulat, biglang itinulak ang mesa na na sa harapan ng kanyang kinauupuan.

—¿Ano ang nangyayari sa inyo, guinoong Baron?—ang biglang sinabi.—Tila man din malaking totoo ang inyong pagkagulat. ¿Ang inyong pagkalaguim na iyan, ang pagkasira n̄ inyong mukha, ¿naaangkap baga n̄ kaunti man sa sinasabi sa akin n̄ conde n̄ Blacas at sa bagong ipinagkatiwala sa akin ni Villefort?

—Guinoo...—ang pautal na sinabi n̄ Barón.

—¿At magaling! Tingnan natin; ¿ano ang nangyari...? ¿Sabihin ninyo...!

N̄ magkagayo'y sumunod ang ministro n̄ Policia sa isang udyok n̄ kaloobang naliling-gatong n̄ di ano lamang; dalidaling nagpatirapa sa m̄ga paanan ni Luis XVIII, na umudlot na nagkukunot ang m̄ga kilay at nag-saysay:

—¿Ibig ba ninyong magsalita?

—¿Oh! Guinoo... ¿pagkalakilaking saku-nang kakilakilabot! ¿Kailan ma'y hindi ako magtatamong aliw sa!...

—Guinoo—anang hari,—ipinag-uutos ko sa inyong kayo'y magsalita.

—Kung gayo'y mabuti po; linisan na po n̄ng mangangamkam ang pulo n̄ng Elba, n̄ng ika 26 n̄ng Febrero at umahon n̄ng unang araw n̄ng Marzo...

—¿Saan?—ang madaling itinanong n̄ng hari.

—Sa Francia, guinoo, sa isang maliit na sadsarang malapit sa Antibias, sa look n̄ng Juan.

—Lumunsad ang mangangamkam sa Francia, sa malapit sa Antibias, sa look n̄ng Juan, na ang layo sa Paris ay dalawang daa't limampung leguas, n̄ng unang araw n̄ng Marzo, ¿at n̄ngayong ika 3 n̄ng Marzo saka ninyo ibabalita?... ¡Bah! Ang m̄ga sinasabi ninyo'y isang bagay na hindi mangyayari guinoo; marahil binalitaan kayo n̄ng kasinun̄galingan, o kung hindi man ay kayo'y nauulol.

—¡Ah! Guinoo, ¡maanong itulot n̄ng Dios na maguing katotohanan ang inyong sabi!

Guinawa ni Luis XVIII ang tan̄ging pagkilos na taglay ang malaking galit at pagkagulat, at saka biglang tumindig, na para manding biglang nasugatan ang puso at ang mukha n̄ng isang hindi hinihintay na dagok.

—¡Sa Francia ang mangangamkam!—ang biglang sinabi ¿N̄guni't hindi ba binabantayan ang taong iyan? ¡Oh! ¿Sinong nakakaalam kung pawang m̄ga kañalam niya?

—¡Ah! Guinoo,—anang conde n̄ng Blacas,—hindi mapaghihinalang gagawa n̄ng kataksilan ang isang taong gaya n̄ng baron n̄ng Dandr . Guinoo, nabubulagan tayong lahat, at naparamay sa kabulagan n̄ng lahat ang ministro n̄ng Policia.

—N̄guni't...—ani Villefort; datapuwa t biglang huminto:—¡Ah! Ipatawad po ninyo,

pinipilit ako sa kapanġahasan nġ malaking pagmamalasakit ko sa kadakilaan ninyo.

—Magsalita kayo, guinoo, magsalita kayo—anang hari;—yamang ipinagpauna ninyo ang pagsasabi sa amin nġ mangyayaring sakuna, tumulong kayo sa amin sa paghanap nġ kagamutan.

—Guinoo,—ani Villefort,—kinagagalitan ang mangġamkam sa dakong hilaga, at inaakala kong hindi mahirap na palabanin sa kanya ang Provenza at ang Languedoc.

—Siya nġa, yao'y mangyayari;—anang ministro;—nġuni't nagdaan siya sa Cap at sa Sisteron sa pagparito.

—¡Sa pagparito! isa pagparito!—ang muling sinabi nġ hari.—¿Dito ba sa Paris ang kanyang tunġo?

Hindi umimik ang ministro nġ Policía, at ang gayo'y nagbibigay kahulugang gayon nġa.

—¿At inaakala po ba ninyong mapalalaban natin ang Delfinado, na gaya nġ Provenza?—ang tanong nġ hari kay Villefort.

—Guinoo: ikinahahapis ko pong sabihin sa inyong kadakilaan ang isang katotohanang kakilakilabot, na malayong malayong mawanġis ang kaisipan nġ Delfinado sa kaisipan nġ Provenza at Languedoc; pawang maka Bonaparte po ang mġa taga bundok.

—Lubos ang pagkaalam nġ taong ito,—ang ibinulong nġ hari. Humarap si Luis XVIII sa ministro nġ Policía at ito ang tinanong:—¿Gaano ang bilang nġ kanyang mġa kasama?

—Guinoo, hindi ko po masabi sa kadakilaan ninyo, sa pagka't hindi ko nalalaman.



—¡Na hindi ninyo nalalaman! ¿Marahil ay nalimutan ninyong balitaan ang bagay na ito? Nguni't, sa katotohanan, ang bagay na ito'y hindi mahalaga, walang kasaysayang ano man,—ang idinagdag ng haring ngumingiti ng boong kapaitan.

—Guinoo, hindi na po mangyayaring magkaroon pa ako ng ibang mga balita; ang pagbibigay-alam na aking tinanggap, ay walang ibinabalita kung di ang pagkakalunsad ng mangangamkam at ang daang tinungo.

—¿At paano ang pagkatanggap ninyo ng pagbibigay alam na iyan?—ang tanong ng hari.

—Sa pamamag-itan ng talegrafo...guinoo, —ang sinabing pautal ni Dandré.

Humakbang ng isa at naghalukipkip si Luis XVIII, na tulad sa kaugaliang guinagawa ni Napoleón.

—Sa makatuwid pala,—ang biglang sinabing namumutla sa galit;—naglakiplakip ang pitong hukbo at ng maipahamak ang taong iyan; muling nalagay ako sa trono ng aking mga magulang, sa isang himala ng langit, pagkatapos ng dalauampo't limang taong pagkapatapon; sa boong panahong ito'y pinagsiyasat ko, aking tinarok at lubos kong kinilala ang mga tao at ang mga bagay bagay nitong Franciang napapanako sa akin, upang pagkatapos na masunduan ko ang lahat kong mga pinagmimithi, pumutok ang isang lakas na na sa mga kamay ko at siyang lumipol sa akin!

—¡Oh! ¡Guinoo, ito'y isang kasawiang palad!—ang ibinulong ng ministro sa pagkakilala niyang sukat nang makapanglupay-

pay ang gayong balita sa sino mang tao.

—¡Mabulid!—ang ipinagpatuloy ni Luis XVIII, na sa biglang tingin ay natarok ang banging kahuhulugan ng pagkahari—¡Mabulid at mapagtalastas ang pagkabulid sa pamamag-itan ng telegrafo! ¡Oh! ¡Lalong ibig ko pang manhik sa pinagpugutan ng ulo sa aking kapatid na si Luis XVI, kay sa ako'y manaog sa mga hagdanan ng Tullerías at ng sa ganya'y mapagtawanan at libakin ng lahat! ¡Ah! guinoo hindi ninyo nalalaman kung paano ang mapagtawanan sa Francia, nguni't gayon ma'y dapat ninyong mapagtanto.

¡Ah! Sumasakatuwiran nga ang ating mga kaaway. ¡Walang ano mang natutuhan! ¡Walang nalilimutan! Kung pinagtaksilan pa akong gaya ng guinawa sa kanya, ako'y magdaramdam pang aliw; nguni't maliliguid ako ng mga taong aking ipinailanglang sa mataas na karanġalan, na dapat sanang mangagpuyat sa pagmamalasakit sa akin, ng higit sa pagmamalasakit sa kaniyang sarili, palibhasa'y ang palad ko, y siya ring palad nila, sa pagka't ng hindi pa ako naghahari'y sila'y mga taong walang kabuluhan, at mananag-uli sila sa pagkawalang kabuluhan kung aalis ako sa pagkahari... ¡At mabulid sa kaimbihan dahil kahalingan, sa pagwawalang bahala, sa kapabayaan! ¡Katakottakot na kakulangan ng pagiinġat!

Nararamdaman ng ministro ang malaking kabigatan ng gayong kalaguimlaguim na sumpa; pinapahiran ng conde ng Blacas ang pawis sa kanyang noo; ngumingiti sa

sarili si Villefort, sa pagka't nakikita ang paglaki n̄g kanyang kahalagahan.

—¡Guinoó, guinoó,—ang ibinulong n̄g ministro,—¡magdala po kayong habag!

—Lumapit kayo, guinoong Villefort,—ang ipinagpatuloy n̄g hari, at hinarap niya ang binatang nakatindig, hindi kumikibo at nakalayo n̄g kaunti, at pinagwawari ang anyo n̄g salitaang iyong ang kapalaran n̄g isang kaharian ang nagpapalipadlipad sa impapawid na hindi maalaman ang gagawin;—lumapit kayó at inyong sabihin sa guinoong ito na dapat sanang maalamang niyan magaling at sa kaunaunahan pa ang kanyang sinabi n̄gayon sa atin.

—Guinoó, talagang hindi po mangyayaring mahulaan ang m̄ga kuro n̄g taong iyang pawang inililingid niya sa lahat n̄g tao, ang sinabing pautal n̄g ministro.

—¡Talagang hindi mangyayaring mahulaan! ¡Mainam na salita! ¿Sa makatuwid ay hindi mangyayaring maalaman n̄g isang ministrong taglay ang lahat n̄g m̄ga kagamitang isinakamay niya n̄g pamahalaan at may labinglimang libeng francong kanyang magugugol n̄g lihim, ang nangyayari sa layong pitongpoong leguas sa m̄ga baybayin n̄g Francia? ¡Magaling kung gayon! Masdan po ninyo ang guinoong ito na wala n̄g m̄ga gamit na na sa inyo; ang guinoong itong magistrado lamang, n̄guni't gayon ma'y malaking lubha ang kanyang nalalaman kay sa inyo, kahit kayo'y may katulong na m̄ga policia, at nailigtas sana niya ang aking corona, kung siya'y nagkaroon n̄g ka-

pangyarihang gaya ninyong makagagamit ng teléfono.

Tiningnan ng ministro ng anyong nagagalit si Villefort, na itinungo ang ulo sa pagpapakilalang hindi niya inilalaki ng loob ang pagtatagumpay.

—Hindi ko sinasabi ito sa inyo, irog kong Blacas,—ang ipinagpatuloy ni Luis XVIII,—sa pagka't kung sakali't wala mang natuklasan kayo'y hindi naman ninyo ipinalagay, na gaya ng mga iba, na walang kabuluhan ang pagbibigay alam ni guinoong Villefort, at udyok lamang ng isang hidwang pagmimithing magtamo ng mataas na katungkulan.

Parungguait ang mga salitang ito ng hari sa sinabi ng boong kapanatagan ng ministro ng Policía, na isang oras lamang ang nakararaan. Napag-unawang lubos ni Villefort ang ibig sabihin ng hari. Kung naguing iba siya'y napadala na sana sa mga pagpupuring isinasagana sa kanya; nguni't nang'anib siyang marapat sa paguiguing matalik na kaaway ng ministro ng Policía, baga man tanto niyang ito'y walang salang mahuhulog. At marapat nga siyang mang'anib, sa pagka't ang ministrong hindi nakatuklas, baga man malaking totoo ang kanyang kapangyarihan, ng mga lihim ni Napoleon, ang ministrong iya'y mangyayaring makaalam ng mga lihim ni Villefort, sa guitna ng kanyang masaklap na pagpipighati; walang kinakailangang ano man sa gayon kung di tanungin lamangsi Dantés. Sa ganito'y kumampi siya sa ministro, at hindi ang paghiya rito ang kanyang guinawa.

—Guinoo, ang kabilisang totoo n̄ pang-yayari'y siya ring makasasaksi sa inyong kadakilaan, ang Dios na n̄ga lamang ang tan̄ging makapipiguil sa gayong bagay. Ang ipinalalagay n̄ kadakilaang po ninyong bunḡa n̄ malaking katalasan n̄ aking isip ay wala kung di gawa lamang n̄ isang pagkakataon; sinasamantala ko ang pagkakataong iyan, palibhasa'y siyang dapat asalin n̄ isang tapat na loob na sakop ninyo. Huwag n̄ga po ninyong pagkalooban ako n̄ higit sa aking karapatan, guinoo, at iwaksi po ninyo ang hindi angkap sa aking inyong pagpapalagay.

Nagpasalamat ang ministro n̄ isang makahulugang titig, at napagkikilala ni Villefort na lumabas siya n̄ magaling sa kanyang kuro; sa makatuwid, bukod sa hindi nagbabawas ang pagkilalang loob n̄ hari, n̄gayo'y bagong nakahikayat siya n̄ isang kaibigang sakali't magkaroon siya n̄ ano mang sakuna'y kanyang matatakbuhan.

—Magaling, at n̄gayon m̄ga guinoo, —anang hari na lumingon sa kinalalagyan n̄ conde Blacas at n̄ ministro, —hindi ko na kayo kinakailan̄an at maaari n̄ makaalis kayo; ang m̄ga nalalabing gawain ay nauukol sa ministro n̄ pagbabaka.

—Ang kabutihang palad, guinoo, —anang Conde, —makaasa tayo sa hukbo; natatalastas pong magaling n̄ kadakilaan ninyo, ayon sa m̄ga pagbibigay-alam na sinasabi sa atin, na ganap ang pagkampi sa inyo.

—Huwag po ninyong, sabihin sa akin n̄gayon ang m̄ga pagbibigay-alam, Conde, lubos ang pagkaunawa ko kung hangang

• saan mabibigyan kong kapaniwalaan. Nguni't yamang napapag-usapan na natin ang nauukol sa mnga pagbibigay-alam, Baron, may napagtanto ba kayong iba pang mnga bagay na nauukol sa daang Saint-Jacques?

—Tungkol sa daan ng Saint-Jacques! —ang inulit ni Villefort, na hindi niya napiguilan ang gayong biglang pagsasalita. Nguni't biglang huminto't sinabi:—Ipatawad po ninyo, ang kalakhan ng aking lubos na pagmamalasaakit sa kadakilaan po ninyo, ang siyang dahil ng aking pagkalimot, hindi sa paggalang na aking kautangan sa inyo, sa pagka't ito'y malalim na di ano lamang ang pagkaukit sa aking puso, kung di ang mnga palatuntunang sinusunod sa pakikiharap sa dakilang hari.

—Magsalita kayo,—ang idinugtong ni Luis XVIII:—ngayo'y nagtamo kayo ng katuwiran sa aking pakakatiwala.

—Guinoo,—ang isinagot ng ministro ng Policia,—talagang pumarito po ako't ng aking saysayin sa kadakilaan po ninyo ang mnga balitang aking natuklasan tungkol sa bagay na ito, nguni't nakahadlang sa aking pagsasalita ang kakilakilabot na kasakunaang talastas na po ninyo, at ngayo'y wala ng kabuluhan ang mnga balitang iyon.

—Baligtad, guinoo, baligtad,—ani Luis XVIII;—tila mandin ang bagay na ito'y natatanikala sa bagay na pinag-uusapan natin, at ang pagkamatay ng general Quesnel ang siyang magpapaliwanag niyang kalakilakihang sabuwatang lihim.

Nangatal si Villefort pagkaringig ng pangalan ng general Quesnel.

—Tunay nãa po, guinoo,—ang ipinagpatuloy nã ministro nã Policía,—nagpapakilala ang lahat nã nangyari, na ang pagkaamis na ito nã buhay ay hindi isang pagpapakamatay, kun di isang kusang pagpatay. Tila mandin lumalabas ang general Quesnel sa isang “club bonapartista” nã patayin. Hinanap siya nã umagang iyon nã isang taong hindi kilala at pinaparoon siya sa daang Saint—Jacques; nãuni’t sa kawalang palad, ang “ayuda de camara” nã general, na sinusuklayan ang kanyang panginoon nã sandaling sinasabi nã hindi kilalang tao ang kinalalagyan nã club, ang natandaang lamang ay ang pangalan nã daan, nãuni’t nalimutan ang bilang nã bahay.

—Samantalang sinasabi nã ministro nã Policía sa hari ang mãa balitang ito, si Villefort, na lubhang pinakikinggan ang gayong mãa salita ay nagbabagobago nã kusa bawa’t isang nariringig na sabi.

—¿Hindi ba inaaakala ninyo, na gaya korin naman, guinoong Villefort,—ang tanong nã hari,—na isang patibong nã mãa maka Bonaparte ang siyang nagpahamak sa general Quesnel, na nagknkunuwang kakampi nã mangangamkam, nãuni’t ang katotohana’y aking kaanib?

—Gayon nãa po, marahil, guinoo,—ang isinagot ni Villefort;—¿nãuni’t wala na pang ibang nalalaman tungkol sa bagay na ito?

—Sinusundan na po ang mãa bakas nã taong sa kanya’y tumawag.

—¿Ah, siya’y hinahanap!—ang inulit ni Villefort.

—Opo sa sa pagka't sinabi n̄g "ayuda de camara" kung ano ang kanyang anyo; siya'y isang taong may limampo hanggang sa limampo at dalawang taon, kaymanggui, maiitim ang m̄ga mata, maiitim at malalago ang m̄ga kilay at may m̄ga "patilla"; ang suot na damit ay isang levitang azul at nakabotones at may cinta n̄g pagka oficial n̄g "Legión de Honor" sa isa sa m̄ga ojal. Sinundan kahapon ang isang taong ang anyo't pananamit ay katulad sa sinabi ko na, at siya'y nawala sa m̄ga mata n̄g sumusunod sa daang Jussine at sa daang Coq—Heron.

Humawak si Villefort sa sandalan n̄g isang sillón, sa pagka't hanggang nagsasalita ang ministro'y nararamdaman niyang siya'y linilisan n̄g kanyang lakas; n̄guni't n̄g maringig niyang nakawala ang hindi kilalang tao sa pagsunod n̄g kawal n̄g policíang tumitiktik sa kanya, siya'y natahimik n̄g kaunti.

—Hahanapin po ninyo ang taong iyan, guinoo,—anang hari sa ministro n̄g Policía, sa pagka't kung tunay ang lubos kong paniniwala na kusang pinatay ang general Quesnel na n̄gayon sana'y totoong mapapakinabangnan, maka Bonaparte man o hindi ang gumawa n̄g gayong katampalasanay ibig kong maparusahan n̄g lubhang kabangisan.

Kinailangan ni Villefort ang boong kalamigan n̄g kanyang dugo upang kanyang mailingid ang sindak na bigay sa kanya n̄g biling ito n̄g hari.

—¡Bagay na katakataka!—ang ipinagpatuloy ni Luis XVIII, kasabay ang pag-aanyong masama ang loob,—inaakala n̄g policía



na nagawa na niya ang lahat na dapat tuparin, pagka nasabi n̄g: “may nangyaring isang kusang pagpatay”, at nakapagbigay na n̄g kaukulang pagganap pagka nairagdag ang: “guinagawa na ang lalong masigasig na pagsisiyasat upang matuklasan ang m̄ga gumawa n̄g gayong kasalanan”.

—Guinoo, umaasa akong malulugod ang kadakilaan po ninyo tungkol sa bagay na ito.

—Magaling; makikita rin natin; aayaw akong piguilin ko pa kayo, Baron. At kayo po naman, guinoong Villefort, sa pagka’t marahil kayo’y pagal, pagkatapos n̄g ganyang kalayong paglalakbay, makapaparoon na rin kayo at makapagpapahingalay. Inaakala kong doon kayo tumuloy sa bahay n̄g inyong ama, ¿hindi po ba?

Napagkilala ang pagkalaguim ni Villefort.

—Hindi po, guinoo,—anya;—doon po ako natitira sa “fonda” n̄g Madrid, sa daang Tournon.

—¿N̄guni’t hindi pa ba ninyo nakikita si guinoong Noirtier?

—Guinoo, napahatid po akong tuloy tuloy sa bahay n̄g Conde n̄g Blacas.

—¿N̄guni’t marahil ay makikipagkita man lamang kayo sa kanya?

—Marahil po’y hindi mangyayari, sa pagka’t kukulangin ako n̄g panahon.

—¡Ah! Nalilimutan ko,—ani Luis XVIII, na n̄gumingiti n̄g isang anyong nagpakilala kay Villefort, na may kahulugan ang paulit-ulit na m̄ga tanong na iyon;—naliimutan kong hindi lubhang nakakasang-ayon kayo n̄g inyong ama, at ang bagay na iya’y

isa pang bagong pagpapakahirap ninyo alang-alang sa inyong pagkampi sa akin; pagpapakahirap na hindi mangyayaring di magkaroon ng ukol na ganting pala.

—Guinoo, ang magandang kaloobang ipinakikita po ng kadakilaan ninyo sa akin ay isang ganting pala ng napakalaki ang higit sa aking mithi, kaya nga wala na akong hinihinging ano man sa hari.

—Hindi kailangan, guinoo, hindi namin kalilimutan kayo. Samantalang (inaalis ng hari ang cruz ng Legion de Honor na karaniwang dala niya sa kanyang bughaw na pananamit, sa tabi ng cruz ni San Luis, sa ibabaw ng placa ng Orden ng Nuestra Señora del Monte Carmelo at ng cruz ni San Lázaro, at saka ibinigay kay Villefort), samantala,—anya,—tanggapin po ninyo ang cruz na iyan.

—Guinoo,—ani Villefort,—nagkamali po ang kadakilaan ninyo, iya'y cruz na ukol sa oficial.

—Tanggapin ninyo't siyang kalooban ko,—ani Luis XVIII,—tanggapin ninyo kung ano man iyan; wala akong panahon ngayong maghintay upang makapagpadala rito ng iba. Kayo ang mamahala, Blacas, upang bigyan ng ukol na *diploma* (katibayang ukol sa cruz na iyon), si guinoong Villefort.

Nanguilid sa mga mata nito ang luha ng katuwaan sa gayong dangal; inabot ang cruz at saka hinagkan.

—At ngayon,—ang tanong,—alín po ang mga utos na ipagmamangal kong tanggapin sa kadakilaan ninyo?

—Makauwi na kayo't n̄ng makapagpahingalay, at kung kailan ninyo ibig ay makapaparoon na kayo sa Marsella, sa pagka't doo'y malaki ang ikapaglilingkod ninyo sa akin.

—Guinoo,—ang isinagot ni Villefort na yumukod n̄ng boong galang,—sa loob po n̄ng isang oras ay nakaalis na ako marahil sa París.

—Humayo kayo, guinoo,—anang hari,—at kung sakali't kayo'y malimutan ko (malilimutin ang m̄ga hari), huwág kayong mag-alinlanġan n̄ng pagpapa-aalaala sa akin. Guinoong Baron, ipatawag po ninyo ang ministro n̄ng pagbabaka; matira kayo, Blacas.

—¡Oh! guinoo,—anang ministro n̄ng Policía kay Villefort, paglabas nila sa palacio n̄ng Tullerías,—¡magaling ang inyong pagkaspasimula, at makaaasa kayong yari na ang inyong mabuting kapalaran!

—¡Tumagal kaya?—ang ibinulong ni Villefort na yumukod sa ministro at lumingap na humahanap n̄ng isang masasakyan. Nagkataon namang noo'y dumaraan ang isang carruajeng paupahan. Sumakay'roon si Villefort at n̄ng makaraan ang sampóng minuto'y pumasok na siya sa kanyang tinutuluyan.

Ipinahanda ang m̄ga kabayong kanyang sasakyan sa loob n̄ng dalawang oras, at nagutos na dalhin na sa kanya ang agahang pagkain. Upo na sana siya sa mesa n̄ng tumunog n̄ng boong lakas ang campanilla sa gawa n̄ng isang malakas na kamay na bumaltak n̄ng lubid. Binuksan n̄ng “camarero” (alilang naglilingkod sa m̄ga guinoong na sa m̄ga cuarto), at naringig ni Villefort,

na nagmamatyag sa lahat, na ipinanangungusap ang kanyang pangalan.

—¿Sino kaya ang nakaalam na ako'y naririto?—ang tanong sa sarili ng binata.

Pumasok ang camarero ng sandaling ito.

—¡Ano! ¿Sino ba ang tumawag? ¿Sino ang nagtatanong sa akin?

—Isang taga ibang lupaing aayaw sabihin ang kanyang pangalan.

—¡Bakit! ¡Isang taga ibang lupaing aayaw sabihin ang kanyang pangalan!

¿At ano ang kanyang ibig sa akin?

—Ibig makipag-usap daw sa inyo.

—¿Sa akin?

—Opo, guinoo.

—¿At sinabi ba niya ang aking pangalan?

—Magaling ang pagkasabi.

—¿At ano ang kanyang bikas?

—Isa lang lalaking may mga limampong taong gulang.

—¿Matangkad o pandak?

—Makakasingtaas po ninyo, humiguit kumulang.

—¿Kaymanggui o maputi?

Kaymanggui, totoong kaymanggui; maiitim ang mga buhok. mga mata, mga kilay at pati ng mga patilla.

—¿At paaño ang kanyang pananamit?—ang mabalising tanong ni Villefort.

—May levitang azul na nakabotones buhat sa itaas hanggang sa ibaba, at may “condecoración” na Legión de Honor.

—Walang iba kung di siya,—ang ibinulong ni Villefort na namutla.

—¡Eh! ¡Diantre!—anang taong makaalawang sinaysay namin ang kanyang anyo't

pananamit, na sumunḡaw sa pintuan.—¡Aba, totoong napakagaling naman ang kabagalan! ¿Ugali ba sa Marsella ang papaghintayin nḡ mḡa anak sa antesala ang kanilang mḡa magulang?

—¡Tatay!—ang biglang sinabi ni Villefort;—hindi ako nagkamali: inaakala ko nḡ kayo nḡa po.

—¡Aba! Kung inaakala mong ako nḡa, —ang muling sinabi nḡ bagong dating, na inilalagay ang kanyang bastón sa isang sulok at sa isang silla naman ang kanyang sombrero,—itulot mong sa iyo'y aking sabihing hindi katuwirang papaghintayin mo ako nḡ ganyan.

—Pabayaan ninyo kaming mag-isa rito, German,—ani Villefort.

Yumao ang camarerong nagpapakilala nḡ malaking pagtataka.

## IKALABING-DALAWANG BAHAGUI ANG AMA AT ANG ANAK NA LALAKI

Sinundan nḡ mata ni guinoong Noirtier, sa pagka't siya nḡa ang bagong kapapasok, ang alila hanggang sa masarhan ang pintuan; nḡuni't sa kanyang panganganiḡ na baka natira ang alilang iyon sa antesala upang makinig nḡ salitaan, muling binuksan ang pinto; hindi naguing walang kabuluhan ang pag-iinḡat, sa pagka't ang kaliksihan nḡ pagtakas ni German ay nagpakilalang ito'y hindi ligtas sa kasalanang ikinapahamak nḡ ating kaunaunahang mḡa magulang. Nḡ magkagayo'y nagpapakagal si guinoong Noirtier na siya na rin ang magpakagaling na mag-

sara n̄g lahat n̄g m̄ga pintuan, at n̄g matapos niya ang lahat n̄g ito'y inilahad n̄g boong pag-irog ang kanyang kamay kay Villefort, na nagmamasid n̄g boong pagtataka sa lahat n̄g m̄ga guinagawang ito n̄g kanyang ama.

—¿Nalalaman mo ba, guiliw kong Gerardo, —ang sinabing tinitingnan ang binata, kasabay ang pagn̄iting mahirap mapaglilingkung ano ang kahuluḡan,—nalalaman mo ba, inuulit ko, na tila mandin hindi malaki ang pagkaibig mong makita ako?

—¡Aba! malaki po, tatay,—ani Villefort, —ikinatuwa ko pong totoo ang kayo'y aking makita; datapuwa't palibhasa'y hindi ko hinihintay ang inyong pagkaparito sa akin, napataka po ako n̄g n̄g kaunti.

—N̄guni't n̄gayong maalaala ko,—ang muling sinabi ni guinoong Noirtier na naupo, —iniisip kong gayon din ang masasabi ko sa iyo. Sa pagka't tingnan natin, ¿paanong maipaliliwanag mo sa akin ito: ibinalita mo sa aking ikakasal ka sa Marsella n̄g ika 28 n̄g Febrero at nasumpong kata rito sa Paris n̄g ika 3 n̄g Marzo?

—Opo, kung naparito po ako, tatay,—ani Gerardo na lumapit kay guinoong Noirtier,—hindi po dapat ninyong ipagdamdang; sa pagka't naririto ako't dahil lamang sa inyo, at marahil dahil sa pagkapaglakbay kong ito'y makaliligtas kayo.

—Aba! ¡tunay n̄ga ba?—ani guinoong Noirtier na lalong nagpakagaling n̄g pagkaupo sa kinalilikmuang, sillón.—¿Totoo n̄ga ba? ¡Hala! sabihin n̄ga po ninyo, guinoong ma-

gistrado; isang bagay iyang tila totoong mainam.

—Tatay, ¿hindi po ba nababalitaan ninyo ang isang “club bonapartista” na pinagpupulungan sa daang Saint-Jacques?

—Bilang 53; mangyari pa baga, sa pagka’t ako pa naman ang siyang pangalawang pangulo roon.

—¡Tatay! [Pinapanangatal ako ng kapanatagang inyong ipinakikita.

—¡Ano ang gagawin mo, anak ko! Pagka ang isang tao’y naging tapon ng mga taga bundok; pagka ang taong ito’y umalis sa Paris na nakalulan sa isang kangga’t nataktapan ng *heno* (1); pagka siya’y napaghad sa mga buhanginan ng Burdeos ng mga tiktik ni Robespierre, hindi na nasisindak sa pinakamarami ng mga nangyayaring bagay. Magpatuloy ka nga ng pananalita; hala, sabihin mo, ¿ano ba ang nangyari sa “club” na na sa daang Saint-Jacques?

—Ang nangyari’y pinakiusapang pumaron ang general Quesnel, umalis ito sa kanyang bahay ng a las nueve ng gabi, at kinabukasa’y nasumpungan ang kanyang bangkay sa ilog Sena.

—¿At sino ang nagbalita sa iyo ng mainam na kasaysayang iyan?

—Ang hari rin po, tatay.

—¡Magaling! Sasabihin ko naman sa iyo, kapalit ng iyong sinaysay,—ang ipinagpatuloy ni Noirtier,—ang isang balita.

—Tatay, tila mandin nalalaman ko na ang inyong sasabihin sa akin.

(1) Damong tinutuyo at ng maipakain sa hayop.

—¡Ah! ¿Nalalaman mo na ba ang pagkagalunsad ng mahal na emperador?

—¡Marahan po tatay; isinasamo ko sa inyo; ang una'y sa inyo't ang ikalawa'y sa akin. Opo, dating nalalaman ko na ang balitang iyan, at halos nalaman ko na muna bago inyong napagtanto, sa pagka't tatlong araw ng nagngingitngit ako't hindi ko mapuknat sa aking noo ang isang kaisipang doo'y sumusunog.

—¡Tatlong araw na! Nauulol ka ba?

—¡Datapuwa't noong makatlo'y hindi palumululan sa sasakyan ang emperador!

—Hindi kailangan, dating tanto ko na ang kuro.

—¿Paanong pagkaalam mo?

—Sa pamamag-itan ng isang sulat na padala po sa inyo buhat sa pulo ng Elba.

—¿Sa akin?

—Sa inyo po; ang sulat na iya'y natuklasan ko sa "cartera" ng isang sugo. Kung nahulog po ang sulat na iyan sa mga kamay ng sino man, marahil nabaril na kayo sa mga oras na ito.

Nagtawa si guinoong Noirtier.

—¡Aba!, ¡aba!—anya,—tila mandin nag-aral ang karing Luis XVIII kay Napoleón ng madaling pagyari ng mga ginagawa...¡Nabaril na! ¡walang ano mang kabuluhan! ¿saan tayo hahanggan?...At ang sulat na iyan, ¿saan naroon? Napakalaki ang aking pagkakilala sa iyo upang hindi ko sapantahaing pinugnaw mo na.

—Sinunog ko po sa panganganib kong baka may matirang katiting man lamang,



sa pagka't ang sulat na iyo'y siya ninyong kapahamakan.

—At kapahamakan mo sa hinahaharap na panahon,—ang malamlam na sagot ni Noirtier;—tunay, natataos kong magaling; nguni't hindi ako nagdadalang takot ng ano man, sa pagka't ako'y tinatangkilik mo.

—Mahiguit sa riyang ang guinagawa ko, tatay; iliniligtas ko po kayo.

—¡Aba! ¡diantre! ¡iya'y nakalalaguim na; ipaliwanag mo nga.

—Tatay, ibalik natin ang salitaan sa “club” na iyang na sa daang Saint-Jacques.

—Tila mandin ang “club”, na iya'y tootong pinaninimdim ng policia; ¡bakit hindi nila pinagsusumakitang hanapin? Kung ginawa nila ang gayo'y nasumpong sana nila.

—Tunay ngang hindi nila nasumpungan; nguni't guinagawa ang mahigpit na pagsisiyasat upang matuklasan.

—Iyang lagui ang kaugaliang sabi pagka nagkakaligawligaw ang policia, ang sinasalita'y guinagawa ang mahigpit na pagsisiyasat, at naghihintay naman ng boong katiwasayang sa kanya'y sabihing nakalaylay ang tainga, na nawala ang bakas ng kanilang hinahanap.

—Tunay po; nguni't ngayo'y nakasumpong ng isang bangkay; pinatay ang general Quesnel, at iya'y tinatawag na pagpatay na kusa.

—¿Isang pagpatay na kusa, ang sabi mo? ¿Sino ang makapagpapatotoo sa iyo na pinatay na kusa ang general? ¿Hindi ba nakakasumpong araw araw ng mga bangkay ng mga taong tikis na nagtalon sa ilog Sena, sa udyok ng malaking pagpipighati,

- o nangalulunod sa dahilang hindi marunong Inmanḡoy?

—Tatay, malabis po ang inyong pagkaalam na hindi nalulunod sa udyok nḡ isang malaking sama nḡ loob at hindi naman karaniwang may maligo sa buwan nḡ Enero; hūwag po kayong managuinip; ang pagkamatay na iya'y pinangalanan nḡ boong katuwirang pagpatay na kusa.

—¿At sino ang nagpanḡalan nḡ ganyan?

—Ang hari.

- ¡Ang hari! Wala akong boong akala kung di ang hari'y tumatalima sa mataas na kaisipan upang mapagkuro na walang pagpatay na kusa pagka nahihingguil sa "política". Sa política anak ko, napagtatalastas mong gaya ko rin naman; sa "política'y" hindi ang kataohan ang tinitingnan kung di ang mḡa layon; walang damdamin kung di ang mithi. Hindi pinapatay ang isang tao sa "política", inaalis ang isang sagabal. ¿Ibig mo bang maalaman kung paano ang mḡa nangyari? Wala kaming boong isip kung di mapagkakatiwalaan naming totoo ang general Quesnel, sapagka't siya'y lubhang ipinagtagubilin sa amin buhat sa pulo nḡ Elba. Pinaroonan siya sa kanyang bahay nḡ isa sa amin at inanyayahan siyang dumalo sa isang pagkakapisan nḡ mḡa kaibigang gagawin sa daang Saint-Jacques. Dumalo siya roon, at diya'y ipinaunawa sa kanya ang boong munakala, ang pag-alis nḡ emperador sa pulo, ang paraang gagawin sa paglunsad at iba pa; nḡ kanyang mapakinggan nḡ lahat; nḡ wala nang nati-tirang ano pa mang dapat niyang mapag-

tanto, saka nagkaroon ng magaling na kaisipang sabihing siya raw ay makahari. Ng magkagayo'y nangagtinginan ang isa't isa; pinapanumpa siya; nanumpa, nguni't lubhang masama sa loob, na ang katotohana'y ang manumpa ng gayong anyo ay isang paglabag sa Dios. ¡Magaling! Gayon man, pinabayaan ding siya'y makaalis ng boong kalayaan, lubos ang kalayaan. ¡Hindi na nagbalik sa kanyang bahay! ¿ano ang ibig mo? Ang katotohana'y umalis siya sa aming bahay; naligaw marahil ng daan. ¡Pagpatay na kusa! Ang katotohanan, nagtataka ako ng mainam, Villefort, na ikaw, na pangalawang procurador ng hari, gawin mong patakaran sa isang sumbong ang ganyang napakadukhang mga pagpapatotoo. ¿Nagsabi ba ako sa iyo kailan man, sa pagganap mo ng iyong katungkulang pagkamakahari, kung pinapuputulan mo ng ulo ang isa sa aming *partido*: "Anak ko, gumawa ka ng kusang pagpatay? Hindi, kung di ganito ang sinasabi ko sa iyo: "Magaling, guinoo, nagtagumpay ka sa pakikitunggali...; nguni't bukas ang gantihan."

—Nguni't tatay, magpakaingat kayo; kakilakilabot ang gantihang iyan, pagka ginawa namin.

—Hindi ko matarok ang sinasabi mo.

—¿Umaasa ba kayo sa pagbalik ng mangangamkam?

—Oo, sinasaysay ko ang totoo.

—Kung gayo'y nagkakamali po kayo, tatay; hindi makalalakad ang emperador ng sampong leguas man lamang, na hindi pag

usiguin, haging tulad sa isang hayop na ganid.

—Katoto ko, nilalakaran ng emperador sa sandaling ito ang daang Grenoble; darating siya sa Lyon sa ika 10 o ika 12, at na sa Paris na siya sa ika 20 o ika 25.

—Mananghihimagsik ang lahat ng mga tao sa mga bayang kanyang daanan...

—Upang kumampi sa kanya.

—Kakarakot lamang ang mga taong dala niya, at siya'y ipasasalubong sa mga hukbong laban sa kanya.

—Maghabatid sa kanya ang mga hukbong iyan sa pagpasok sa pangulong bayan. Ang katotohanan, irog kong Gerardo, ikaw ay wala kung di isang musmos lamang; ang isip mo'y magaling ng totoo ang iyong mga balita dahil sa galing sa pagbibigay alam ng telegrafo ng makaraan na ang tatlo o apat na araw buhat ng siya'y makalunsad. "¡Lumunsad ang manangamkam sa Cannes na iilang tao ang kasama." ¡Pinag-uusig na siya!" ¡Nguni't saan naroon? ¡Ano ang ginawa? Wala kayong nalalaman. Pinag-uusig na siya; hanggang dito lamang ang saklaw ng lahat ninyong mga balita. ¡Magaling! Ganyan ang gagawing paghabol sa kanya hanggang sa Paris, na hindi man lamang magpapaputok ng isang fusil.

—Mga tapat na loob ang mga ciudad ng Grenoble at Lyon at mangaglalagay ng hadlang na hindi mangyayaring maraanan.

—Ipagbubukas siya ng Grenoble ng mga pintuan ng malaking galak; sasalubunin siya ng boong tuwa ng Lyon. Maniwala ka sa akin, magagaling ang balitang tinatanggap

naming gaya rin naman ninyo. ¿Ibig mo ba ang isang pagpapatotoo n̄g bagay na ito? Ipakikita ko sa iyo ang katotohanang iyan; nais mong ilihim ang iyong paglalakbay, at gayon man, kalahating oras ang pagkauna n̄g balitang tinanggap ko sa pagdating mo sa pintuan n̄g París; wala kang pinagsabihan n̄g tutuluyan mong bahay kung di ang cochero. ¡Tingnan mo! Pauna kong nalaman, at ang katotohanan ay dumating ako rito n̄g sandaling dudulog ka na sana sa mesa. ¿Kumusta? Hala, tumawag ka at ipag-utos mong maglagay n̄g isa pang “cubiertos” (1); magsasalo kata sa pagkain.

—Siya n̄ga, ang muling sinabi ni Villefort na tinitingnan ang kanyang amá n̄g malaking pagtataka,—siya n̄ga; sa aking akala’y marami kayong nalalaman.

—¡Aba! magaan na totoong isipin ang bagay na iyan; kayo, na siyang may hawak n̄g kapangyarihan, ang nagagamit lamang ninyo’y ang m̄ga paraang ibinibigay n̄g salapi; kami, na umaasang kamtan namin ang kapangyarihan ding iyan, wala kaming nagagamit kung di ang m̄ga paraang ipinagkakaloob lamang n̄g tunay na alab n̄g puso.

—¿N̄g alab n̄g puso?—ani Villefort na nagtatawa.

—Oo, alab n̄g puso; iyan ang pangalan; binyag n̄g nakararangal na pananalita sa pagmimithi n̄g pagkapataas na marunong maghintay.

At iniunat n̄g amá ni Villefort ang kanyang kamay sa dakong lubid n̄g campanilla

(1) Tinatawag na isang *cubiertos* ang ganáp na kasangkapan sa isang pagkain ng isang tao.

upang tawaguin ang alila. Piniguil siya ni Villefort.

—Hintay muna kayo, tatay,—anya;—pakinggan ninyo ang isang salita.

—Sabihin mo, pinakikinggan na kita.

—Magpakasamasama man n̄g policía n̄g makahari, gayon ma'y napagtatalastas ang isang bagay na kakilakilabot.

—¿Alin?

—Ang anyo at pananamit n̄g taong naparoon sa bahay n̄g general Quesnel n̄g umagang ito'y mawala.

—¡Ah! ¿Nalalaman na ba iyan n̄g policía?...¿At anó anó lamang ang m̄ga pagkakakilanlang sinasabi mo?

—Pakinggan po ninyo: kayumanggui ang balat; ang n̄ga buhok, ang m̄ga patilla at ang m̄ga mata'y pawang maiitim; levitang azul na nakabotones hanggang sa liig; isang condecoración n̄g pagka oficial sa Legión de Honor sa isang ojal, malapad na dahon n̄g sombrero at bastong kawayan sa India.

—¡Aba! ¡aba! ¡aba! ¿Sa makatuwid ay nalalaman ang lahat n̄g iyan? ¿At bakit hindi nila hinuhuli ang taong iyon?

—Sa pagka't n̄g siya'y sundáng kahapon o kamakalawa, siya'y nawala sa mata n̄g tumitiktik sa kanya sa daan Coq-Heron.

—¡Sinasabi ko na sa iyo't tunggak na tunggak ang inyong policía!

—Ang katotohanan ay mangyayaring mampungang sa loob n̄g ilang sandali ang taong iyan.

—Tunay n̄ga—ani Noirtier na lumilingap n̄g boong pagwawalang bahala sa kanyang paliguid,—tunay n̄ga, iya'y isang bagay na

hindi dapat pagtakhan kung hindi sana may nakapagsabi na sa taong iyan; n̄guni't sa kagalingang palad ay may nakapaghimatong na sa kanya,—ang idinagdag na n̄gumingiti— at n̄gayo'y magbabago n̄g mukha at n̄g pananamit.

At pagkasabi n̄g gayo'y nagtindig, nag-alis n̄g corbata at naghubad n̄g levita, at tumun̄go sa isang mesa, sa ibabaw nito'y naroroon ang lahat n̄g kinakailan̄gang panglinis sa mukha, na pawang pag-aari n̄g kanyang anak; hinawakan ang isang navajang pangahit, sinabon ang mukha at pinasimulaan ang pag-aahit n̄g m̄ga patillang iyong sa policia'y isang tandang mahalaga. Pinagmamasdan ni Villefort n̄g boong laguim at pagtataka ang kanyang ama. N̄g malaglag na ang m̄ga patilla sa pamamag-itan n̄g kapangyarihan n̄g navaja, nagsuklay n̄g ibang iba sa dating husay n̄g kanyang buhok, inihalili sa kanyang corbatang itim ang isa na iba ang kulay, na kanyang natanawan sa ibabaw n̄g maleta; ipinalit sa kanyang levitang azul at nabobotones mula sa itaas hanggang sa ibaba, ang isang levita ni Villefort na kulay castaña at bukas; tinikmang isuot sa harap n̄g salamin ang sombrero n̄g binata na ang anyo'y nakatupi ang magkabilang taguiliran, tila man din nalugod siya sa kanyang pag-iiba n̄g anyo, iniwan ang bastong kawayang galing sa India sa sulok din n̄g *chimenea* na kanyang pinaglagyan, hinawakan n̄g malakas niyang kamay ang isang magaang na yantok na kanyang hinubog, at sa gayong pagkakabago'y nag-anyo siyang ibang iba sa dati at taglay

iyang kakisigang isa sa kanyang m̄ga mai-inam na hiyas.

—N̄gayon,—ang sinabi na lumingon sa nagtataka niyang anak, n̄g matapos na ang paghahalili niya n̄g pananamit,—n̄gayon, ¿inaakala mo bang makikilala pa ako n̄g iyong policia.

—Hindi na po, tatay,—ang pautal na sinabi ni Villefort,—sa ganang akin man lamang.

—At n̄gayon, guiliw kong Gerardo,—ang ipinagpatuloy ni Noirtier,—ipinagkakatiwala ko sa iyong katalinuhan ang pagtatago nito ng m̄ga bagay na bago ko kahuhubad.

—¡Oh! Makapapanatag po kayo, tatay,—ang muling sinabi ni Villefort.

—Siya n̄ga, siya n̄ga; n̄gayon naniniwala akong may katuwiran ka at mangyayaring mailigtas mo ang aking buhay. N̄guni't tumahimik ka, hindi malalao't pagbabayaran kita.

Yumukod si Villefort.

—¡Ano! ¿Hindi ka ba naniniwala?

—Sa akala ko'y nagkakamali po kayo, tatay.

—¿Muli ka bang makikipagkita sa hari?

—Marahil po.

—¿Ibig mo bang ipalagay n̄g haring ikaw'y manghuhula?

—Tinatanggap po, tatay, sa palacio, n̄g masama ang m̄ga nanghuhula n̄g darating na m̄ga sakuna.

—Tunay n̄ga; n̄guni't dumarating ang araw na binibigyan siyang katuwiran; at kung hindi'y ipaghalimbawa mong muling mabalik sa pagkahari si Luis XVIII, at maniwa-



la kang kung magkagayo'y ipalalagay kang isang dakilang tao.

—Sa kawakasan, ano po ba ang aking dapat sabihin sa hari?

Ang sumusunod: “Guinoo: dinaraya po kayo tungkol sa mga damdamin ng Francia, sa kuro ng mga ciudad at sa kaisipan ng hukbo; yaong tinatawag ninyo sa Paris na *Ogro ng Corcega*, na pinangangalanganang *mañgañgamkam* sa Nevers, ay tinatawag na ngayong Bonaparte sa Lyon at emperador sa Grenoble. Ang isip ninyo'y talo na siya, pinag-uusig at marahil ay tumatakas, ang katotohana'y matuling totoo ang pagparito tulad sa águilang muling dito'y lumilipad; inaakala ninyong ang mga sundalo niya'y pagal na, mga gutom at handa sa pagtatanan: baligtad, nalalao'y lalong sumisigla, nararagdangang kawanngis ng pagkapit ng mga maliliit na nieve sa paguilid ng gumugulong na bola; guinoo, yumao na kayo: lisanin ninyo ang Francia sa tunay na may ari sa kanya, sa hindi bumili sa kanya, kung hindi kinuha sa kabayanihan; lumakad na kayo at walang pang'anib na sa inyo'y mangyayari, sa pagka't kahi man may kasukatang kapangyarihan ang inyong kaaway upang kayo'y kanyang patawarin, gayon man, totoong kahiyahiyang maguing kautangan ng isang apo ni San Luis ang kanyang buhay sa taong bayani sa Arcole, sa Marengo at sa Austerlitz.” Sabihin mo ito sa kanya, Gerardo, o ang lalong magaling ay huwag ka ng magsabi ng ano man; ilihim mo ang kadahilanan ng iyong paglalakbay; huwag mong

ipagparanġalan ang inakala mong gawin dito at ang mġa guinawa mo sa Paris; sumakay ka agad sa isang carruaje, at kung mangyayari'y liparin mo ang alang-alang hanggang sa dumating ka sa Marsella; pumasok ka roon nġ gabí, pumanhik ka sa iyong bahay sa isang lihim na pinto, at manatili ka roong nakatago nġ boong pagpapakumbaba at kuwag kang gagawa nġ anó mang katampalasanan; sa pagka't isinusumpa ko sa iyong nġayo'y magbabanġis kami, sa isang salita, gagawin namin ang dapat gawin nġ mġa taong napagkikilalang magaling ang kanyang mġa kaaway. Lakad na anak ko; lakad na, guiliw kong Gerardo, at sa pamamag-itan nġ pagsunod mong itó sa mġa utos nġ iyong amá, sa pagbibigay mong kahalagahan sa mġa hatol nġ isang katoto ay papanatilihin ka namin sa inyong katungkulan. Bukod sa rito,—ang idinagdag ni Noirtier na nġumingiti,—isang bagong paraang magagamit mo sa pagliligtas sa akin, sakali't ang talarong timbanġan nġ política'y mulíng ipailanglang ka. Paalam na Gerardo, paalam na anak ko; huwag mong limuting sa bahay ko-ikáw tutuloy sa hindi na malalaong pagparito mo sa Paris.

Umalis si Noirtier, pagkasabi nġ mġa salitang itó, taglay yaóng kapanatagán nġ loob, na hindi lumisan sa kanya kahi't susumandali sa boong panahong itinagal nġ gayóng kahaba at mabigát na salitaan. Tinunġo ang bintana ni Villefort na namumutla't nababalisa, itinaas ang tabing, nakita niyang dumaraan ang kanyang amáng panatag ang loob sa guitna nġ dalawa o tatlong taong

masasama ang anyo, na nangagkukubli sa likuran ng pagliko sa daan, at sila nga marahil ang nangaghibintay sa lalaking may mga patillang maiitim, levitang azul at sombrero malapad ang dahon.

Nanatili sa pagkatindig at sakbibi ng paninindim hanggang sa nawala ang kanyang amá sa pinagsangahan ng daang Bussy; ng magkagayo'y dinaluhong niya ang mga kasangkapang iniwan ni Noirtier, itinago niya sa kailaliman ng kanyang maleta, nagsuot ng isang gorrang gamit sa paglalakbay, tinawag ang camarero, binayaran niya ang kanyang pagkatira at pagkain doon, at sumakay sa carrujeng naghihintay sa kanya sa pintuan. Natalastas niya sa Lyon na bagong kapapasok ni Bonaparte sa Grenoble, at dumating siya sa Marsella sa gutna ng kaguluhang naghahari sa boong kanyang linakaran, at sa pakikibuno sa mga sindak na kaukulang taglayin ng isang taong may hinahawakang isang katungkulang nangingibabaw sa marami.

## IKALABINTATLONG BAHAGI

### ANG ISANG DAANG ARAW

Naging magaling na manghuhala si guinoong Noirtier; matuling lumakad ang mga bagay bagay alinsunod sa kanyang sinabi. Natatalos ng lahat ang pagkakapagbalik ni Napoleong galing sa pulo ng Elba, pagbabalik na nakamamangha, himala, walang katulad sa nakaraang panahon, at marahil ay walang makakawangis sa hinaharap.

Hindi nag-akala si Luis XVIII na mag-

sanggalang sa gayong kasakitsakit at biglaang dating n̄g sakuna kung di sa isang paraang lubhang napakahina; pinapagkukulang tiwala siya sa m̄ga nangyayari n̄g kanyang kakulangang tiwala sa m̄ga tao. Nanginig sa kinatitirikang hindi pa matibay ang kaharian, o sa lalong maliwanag na sabi, ang kanyang paghahari, na bagong katatatag niya, at sa isa lamang hudyat n̄g emperador ay nangatal ang binalangkas na iyong pinaghalohalong walang kahusayan n̄g m̄ga lumang pananalig at n̄g m̄ga bagong kaisipan.

Walang kinamtan si Villefort sa kanyang hari liban na lamang sa isang pagkilalang utang na loob, na n̄g m̄ga sandaling iyo'y hindi lamang walang kabuluhan, kung di nakapagbibigay pang'anib pa; kaya n̄ga't pinag-iingatan niyang huwag ipakita kanino man man yaong cruz na ukol sa oficial n̄g Legión de Honor, baga man ibinigay sa kanya n̄g conde n̄g Blacas ang diploma, ayon sa ipinagbilin sa kanya n̄g hari.

Inalis sanang walang sala ni Napoleon si Villefort sa kanyang katungkulan kundi lamang sa pagtatangkilik ni Noirtier, na naging isa sa lalong may lakas at may kapangyarihan sa Corte n̄g isang daang araw, dahil sa m̄ga pang'anib na kanyang sinugbahan at gayon din sa m̄ga paglilingkod na kanyang guinawa. Kaya n̄ga, ayon sa kanyang ipinangako'y tinangkilik si Villefort na n̄g hindi pa nalalaong araw ay tumangkilik naman sa girondino n̄g 93 at senador n̄g 1806. Guinamit lamang ni Villefort ang boong lakas niya sa maikling itinagal n̄g pagkabalik na ito n̄g kapangyarihan n̄g em-

perador (na magaan ngang napagkuro ang pangalawang pagkahulog na muli), sa pagpupumilit na malunod ang lihim tungkol kay Dantés na kaunti na lamang sana't mahahayag na.

Inalisan ng katungkulan ang procurador ng hari, sa pagka't pinaghinalaang siya'y hindi tunay na maka Bonaparte.

Gayon man, bago pa lamang katatatag na panibago ng kapangyarihan ng emperador; sa makatuwid, bago pa lamang nagpapasimula ang pagtahan ng emperador sa palaciong iyon ng Tullerías na bagong kaiwan ni Luis XVIII, at bago pa lamang kapaadala ng maraming mga utos mula sa maliit na gabinete ng iyon, na aming ipinakilala na sa mga bumabasa, mga utos na sinusulat sa ibabaw ng isang mesang nogal, na kinakitaan ng isang cajoncitong puno pa halos ng tabaco ni Luis XVIII; ng nagpapasimula na sa Marsella, na nawalang kabuluhan ang pag-iingat ng mga magistrado, ang pag-aalab ng mga unang ningas ng pagbabaka ng mga magkakababayan din, na hindi pa totoong napapayapa sa dakong hilaga, bahagya na ang naguing kakulangan upang ang mga panghihiganti'y humiguit sa hindi nakaaanong paglibak at pag-uyat sa mga makahari, na nangapilitang huwag lumabas sa kanilang mga bahay, sa pagka't hinahagad sila sa mga daan ng boong kabanngisan kung napakikita sila.

Sa isang kaukulang pagbabagong anyo ng kapalaran, ang karapatdapat na armador

(1), na kilala na nating napapanig sa *partido* (2) ng mga *taong-bayan* (3), siya namang napanģibabaw, nguni't hindi naging makapangyarihan, sa pagka't si guinoong Morrel ay napakamaingat at may pagkamatakutin, gaya ng lahat na yumayaman ng untiunti dahil sa lubhang pagsusumikap sa pangangalakal; nguni't baga man malaking totoo ang kanyang lakas sa pamahalaan ay walang binantang hingin kung di isang bagay lamang, ang pagbibigay kay Dantés ng kalayaan.

Nanatili si Villefort sa kanyang katungkulan, baga man nahulog ang kanyang puno, at napaliban ang pagkakasal sa kanya hanggang sa dumating ang lalong payapang panahon. Sakali't manatili ang emperador sa trono, kung magkagayo'y nagkakailangan si Gerardo ng ibang maguiguing asawa at ang kanyang amá ang siyang mangangasiwa ng paghanap sa ibang pakakasalan; nguni't kung dahil sa pinagpipilitang pagbabangon ay makabalik sa paghahari sa Francia si Luis XVIII, kung magkagayo'y mararagdagan ang lakas ni guinoong Saint-Meran at kung mangyari ito'y matutlo'y ang munakalang pag-iisang katawang dating kasunduan na, at sa ganito'y malalagay magpakailan man ang kanyang pamumuhay sa matibay na kalagayan.

---

(1) Ang may-ari ng isang sasakyang dagat.—(2) Ang pulutong ng mga nagkakaisa sa kuro tungkol sa pamahala ng bayan.—(3) Tinatawag na taong bayan ó anak-bayan ang mga nabubuhay sa tulo ng sariling pawis. Hindi kasanib sa sabing taong bayan ang mga mayayaman, baga man tagaroon din sa bayang iyon.

Kasalukuyang pangulong magistrado sa Marsella ang pangalawang procurador ng hari, ng mabuksan, isang umaga, ang pintuan ng kanyang oficina, at ipagbigay sabi sa kanyang si guinoong Morrel ay ibig makipagkita. Kung naging iba'y masisindak marahil sa pagkaalam lamang kung sino ang nagnanasang sa kanya'y dumalaw; nguni't si Villefort ay isang taong matalas di na ano lamang ang pag-iisip, at sakali't kulang man siya sa danas, datapuwa't taglay naman niya ang katalinuhan sa lahat ng bagay. Pinapaghintay niya si Morrel sa antesala, at baga man wala siyang guinagawa at siya'y nag-iisa't walang kapanalig, inasal din niya ang dating ugaling gaya ng naghahari pa si Luis XVIII, na pinapaghintay ng pangalawang procurador sa antesala ang lahat ng mga dumadalaw sa kanya. Ng makaraan ang isang cuartong ora (ikapat na bahagui ng isang ora), na kanyang guinamit sa pagbasa ng dalawa o tatlong panahayagang may iba't ibang anyong pananalig, ipinag-utos na papasukin ang armador.

Walang ibang akala si guinoong Morrel kung di kanyang mararatnan si Villefort na suko at nagpapakababa; nguni't nasumpungan niyang gaya rin ng mga ilang linggong nakaraan, sa makatuwid baga'y panatag ang loob, tahimik at puspos niyang kalamigan sa pakikipag-usap, hadlang na siyang lalong mahirap salakatin at siyang ikinatatangi ng isang mataas na tao sa taong karaniwan. Pumasok siya sa oficina ni Villefort na ang boong isip niya'y mangangatal pagkakita sa kanya; nguni't siya

ang nanġinginig sa harap nġ mahal na taong iyong tumatanong wari, na naghihintay sa kanyang nakapanġalumbaba. Huminto ang armador sa pintuan; tinitigan siya ni Villefort na anaki'y naghahirap nġ pagkilala sa kanya.—Sa kawakasan, pagkaraan nġ ilang minutong pagsisiyasat, samantalang pinabibilingbiling ni Morrel ang kanyang sombrero sa kanyang mġga kamay, nagsalita si Villefort.

—ġKay guinoong Morrel po ba may li-gaya akong makipag-usap?

—Opo; ako nġa po, ang sagot nġ armador.

—Lumapit nġa kayo,--ang ipinagpatuloy nġ magistrado, kumaway at nagpakitang anyo nġ isang tumatankilik,—at sabihin po ninyo sa akin kung sa anóng mapalad na kadhilanan maguiguing kautanġang ko ang inyong pagdalaw na aking ikinararanġal.

—ġHindi po ba nahuhulaan ninyo, guinoo?—ang tanóng ni Morrel.

—Hindi po, hindi ko mahuhulaan; nġuni't ito'y hindi hadlang upang mahanda akong lubos sa paglilingkod sa inyo, sakali't na sa aking kamay ang gagawin.

—Sumasa inyong kamay na lahat, guinoo.

—Ipaunawa nġa po ninyo.

—Guinoo,—anang armador, na lumálakas ang loob hanggang nagsasalita, palibhasa'y napagkikilala niyang sumasakatuiran ang kanyang pagmamalasakit, at bukod sa roo'y sa kagalingan nġayon nġ kanyang katatayuan;—marahil matatandaan po ninyong nġ ilang araw pa bago nangyari ang paglunsad dito sa Francia nġ dakilang emperador, ipinakiusap ko sa kagandahan nġ



inyong loob na mangyaring gawan ng magaling ang isang kulang palad na binatang marino, pangalawang puno ng aking sasakyan. Siya'y pinag-usig, kung di masama ang aking pagkatanda, dahil sa siya'y kainalam ng mga na sa pulo ng Elba; iyang pagkakainalam na ng panahong yao'y isang kasalanan, nguni't ngayo'y isang karapatang dapat ipagmahal sa kanya. Naglilingkod po kayo ng panahong iyon kay Luis XVIII, kaya hindi ninyo siya pinatawad; marahil ng panahong iyo'y siya ninyong katungkulan; nguni't ngayong naglilingkod naman kayo kay Napoleon dapat ninyong tangkilikin siya; ito po ang inyong katungkulan. Dahil nga rito, ako'y naparito upang itanong sa inyo kung ano na ang nangyari sa kanya.

Nagpiguil ng malaki sa kanyang sarili si Villefort.

—¿Ano ang pangalan niya?—ang itinanong.

—Edmundo Dantés.

Mamagalingin pa marahil ni Villefort na maghintay siya ng isang paputok ng pistola o revolver ng kanyang kaaway sa pakikipagpatayan (desafio) na may dalawangpo't limang hakbang lamang ang layo, kay sa maringig ang pangalang iyong ibinuga sa kanya ng paharapan; gayon ma'y hindi man lamang kumisap. Sa ganitong paraan, ani Villefort sa kanyang mag-isa, hindi nila maibababaw sa aking nanampalasan ako sa sariling galit lamang.

—¿Sa makatuwid ay Dantés?—ang inulit.

—¿Edmundo Dantés po ba ang wika ninyo?

—Opo.

Binuksan ni Villefort, ng magkagayon, ang

isang malaking libro na nakalagay sa isang cajón ng kanyang mesa, binuklat, at lumingon sa armador at sa kanya'y sinabing nagpapakunwari ng boong pagwawalang malay:

—¿Lubos na lubos ba ang inyong pagkaalam na hindi kayo nagkakamali?

Kung naging isang tao si Morrel na may danas sa mga ganitong bagay, naghinala sana siya sa ganoong sagot, at nagtanong disin sa kanyang sarili kung bakit hindi pinaparoon siya sa kinalalagyan ng pinagtititikan ng lahat ng mga pumapasok at lumalabas sa mga bilangguan ó kung dili ma'y sa punong mataas ng mga bilangguan. Ngunit sa kahanġalan ni Morrel sa mga bagay na ito'y wala siyang nakikita sa mga gayong nangyayari kung di isang tunay na pagpaumanhin sa kanya.

Napag-unawa ang ganitong bagay ni Villefort.

—Hindi, guino, —ani Morrel, —hindi po ako namamali; bukod sa rito'y nakikilala ko ang binatang iyang may sampong taon na ngayon, at may apat na taon ng naglilingkod sa akin. May anim na linggo na ngayong naparito ako sa inyo, ayon sa inyong matatañġaan, upang ipamanhik na siya'y inyong kahabagan, na katulad naman ng pagparito ko ngayon sa inyo upang gamitin ninyo sa kanya ang lalong nauukol sa katuwiran; masamang totoo ang pagkatanggap ninyo sa akin at lalong masama ang inyong pagkakasagot. ¡Ah! ¡Lubhang nangapakanġis ng panahong iyon ang mga makahari sa mga maka Bonaparte!

—Guinoo,—ang isinagot ni Villefort na sinalag ang gayong dagok n̄g boong kahinusayang kanyang kaugalian,—makahari ako n̄g panahong iyon, sa pagka't wala akong boong akala kung di ang m̄ga Borbón, bukod sa sila ang tunay na may katuwirang magmana n̄g pagkahari, ay sila ang talagang dapat makapangyari sa Nación; n̄guni't ang kahimahimalang pagkabalik dito n̄g emperador, na hindi pa nalalaong ating napanood, ang siyang nagpakilala sa aking nagkaka-mali ako; nagtagumpay ang katalasan n̄g isip ni Napoleón: ang emperador na sinisinta n̄g lahat ang siyang tunay na emperador.

—¡Maligayang sandali!—ang biglang sinabi ni Morrel, palibhasa'y talagang tapat na loob.--Sa pagka't ganyan ang pananalita ninyo sa akin, inaakala kong magaling ang kararatnan ni Edmundo, ¿hindi po ba totoo?

—Hintay kayo ang muling sinabi ni Villefort, na binubuklat ang bagong titikang libro,—n̄gayon ko nagugunita... ¿Hindi po ba siya'y isang marinong talagang pakakasal na sana sa isang catalana. Siya n̄ga, siya n̄ga, ¡n̄gayon ko naaalaala! Yao'y isang bagay na may malaking kabigatan.

—¡At bakit!

—Nalalaman na po ninyong pag-alis sa aking bahay ay siya'y inihatid sa bilanguan n̄g tribunal n̄g justicia.

—Siya n̄ga, siya n̄ga, ¿at n̄gayon po?

—Pagkakagayon; ipinagbigay alam ko muna sa Paris, ipinadala ko roon ang m̄ga kasulatang nasamsam sa kanya, ito n̄ga'y siya kong katungkulan, ¿ano ang gagawin

ninyo?... at n̄ng makaraan ang walong araw n̄ng kanyang pagkakabilanggo'y inagaw siya sa kinapipiitan.

—¡Inagaw!—ang biglang sabi ni Morrel.

—N̄guni't ¿ano kaya ang guinawa nila sa kaawaawang binata?

—¡Oh! Tumahimik po kayo; marahil po'y inilipat siya sa Fenestrelles, sa Pignerol, sa m̄nga pulo n̄ng Santa Margarita, sa makatuwid, alinsunod sa karaniwang salita, siya'y ipinatapon, at sa araw na hindi ninyo siya hinihintay, kaalam-alam ay makikita ninyong siya'y bumabalik at n̄ng siyang mamuno sa inyong sasakyan.

—Makababalik siya kung kailan niya ibiguin, sapagka't maaasahang talagang laan sa kanya ang kanyang tungkulin. ¿N̄guni at anong dahil at hindi pa siya bumabalik? Sa ganang akin, ang unang dapat pangasiwaan n̄ng justicia n̄ng emperador ay ang pag-aalpas sa m̄nga kakampi n̄ng emperador na ibinilanggo n̄ng justicia.

—Huwag po kayong mangahas pumintas n̄ng hindi muna pinakaisip, guinoong Morrel, ang isinagot ni Villefort;—kinakailanngang isang-ayon sa m̄nga kautusan ang m̄nga gawain. Lagda sa Paris ang utos na pagtatapon, kinakailanngan n̄ng manggaling din sa Paris ang utos na siya'y alpasan. Marahil hindi pa naipag-uutos ang pag-aalpas na iyan, sapagka't wala pang labing limang araw man lamang na pumapasok si Napoleón.

—At ngayon,—ang tanong ni Morrel,—¿wala бага kayang paraan upang magawa agad ang ganitong m̄nga bagay? Ngayong kami'y nagtagumpay, may kaunti akong

lakas upang mapawalaang bisa ang hatol.

—¡Nguni't hindi naman magkakaroon ng ano mang hatol!

—Kung hindi man, maaaring mapagtalastas ang kaunti man lamang sa bagay na ito sa pamamag-itan ng librong pinagtatalaan ng mga pumapasok at lumalabas sa mga bilangguan.

—Wala ng mga librong talaan pagka nauukol sa *politica*. May mga nangyayaring kinakailangan ng mga pamahalaang huwag ng paguitawin ang isang tao, sa isang paraang huwag mag-iwan ng sa kanya'y mapagtutuntunan ng kanyang kinahinatnan; ang mga librong pinagtititikan ay makapagbibigay liwanag sa mga magsisiyasat.

—Siya nga, natatalos ko na. Nangyayari ang mga bagay na iyan ng panahon ng mga Borbón; nguni't ngayo'y...

—Nagkakaisa ang mga nangyayari sa lahat ng panahon, guiliw kong guinoong Morrel; nagkakasunodsunod ang mga pamahalaan at sila'y nangagsisipian sa mga guinagawa. Higit sa hari ang emperador kailan man sa kahigpitan sa pagpapaganap ng mga palatuntunan sa mga bilangguan, at hindi nga makukuro ang bilang ng mga bilanggong hindi nalalagay ang mga pangalan sa librong talaan.

¡Sukat nangang makapagbigay kapanatagan sa taong lalong nasisindak ang gayong kalaking pagpapakita ng magandang kalooban, di lalo na kay Morrel na hindi naghihinala ng ano man!

—Nguni't sa kawakasan, guinoong Ville-

fort,—anya,—¿ano po ba ang maibibigay ninyong hatol sa akin at n̄ng mangyaring mapadali ang pagbalik n̄ng kaawaawang si Dantés?

—Isa po lamang, guinoo; magharap kayo n̄ng isang kasulatan sa ministro n̄ng Justicia.

—¡Oh, guinoo! Malabis ang pagkaalam ko kung anó ang nangyayari sa m̄ga inihaharap na kasulatan; tumatanggap ang ministro n̄ng dalawang daan sa araw araw, at sa daming iya'y walang nababasang apat.

—Tunay,—ang mulíng sinabi ni Villefort;—n̄nguni't babasahin kung akó ang may gawa at akó ang may pada'á.

—¿At kayo na po ba ang bahalang magpapadala at magpaparating sa ministro sa kasulatang iyon, guinoo?

—Gagawin ko n̄ng boong tuwa. Mangyaring n̄ng panahong iyo'y may kasalanan si Dantés, n̄nguni't wala siyang kasalanan n̄ngayón, at katungkulang ko ang magsauli n̄ng kalayaan sa aking ipinarakip dahil sa aking panununton sa pagganap n̄ng aking katungkulan.

Pinanḡingilagan ni Villefort, sa kanyang pagsagot n̄ng gayon, ang isang pagsisiyasat na waláng salang kanyang ikapapahamak.

—N̄nguni't ¿paano po ba ang pagsulat sa ministro?

—Maupo kayó rito, guinoong Morrel—ani Villefort at ibinigay niya ang kanyang upuan sa armador.—didictahan ko kayó,

—¿Diyata't darating hanggang diyán ang inyong kagandahang loob?

—Mangyari pa po ba, guinoo. N̄ngayon hu-

wag tayong magsayang ng panahón; mahabana ang sinayang natin.

—Siya nga po, isipin nating naghihintay ang kaawaawang bata, nagkakahirap at marahil ay malaki ang pagnngingitngit.

Nangatal si Villefort sa pagkaalaala lamang na marahil ay sinusumpa siya ng bilanggong nalulubog sa katahimika't sa kariliman; nguni't totoong higuít na sa katamtaman ang pagkapasulong upang niangyari pang makaurong.

Kinakailangang tahakin si Dantés ng mga gulóng ng carro ng pagmimithi ng magistradong siya'y mataas.

—Kung kailan po ninyo magalingin: nahahanda na ako sa pagsulat, guínoo,—anang armador, na nakaupo na sa sillon ni Villefort at may tangang pluma.

Diniktahan siya ng magkagayon ni Villefort ng isang kapamanhikan sa ministro, at sa kasulatang iyo'y isinasalaysay, ng napakalabis naman; ang pagkamakabayan ni Dantés at ang mga paglilingkod ng guinawa sa ikititindig ng mga nais ng mga maka Bonaparte.

Sa sulatang ito'y sinasabi pang ang batang marino'y isa sa mga litaw na taong totoong nagpakasipag upang mapaparito agad si Napoleón; maliwanag nang sa gayóng mga guinawa ay marapat na ipagkaloob ng ministro ang nauukol sa katuwiran, sakali't hindi pa ipinagkaloob. Pagkatapos ng kasulatang iyo'y binasa ng malakás.

—Ganito nga,—anya,—at ngayó'y umasa po kayó sa akin.

—¿At ipadadala po ba ninyo agad ang kasulatang iyan guinoo?

—Ngayon din po.

—¿At sasamahan po ba ninyo n̄g inyóng tagubilin?

—Ang lalong mainam na tagubiling ma-ilalakip ko po riyá'y ipaunawa kong totoo n̄ga ang lahat ninyóng sinasaysay.

—At si Villefort naman ang naupo at isinulat ang kanyang pagpapaunawa sa isang tabi n̄g kasulatan.

—Ngayon po, guinoo, ¿anó pa ang dapat gawin?—ang itinanong ni Morrel.

—Maghintay,—ang isinagót ni Villefort; —sumasagot ako sa lahat.

Nagpabalík n̄g m̄ga pag-asa kay guinoong Morrel ang ganitóng matitibay na m̄ga pangako; humiwalay siya sa pangalawang procurador n̄g hari na totoong kinahulugdan ito, at kanyang ibinalita sa amá ni Dantés na hindi malalao't makauwi na ang kanyang anak.

Tungkól kay Villefort, ang guinawa'y hindi ipinadalá sa París, kung di bagkos pang iningatan ang kapamanhikang iyóng kung sa kasalukuya'y makapagliligtas kay Dantés, sa hinaharap na panaho'y makapapa-hamak n̄g kákilakilabot, sakali't mangyaring makabalik uli sa paghahari si Luis XVIII, na kawan̄gis n̄g maaasahan, dahil sa anyo n̄g boong Europa at sa nakikita namang m̄ga nangyayari.

Nanatili n̄ga sa pagkabilanggo si Dantés sa kailaliman n̄g kanyang calabozo, hindi niya naringig ang kagulatgulat na ugong n̄g pagkaguiba n̄g trono ni Luis XVIII, at



ang lalo pa manding kakilakilabot na pagkapalubog ng emperador.

Nguni't sinusundang lahat ni Villefort ang mga nangyayari ng matang hindi nakatingay at ng taingang hindi nagpabaya sa matalinong pakikinig. Sa loob ng maikling itinagal ng pagkapaluklok sa trono ng emperador, na pinangalanang "sandaang araw na pag-iral", makalawang nakipag-usap sa kanya si Morrel, na nagpupumilit, na kamtam ang pagaalpas kay Dantés, at makalawa namang pinapanahimik siya ni Villefort sa pamamagitan ng mga pangako at mga pagpapaasa.

Dumating sa kawakasan ang Waterloo (1) at mula niyo'y hindi na muling sumipot si Morrel sa bahay ni Villefort; ginawa na ng armador ang lahat ng kanyang kaya sa ikaliligtas ng kanyang batang kaibigan; at kung muling mag-akalang makiusap nga-yong hari na naman si Luis XVIII, bukod sa wala ring kahihinatnan ay lalagay pa sa pang'anib na mapahamak ang gagawa ng gayon.

Pagpanhik uli sa trono ni Luis XVIII, hiningi at kinamtam naman ni Villefort na ipagkaloob sa kanya ang pagka-procurador ng hari sa Tolosa, yamang niyo'y nawalan ng gumaganap doon ng tungkuling iyon, at ganito ang ginawa sa pagka't nagpapa-

---

(1) Ang Waterloo ay isang nayon ng bayang Bravante, sakop ng kahariang Bélgica, na nabantog dahil sa pagtatagumpay kay Napoleón Bonaparte, emperador sa Francia, ng taong 1815, ng mga naci6n sa Europang naglakiplakip sa pakikibaka sa kanya. Sa sabing *dumating ang Waterloo*, ang ibig ipaunawa'y dumating ang pagkatalo ni Napoleón at ng kanyang hukbo sa labanan sa Waterloo.

gunitang lagui sa kanya ang Marsella ng maraming mga bagay bagay na kanyang mga guinawang katampalasanang pawang sumisisi't umuusig sa kanya ang budhi ng walang likat.

Ng makalampas ang labing limang araw, buhat ng dumating siya sa bagong tahanan niya, napakasal siya sa binibining si Saint-Meran, na ng panahong iyo'y lalong malaki ang lakas ng kapangyarihan ng amano.

Ito nga ang mga nangyari kung bakit nanatili si Dantés sa loob ng isang daang araw na iyon at ng matapos mangyari ang kapahamakan sa Waterloo, sa pagkakulong at nalimutan doon siya tila ng Dios, kung hindi man ng mga tao.

Napagkilala ni Danglars ang boong kalakhan ng kapahamakang guinawa niya kay Dantés ng makita niyang bumalik sa Francia si Napoleón, at gaya rin ng lahat ng taong may mga tanging kaya sa paggawa ng masama, nguni't pangkaraniwan lamang ang katalinuhan sa kalakarang pamumuhay, pinangalanan niya ang pagkakataong itong "talaga ng Dios".

Nguni't ng makabalik na sa Paris si Napoleón, at ng umalingawngaw na ang tinig ng emperador ng sakdal ng lakas at puspos kapangyarihan, si Danglars ay nagdalang takot.

Sa bawa't sandali'y nakikinikinita niyang lumilitaw si Dantés; si Dantés na naka-uumawa ng lahat ng sa kanya'y nangyari; si Dantés na sagana sa lakas at nagbabala at nagmimithing magawa ang tapat na pang-



ka'y magpapakamatay naman siya,—ito ang kanyang sinasabi,—at n̄ng mabigyang ibang anyo ang kanyang kusang pagpatay sa pamamag-itan n̄ng hindi pamukhaang pakikipamuok.

N̄guni't dinaraya ni Fernando ang sariling katawán; siya'y isang táong hindi magpapakamatay kailan man, sa pagka't sa tuwi na'y naghihintay.

Sa guitna n̄ng m̄ga malulungkot at kahapis-hapis na m̄ga nangyayaring itó'y nag-utos ang emperador n̄ng isang bagong pagtitipon n̄ng m̄ga sundalo, at ang lahat n̄ng m̄ga lalaking makadadala n̄ng m̄ga sandata'y nan̄gagmadaling lumabás sa Francia, sa pagsunód sa makapangyarihang tinig ni Napoleón. Umalis si Fernando, na gaya rin n̄ng m̄ga ibá, kanyang linisan ang kanyang dampa't si Mercedes, at yumao siyang taglay ang kakilakilabot at mapanglaw na paninimdim, na pagkaalis niya'y lilitaw ang kanyang kapangagaw at pakakasal sa babaeng totoong kanyang pinakasisinta.

Kung talagang magpapakamatay si Fernando, guinanap na sana niya ang gayong bagay n̄ng mapalayo na siya kay Mercedes. Ang ipinakikitang m̄ga pagmamahal sa dalaga, pagkahabag na wari'y dinaramdam n̄ng binata dahil sa sakunang kanyang tinanggáp, ang pagsisikap na mahulaan at magpauna sa lalong maliliit niyang m̄ga han̄gad, nagpan̄giti n̄ga niyang kaukulang tumbas na ibinubun̄ga n̄ng m̄ga dalisay na pūso kung nakakamasid n̄ng m̄ga pakitang loob.

Iपालगय na lagui ni Mercedes na tunay niyang katoto si Fernando, at naragdagan ang

pagkakatotong itong isang bagong damdamin: ang taimtim na pagkilalang utang na loob.

Kapatid ko,—anang dalaga n̄ inilalagay na niya sa likod n̄ catalan ang morral (1), —kapatid ko, bugtong kong katoto, huwag kang papapatay sana; huwag mo akong uulilahin dito sa daigdig na aking tinatangian, sapagka't kung magkagayo'y mag-iisa ako at wala n̄ titingin sa aking sino man.

Nagpasilang kay Fernando n̄ kaunting m̄ga pag-asa ang m̄ga sinabing iyon ni Mercedes n̄ sandaling siya'y yayao na. Kung hindi bumalik si Dantés,—ang inisip ni Fernando sa sarili,—darating ang araw na maguiguing kanya ang dalagang sinisinta.

Napag-isa n̄gang lubos si Mercedes at wala sino mang nagmamasakit sa kanya sa guitna n̄ m̄ga kabatuhang iyong n̄gayo'y lalong napakakutad sa masid n̄ dalaga, at walang natatanaw kung di ang hindi maulatang kalawakan n̄ dagat. Madalas siyang nakikitang luhaluhaang hindi tunitiguil n̄ kalilibot sa m̄ga paliguil n̄ nayon n̄ Catalanes, nananatili kung minsang nakatindig, hindi kumikilos, piping tulad sa “estatu” at nakatanaw sa Marsella; kung minsa'y nakaupo sa tabi n̄ dagat at pinakikinggan yaong walang katapusang pagdaing n̄ m̄ga along katulad n̄ kanyang pighati, at walang likat na itinatanong sa sarili kung di kaya lalo pang magaling na ipakahilig niya ang katawan sa dakong unahan, padala siya sa sariling bigat, wahiin ang kalaliman n̄ tubig at magpakalibing na roon, kay sa mamalagui sa gayong pagtitiis n̄ maba-

(1) Lalagyan ng baon sa paglalakbay.

- n̄gis na pagpapahirap n̄g paghihintay na hindi maaasahan; datapuwa't hindi ang takipang ang naguing sawing sa kulang palad na dalaga upang ipagpatuloy ang gayong tangka, kung di ang religi3n ang siyang sa kanya'y sumakloko, at ito ang siyang nagligtas sa kanya sa pagpapatiwakal.

Tinawag si Caderousse sa pagsusundalong gaya rin ni Fernando; n̄guni't sa pagka't matanda siya n̄g walong taon sa catal3n at s3ka may-asawa, iniukol siya sa ikatlong pangkat at ipinadala siya sa m̄ga baybaying dagat.

Ang matandang Dant3s, na nabubuhay lamang sa pag-asang makauwi ang kanyang anak, n̄g maalis na sa kanyang trono ang emperador ay nawala ang pag-asang ito. N̄g makaraan ang limang buan mula n̄g mahiwalay sa kanyang anak at halos sa oras n̄g pagdakip kay Dant3s, nalagutan siya n̄g himingang kalong ni Mercedes. Pinagbayaran ni guinoong Morrel ang lahat n̄g gugol sa paglilibing, pinagbayaran ang maliliit na utang n̄g abang matanda sa kanyang pagkakasakit, at sa paggawang gayong kagandahang loob ay hindi lamang pag-ibig sa kapuwatao ang kanyang ipinakita, kung di tunay na katapanang3n, sa pagka't ang sumaklolo sa am3 n̄g isang maka Bonaparteng totoong nakapagbibigay pang3nib, na gaya ni Dant3s, kahi't naghihin3galo na ang sinasaklo-lohan, n̄g panahong iyo'y isang kasalanang dakila.

IKALABING APAT NA BAHAGUI.  
ANG BILANGGONG NANGLALABAN AT  
UL-OL NA BILANGGO

Nṅ magaganap na ang isang taón buhat nṅ makabalik sa trono si Luis XVIII, ḡuina-wa nṅ inspector general (1) nṅ mḡa bilanguang si guinoong Boville, ang pagdalaw sa castillo nṅ If.

Naringṅig ni Dantés ang hanggang sa kailaliman nṅ kanyang calabozo ang alinḡawnḡaw nṅ mḡa paghahanda sa gayong pagdalaw; alinḡawnḡaw na kung naging iba'y hindi maino marahil, nṅuni't hindi sa isang bilanggong gaya niyang totoong bihasa nṅ makinig, sa guitna nṅ katahimikan nṅ gabí, sa gagambang humahabi nṅ kanyang bahay at nṅ hindi naghuhumpay na pagkahulog nṅ patak nṅ tubig na tumatagas sa mḡa pader nṅ malungkot na bilangguan.

Nahulaan nḡa niyang may nangyayaring bagay na hindi karaniwan sa pitak nṅ mḡa buháy, sa pagka't palibhasa'y malaon nṅ totoong namamahay siya sa libinḡang iyón, maipalalagay na niyang siya'y isang bangkay. At siya nḡa namán, dinadalaw na sunodsunod, nṅ inspector ang mḡa sala, ang mḡa cuarto at ang mḡa calabozo; tinanóng ang ilang mḡa bilanggong karapatdapat sa gayóng kalagayan kung sila'y binibigyan nṅ magalíng na pagkain at kung anó ang mḡa sakdál na ibig nilang sabihin, at sa gayo'y nanḡagkaisang sumagot na lubhang kasamasamaan ang pagkain at kanilang hinihinḡing si-

(1) Pangkalahatang tagasiyasat

la'y pawal-an. Muling tinanóng sila kung wala n̄g ibang ibig sabihin; n̄guni't hindi nangagsisagot n̄g anó man: ¿anó pang kagalingan ang mahihin̄gi n̄g isang bilanggo liban na lamang sa kanyang kalayaan?

Lumingong n̄gumingiti ang inspector at itó, ang sinabi sa gobernador:

—Hindi ko maalaman kung bakit pa ipinag-uutos sa amin ang ganitong m̄ga pagdalaw sa m̄ga bilangguan, sa pagka't sa aking hagap ay walang ano mang kabuluhan; ang makasingig n̄g sabi n̄g isang bilanggo'y parang naringig na ang lahat. Nagkakaisa sila sa sinasabi; sa makatuwid baga'y binibigyan sila n̄g masamang pagkain at sila'y walang ano mang malay sa kasalanan. ¿Mayroon pa po bang kinakailangang dalawin?

—Opo, hindi pa natin nadadalaw ang m̄ga nakapagbibigay pang'anib at ang m̄ga ulol, na na sa m̄ga calabozo sa ilalim.

—Tayo na roon,—anang inspector na nag-aanyong tinatamad na,—ganapin natin hanggang sa wakas ang ating katungkulan; manaoag n̄ga tayo sa m̄ga calabozo.

—Hintay po kayó,—anang gobernador: kinakailangang paparituhin muna natin ang dalawang tao man lamang; kung minsa'y gumagawa ang m̄ga bilanggo n̄g m̄ga walang kapakanang panglalaban, dahil sa malaking sama n̄g loob nilá, at baka kayó'y mapanganyaya.

—Kung gayo'y gamitin po ninyo ang m̄ga pag-iingat na kinakailangan,—ang muling sinabi n̄g inspector.

Nagpatawag n̄ga silá n̄g dalawang sundalo at saka silá nanaog sa isang hagdanang



lubhang marumi at basabasaa't doo'y naaamoy ang isang kabahuang napakalaki, kaya n̄ga't sapilitang sasama ang pakiramdam n̄g kawatan n̄g bawa't pumaroon.

—¡Oh!—ang bigláng sinabi n̄g inspector, na tumiguil sa kalaguitnaan n̄g pinaroroonan.—¿Sino bang diablo ang na sa sa calabozong iyan?

—Isang mapanghimagsik na totoong dapat pang'aniban, at itinan̄ging ipinagbilin sa amin, sa pagka't ang sabi'y isang taong may kayang gumawa n̄g lalong malaking kapaslangan.

—¿Nag-iisa po ba?

—Mangyari pa ba.

—Gaanong panahong nakukulong siya rito

—May isang taón na, humiguit kumulang.

—¿At inilagay po ba siya sa calabozong iyan buhat n̄g siya'y pumasok dito?

—Hindi po; n̄guni, t pinagbantaang patayin ang llaverong pinagkakatiwalaang magdala sa kanya n̄g pagkain... ¿Hindi ba totoo, Antonio?

—Katotohanan pong malabis,—ang isinagot nitó.

—¿N̄guni't ulól po ba ang taong iyan?

—Masama pa po sa ulól,—ang isinagot n̄g llaveró,—siyá'y isang demonio.

—¿Ibig po ba ninyong ipagbigay alam siya?—itinanong n̄g inspector sa gobernador.

—Hnidi na po kailangan, guinoo; sa ganyá'y magalíng na ang pagkakaparusa sa kanya; bukod sa roo'y ulol na iyan sa loob n̄g isang taon, sa pagka't ayon sa aming m̄ga hiwatig ay hindi malalao't siya'y ma-ulol.

—Lalong magaling sa kanya, sa pagka't sa gayo'y hindi na siya totoong maghihirap, —anang inspector.

Napagkikilalang itoy'y isang taong nagkakanglalabis ang pagkamahabaguin, at yamang gayo'y karapatdapat nga sa katungkulang pagkakaawang gawang kanyang guinaganap.

—Sumakatuwiran po kayo,—anang gobernador,—at nagpapakilala ang inyong sinabing inyong pinagsikapang matarok ang ukol sa ating pinag-uusapan. May isang pang calabozong sampong vara lamang ang pag-itang layo sa ating tinutunõgo, at sa pagparoo'y bumababa sa ibang hagdanan, at ang nabibilanggo roo'y isang matandang abate, na ng una'y puno ng isang partido sa Italia, na naririto buhat ng taong 1811, at nasira ang pag-iisip ng taong 1813, at mula niyo'y ibang iba na siyang lubos: kung minsay biglang tumatangis, at kung minsay biglang tumatawa; may panahong namamay at may panahong tumataba; nguni't oh! nakalulugod ang kanyang kaululan, ibig po ba ninyong makita siya? Aking maipangangako sa inyong hindi kayo niya hahapisin? .

—Titingnan ko silang dalawa, — anang inspector;—kinakailangang gawin ang lahat ng bagay ayon sa lalong nararapat.

Ito ang unang pagdalaw sa mga bilangguan guinagawa ng inspector, at ibig niyang magpakitang guilas ng pagtupad sa mga matataas na puno.

—Hala, pumasok na tayo,—ang idinugtong.

—Tayo na po,—ang muling sinabi ng go-

bernador, at pagdaka'y hinudyatan ang lla-verong buksan ang pinto.

Si Dantés na nakatingkayad sa isang sulok n̄g calabozong tinatanggapan niyang parang isang walang kahulilip na ligaya n̄g malamlam na sinag n̄g liwanag na pumapasok sa siwang n̄g makipot na bintanang may m̄ga rejas. Pagkaringig niya n̄g tunóg n̄g paghila n̄g matitibay na m̄ga talasok at lingay namán n̄g pintong kumalairit sa pagbubukas, siya'y nagtindig at tumung-hay. Pagkakita niya sa isang taong hindi niya kilala, na naliliwanagan n̄g dalawang ilaw, naaagapayanan n̄g dalawang sundalo't kinakausap n̄g gobernador, nahulaan ni Edmundo kung sino kaya iyon, at n̄g makita niyang sa kawakasan ay dumating ang sandaling makasasamo siya sa isang mataas na puno, dumaluhong siyang nakahalukipkip sa dakong pinto. Pagdaka'y isinabit n̄g m̄ga sundalo ang kanilang bayoneta sa dulo n̄g kanilang dalang fusil, sa pagkamtang boong akala nila'y hinahandulong n̄g bilanggo ang inspector at n̄g ito'y saktan; umudlot naman n̄g isang hakbang ang inspector.

Namasid ni Dantés na ipinakilala siya sa inspector na isang taong dapat pangilagan. Sa gayo'y pinagsikapan niyang tipunin sa kanyang pagtitig ang boong pagpapakumbaba't kaamuan n̄g loob na mangyayaring magkasiya sa puso n̄g tao, at saka siya nagsaysay niyang mainam at matimyas na pananalitang banal, na nakamangha sa m̄ga nakikinig, at hinangad niyang mabagbag ang puso n̄g inspector.

Pinakinggan nito hangang sa wakas ang talumpati ni Dantés, at saka liningon ang gobernador, at sinabi rito ng marahan:

—Hindi ako nag-aalinlangang susumandali mang nananag-uli na ito sa dating katalinuhan: sa masid ko'y handa na siya sa pagkakaroon ng mga damdaming lalong matiwasay. Nakita na ninyo; nakapanaig sa kanya ang takot, sa pagka't umudlot sa mga bayoneta, at ang isang ulol ay hindi umuurong sa ano man. Tungkol sa bagay na ito'y marami akong namasid na totoong katakataka sa Charenton.

Pagkasabi niya nito'y hinarap ang bilanggo't kanyang tinanong:

—Sa kabooan, ano po ba ang hinihinġi ninyo?

—Aking hinihinġing sabihin sa akin kung ano ang kasalanang aking guinawa; hinihinġi kong ako'y ihatid sa harap ng mga hukom, at sa kawakasan, hinihinġi kong ako'y barilin kung ako'y may kasalanan, o alpasan ako kung walang sala.

—Binibigyan ba kayo ng mabuting pagkain?—ang itinanong ng inspector.

—Opo, tila po...iyan...; sa kawakasan..jwala pong kabuluhan ang bagay na iyan! ang dapat bigyang kahalagahan, hindi lamang ako kung di ng may mga katungkulang mamahala ng tungkol sa justicia; at sampo ng haring nakapangyayari sa atin, ay huwag mapahamak ang isang walang kasalanan, dahil lamang sa isang kanulong lubhang napakataksil, at huwag mamatay na sinusumpa ang kanyang mga verdugo.

—Totoong napakababang loob po ninyo

n̄gayon,—anang gobernador;—kailan ma'y hindi ko kayo nakitang ganyan. ¡Ibang ibang lubha ang inyong pananalita n̄ araw na inibig ninyong patayin ang inyong carcelero!

—Tunay po, guinoo,—ang muling sinabi ni Dantés,—at humihingi po ako n̄ tawad n̄ boong pagpapakumbaba sa taon; iyang sa tuwi na y nagpakita sa akin n̄ lubhang magandang kalooban...; niyon po'y sira ang aking isip, malabis ang aking kaulu-lan...

—¡At n̄gayon po ba'y hindi na kayo ulol?

—Hindi na po, guinoo, pinapanglupaypay ako, minunglay ako at pinapanghina ako... ¡lubhang napakaluat na po ako rito!

—¡Napakaluat na! ¡At kailan pang panahon nabilanggo kayo?—ang itinanong r̄g inspector.

—Mula pa po n̄ ikalawang oras n̄ hapon n̄ ika 28 n̄ Febrero n̄ 1815.

Nagbalakbalak ang inspector.

—Na sa ika 20 n̄ Julio n̄ 1816 tayo n̄gayon; gaganap pa lamang kayo' rito n̄ labing pitong buwan.

—¡Labing pitong buwan!—ang muling sinabi ni Dantés.—¡Ah! Guinoo, hindi po ninyo talastas na ang labing pitong buwa'y labing pitong taón, labing pitong siglo, lalong lalo na sa isang taong gaya ko, na tala-gang ikakasal na sana sa isang babaeng pinakasisinta; sa isang taong nakikitang nakabukas na sa kanyaang pintuan n̄ isang maningning na pamumuhay, na biglang nalugso sa isang sandali; na sa guitna n̄ araw na kagandagandahan ay nabulid sa gabing

kadilimdiliman; na napagkikilalang ang pamumuhay niya'y nawasak; na hindi nalalaman kung ang babaeng pinakaiibig ay iibiguin siya magpakailang man: na hindi napagtatanto, sa kawakasan, kung patay na o buhay pa ang kanyang matandang ama. Labing pitong buwang pagkabilanggo nã isang taong bihasa sa hanġin sa dagat, sa kalayaan nã marino, sa boong alang-alang, sa walang hanggang alang-alang, ay higuít sa nararapat sa lalong kalakilakihan ang guinawang kasalanan, mahál na guinoo. ¡Ah! Mahabag kayó sa akin, guinoo; hindi ko po hinihingi sa inyo ang kapatawaran, kung di kahigpitan; hindi po ang isang pagpapau-manhin sa sala, kung di isang hatol; na paglitisin ang kanulong laban sa akin, guinoo; wala akong hinahanġad kung di iyan lamang; hindi nã maipagkakait sa isang nasusumbong ang ganitong kahilingan.

—Magalíng,—anang inspector,—titingnan natin.

At liningon ang gobernador at nagsalita:—Totoong nakaaawa sa akin ang abang diablong itó. Pagpanhik nati'y ipakita ninyó sa akin ang librong pinagtatalaan nã mġa pumapasok na bilanggo.

—Ipakikita ko sa inyo nã maluwag sa loob,—anang gobernador; —nġuni't inaa-kala kong makakakita kayó nã mġa kakilabot na tagubilin laban sa kanya.

—Guinoo,—ang ipinagpatuloy ni Dantés, —nalalaman ko pong hindi ninyó akó mapalalabas dito sa inyóng sariling kalooban lamang; nġuni,t mapararating po ninyó ang aking kahingian sa punong nauukol; mang-

yayari ring maipatawag akó sa harap n̄g isang hukóm. Isang paglilitis ang siyang tanging aking hinihingi; ibig kong matanto kung ano ang kasalanang aking nagawa at kung anó ang pagpapahirap na iaatang sa akin; sa pagka't nalalaman na po ninyong ang m̄ga pag-aalinlanga'y higit sa lahat n̄g m̄ga pahirap.

—Makababalik na tayo: ilawan ninyó,—anang inspector,

—Guinoó,—ang bigláng sinabi ni Dantés;—napagkikilala ko sa tunog n̄g inyóng tinig na nababagbag ang inyong puso; maanong sabihin man lamang ninyó sa aking akó'y umasa.

—Wala akong masasabi sa inyó,—ang itinugón n̄g inspector;—datapuwa't ang ipinangangako ko sa inyo'y aking sisiyasatin ang librong talaan.

—¡Oh! Kung gayon, guinoó,—jako'y maaasang makalalaya na! ¡Ligtas na ako!

¿Sino ang nagpahuli sa inyo?—ang taanong n̄g inspector.

—Si guinoong Villefort po; mangyayari pong kayo'y makipagkita't makapagtanong sa kanya.

—Wala na si guinoong Villefort sa Marsella: may isang taon n̄g siya'y sa Tolosa tumitira.

—Kung gayo'y hindi na n̄ga ako nagtataka, sa pagka't wala pala rito ang tanging nagtatangkilik sa akin.

—¿At mayroon bagang sukat ikagalit sa inyo si guinoong Villefort?—ang itinanong n̄g inspector.

—Wala po; baligtad: pinagpakitaan niya ako n̄g boong kabaitan.

—¿Sa makatuwid ay ako'y makapagkaka-tiwala sa m̄ga tagubiling kanyang iniwan tungkol sa inyo o ipadala kaya niya sa akin?

—Makapagkakatiwala po kayo.

—Magaling, kung gayo'y umasa kayo.

Nanikluhod si Dantés itinaas ang dala-wang kamay sa langit at bumulong n̄g isang panalangin, na doo'y ipinagtatagubilin niya sa Dios ang taong iyong nanaog sa kanyang bilangguan, tulad sa Mananakop na nanaog sa inferno't n̄g k̄nin doon ang m̄ga ká-luluwa.

Muling nasarhan ang pinto; n̄guni't nati-  
ra kay Dantés ang pag-asa na nanaog sa  
calabozong kasama n̄g inspector.

—¿Ibig po ba ninyong tingnan na ang  
librong kinatatalaan n̄g bilanggong iyan, o  
manaog muna tayo sa calabozong kinalalag-  
yan n̄g abate?—ang itinanong n̄g gobernador.

—Tapusin na muna natin ang pagdalaw  
sa m̄ga calabozo,—ang isinagot n̄g inspector;  
—kung manhik ako n̄gayon, hindi malayong  
kukulangin ako n̄g lakas n̄g pusong mai-  
pagpatuloy ko ang aking pagtupad sa ma-  
panglaw kong tungkulin.

—¡Ah! Ito'y hindi isang bilanggong ka-  
tulad niyong isa; hindi nakapamamanglaw  
ang kasiraan n̄g bait nitong gaya n̄g katinuan  
niyong bago natin kadadalaw.

—¿At paano ang kanyang kaululan?

—¡Oh! Totoong kakaiba po; ipinalalagay  
niyang ang kanyang kayamana'y kalakilaki-  
han. N̄g unang taon n̄g kanyang pagkabilang-  
go'y nanangako sa Gobiernong magbibigay



siya n̄g isang an̄gaw-an̄gaw kung pawal-an siya; n̄g ikalawang tao'y dalawang an̄gaw-an̄gaw; n̄g ikatlo'y tatlong an̄gaw-an̄gaw, at ganyan, parami n̄g parami. N̄gayon ang kanyang ikalimang taon dito; makikita ninyong magaalok sa inyo n̄g limang angaw-an̄gaw, pagsasaysay n̄g kanyang yaman.

—¡Aba! ¡aba! Tunay n̄gang kakaiba iyan, —anang inspector;—¿at ano ang pangalan n̄g malabis n̄g yamang iyan?

—Ang abate Faria.

—¿Bilang 27?—anang inspector na bina-basa ang gayong número sa harapan n̄g isang pinto.

—Iyan n̄ga po; buksan ninyo, Antonio.

Sumunod ang llavero, at nasok ang m̄ga matang nag uusisa n̄g inspector sa calabozo n̄g “abateng ulol;” gayon ang karaniwang tawag sa bilanggong iyon.

Sa guitna n̄g cuarto, sa loob n̄g isang pabilog na sa lupa'y iguinuhit n̄g isang kapirasong yesong tinuklap sa pader, nakarapa roon ang isang taong halos hubo't hubad, dahil sa punitpunit na ang kanyang damit.

Iguinuguhit niya sa pabilog na iyon ang m̄ga figura n̄g geometría (1), na wari'y tootuong guinagamit niya roon ang kanyang boong katalinuhan sa gayong isipin, tulad kay Arquímedes (2) n̄g patayin ito n̄g isang sundalo ni Marcelo (3).

Sa gayo'y hindi man lamang niya ~~na~~ino

(1) Isang bahagui ng mga matemática na nagtuturo ng tungkol sa mga sukatin.

[2] Ito ang lalong marilag sa mga matemático ng una. Ipinanganak sa Siracusa ng taong 287, at kinitlan ng pagpatay na taksil ng taong 212 bago ipinanganak si J. C.]

[3] Marco Claudio Marcelo, consul at general romano, na nagtagumpay sa mga galo at kay Anibal.

ang malaking ingay sa pagbubukas ng pinto ng calabozo, at kaya lamang siya natamaulianan ay ng maliwanagan ang basang tapakan doong kanyang guinuguhitan, ng ilaw na dala ng mga dalaw sa kanya.

. Ng magkagayo'y bumanon at tiningnan ang maraming magkakasamang nanaog sa kanyang calabozo.

Pagdaka'y tumindig na dalidali; dinampot ang isang cobertor (1) na na sa paanan ng kanyang napakarukhang hihigan at nagmaldaling nagbalot ng cobertor na iyon, sa pagkaibig niyang makaharap siya ng hindi tootong kahalayhalay naman sa mga guinoong iyon.

¿Ano ang inyong hinihinhi?—anang inspector na hindi nagbabago ng pagtanong na kaugalian.

—iAko, guino!—anang abateng nangguilalas,—ako'y hindi humihinhi ng ano man.

—Hindi ninyo ako mawatasan,—anang inspector;—kinatawan ako ng pamahalaan upang aking dalawin ang mga bilangguan at dinguin ang mga sakdal at kahingian ng mga bilango.

—iOh! Kung gayo'y ibang bagay na iyan, guino,—ang dalidaling sinabi ng abate,—at umaasa akong magkakawatasan tayo.

—¿Nakita na ninyo?—anang gobernador ng marahang tinig,—nagpapasimula na ang kaululang ayon sa sinabi ko sa inyo.

—Guino,—ang ipinagpatuloy ng bilango,—ako ang abate Faria; ipinanganak ako sa Roma ng 1768; naging secretario ako sa

(1) Tinatawag na "cobertor" ang makapal na kumot sa pagtulog.

loob n̄g dalawampong taón n̄g cardenal Ros-pigliosi; ibinilanggo ako, ayawan kung bá-  
kit, pagpapasimula n̄g taóng 1811, buhat  
n̄g panahong iyo'y hinihingi ko sa m̄ga pu-  
nong may kapangyarihan sa Italia't sa Fran-  
cia ang aking kalayaan.

—¿Bakit hinihingi ninyo sa m̄ga punong  
may kapangyarihan sa Italia?—ang tanong  
n̄g gobernador.

—Sa pagka't dinakip ako sa Piombino,  
at aking inaakalang gaya namán n̄g Milan  
at Florencia, ang Piombino'y naging pa-  
ngulong bayan n̄g alin mang lalawigang  
sakop n̄g Francia.

—Nangagtinginan at nagtawanan ang ins-  
pector at ang gobernador.

—¡Diantre!—ang biglang sinabi n̄g ins-  
pector,—¡hindi n̄ga totoong sariwa ang m̄ga  
balitang nalalaman po ninyó tungkol sa Ita-  
lia.

—Ang m̄ga balitang iya'y mula pa n̄g  
ako'y dakpin, guinoo,—anang abate Faria.  
—At sapagka't itinatag n̄g dakilang Empe-  
rador ang kaharian n̄g Roma, nalaan sa anak  
na lalaking bagong kaloob sa kanya n̄g  
Langit, aking ipinalalagay na marahil ay  
nagpatuloy ang kanyang m̄ga pagtatagum-  
pay sa ibang m̄ga nación, at kanyang nabig-  
yan kaganapan ang mithi ni Maquiaveló (1)

---

(1) Balitang político, escritor at literato italiano, mi-  
nistro n̄g república sa Florencia. Inihahatol ni Ma-  
quiavelo sa kanyang sinulat na librong "El Príncipe"  
ang pagdaraya sa m̄ga pakikipanayam sa m̄ga taga ibang  
nación n̄g ukol sa política. Ipinanganak siya n̄g taong  
1469 at namatay n̄g taong 1527.

ni César Borgia (1), na gawing isa lamang kaharian ang Italia.

—Guinoo, ---anang inspector, ---sa kagalingang palad ay hindi ipinahintulot ng ka-looban ng Dios na matuloy ang gayong napakalaking kuro, na sa aking masid ay kayo'y totoong maningas na kapanalig.

—Iyan lamang ang tanging paraan upang ang Italia'y maguing isang Naciong malakas, nakapagsasarili at maligaya, —ang ipinagpatuloy ng abate.

—Hindi malayong iyan nga ang lalong magaling, —ang isinagot ng inspector; —dapatuwa't hindi ako naparito't ng makipagsalitaan sa inyo ng tungkol sa politica ng mga nakaraan ng panahon, kung di ang itanong sa inyo kung may ipagsasakdal kayo tungkol sa ibinibigay sa inyong pagkain at tahanan.

—Katulad ang pagkain ng lahat ng pagkaing ibinibigay sa lahat ng mga bilangguan, sa makatuwid бага'y kasamasamaan. Tungkol sa tahanan, kahi't malamig at nakapagkakasakit, alinsunod sa nakikita na ninyo, hindi rin naman totoong masama. Nguni't ngayo'y hindi iyan ang ukol pag-usapan kungdi ang mahahalagang ipagbibigay alam ko sa gobierno.

—Sasabihin na ang kanyang mga panaguimpan, —ang anas ng gobernador sa inspector.

(1) Si Cesar Borgia ay cardenal at duque sa Valen-tinois; namatay sa pagkubkob sa Viena, sakop ng España, ng taong 1507. ---Anak si Cesar Borgia ng papa Alejandro VI, at kapatid ni Lucrecia Borgia, bantog sa kanyang kagandahan, sa katalasan ng isip, sa malabis na hilig sa kahalayan at balitang manglalason.

—Narito ang dahil kaya aking ikinagagalak ang pagkakita sa inyo,—ang ipinagpatuloy n̄g abate,—kahi't inabala ninyo ako sa pagkukuro n̄g isang bagay na totoong mahalaga at kung mapalabas kung maigui ay marahil magbabago ang paraang inisip ni Newton (1). Kaya n̄ga, ¿maaari po bang maipagkaloob ninyo sa akin ang sandaling pakikipag-usap?

—Guinoo, hindi mangyayari ang hinihingi ninyo sa akin.

—Gayon man,—ang muling sinabi n̄g abate,—¿at kung ang sasabihin ko'y n̄g papakinabangin ang gobierno n̄g isang halagang limang an̄gaw-an̄gaw, sa halimbawa?

—Siya n̄ga,—anang inspector, na lumingon sa gobernader,—nahulaan po ninyo pati n̄g dami.

—Halá, ¿ano po ang inyong sagot?—ang muling sinabi n̄g abate, n̄g makita niyang nag-aakalang umalis na ang inspector ayon sa anyong ipinakikita.—Hindi kinakailangang sa pag-uusap ay katayong dalawa lamang ang magkarinigan; maaaring makasama ang guinoong gobernador sa ating pagsasalitaan.

—Kaibigan ko,—anang gobernador,—sa kasawiang palad ay nalalaman na namin n̄gayon pa ang inyong m̄ga sasabihin. Nauukol ba sa inyong m̄ga kayamānan, ¿hindi po ba?

Tinitigan ni Faria ang taong iyon n̄g ti-

---

(1) Si Isaac Newton ay marilag na astronomo at fisicong inglés. Siya ang nakatuklas ng tungkol sa tinatawag na "gravitación universal" at ng mga karaniwang nahahambing sa mga matá Tinatawag na "gravitacion ang nangyayaring kusang pagkahila ng isang bagay sa kapuwa bagay lalo na sa mga astro, na siyang mula ng bigat ayon sa kinalalagyang alang alang

n̄nging numiningning ang katalinuha't ang katotohanan.

—Wala na n̄ga pong iba kung di iyan; ¿ano pa po ang ibig ninyong sabihin ko kung di ang tungkol na n̄ga lamang sa bagay na iyan?

• —Guinoong inspector,—ang ipinagpatuloy n̄g gobernador,—masasabi ko po sa inyo ang tungkol sa kasaysayang iyang kasinggaling din n̄g pananalita n̄g abate, sa pagkakat may limang taon na ngayong lagui niyang inuulit sa akin.

—Guinoong gobernador,—anang abate,—nagpapakilala ang inyóng gawa na kayo'y isa riyan sa sinasabi n̄g m̄ga santong kasulatang: “May m̄ga mata'y hindi makakita, may m̄ga tain̄ga'y hindi makaringig”.

—Guinoong inspector,—anang inspector,—mayaman ang gobierno at hindi nangangailangan n̄g inyong salapi, sa awa n̄g Dios; ingatan ninyo't n̄g inyong pakinabangan sa araw na kayo'y makalabas sa inyóng pagkabilanggo.

N̄g maringig itong m̄ga huling pananalita'y tinangnan n̄g abate ang kamay n̄g inspector.

—N̄guni't kung hindi na makalabas ako rito sa bilangguan, kung kahi't laban sa lahat n̄g m̄ga katuwira'y papanatilihin ako rito sa calabozo, kung mamatay akong hindi ko nasasabi ang aking m̄ga lihim sa kanino man, mawawala lamang ang kayamanang iyan; ¿hindi po ba lalong magaling na makinabang n̄g yamang iyan ang gobierno't ako nama'y gayon din? Magbigay ako hanggang anim na an̄gaw-an̄gaw at magkakasiya na lamang akó sa malala-

bi, kung itulot nilang ako'y bigyan n̄g kalayaan!

—Sa ganang akin,—ang sinabi n̄g inspector n̄g katatagang lakas n̄g tinig,—kung di ko lamang nalalamang ang taong ito'y ulól, maniniwala akong katotohanan ang sinabi, ayon sa tinig at anyo n̄g kanyang pananalita.

—Hindi po akó ulól, guinoo, at sinasabi ko ang katotohanan,—ang inulit ni Faria, na narin̄gig na lahat ang m̄ga sinabi, n̄g inspector, palibhasa'y taglay niya iyang katalasan n̄g pangdinḡig na karaniwang mangyari sa m̄ga bilanggo, at nagpatuloy ang abate Faria n̄g pagsasaysay:

—Tunay n̄ga pong mayroon n̄g kayamanang iyang sinasabi ko sa inyo, at nan̄gan̄ako ako sa inyong ako'y pifirma n̄g isang kasunduan nating dalawa, na sa pamamagitan nito'y ihahatid po ninyo ako sa lugar na aking ituro, gagawin ang paghukay sa ating harap, at kung sakaling ako'y nagsinun̄galing, sakaling waláng anó mang masumpong, kung ako n̄ga'y tunay na ulól na gaya n̄g inyong sabi, imagaling! ihahatid ninyó ako uli sa calabozo ring ito, at dito'y mananatili na ako magpakailanman, at dito'y mamamatay na akong hindi na mulíng hihin̄gi n̄g kahi't ano sa inyo at sa kan̄gino man.

Nagtawa ang gobernador.

—¿At totoo bang malayo ang kinalalagyan n̄g inyong kayamanan?—ang itinanong.

—Isang daang leguas ang layo rito,—ang sagot ni Faria.

—Hindi masama ang pagkakakuro n̄g ba-

gay na iyan,—ang muling sinabi n̄g gobernador;—kung magkaroon ang lahat n̄g bilanggo n̄g kaisipang papaglalarin ang m̄ga nagbabantay sa kanya n̄g layong isang daang leguas, at pumayag naman ang m̄ga tagabantay sa gayong paglalakad, kakaunting bilanggo ang maninira, sa pagka't hindi sasayangin n̄g m̄ga bilanggong iyan ang pagkakataong iyon upang sila'y tumakas.

—Ito'y isang paraang totoong kilala na,—ang muling sinabi n̄g inspector,—at hindi n̄ga karapatdapat sa guinoong ito ang siya'y kilalaning unang nakatuklas n̄g gayong paraan.—Hinarap niya pagdaka ang abate at nagsalita:

—Tinanong ko kayo kung magaling ang inyong pagkain.

—Guinoo,—ang isinagot ni Faria,—isumpa ninyo kay Cristo na ako'y inyong pawalan kung sabihin ko sa inyo ang katoohan, at ituturo ko po sa inyo kung saang dako nababaon ang kayamananang iyan.

—¿Magaling бага ang pagkaing ibinibigay nila sa inyo?—ang muling itinanong n̄g inspector.

—Guinoo, wala pong ipinanganganib kayong ano man sa bagay na iyan, at namamasid na ninyong magaling na hindi isang paraang daya't n̄g ako'y makatanan, sa pagka't matitira ako rito samantalang ginagawa ang paglalakbay sa paghanap n̄g kayamananang sinasabi ko.

—¿Hindi po ba kayo sasagot sa aking katanungan?—ang muling sinabi n̄g inspector na nayayamot na.

—¿At hindi po ba kayo sasagot naman sa



aking tanong?—ang biglang sinabi n̄ abate. —; Sumpain nawa kayong gaya rin n̄ m̄ga ibang haling na hindi naniwala sa akin! ¿Aayaw kayo n̄ aking guinto? Kung gayo'y aking iingatan. ¿Ipinagkakait ninyo ang pagbibigay sa akin n̄ kalayaan? Ang Dios ang siyang magkakaloob sa akin; lumakad na kayo; wala na akong iba pang sasabihin.

At iniabsang n̄ abate ang kanyang go-bertor sa ibabaw n̄ kanyang higaan, dinampot ang kanyang kapisasong yeso at umupo sa guitna n̄ kanyang guhit na bilog at doo'y ipinagpatuloy ang pagguguhit n̄ m̄ga figura n̄ geometría.

—Ano ang guinagawa n̄gayon?—ang itinanong n̄ inspector.

—Binibilang ang kanyang m̄ga kayamanan,—ang muling sinabi n̄ gobernador.

Sinagot ni Faria ang gayong paglibak sa pamamag-itan n̄ isang titig na puspos n̄ lalong malaking pagpapawalang halaga.

Nan̄gagsialis silang lahat sa calabozo. Si narhan n̄ carcelero ang pintuan.

—Baka n̄ga siya'y nagkaroon n̄ ilang m̄ga kayamanan,—ang sinabi n̄ inspector n̄ pumapanhik na sa hagdanan.

—O baka kaya napanaguinip niyang siya'y may m̄ga kayamanan,—ang isinagot n̄ gobernador,—at kinabukasa'y naguising na sira ang isip.

—Siya n̄ga,—ang muling sinabi n̄ inspector,—taglay iyang kalayaan sa pagsasalita n̄ taong bihasa sa kasam-an;—kung tunay n̄gang siya'y dating mayaman ay hindi sana siya nabilanggo.

Gayon ang naging wakas ng nangyari sa abate Faria; nanatiling bilanggo, at pagkatapos ng pagkadalaw na ito'y naragdagan ang pagkabalitang siya'y lubos nang ulol.

Kung si Caligula (1) o si Neron (2) iyang mga dakilang mapaghanap ng mga kayamanan, iyang mga táong maibiguin sa mga bagay na hindi sukat mangyari, ang nagsabihan ng gayong mga bagay, pinaniwalaan marahil nila ang mga salita ng kaawaawang táong iyón, at ipinagkaloob disin ang hangad na siya'y mahipan man lamang ng hangin; hindi sana ipinagkait ang kanyang pamumuhay sa luang ng lupang kanyang binibigyan ng gayong kataastaasang halagá; hindi marahil itinanggui ang kalaayang pinangangakuang pagbayaran ng lul-

(1) Si Caligula'y naging emperador romano ng hindi pa ipinanganganak si J. C. (37 hanggang sa 41 taon bago ipanganak si J. C.) Minithi niyang magkaroon ng isa lamang ulo ang boong sakop niya upang maputlan niya ng liig sa biglang taga. Inihalal niyang consul ang kanyang cabayo. Tinatawag na consul ng panahong una ang dalawang kataastaasang magistrado sa Roma. Si Caligula'y bantog sa kalupita't sa kalibugan. Pinatay siya ng tribunong si Quéreas.

(2) Lucio Domicio Neron; emperador romano, anak ni Domicio Enobardo at ni Agripina; nabantog dahil sa kanyang kahalayhalay na asal at sa kanyang mga kalupita't bangis. Ipinanganak sa Antio ng taong 37 bago ipanganak si Jesucristo. Ipinalason niya ang kanyang maestrong si Burrho, dahil sa siya'y pinangangaralan; ipinalason niya si Británico sa takot na baka siya'y maagaw nito ng kapangyarihan; ipinapatay ang kanyang nanang si Agripina; pinalayas ang kanyang asawang si Octavia at bago napakasal kay Pompea na pinatay naman niya sa isang tadyak; ipinasunog ang Roma ng taong 74 at bago ipinagbintang ang gayong gawa sa mga cristiano na pinahirapan ng kakilakilabot. Pinilit ni Galva na siya'y magpakamatay ng taong 78. Tatlong-po't isang taon ang itinagal ng kanyang buhay, at labing-apat na taong nag-emperador siya.

háng maraming salapi. Nğuni't ang mğa hari sa ating mğa panahon, sa pananatili nilá sa saklaw lamang nğ mğa magagaang-na mangyari, ay salát sa kapanğahasan nğ kalooban; nangtatatakot sa tainğang makarinig nğ kaniláng mğa utos at sa matang nagmamasid nğ kaniláng guinagawa: hindi na tagláy nğ kanilang puso iyang pananalig sa kataasan nğ kanilang tungkuling nagbubhat sa Dios sa isáng salita, sila'y; wala kung di nğ taong gaya rin nğ iba, na ang ikipatungang lamang ay may putong na corona. Nğ unang panahon ang isip nğ mğa hari o kung dili ma'y gayon ang kanilang sinasabi, ay sila'y mğa anak ni Júpiter (1), at taglay nğa naman nila ang kaunti man lamang anyo nğ amá nilang ito: mahirap mapakiusapan nğ una ang hari, na gaya namang hindi magaang-na napagsisiyasat ang nangyayari sa dako pa roon nğ; mğa alapaap; nğayo'y magaang nğ napapakiusapan at nararating ang mğa hari. Kung gaano ang pagsisikap nğ gobierno despótico (2) na huwag matanghal sa liwanag nğ araw ang kinahihinatnan nğ mğa ipinakukulong sa mğa bilangguan at nğ mğa pinahihirapan; kung lubhang mangisangisa lamang ang nangakikitang nangyayaring ma-

(1) Si Jupiter ay tinatawag na ama nğ mğa tao. Siya'y anak ni Saturno at ni Rea, kapatid at esposo nğ diosa Juno. Si Neptuno, na hari sa dagat at si Pluton na hari sa mğa inferno ay kapuwa anak niya. Si Jupiter ang hari sa langit.

(2) Tinatawag na *gobierno despótico* ang pamahalaang walang kinikilalang ibang kautusan liban na lamang sa kalooban ng nakapangyayaring nag-uutos.

kasipot pa ang pinahirapan n̄g Inquisicion (1), taglay ang kanyang m̄ga butong dinurog at m̄ga sugat na lumalahoy n̄g dugo; gayon ding ipinakatatago, ipinakalilihin iyang nauulol, iyang bulok na sugat (2) na sumisilang sa lusak n̄g m̄ga calaboso (3), dahil sa paghihirap n̄g kalooban (4), bilanguang kinauul-ulan, at sakali't ialis doo'y hindi na sinisiyasat n̄g m̄ga médico (5) ang pinagkadabilanan n̄g pagkakagayon at ang kalagayan n̄g pag-iisip n̄g taong kahabaghabag na sa kanya'y padala n̄g pagál n̄g carcelero.

Sa pagkasira n̄g bait n̄g abate Faria, dahil din sa kanyang pagkaulol, mananatili na n̄ga siya magpakailan man sa bilangguan.

Tungkol naman kay Dantés, ang inspector ay gumanap n̄g lubos sa ipinangako Pagpanhik niya sa tahanan n̄g gobernador.

(1) Hukuman (tribunal) n̄g iglesia romana, na itinayo sa España n̄g m̄ga haring católico ng taong 1485, at inilaganap pagkatapos sa Italia't sa Francia, upang siyasati't parusahan ang mga kasalanang laban sa panampalataya. Hinatulang gawin ang mga kakilakilabot na pahirap at sunuguing buhay sa libolibong mga kapanalig ng mga judio, ng mga luterano o protestante at ng mga hinalaing lumalabag sa religión. Inalis ang Inquisición sa España ng mga Córtes sa Cadiz, at lubos na naalis ng taong 1820.

(2) Sa makatuwid ay bun̄ga n̄g kalupitan n̄g may kapangyarihan.

(3) Tinatawag ng unang calaboso ang matibay na lugar na pinagbibilangguan, na ang karaniwa'y sa ilalim n̄g lupa naroroon.

(4) May mga hukom na walang awa n̄g paghatol na magduda sa bilangguan ang isang nagkasala n̄g mahalang panahon, palibhasa'y hindi marahil nila napag-iisip ang hirap, huwag na n̄g katawan, kung di n̄g loob, na tinitis n̄g bilanggo. Kung mangyayari sanang maipakulong sa bilangguan ang ganitong m̄ga tao bago maghukom, n̄g anim ó labing dalawang buwan, mapag-uunawa nila kung gaano kahirap ang mawalan n̄g kalayaan.

(5) Manggagamot na nag-aral at may ukol na kati-bayang nagpapakilala n̄g kanyang pinag-aralan.

ay ipinag-utos na ipakita sa kanya ang librong pinagtatalaan sa mga bilanggo. Sa isang dakong tabi ng kanyang pangalan ay nakalagay ang isang paunawang ganito ang saysay:

“Si Edmundo Dantés ay totoong maka “Bonaparte: nakialam siyang lubha upang “makabalik si Napoleon sa Francia, na ga-  
“ling sa pulo ng Elba. Pagsikapang totoo  
“na siya’y huwag may makausap at pakta-  
“bantayan siyang mahigpit.”

Nakatitik ang paunawang ito ng ibang letra at ibang tinta kay sa mga ibang paunawa sa mga pangalan ng mga ibang bilanggong na sa librong iyon, bagay na nagpapakilalang itinitik iyon pagkatapos ng maibilanggo na si Dantés. Hindi nga mapag-aalinlanganan ang kahigpitan ng gayong pagbibigay kasalanan, kaya nga’t isinulat naman ng inspector sa ilalim ng paunawang iyon ang sumusunod: “Walang magagawang paghiligtas sa kanya.”

Nakapagpasaya ng loob kay Dantés ang pagkadalaw na iyon, kung ito’y masasabi; nalimutan niya, buhat ng siya’y mabilanggo, ang pagbilang ng mga araw; nguni’t sinabi sa kanya ng inspector ang isang bagong fecha, at ito’y hindi nga niya malilimot. Bumakbak nga siya ng kaputol na bato sa pader at isinulat niya roon din ang sumusunod: “30 ng Julio ng 1816;” at buhat niya’y gumuguhit siya sa araw araw, sa adhikang malaman niya ng boong kaganapan ang panahong lumalakad.

Nangagdaan ang mga araw, ang mga linggo at ang mga buwan, at si Dantés ay

nanatili sa pag-asa. Nagpasimula siya ng pagtataning ng labing limang araw sa pag-aalpas sa kanya, sa pagka't inaakala niyang kasukatan na ang gayong bilang ng araw upang magawa ng inspector ang lahat ng kinakailangan at ng masunduan ang pagpapalabas sa kanya sa bilangguan; datapuwa't nakaraan ang labing limang araw na iyon, at ng magkagayo'y pinahaba niya ang tanging hanggang sa dalawang buwan; nakaraan din ang dalawang buwan, at ang mga ilan pa hanggang sa sampo. Nakaraan ang sampong buwang wala ring nangyari sa kanya, gaya rin ng dati ang kanyang kalagayan. Hindi nagbabago sa boong panahong iyon ang kaugalian ng kanyang bilangguan; wala lang ano mang balitang sukat makaaliw na tinatanggap siya; kung tinatanong niya ang carcelero'y nananatili sa hindi pag-imik, na katulad ng dating asal. Ng magkagayo'y nagpasimula ang kulang palad na si Dantés ng pag-aalinlangan sa pag-asang kanyang iniingatan; kung paniniwalaan ang ipinalalagay niyang isang malikmata ng kanyang alaala, ang nangyayaring iyo'y wala kung di isang likha ng kanyang panimdim, at wala kung di isang panaguimpan lamang ang tagaaliw na angel na iyong napakita sa kanyang bilangguan.

Ng makaraan ang isang taon ay inilipat ang gobernador ng castillo sa kuta ng Ham, at isa sa mga empleado na kanyang kinasama ang carcelero ni Dantés. Dumating ang isang bagong gobernador, at nakaraan ang mahabang panahong hindi napagtatalastas ang mga pangalan ng mga

bilanggo, sa pagka't ang bilang lamang nã kanikanilang calabozo ang itinatawag sa kanila. May limampung pitak ang kakilakilabot na castillong iyon; ang tinatawag na lamang sa m̃ga nananahan doo'y ang número (bilang) nã tahananang kanilang kinlalalagyan, kaya't hindi na Edmundo Dantés, buhat noon, ang pangalan nã kaawang binata: tinatawag na lamang siya nã si 34.

**WAKAS ÑG UNANG TOMO**

## PALATUNTUNAN

### NG MGA NAPAPALAMAN SA UNANG TOMO NG AKLAT NA ANG PAMAGAT AY "ANG CONDE NG MONTE CRISTO".

Panunawa .....	1
Unang bahagui.—Sa Marsella.—Ang pagdating.....	5
Ikalawang bahagui.—Ang amá at ang anak.....	24
Ikatlong bahagui.—Ang nayon n̄g Catalanes.....	39
Ikaapat na bahagui.—Ang kasunduang lilo.....	62
Ikalimang bahagui.—Ang piguing sa pagkakasal..	75
Ikaanim na bahagui.—Ang pangalawang procurador ng hari .....	100
Ikapitóng bahagui.—Ang paglilitis.....	124
Ikawalóng bahagui.—Ang castillo n̄g If.....	149
Ikasiyam na bahagui.—Ang gabí ng araw na gui- nawa ang pagsasalosalo sa piguing n̄g kasa lan..	173
Ikasampung bahagui.—Ang gabinete sa Tullerías..	186
Ikalabing isang bahagui.—Ang maitim na ogro sa Córcega .....	203
Ikalabing dalawang bahagui.—Ang amá at ang anák na lalaki.....	218
Ikalabing tatlong bahagui.—Ang isang daang araw	232
Ikalabing apat na bahagui.—Ang bílanggong nang- lalaban at ang ulol na bilanggo.....	252